

MAAARI TAYONG SUMAMPALATAYA SA DIYOS

Minsan ay tinanong ni Jim ang isang ateyista kung siya'y nakipagpunyagi, kahit ilang saglit, sa kaisipan na marahil ay mayroon ngang Diyos.

"Oo!" ang sagot ng ateyista, na ikinagulat ni Jim. "Ilang taon na ang lumipas nang isilang ang aming unang anak ay halos naniwala na ako sa Diyos. Samantalang aking pinagmamasdan ang maliit ngunit buo nang katawan sa duyan, ang pag-unat at pagtikom ng mga maliit na daliri, at nakita ko ang pasimula ng pagkilala sa mga maliliit na mga matang yaon, nagdanas ako ng ilang buwan, na sa loob ng panahong yaon ay halos tumigil na akong maging ateyista. Ang aking pagtingin sa musmos na yaon ay halos naging dahilan na ako'y naniwala na mayroon ngang Diyos.



1. BAWAT BAGAY NA PINANUKALA AY MAY NAGPANUKALA

Ang disenyo ng katawan ng tao ay nagpapahayag na may isang gumawa nito. Sinasabi ng mga siyentipiko na ang utak ay nag-iimbak at gumugunita ng libo-libong mga larawan sa isipan, pinagsasama at linulutas ang mga problema, humahanga sa kagandahan, inuunawa ang sarili, at naghahangad na paunlarin ang pinakamabuti sa bawat tao. Ang kuryenteng nagmumula sa utak ay siyang nangangasiwa ng lahat ng galaw ng kalamnan ng ating katawan.

Ang mga computer ay umaandar sa pamamagitan ng kuryente. Ngunit nangailangan ng isip ng tao upang imbentuhin at gawin ang computer at sabihin dito ang dapat nitong gawin.

Hindi nakapagtata kang sabihin ng mang-aawit na si David na ang katawan ng tao ay malinaw at malakas na naghahayag ng isang kahanga-hangang Manlalalang: **"Ako'y nagpapasalamat sa iyo; sapagkat nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas: kagilagilalas ang iyong mga gawa; at nalalamang mabuti ng aking kaluluwa." Awit 139:14.**



Hindi natin kailangang lumayo upang mamalas ang "mga likha" ng Diyos. Ang masalimuot na disenyo ng utak ng tao at ang iba pang mga bahagi ng katawan ay "mga likha" ng Diyos, at nagtuturo sa walang-hanggang bihasa na may likha nito.

Walang bomba ng tubig na gawa ng tao ang makahihigit sa puso ng tao. Walang computer ang makapapantay sa sistema ng mga himaymay ng selula ng katawan ng tao. Walang telebisyon na kasing husay ng boses, tainga at mata ng tao. Walang paraan ng pagpapalamig at pagpapainit ang maaring pantayan ang gawain ng ating ildong, baga, at balat. Ang masalimuot na katawan ng tao ay nagmumungkahi na may isang gumagawa nito at iyon ay ang Diyos.

Ang katawan ng tao ay isang ganap na sistema ng mga sangkap - lahat ay magkaugnay, lahat ay lubos na pinanukala. Ang baga at ang puso, ang himaymay at ang mga kalamnan, lahat ay gumagawa ng mga di-kapanipaniwalang gawain na umaasa sa ibang di-kapanipaniwalang masalimuot na gawain.

Kung lalagyan mo ng magkakasunod na bilang ang iyong sampung barya, at pagkatapos ay pagsamahin mo sa iyong bulsa, kalugin, ilabas mong lahat at muli mong ibalik nang isa-isa sa iyong bulsa, ano ang katiyakan na ito'y magagawa mo ayon sa tiyak na pagkasunod-sunod ng bilang? Sa batas ng matematika ay mayroon

ka lamang isang pagkakataon sa sampung bilyon na ilabas sila sa iyong bulsa nang sunod-sunod ayon sa kanilang bilang mula isa hanggang sampu.

Ngayon isaalang-alang mo ang pagkakataon ng tiyan, utak, puso, atay, malalaking ugat, mga ugat, bato, tainga, mata at ngipin na lumalagong magkakasama at nagsisimulang gumawa sa parehong saglit ng panahon. Ano ang pinakamakatuwirang paliwanag tungkol sa ganitong disenyo ng katawan ng tao?

"At sinabi ng Diyos, lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis,' KAYA NILALANG NG DIOS ANG TAO AYON SA KANYANG SARILING LARAWAN,sila'y Kanyang nilalang na lalaki at babae." -Gen. 1:26, 27.

Ang unang tao ay hindi lamang basta nangyari. Pinatutunyan ng Biblia na idinesenyo tayo ng Dios ayon sa Kanyang larawan. Pinanukala Niya tayo at binigyan ng buhay.

2. ANG LAHAT NG GINAWA AY MAY GUMAWA

Ngunit ang katibayan tungkol sa Diyos ay hindi lamang sa disenyo ng ating mga katawan, ito'y makikita rin sa kalangitan. Huwag mong pansinin ang mga ilaw sa lansangan at tumingala ka sa langit. Ang malagatas na ulap sa dako pa roon ng mga bituin na tinatawag na Milky Way, sa katotohanan ay kabuuan ng libong angaw ng mga naglalagablab na araw na katulad ng ating araw. Ang ating araw kasama ang mga planeta nito ay bahagi lamang ng Milky Way. Ang Milky Way natin ay isa lamang sa tinatayang daang angaw na mga bituin na makikita lamang sa pamamagitan ng ga-higanteng teleskopyo sa lupa at sa teleskopyong Hubble na nasa kalawakan.

Hindi katakataka na sinabi ng mangaawit na ang mga bituin ay nagsasalita tungkol sa isang maluwalhating Manlalalang:

"Ang mga kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios; at ang mga kalawakan ay nagpapahayag ng gawa ng Kanyang mga kamay." - Mga Awit 19:1-3.

Ano ang makatwiran nating konklusyon sa masalimuot na disenyo at kalawakan ng sansinukob?

"Nang pasimula ay nilikha ng Diyos and langit at ang lupa." Genesis 1:1

"Siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabuhay dahil sa Kanya." Col. 1:1.

Ang lahat ng nilikha ay nagpapatunay tungkol sa Diyos ang Punong Tagadisenyo at Walang Hanggang Manlalalang. Sa mga katagang "nang pasimula ay nilikha ng Dios," ay masusumpungan natin ang tugon sa hiwaga ng buhay. Mayroong Diyos na siyang gumawa ng lahat.

Maraming siyentipiko ngayon ang naniniwala sa Diyos. Si Dr. Arthur Compton, pinagkalooban ng karangalang Nobel Prize bilang "physicist" ay nagwika tungkol sa talatang ito ng Biblia:

"Sa ganang akin, ang pananampalataya ay nagsisimula sa pagkaunawa na may isang pinakamarunong sa lahat na gumawa ng buong sansinukob at ng tao. Hindi mahirap para sa akin ang magkaroon ng ganitong panananampalataya, sapagkat malinaw na kung mayroong panukala ay mayroon ding nagpanukala nito. Ang maayos, at nakalatag na sansinukob



ay nagpapatotoo sa katotohanan ng mga katagang - "nang pasimula ay nilikha ng Diyos."

Ang Biblia ay hindi nagpapatunay tungkol sa Diyos - ito'y nagpapahayag ng Kanyang pag-iral. Si Dr. Arthur Coklin, isang bantug na biologist ay minsang sumulat: "Ang pagkakataon na ang buhay ay nagmula sa isang aksidente ay maihalalintulad sa pagkakataon na ang isang walang bawas na diksiyunaryo ay bunga ng pagsabog sa isang palimbagan."

Alam natin na ang tao ay walang kakayahang lumikha ng isang bagay mula sa wala. Maari tayong makaimbento ng mga bagay, makatuklas, pagsa-samahin ang mga bagay na umiiral na, ngunit hindi natin kayang lumikha ng anumang bagay. Ang lahat sa ating paligid ay sumisigaw na ang Dios ang nagpanukala, ang Dios ang lumikha, ang Dios ang nagtataguyod. Ito lamang ang kapanipaniwalang tugon sa pinagmulan ng sansinukob, ng sanlibutang ito, at ng mga tao - ang Dios.

3. ANG DIYOS AY NAIS NA MAKIPAG-UGNAYAN NANG PERSONAL SA TAO

Ang Diyos na lumikha ng mga bituin at ng sansinukob ay nais makipag-ugnayan sa tao. Siya'y nakipag-ugnayan kay Moses : Ang Panginoon ay nakipagusap kay Moises Gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. (Exodus 33:11). Gusto ng Dios na magkaroon ng personal na relasyon sa iyo at maging Kaibigan mo. Ipinangako ni Jesus sa mga sumusunod sa Kanya: "Kayo ay aking mga kaibigan" (Juan 15:14).

Lahat tayo ay nakipagbaka sa kaisipan na may Dios, sapagkat ang lahat ng tao ay likas na relihiyoso. Walang hayop na nagtayo ng altar para sumamba. Gayunman sa bawat dakong masusumpungan mo ang mga lalaki at babae ay masusumpungan mo silang sumasamba. Sa kaibuturan ng puso ng bawat tao ay ang likas na pagnanais na sumamba, ang pagkadama sa Dios, at hangarin na maging kaibigan ng Dios. Kapag tumugon tayo sa ating pagnanais at masumpungan ang Dios, wala ng alinlangan tungkol sa Kanyang pagiral at ating pangangailangan.

Noong dakong 1990, milyong mga ateyista sa Rusya ang nagbalik sa Diyos. Isang propesor sa pamantasan sa St. Petersburg ang nagwika ng kumakatawan sa saloobin ng mga nabagong ateyista sa dating Unyon Sobyet:

"Aking hinanap ang kahulugan ng buhay sa aking maka-agham na pananaliksik, ngunit wala akong nasumpungang mapagkakatiwalaan. Ganito rin ang nadama ng iba pang mga siyentipiko. Samantalang aking pinagmamasdan ang malawak na sansinukob sa aking pagaaral ng astronomiya, at ang kahungkagan ng aking kaluluwa, ay nadama kong mayroong kahulugan. At nang tanggapin ko ang Bibliang ibinigay mo sa akin at pinasimulang basahin ito, ang puwang sa aking buhay ay napunan. Nasumpungan ko na ang Biblia lamang ang tanging pinagmumulan ng pagtitiwala para sa aking kaluluwa. Aking tinatanggap si Jesus bilang aking Tagapagligtas at nasumpungan ko ang tunay na kapayapaan at kasiyahan sa buhay.

Ang Kristiyano ay sumasampalataya sa Diyos sapagkat kanyang nakilala Siya at natuklasan na Siya ang tumutugon sa pinakamalalim na pangangailangan ng puso. Ang Diyos na may lubos na kasiyahanang nasumpungan ng mga Kristiyano ang nagbibigay sa atin ng bagong pananaw, bagong kahulugan, bagong layunin at katuwaan.

Ang Dios ay hindi nangangako ng buhay na walang suliranin at alitan ngunit Kanyang tinitiyak sa atin na papatnubayan at tutulungan tayo kung tayo'y sasampalataya sa Kanya. Milyon ang mga Kristiyano na nagpapatotoo na sila'y handang magsakripisyo kaysa bumalik sa buhay na walang Diyos.

Ito ang dakilang himala sa lahat - na ang Makapangyarihang Dios na nagpanukala, lumikha, gumawa at nagtataguyod ng sansinukob ay nais na magkaroon ng personal na relasyon sa tao. Namangha rito si Haring David, nang kanyang sulatin:

"Pagka binubulay ko ang iyong mga langit, ang gawa ng iyong mga daliri, ang buwan at mga bituin na iyong inayos; ano ang tao upang iyong alalahanin siya?" - Mga Awit 8:3, 4.

Ang ating Manlalalang ay "nagmamalasakit" sa bawat isa sa atin. Inaako Niyang personal ang Kanyang interes sa iyo na tila ba ikaw lamang ang taong Kanyang nilikha.



Anupa't maaari tayong sumampalataya sa Diyos: (1) Dahil sa masalimuot na disenyo sa lahat ng Kanyang nilikha sa paligid natin. (2) Dahil sa pagnanais ng ating kalooban para sa Dios na iniwan tayong hindi mapalagay hanggang hindi tayo nakasusumpung ng kapahingahan sa Kanya. At, (3) Dahil, kapag hinanap natin at nasumpungan Siya, ay lubos na binibigyang kasiyahan ng Dios ang bawat pangangailangan at pagnanais natin!

4. ANONG URI SIYA NG DIOS?

Makatuwiran lamang na ang isang personal na Dios ay nais ihayag ang Kanyang sarili sa Kanyang mga nilalang na gaya ng isang ama sa kanyang mga anak. Sa Biblia, sinasabi ng Dios kung sino Siya at ano ang katulad Niya.

Ano ang naging huwaran ng Dios sa paglikha sa tao?

"At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang." Genesis 1:27

Yamang tayo ay nilikha sa larawan ng Dios, ang ating kakayahan na mag-isip at dumama, umalala at umasa, umunawa at kumilala - lahat ay mula sa Kanya.

Ano ang pangunahing likas ng Dios?

"Ang Dios ay pag-ibig." I Juan 4:8.

Ang Dios ay nakikipag-ugnayan sa tao na may pag-ibig. Walang anuman Siyang ginawa o gagawin na hindi pinakikilos ng di-makasariling pag-ibig.

5. PAANONG INIHAYAG NI JESUS KUNG ANO ANG KATULAD NG DIOS?

Sa Biblia, ilang ulit na nagsalita ang Dios tungkol sa Kanyang sarili na isang ama.

"Hindi ba iisa lamang ang ating Ama? Hindi ba iisang Dios ang lumalang sa atin?" Malakias 2:10.

Ang Dios ay katulad ng isang mapagmahal na ama. Siya'y katulad ng isang ama na nais makipaglaro sa kanyang mga anak at nais magbigay ng kuwentong nakakaaliw sa kanila. Nais ng ating mapagmahal na Ama na gumawa pa nang higit kaysa ihayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng mga salita ng Kasulatan. Alam Niya na ang taong kasama nating nabubuhay ay higit na tunay sa atin kaysa isang naririnig o nababasa lamang natin sa aklat. Kaya Siya ay naparito sa sanlibutan na isang tunay na tao - sa katauhan ni Jesus.

"Na siya [Jesus] ang larawan ng Dios na di nakikita . . ." Colosas 1:15.

Kaya kung nakita mo si Jesus, nakita mo rin ang Dios. Siya'y naparito sa ating kalagayan - Siya ay naging tulad natin - upang ituro Niya sa atin kung paanong mamuhay at maging maligaya at nang ating makita kung ano ang tunay na katulad ng Dios. Si Jesus ang Dios na nakikita. Siya rin ang nagsabi, 'Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama.' (Juan14:9).

Samantalang binabasa mo ang kasaysayan ni Jesus sa apat na aklat ng ebanghelyo ay iyong matutuklasan ang kamangha-manghang larawan ng ating Ama sa langit. Ang mga mangingisda ay iniwan ang kanilang mga lambat upang sumunod kay Kristo, at ang maliliit na mga bata ay nagsama-sama upang tumanggap ng Kanyang pagpapala. Maari Niyang aliwin ang mga napipighating mga makasalanan at sumbatan ang mga mapagpaimbabaw. Pinagaling niya ang mga may iba't-ibang sakit. Sa lahat ng kanyang ginawa ay ipinamalas niya na ang Dios ay pag-ibig. Ang pangwakas na maluwalhating paghahayag kung ano ang Dios ay naganap sa krus.



"Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16.

Si Jesus ay namatay hindi lamang upang bigyan tayo ng maligayang buhay ngayon kundi upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Sa mahabang panahon ang mga tao ay hinanap ang Dios. Ang gawa ng kanyang mga kamay ay nakita sa kalawakan, sa sanlibutan at kalikasan. At minsan sa krus, sa pamamagitan ni Jesus ay nakita kung ano ang kagaya ng Dios, na Siya ay pag-ibig, walang hanggan at walang kamatayang pag-ibig!

Maaari mong matuklasan ang Dios sapagkat Siya'y ipinakilala ni Jesus. Ang pagtuklas na ito ay pangungunahan kang gumawa ng isang personal na pagpapatotoo. "Ama, iniibig kita."

MAARI NATING PANIWALAAN ANG BIBLIA

Ang bantug na mga naghimagsik sa barkong Bounty ng Britanya ay nanirahan na kasama ang kanilang mga katutubong babae sa malungkot na pulo ng Pitcairn sa Timog Pasipiko. Ang pangkat ay binubuo ng siyam na magdaragat ng Britanya, anim na mga lalaki at sampung mga babaeng taga-Tahiti, at isang babaeng labinlimang taong gulang. Isa sa mga magdaragat ang nakatuklas ng pagdalisay ng alkohol, na siyang, hindi nagtagal, ay nagpasama sa pulo. Ang paglalaban ng mga naninirahan doon ay naging marahas



Pagkaraan nito, isa lamang sa orihinal na mga nakarating sa pulo ang natirang buhay, Ang lalaking ito, si Alexander Smith, ay nakatagpo ng Biblia sa isang kaban na nakuha sa barko. Binasa niya ito at itinuro sa iba ang kanyang natutuhan. Nagbago ang kanyang buhay, at gayundin ng lahat na nasa pulo.

Ang mga taga-pulo ay lubos na nakabukod sa panlabas na daigdig hanggang sa pagdating ng barkong Topaz ng Estado Unidos ng Amerika noong 1808. Ang mga tripulante nito ay nasumpungan na ang pulo ay isang lumalago at umuunlad na komunidad na walang alak, walang piitan, walang krimen. Binago ng Biblia ang pulo mula sa isang impiyerno sa lupa tungo sa halimbawa ng sanlibutan na nais ng Dios. Ganito pa rin ito hangga ngayon.

Ang Dios ba ay nagsasalita pa rin sa mga tao sa pamamagitan ng mga pahina ng Biblia? Tiyak ito. Habang sinusulat ko ito, nakatingin ako sa sulatan ng mga sagot na ipinadala sa amin ng magaaral ng isa sa aming mga kurso ng Biblia. Sa dakong ibaba ay nakasulat, "Ako'y nasa hanay ng kamatayan sa loob ng piitan, na nahatulan dahil sa isang krimen. Bago ako nagaral nito, ako ay waglit, ngunit ngayon ay mayroon akong tinatanaw sa hinaharap, at nakasumpong ako ng bagong pagibig."

An Biblia ay may kapangyarihang bumago ng buhay. Kapag tunay na pinagalaran ng tao ang Biblia, ang buhay ay madulaing nababago.

1. KUNG PAANONG NAGSASALITA SA ATIN ANG DIOS SA PAMAMAGITAN NG BIBLIA

Pagkatapos likhain sina Adan at Eva, ang Dios ay nakipagusap sa kanila nang harapan. Ngunit nang dalawin sila ng Dios pagkatapos na sila ay nagkasala, ano ang ginawa ng magasawa?

"Ang lalaki at ang kanyang asawa ay narinig ang tinig ng PANGINOON Dios samantalang siya ay naglalakad sa halamanan sa lilim ng araw at SILA AY NAGTAGO MULA SA PANGINOONG DIOS sa mga puno ng halamanan." - Genesis 3:8.

Ang kasalanan ay sinira ang harapang pakikipagusap sa Dios.

Pagkaraang dumating ang kasalanan sa ating sanlibutan, paanong nakipagtalastasan ang Dios sa mga tao?

"Tunay na ang Makapangyarihang Panginoon ay walang gagawin kundi ihayag ang Kanyang panukala sa Kanyang lingkod na mga propeta" - Amos 3:7.




Hindi tayo iniwan ng Dios sa kadiliman tungkol sa buhay at kahulugan nito. Sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta - mga taong tinawag ng Dios na magsalita at sumulat para sa Kanya - ipinahayag Niya ang Kanyang mga tugon sa mga dakilang katanungan ng buhay.

2. SINO ANG SUMULAT NG BIBLIA?

Ang mga propeta ang nagbigay ng mga pabalita ng Dios sa pamamagitan ng tinig at panulat samantalang sila ay buhay, at nang sila ay namatay, ang kanilang mga sinulat ay nabuhay pagkaraan nila. Ang mga pabalitang ito ay tinipong magkakasama, sa ilalim ng pamamatnubay ng Dios, sa isang aklat na tinatawag nating Biblia.

Gaano mapagkakatiwalaan ang kanilang mga sinulat?

"Dapat ninyong maunawaan na walang propesiya ng Kasulatan ang nagmula sa sariling pakahulugan ng propeta. Sapagkat ang propesiya kailanman ay hindi nagmula sa kalooban ng tao, kundi ang mga taong kinasihan ng Banal na Espiritu ay nagsalita mula sa Dios." - 2 Pedro 1:20, 21.



Ang mga sumulat ng Biblia ay sumulat hindi ayon sa kanilang sariling kalooban o pagnanais, kundi sa pamamagitan ng pagkasi ng Banal na Espiritu! Ang Biblia ay sariling aklat ng Dios!

Sa Biblia ay sinasabi sa atin ng Dios ang tungkol sa Kanyang Sarili at ipinahahayag ang Kanyang mga adhikain para sa sangkatauhan. Ipinakikita nito ang pananaw ng Dios sa nakaraan, at binubuksan din ang sa hinaharap, na sinasabi sa atin kung paanong ang suliranin ng kasamaan ay lulunasan sa wakas at kung paanong ang kapayapaan ay darating sa ating sanlibutan.

Ang lahat ba ng Biblia ay pabalita mula sa Dios?

"Ang lahat ng Kasulatan ay inihinga ng Dios at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagtutuwid at pagsasanay sa katuwiran, upang ang tao ng Dios ay maging ganap na nasasangkapang lubos para sa lahat ng mabuting gawa."

Ang Banal na Kasulatan ay may malalim na bisa sa lahat sapagkat ang "lahat" ng Biblia ay "hiningahan ng Dios," isang kinasihang kasulatan, ang Aklat ng Dios. Isinaysay ng mga propeta ang kanilang nakita at narinig sa wika ng tao ngunit ang pabalita ay tuwirang nagmula sa Dios. Kaya kung nais mong malaman kung tungkol sa ano ang buhay, basahin mo ang Banal na mga Kasulatan. Babaguhin nito ang iyong buhay. Kung babasahin mo itong may panalangin, higit na kapayapaan ng pagiisip ang iyong mararanasan.

Ang Banal na Espiritu na kumasi sa mga propeta na sulatin ang Biblia ay gagawin ang mga turo ng Biblia, ang ebanghelyo nito, na mabisa sa pagbabago ng iyong buhay kung aanyayahan mo ang Espiritu sa pagbasa mo ng Biblia.

3. ANG KAISAHAN NG BIBLIA

Ang Biblia sa katotohanan ay isang aklatan na may 66 na mga aklat. Ang 39 ng Matandang Tipan ay sinulat mula noong dakong 1450 B. C. hanggang mga dakong 400 B. C., ang 27 mga aklat ng Bagong Tipan ay sa pagitan ng A.D. 50 at A.D. 100.

Sinimulan ni propeta Moises ang unang limang aklat ng Biblia sa panahong bago sumapit ang 1400 B.C. Ang alagad na si Juan ay sinulat ang huling aklat ng Biblia, ang Apokalipsis noong dakong 95 A.D. Sa loob ng 1,500 taong nakapagitan sa pagkasulat ng una at huling aklat ng Biblia, mga 38 iba pang mga kinasihang manunulat ang gumawa ng kanilang sariling kontribusyon. Ang ilan ay mga mangangalakal, ang iba ay mga pastol, mga mangingisda, mga kawal, mga manggagamot, mga mangangaral, mga hari - mga taong mula sa iba't-ibang kalakaran ng buhay. Sila ay nabuhay sa magkakasalungat na kultura at pilosopiya.

Ngunit narito ang kahanga-hanga sa lahat: Nang ang 66 na mga aklat, kasama ang kanilang 1,189 na mga kabanata na binubuo ng 31,173 mga talata ay pinagsama-sama ay nakasumpong tayo ng sakdal na kaisahan at pagkakatugma ng pabalitang kanilang inihahatid.



Kung may taong tumutok sa iyong pinto, at nang iyong papasukin ay walang imik na nagiwang ng isang kakatuwang hugis ng marmol at umalis. Ilan pang mga panauhin ang sunud-sunod na dumating hanggang mga 40 katao ang nakapagiwan ng patung-patong na piraso ng marmol.

Nang makaalis ang kahuli-hulihan ay gulat kang nakita ang isang magandang estatwa na nakatayo sa harap mo. Pagkatapos ay nalaman mong ang mga "eskultor" ay ni hindi pa nagkikita kailanman sapagkat sila ay mula pa sa iba't-ibang mga dako: ang ilan ay mula sa Timog Amerika, China, Rusya, Africa, at iba pang bahagi ng sanlibutan. Ano ang iyong magiging konklusyon? Na may isang nagpanukala ng estatwa at ibinigay sa bawat isa ang tiyak na detalye para sa kanyang piraso ng marmol.

Sa kabuuan ang Biblia ay nagpapahayag ng isang maliwanag na pabalita - katulad ng sakdal na estatwang marmol. Isang kaisipan ang nagpanukala ng lahat nito, ang isip ng Dios. Ang kamangha-manghang kaisahan ng Kasulatan ay nagpapatunay na bagaman mga tao ang sumulat, sila ay kinasihan ng Dios.

4. MAPAGKAKATIWALAAN MO ANG BIBLIA

(1) Ang pananatili ng Biblia ay kamangha-mangha. Lahat ng mga unang sulat-kamay ng Biblia ay sinipi ng kamay - matagal pa bago nagkaroon ng imprenta. Ang mga manunulat ay sinipi ang orihinal nito at ipinamahagi. Libo-libo pa ng mga siping yaon o bahagi nila ang nanatili pa. Ang orihinal na Hebreo ng Matandang Tipan na mula pa noong 150 hanggang 200 taon bago pa isinilang si Kristo ay natagpuan sa malapit sa Dagat na Patay noong 1947. Nakakagulat na ang may dalawang libong taon nang mga balumbong ito ay nagtataglay ng gayunding katulad na katulad na katotohanan na nasa Matandang Tipan ng mga Biblia na nililimbag ngayon. Ito ay makapangyarihang katibayan na lubos na mapagkakatiwalaan ang Salita ng Dios.



Ang mga alagad ay unang isinulat ang marami sa Bagong Tipan bilang mga liham na kanilang ipinadala sa mga Kristiyanong iglesya pagkatapos na mamatay at muling mabuhay si Kristo. Mahigit sa 4,500 mga sulat-kamay ng buong Lumang Tipan o bahagi nito ay nakatanghal sa mga dakilang museo at aklatan ng Europa at Amerika. Ang ilan sa kanila ay mula pa noong ikalawang siglo. Kung paghahambingin ang mga unang sulat na ito at ang Biblia ngayon, madali nating makikita na ang Bagong Tipan ay halos nanatili ring hindi nababago mula nang ito ay sulatin.

Ngayon ang Biblia o mga bahagi nito ay naisalin na sa mahigit na 2,060 mga wika. Ito ang pinakamabili sa buong sanlibutan: mahigit na 150 milyong mga Biblia at bahagi nito ang naipagbibili taun-taon.

(2) Ang makasaysayang kawastuan ng Biblia ay kamangha-mangha. Maraming tuklas ng arkeolohiya ang nagpapatunay ng kawastuan ng Biblia. Ang mga manunulat ng kasaysayan ay nakasumpong ng mga sulatang luwad (clay tablets) at mga monumentong bato na nagtataglay ng mga pangalan, lugar, at mga pangyayari na dating nalalaman lamang sa Biblia.

Halimbawa, ayon sa Genesis 11:31, si Abraham at ang kanyang sambahayan ay "uamalis sa Ur ng mga Caldeo upang magtungo sa lupain ng Canaan." Dahil sa tanging ang Biblia lamang ang bumanggit sa Ur, may mga iskolar na nagsasabi na kailanman ay walang ganoong lungsod. Pagkaraan nito ang mga arkeologo ay nakahukay ng tore ng templo sa Timugang Iraq, na sa dakong ibaba nito ay nakasulat ang pangalang Ur. Ang mga sumunod na tuklas ay nagbunyag na ang Ur ay isang lumalagong lungsod ng isang maunlad na kabihasnan. Ang pagkakakilanlan ng lungsod ay nalimutan na, tanging ang Biblia ang nagpanatili ng pangalan nito - hanggang ang pala ng arkeologo ay nagpatunay ng katotohanan nito. Ang Ur ay isa lamang sa maraming halimbawa ng pagpapatunay ng arkeolohiya sa kawastuan ng Biblia.

(3) Ang wastong katuparan ng mga pahayag ng Biblia ay ipinakikita na mapagtitiwalaan mo ito. ang kasulatan ay nagtataglay ng maraming kamangha-manghang pahayag ng mga pangyayari sa hinaharap na natutupad sa harap ng ating sariling paningin. Susuriin natin ang ilan sa mga kagila-gilalas na mga propesiya sa mga susunod na aralin.

5. KUNG PAANONG MAUNAWAAN ANG BIBLIA

Sa pagsaliksik mo ng Salita ng Dios, panatilihin ang mga simulaing ito sa isip:

(1) Pagaralan ang Biblia na may mapanalangining puso. Kung babashin mo ang Biblia na may puso at isipang binuksan ng panalangin, ito ay magiging isang personal na pakikugnay kay Jesus (Juan 16:13-14).



(2) Basahin ang Biblia araw-araw. Ang araw-araw na pagaaral ng Biblia ay susi sa kapangyarihan sa ating mga buhay, isang pakikipagtagpo sa isipan ng Dios (Roma 1:16).

(3) Sa pagbasa mo nito, bayaang ang Biblia ang magsalita para sa kanyang sarili. Itanong: Ano ang ibig na sabihin ng sumulat? Kung mauunawaan ang kahulugan ng isang talata, may katalinuhan nating magagamit ito sa ating buhay ngayon.

(4) Pagaralan ang Biblia sa bawat paksa. Ihambing ang kasulatan sa kasulatan. Ginamit ni Jesus ang ganitong paraan upang Kanyang patunayan na Siya ang Mesiyas.

"At pasimula kay Moises at lahat ng mga Propeta, ipinaliwanag Niya sa kanila ang sinasabi sa LAHAT ng mga Kasulatan tungkol sa Kanya." - Lukas 24:27.

Sa pagsasama-sama ng lahat na sinasabi ng Biblia sa isang tiyak na paksa makikinabang tayo ng isang pantay na pananaw.

(5) Pagaralan ang Biblia upang tumanggap ng kapangyarihan na mabuhay para kay Kristo. Ang Salita ng Dios ay inilalalawan sa Hebreo 4:12 bilang isang matalas at may dalawang talim na tabak. Mahigit ito kaysa mga salita lamang sa isang pahina, ito ay buhay na sandata sa ating mga kamay upang labanan ang tukso na magkasala.

(6) Makinig sa Dios na nangungusap sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Kung nais ng tao na makilala ang katotohanan ng Biblia tungkol sa isang tiyak na paksa, kailangan niyang kusang loob na sundin ang itinuturo nito (Juan 7:17), at hindi ang iniisip ng tao, o kung ano sinasabi ng turo ng iglesia.

6. BABAGUHING NG BIBLIA ANG IYONG BUHAY

"Ang paghahayag ng mga salita ng Dios ay nagbibigay liwanag; nagbibigay ng unawa sa walang karunungan."- Mga Awit 119:130.

Palalakasin ng pagaaral ng Biblia ang iyong "unawa," bibigyan ka ng lakas na mapanagumpayan ang mga nakakasirang paguugali at bibigyan ka ng kakayahan na umunlad sa iyong pisikal, pangkaisipan, moral at espirituwal na katauhan.

Ang Biblia ay nangungusap sa puso. Pinakikitunguhan nito ang mga karanasan ng sangkatauhan - pagsilang, pagibig, pagaasawa, pagiging magulang, at kamatayan. Pinagagaling nito ang pinakamalalim na sugat sa likas ng tao, kasalanan at ang kahirapan na bunga nito.



Ang Salita ng Dios ay hindi isang aklat ng isang lahi, ng isang panahon, ng isang bansa o isang kultura. Bagaman ito ay isinulat sa Silangan, nanawagan din ito sa mga lalaki at babae ng Kanluran. Pumapasok ito sa mga tahanan ng maralita at mga mansyon ng mayayaman. Gustung-gusto ng mga bata ang mga kagilagilalas nitong mga kuwento. Ang mga bayani nito ay nagbibigay inspirasyon sa mga kabataan. Ang mga maysakit, mga nalulungkot, at ang mga matatanda ay nakasusumpung dito ng aliw at pagasa para sa higit na mabuting buhay.

Sapagkat ang Dios ang gumagawa sa pamamagitan ng Biblia, ito ay may dakilang kapangyarihan. Winawasak nito maging ang mga pusong pinatigas laban sa lahat ng damdaming-tao; pinalalambot at pinupuno ang mga ito ng pagibig. Nakita na natin ang Biblia na binago ang isang dating tulisan at sugapa sa opyo at naging isang masigasig na mangangaral. Binago na rin ng Biblia ang isang sinungaling at isang mandaraya na maging isang tapat at matuwid na guro. Nakita rin natin ang Aklat na inagaw ang mga tao sa bingit ng pagpapakamatay at pinagkalooban sila ng bagong pasimula na may pagasa. Binubuhay ng Biblia ang pagibig sa mga magkakaaway. Pinapakumbaba nito ang mapagmataas, at ang makasarili na maging mabuting-loob. Pinalalakas tayo ng Biblia sa ating kahinaan, pinalalakas ang ating loob sa ating kawalang-pagasa, inaaliw tayo sa ating kalungkutan, pinapatnubayan tayo sa ating kawalang katiyakan, at pinagiginhawa tayo sa ating kapaguran. Ipinakikita sa atin kung paanong mabuhay na may katapangan at mamatay nang walang takot.

Ang Aklat ng Dios, ang Biblia ay maaring baguhin ang iyong buhay! Makikita mo itong higit pang maliwanag sa pagpapatuloy mo sa pagaaral ng mga patnubay ng TUKLASIN.

Bakit isinulat ang Biblia para sa atin? Ang sagot ni Jesus:

"Ngunit ang mga ito ay isinulat upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Kristo, ang Anak ng Dios; at sa pananampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa Kanyang pangalan." - Juan 20:31.

Ang pangunahing dahilan na dapat nating makilala ang Banal na Kasulatan ay ang katotohanan na ito ay puno ng mga larawan na naghahayag kay Jesu-Kristo at tinitiyak sa atin ang buhay na walang hanggan. Sa pagtingin natin kay Jesus sa buong Biblia, tayo ay nababago at nagiging higit na katulad Niya. Kaya bakit hindi mo simulan ngayon na tuklasin ang kapangyarihan ng Salita ng Dios na gawin kang higit na katulad ni Jesus?

TUNAY BANG MAY HALAGA ANG BUHAY KO SA DIOS?



May mga umagang ang daigdig ay tila paraiso. Pagkagising mo, hihinga ka nang malalim sa may bintana, at titingin ka sa ginintunang sikat ng araw na kumikislap sa mga puno, sa bawat dahon. May mga sandali na ang buhay ay tila napakahalaga: ang mukha ng isang minamahal na kaibigan na iyong pinagpapaalaman, isang maringal na musika na lubos na lumalapat sa iyong damdamin, ang hindi inaasahang pagmamahal ng isang munting bata.

Ngunit may mga umaga na ang sanlibutan ay tila lugar na kahindik-hindik. Gigising ka sa pangunahing balita ng diyaryo na sumisigaw tungkol sa isa namang terorista na naghagis ng bomba na lumumpo o bumulag sa isang bata, isang mamatay-tao sa kanyag ikasampung biktima, o isa na namang tag-gutom o baha o digmaan o lindol. Ito ang mga sandali na walang kabuluhan, walang katarungan.

Ano ang kahulugan ng lahat ng ito? Mayroon ba tayong magagawang may kabuluhan sa ating kahanga-hanga at kakilakilabot na sanlibutan? Bakit tayo narito? Tunay bang may halaga ang buhay ko sa Dios o ako ay isa lamang munting ngipin sa isang granahe sa napakalawak na makina ng sansinukob?

1. ANG DIOS AY LUMIKHA NG ISANG SAKDAL NA SANLIBUTAN



Ang Dios ang Manlalalang, ang arkitekto at nagpanukala ng lahat mula sa mga lubhang napakalaking mga bagay hanggang sa mga pakpak ng paru-paro.

"Sa pamamagitan ng salita ng Panginoon ay ginawa ang mga langit - at lahat ng hukbo ng kanilang mga bituin sa pamamagitan ng hininga ng kanyang bibig ... Sapagkat siya ay nagsalita at yaon ay naganap; siya'y nagutos at iyon ay tumayong matatag." Mga Awit 33:6-9.

Ang Dios ay nagsalita lamang at ang mga elemento ay sumunod sa Kanyang kalooban.

2. ANIM NA ARAW SA PAGGAWA NG ATING SANLIBUTAN

"Sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang mga langit at ang lupa, ang dagat, at lahat ng mga naroon, at nagpahinga sa ikapitong araw. Kaya pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabbath at ginawa itong banal."- Exodo 20:11.

Ang walang hanggan, makapangyarihan sa lahat na Manlalang ay maari sanang inanyuan ang sanlibutan sa isang saglit sa "hininga ng Kanyang bibig." Ngunit pinili ng Dios na gawin ito sa loob ng anim na araw - ang anim na minuto, o maging anim na saglit ay sapat na sana. Ang
LINGGO NG PAGLALANG

Unang Araw: liwanag: pagkakasunod ng araw at gabi
Ikalawang Araw: himpapawid ng lupa
Ikatlong Araw: tuyong lupa at pananim
Ikaapat na Araw: lumitaw ang araw at buwan
Ikalimang Araw: mga ibon at isda
Ikaanim na Araw: mga hayop sa lupa at tao
Ikapitong Araw: ang Sabbath

unang kabanata sa Biblia, ang Genesis 1 ay inilalarawan ang nilikha ng Dios sa bawat araw ng linggo ng paglalang.

Ano ang pinakaputong na nilikha ng Dios sa ikaanim na araw?

"NILALANG NG DIOS ANG TAO AYON SA KANYANG SARILING LARAWAN, sa larawan ng Dios siya nilalang; LALAKI AT BABAE SILANG NILALANG NIYA." - Genesis 1:27.

Ipinasya ng Dios na lalangin ang mga tao na tulad ng Kanyang Sarili na makapangangatuwiran at makadarama at makaiibig. Ang bawat tao ay ginawa sa "larawan" ng Dios.



Nang ikaanim na araw ang sanlibutan ay napuno ng mga halaman at mga hayop, at ipinakilala ng Dios ang Kanyang pinakamahusay na nilikha. Ayon sa Genesis 2:7, ang katawan ni Adan ay inanyuan ng Makapangyarihan mula sa alabok ng lupa. Kaya nang hiningahan ng Dios ng "hininga ng buhay" ang mga butas ng kanyang ilong, ang tao ay naging "buhay na kalagayan," na ang ibig sabihin, siya ay nagkabuhay. Tinawag ng Dios na Adan ang unang taong nilikha Niya sa Kanyang larawan, isang salita na nangangahulugang "tao," at ang unang babae, na Eva, na ang ibig sabihin ay "nabubuhay" (2:20; 3:20). Ang maibiging Manlalalang ay nakita ang pangangailangan ng pagsasamahan ng tao.

Mula sa kamay ng Dios, sina Adan at Eva ay kapwa inilalarawan ang Kanyang wangis. Maari sanang ginawa na lamang ng Dios na parang mga robot ang tao na may kasiyahan palibot-libot na lang sa Halamanan ng Eden at itinataas ang kanilang mga tinig sa pagsamba sa Kanya. Ngunit gusto ng Dios ang higit pa: tunay na relasyon. Ang mga robot ay nakangingiti, nakapagsasalita, nakapaghuhugas ng mga pinagkanaan, ngunit hindi sila makaiibig.

Nilikha tayo ng Dios sa Kanyang larawan, na may kakayahang magisip at pumili, at umalaala, umunawa, at umibig. Sina Adan at Eva ay mga anak ng Dios na lubhang mahal sa Kanya.

3. DUMATING ANG KASAMAAN SA ISANG SAKDAL NA SANLIBUTAN

Taglay nina Ada at Eva ang lahat na makapagpapaligaya sa kanila. Nasiyahan sila sa lubos na kalusugan ng katawan at isip, sa pamumuhay sa isang magandang tahanan sa halamanan sa isang sanlibutang walang kapintasan (Genesis 2:8; 1:28-31). Pinangakuan sila ng Dios ng mga anak at kakayahan ng malikhaing pagiisip, at makasumpung ng kasiyahan sa gawa ng kanilang mga kamay (Genesis 1:28; 2:15). Naranasan nila ang mukhaang pakikisama sa kanilang Manlalalang. Walang anumang bahid ng alalahanin, takot o sakit na puminsala sa kanilang mga pinagpalang araw.

Paanong biglang naging isang dako ng kahirapan at trahedya ang sanlibutan? Ang ikalawa at ikatlong kabanata ng Genesis ay nagsasabi ng buong kasaysayan kung paanong nakapasok ang masama sa ating daigdig. Basahin mo sila sa iyong malayang mga sandali. Narito ang maigsing kabuuan ng kanilang nilalaman.

Pagkatapos na maitatag ng Dios ang isang sakdal na sanlibutan, ang Diablo ay dumating sa Halamanan ng Eden upang tukuhin sina Adan at Eva sa pagsuway sa kanilang Manlalalang. Hinanggahan ng Dios ang lugar ng Diablo sa isang puno sa halamanan, ang "puno ng pagkakilala ng mabuti at masama." At sila ay binalaan Niya na lumayo sa punongkahoy at kailanman ay huwag kumain ng bunga nito, o sila ay mamatay.



Ngunit isang araw si Eva ay gumagala na malapit sa ipinagbabawala na puno. At mabilis na kumilos ang Diablo. Sinabi niya na ang Dios ay hindi sinabi ang totoo kay Eva: na kung siya ay kakain ng bunga ng puno ay hindi siya mamatay, kundi sa halip siya ay magiging matalinong katulad ng Dios na nakakaalam ng mabuti at masama. Sa kasamaang-palad si Eva at Adan, na nakakaalam lamang ng mabuti ay pinahintulutan ang Diablo na dayain sila at sinubukan nilang kumain ng ipinababawal na bunga - at nilabag ang kanilang tali ng pagtitiwala at pagsunod sa Dios.

Pinanukala ng Dios para kay Adan at Eva na "mangasiwa" ng ating sanlibutan bilang mga katiwala ng mga gawa ng Dios (Genesis 1:26). Ngunit dahil sa sinira nila ang pananampalataya sa Dios at pinili na nilang maging bagong lider nila ang Diablo, ang magasawa ay nawalan ng kanilang nasasakupan. Inaangkin ngayon ng Diablo na sa kanya ang sanlibutan at sinusubok na alipinin ang mga tao.

Maraming pagkakataon na tayo ay gumagawa ng mga bagay na makasarili o malupit bagaman sa totoo ay nais nating gawin ang kasalungat nito. Bakit? Sapagkat ang hindi nakikitang kaaway, ang Diablo, ay ginagawang mabigo ang mga tao sa mga bagay na moral.

Samantalang binabasa mo ang ikatlong kabanata ng Genesis, matutuklasan mo na ang kasalanan ang dahilan ng may pagkatakot na pagtatago nina Adan at Eva mula sa Dios. Nabahiran ng kasalanan ang buong nilalang. Nagsilabas ang mga tinik na kasama ng mga bulaklak. Ang lupa ay nakaranas ng pagkatuyot, at ang paggawa ay naging pasanin. Nagsimulang magkaroon ng pagkakasakit. Ang pananaghili, pagkakagalit at kasakiman ay lubhang pinarami ang pagdurusa ng sangkatauhan. Ang higit na nakatatakit sa lahat, kasama ng kasalananang dumating ang kamatayan!

4. SINO ITONG DIABLO NA HINAWAHAN NG KASALANAN ANG ATING SANLIBUTAN?

"Siya ay ISANG MAMAMATAY-TAO MULA SA PASIMULA, . . . walang katotohanan sa kanya. Kapag siya'y nagsasalita ng kasinungalingan, nagsasalita siya sa kanyang sariling likas, sapagkat siya ay isang sinungaling at AMA NG KASINUNGALINGAN. _ Juan 8:44.

Ayon kay Jesus, ang Diablo ang pasimula ng kasalanan sa sansinukob, ang "ama" ng kasalanan at kung gayon ng pagpatay at kasinungalingan.

Minsan si Thomas Carlyle, ang dakilang pilosopong Ingles ay isinama si Ralph Waldo Emerson sa ilang pinakamasamang lansangan ng East End sa London. Sa kanilang paglalakad, tahimik silang nagmamasid sa kahabag-habag na kalagayan at kasamaan sa kanilang paligid. Si Carlyle ay nagtanong, "Ikaw ba'y naniniwala na ngayon sa Diablo?"

5. NILALANG BA NG DIOS ANG DIABLO?

Hindi! Ang mabuting Dios ay hindi lalang ng diablo. Gayunman sinasabi ng Biblia na ang Diablo, kasama ng mga anghel na kanyang dinaya, ay nawala sa kanilang lugar sa langit at naparito sa ating sanlibutan.

"At nagkaroon ng DIGMAAN SA LANGIT, si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipaglaban sa dragon, at ANG DRAGON AT KANYANG MGA ANGHEL ay lumaban. Ngunit hindi sapat ang kanyang lakas, at NAWALA ANG KANILANG LUGAR SA LANGIT. Ang malaking dragon ay itinapon - ang matandang ahas na tinatawag na diablo o Satanas, ang dumaya sa buong sanlibutan. Siya ay itinapon sa lupa, at ang kanyang mga anghel na kasama niya." - Apokalipsis 12:7-9.



Paanong napunta sa langit ang Diablo sa pasimula?

"Pinahiran kita na isang NAGBABANTAY NA KERUBIN; Ikaw ay nasa banal na bundok ng Dios; . . . IKAW AY SAKDAL SA IYONG MGA DAAN mula sa araw na IKAW AY LALANGIN hanggang sa ang KASAMAAN AY NATAGPUAN SA IYO." - Ezekiel 28:14, 15.

Hindi nilalang ng Dios ang Diablo. Nilalang Niya si Lucifer na isang sakdal na anghel, isang pangunahing anghel, na tumatayong pangalawa sa trono ng Dios. Ngunit siya ay nagkasala - "ang kasamaan ay natagpuan" sa kanya. Itinapon mula sa langit at nagkunwang kaibigan nina Adan at Eva, siya ay naging pinakamalupit na kaaway ng sangkatauhan.

6. BAKIT SI LUCIFER, ANG SAKDAL NA ANGHEL, AY NAGKASALA?

"Ano't NAHULOG KA MULA SA LANGIT, O tala sa umaga, anak ng umaga! IKAW AY ITINAPON SA LUPA . . . Sinabi mo sa iyong puso, 'Ako'y aakyat sa langit; itatatag ko ang aking trono sa itaas ng mga bituin ng Dios; . . . GAGAWIN KO ANG AKING SARILI NA GAYA NG KATAAS-TAASAN!' - Isaia 14:12-14.

Ang nilalang na naging Diablo sa simula ay tinawag na Lucifer, na ang kahulugan ay "tala sa araw" o "isang maningning." Sa puso ng anghel na ito, ay nagsimulang palitan ng karangyaan at paghahangad ang katapatan. Ang binhi ng pagmamataas ay lumago sa isang matinding paghahangad na kunin ang lugar ng Dios.

Si Lucifer ay lubusang gumawa upang hikayatin ang mga ibang nilalang sa langit. Madaling isipin na sinasabi ni Satanas na ang banal na kautusan ay lubhang mahigpit at ang Dios ay walang pagmamalasakit. Siniraang-puri niya ang Isa na ang likas ay inilalarawan kung ano ang pagibig.

Paanong nilunasan ang ganitong alitan sa langit?

"Ang iyong puso ay nagmataas, . . . Kaya inihagis kita sa lupa." - Ezekiel 28:17.

Ang pagmamataas ay ginawang Diablo o Satanas ang puno ng mga anghel. At upang panatilihin ang kapayapaan at pagkakaisa sa langit, siya at ang ikatlong bahagi ng mga anghel sa langit na umanib sa kanya sa paghihimagsik ay itiwagang (Apokalipsis 12:4, 7-9).



7. SINO ANG MAY KAPANAGUTAN SA KASALANAN?

Bakit hindi lumikha ang Dios ng mga taong walang kakayahang magkasala? Kung iyon ang Kanyang ginawa ay wala na sanang suliranin ng kasamaan sa ating sanlibutan. Ngunit gusto ng Dios na ang mga tao ay magkaroon ng makahulugang ugnayan. Kaya "Nilikha ng Dios ang tao sa Kanyang sariling

larawan" (Genesis 1:27). Ang kahulugan nito ay malaya tayo at may kapanagutan. Maari tayong magpasya na ibigin o kaya ay talikuran ang Dios.

Binigyan ng Dios ang mga anghel at mga tao ng bawat salin-lahi ng likas na espirituwal at kakayahang gumawa ng mga tunay na pagpili.

"Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran." - Joshua 24:15.

Hinahamon ng Dios ang Kanyang mga nilikha sa Kanyang larawan na piliin ang paggawa ng matuwid sapagkat ang kanilang kapangyarihang mangatuwiran ay nagsasabi sa kanila na "ang daan ng Dios ay pinakamabuti." At talikuran ang masama sapagkat ang kanilang kapangyarihan ng pangangatuwiran ay nagbabala laban sa bunga ng pagsuway at kasalanan.

Tanging ang mga nilikha lamang na may kapangyarihan ng pangangatuwiran at pagpili ang makakaranas ng tunay na pagibig. Ninais ng Dios na lumikha ng mga indibiduwal na makauunawa at magpapahalaga ng Kanyang likas, malayang tumugon sa Kanya sa pagibig, at mapuspos ng pagibig para sa iba. Lubos na gusto ng Dios na ibahagi ang Kanyang pagibig, na anupa't kusang-loob Niyang inako ang napakabigat na panganib ng paglikha ng mga anghel at taong may kapangyarihan ng pagpili. Batid Niya na balang araw ay maaring isa sa Kanyang mga nilikha ay maaring piliin na hindi maglingkod sa Kanya. Ang Diablo ang unang nilikha sa sansinukob na gumawa ng ganoong kakilakilabot na pagpili. Ang trahedya ng kasalanan ay nagsimula sa kanya (Juan 8:44, I Juan 3:8).

8. ANG KRUS ANG MAARING MAGWASAK SA KASALANAN

Bakit hindi winasak ng Dios si Lucifer bago kumalat ang kasalanan? Hinamon ni Lucifer ang katarungan ng pamahalaan ng Dios. Nagsinungaling siya tungkol sa Dios. Kung agad winasak ng Dios si Lucifer, ang mga anghel ay magsisimulang paglingkuran Siya dahil sa takot at hindi dahil sa pagibig. Ito ay makasisira sa adhikain ng Dios sa paglikha ng mga nilalang na may kapangyarihang pumili.

Paanong tunay na malalaman ninoman na ang daan ng Dios ay pinakamabuti? Binigyan ng Dios si Satanas ng pagkakataon na ipakita niya ang kanyang paraang maaring piliin. Kaya siya binigyan ng pagkakataon na tuksuhin sina Adan at Eva.

Ang planetang ito ay naging subukan kung saan ang likas ni Satanas at ang likas ng kanyang kaharian ay inihahambing sa likas ng Dios at ng Kanyang kaharian. Sino ang tama? Sino sa wakas ang ating mapagtitiwalaan? Lubhang mapanlinlang si Lucifer, na nangailangan pa ng panahon ang mga nilikha ng sansinukob na lubusang maniwala kung gaano kapaminsala ang kanyang paraan. Ngunit sa wakas ay makikita ng lahat na "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" at ang "kaloob ng Dios ay walang hanggang buhay kay Kristo Jesus na ating Panginoon" (Roma 6:23).

Ang lahat ng nilikha sa sansinukob ay aayon na:

"Dakila at kamanghamangha ang Iyong mga gawa, O Panginoong Dios na Makapangyarihan. Matuwid at tunay ang Iyong mga daan, Ikaw na Hari ng mga panahon. . . .Ang lahat ng bansa ay darating at sasamba sa harap Mo, sapagkat ang Iyong matuwid na mga gawa ay nahayag." - Apokalipsis 15:3, 4.

Pagkatapos na maunawaan ng lahat ang nakamamatay na likas ng kasalanan at ang mapangwasak na mga pilosopiya ni Satanas, maari nang wasakin ng Dios si Satanas at ang kasalanan. Wawasakin din Niya yaong mga sutil na lumalaban sa Kanyang biyaya at nanatili kay Satanas.



Ang Dios ay nangako na wawasakin ang kasalanan magpakailanman sa pamamagitan ng pagdalisay ng apoy sa mga langit at lupa. Sa pangakong ito ay makatitingin tayo "sa hinaharap para sa bagong langit at bagong lupa, ang tahanan ng matuwid" (2 Pedro 10, 13). Hindi na kailanman mahahawa ng kasalanan ang sansinukob.

Sino ang makagagawa ng katapusan ng Diablo at kasalanan?

"Yamang ang mga anak ay may laman at dugo, at Siya man ay nakibahagi rin sa kanilang pagkatao upang sa Kanyang kamatayan ay wasakin Niya ang may hawak ng kapangyarihan ng kamatayan - samakatuwid ay ang diablo - at mapalaya silang sa buong buhay nila ay nasa pagkaalipin dahil sa takot sa kamatayan." - Sa Mga Hebreo 2:14, 15.

Sa krus ay nakita ng mga anghel at ng di-nagkasalang mga sanlibutan ang tunay na kalagayan ni Satanas - isang manlilinlang, magdaraya, at mamamatay-tao. Doon ay ipinakita niya ang kanyang tunay na likas nang pilitin niya ang mga tao na patayin ang Anak ng Dios. Lubusang nahayag sa krus ang mga adhikain ni Satanas, at kapag winasak na ng Dios ang diablo at yaong mga nagpupumilit sa kasalanan, ang lahat ay kikilalanin na ang Dios ay makatarungan.



Ang kamatayan ni Jesus sa krus ay inihayag ang tunay na nasa ni Satanas sa harap ng lahat na nilalang (Juan 12:31, 32). Inihayag din ng krus kung sino si Kristo - ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Sa Golgotha ang kapangyarihan ng pagibig ay tumayong lubos na salungat sa pagibig sa kapangyarihan. Itinatag ng krus na walang alinlangan na ang pagibig na may sakripisyo sa sarili ang nagudyok sa Dios sa lahat ng Kanyang pakikitungo kay Satanas, kasalanan, at mga makasalanang lalaki at babae.

Sa krus ang maliwanag na kapahayagan ng lubos na pagibig ng Dios ang walang alinlangang gumapi sa Diablo. Ang labanan tungkol sa kung sino ang mamamahala sa sanliubtan ay tinapos na magpakailanman sa krus. Kailangang si Kristo ang mangibabaw sa lahat!

Natuklasan mo na ba ang isang relasyon sa Tagapagligtas na namatay upang ihayag ang kanyang walang kapantay, at di nagbabagong pagibig? Ano ang iyong pakiramdam tungkol sa Isang naparito sa ating sanlibutan sa kalagayan ng isang tao at namatay sa iyong lugar upang iligtas ka mula sa mga bunga ng kasalanan? Yuyuko ka ba ngayon at pasasalamat si Jesus, at hihilingin sa Kanya na pumasok at sakupin ang iyong buhay?

ISANG PANUKALA PARA SA IYONG BUHAY


Matapos ang pagsasalita ng ministro sa paksang, 'Bakit Ako Naniniwala kay Jesus', isang matikas na kabataang lalaki ang nagbigay pansin sa kanyang pangangaral at nagsabi, "Kawiliwili ang pangangaral mo ngayong gabi, ngunit ang mga binanggit mo tungkol kay Kristo ay nagmula sa iyong Biblia. Sabihin mo nga sa akin, kung si Jesus ay nabuhay sa lupa, bakit walang binabanggit ang kasaysayan tungkol sa Kanya?"

"Yan ay isang makabuluhang tanong," ang sagot ng ministro, habang nagbababa siya ng maraming aklat. "Ngunit sa katunayan, ang kasaysayan nga ang nagsasaad ng tungkol kay Jesus".

"Yaon ang nais kong matuklsan," ang sagot ng kabataang lalaki.

"Narito ang sulat 97 sa ika-10 Aklat ng Mga Liham ni Pliny ang Nakababata (Letter of Pliny the Younger), isang prokonsul ng Roma sa Bithynia, isang matandang lalawigan ng Asia Minor. Si Pliny ay lumihap kay Trajan na Emperador ng Roma, na nagsasaad tungkol sa mga nangyayari sa kanyang probinsya. Pansinin mo, humingi siya ng payo, kung paano niya pakikiitunguhan ang bagong sekta, ang mga Kristiyano.. Binanggit niya ang mabilis na paglaganap nila at kung paano sila umaawit ng mga himno para sa kanilang lider na si Kristo. Ipinadala ni Pliny ang kanyang liham noong taong 110 A.D. Ang liham ni Pliny ay nagsasaad ng makasaysayang katibayan ng taong si Kristo at ang paglaganap ng Kanyang pananampalataya sa panahon ng Kanyang mga alagad."

Gulat na nagwika ang kabataang lalaki. "Sige, ipahayag mo pa sa akin ang maraming mga bagay."



Habang binubuklat ng ministro ang iba pang mga aklat, ay sinabi niya. "Isa pang kapanahon ni Pliny ay si Tacitus, manunulat ng kasaysayan. Sa kanyang Annals, ika-15 aklat, kabanata 44, ay isinasaad ang pagkamuhi at paguusig ni Nero sa mga Kristiyano sa panahon ng pagkasunog ng Roma. Ipinaliwanag ni Tacitus na ang kahulugan ng Kristiyano ay nagmula sa pangalan ni Kristo. Binanggit niya na si Jesu-Kristo ang nagtatag ng relihiyong Kristiyanismo, na ipinapatay ni Poncio Pilato, ang prokurador ng Judea sa panahon ni Emperador Tiberius. Ang lahat ng mga bagay na binanggit ni Tacitus ay tumutugon sa mga tala ng Biblia, ang mga pangyayari, mga panahon, at mga lugar na pinangyarihan."

"Pastor, kailan man ay hindi ko alam na ang mga bagay na tulad niyan ay nasa sekular na kasaysayan," ang bulalas ng panauhin.

"Nais kong pansinin mo," and dagdag ng ministro, "noong dakong 180 AD, si Celsus ay sumulat ng isang aklat na binabatikos ang mga Kristiyano, na nagpapahiwatig na ang Kristiyanismo ng panahong yaon ay naging isang lakas na mahirap nang buwagin pa."

"Kung ikaw ay mayroon pang alinlangan, alalahanin mo ang apat na Ebangelyo ay kasaysayan ding katulad ng mga sekular na aklat na ito."

Nang maunawaan ng kabataang lalaki na ang banal na aklat at ang sekular na kasyasayan ay magkaayon, na si Jesus ay nabuhay bilang isang tao sa sanlibutang ito, siya ay yumaon na naniwala na si Jesus ay tunay na makasaysayang tao..

1. SI KRISTO AY NABUHAY BUHAT PA SA WALANG HANGGAN

Si Jesus ay hindi lamang isang mabuting tao, Siya ay isang Dios. Ano ang inaangkin ni Jesus sa Kanyang sarili, na may kinalaman sa Kanyang pagka-Dios?

"Kung ako'y kilala ninyo, ay makikilala ninyo ang aking Ama: buhat ngayon siya'y inyong makikilala, at siya'y inyong nakita . . . Ang nakita sa akin, ay nakakita sa Ama." Juan 14:7-9.

Kung nais mo ang katugunan sa mga katanungang ito, "Sino ang Dios? Ano ang katulad Niya?" Tumingin ka lamang kay Jesus na nagsabi na:

"Ako at ang Ama ay iisa." Juan 10:30.

Ang Dios Ama at ang Anak na si Jesus ay magkasama na buhat pa sa walang hanggan (Hebreo 1:8). Wala kahit isang panahon na si Jesus ay hindi kasama ng Ama. Ibinahagi ng Ama ang magkatulad na pag-ibig at pagkalinga sa bawat tao na ipinadama ni Jesus nang Siya ay nabuhay dito sa lupa bilang tao.

2. SI KRISTO ANG PUSO NG KASAYSAYAN AT NG PROPESIYA

Sapagkat ang kasaysayan ng buhay ni Kristo ang katuparan ng propesiya, ang kuwento ng Kanyang buhay ay naitala na bago pa man Siya isinilang. Ang mga propesiya ng Matandang Tipan ay pauna nang naglahad ng isang maliwanag na balangkas ng buhay, kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ni Kristo. Ang Bagong Tipan ay ang katuparan ng kasaysayan ng Kanyang buhay.



Ang mga propeta ng Matandang Tipan na nabuhay mula limang daan hanggang labinlimang daang taon bago ipinanganak si Kristo, ay nagtala ng mga tiyak na propesiya tungkol sa buhay ng Mesiyas. At buhat sa pasimula ng paglilingkod ni Kristo sa lupa, samantalang inihambing ng mga tao ang Kanyang buhay sa propesiya ng Matandang Tipan, ano ang kanilang naging pasya?

"Nasumpungan namin ang isinulat ni Moses sa kautusan, gayon din ng mga propeta, si Jesus na taga Nazareth ang anak ni Jose." Juan 1:45.

Ang ating Tagapagligtas ay nanghahawak sa mga natupad na propesiya upang itatag ang pagkakakilanlan sa Kanya.

"At magmula kay Moses at mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa Kanya sa lahat ng mga [MatandangTipan] Kasulatan" Lukas 24:25-27.

Ang mga natupad na propesiya ay nagbibigay ng kapani-paniwalang mga katibayan na si Jesus ang siyang ipinangakong Tagapagligtas..

3. ANG BUHAY NI KRISTO AY KATUPARAN NG PROPESIYA

Tingnan natin ang ilan sa mga propesya mula sa Matandang Tipan at ang kanilang katuparan sa tala ng Bagong Tipan.

ANG LUGAR NA KANYANG SINILANGAN

Ang Propesiya ng Matandang Tipan:

"Nguni't ikaw Bethlehem Ehpratha . . . mula sa iyo ay lalabas sa akin ang isa na magpupuno sa Israel; na ang pinagbuhatan niya ay mula ng una, mula nang walang hanggan." Mikas 5:2.

Ang Katuparan ng Propesiya sa Bagong Tipan:

"Ipinanganak si Jesus sa Bethlehenm ng Judea." Matthew 2:1.

SIYA AY IPINANGANAK NG ISANG DALAGA

Ang Propesiya ng Matandang Tipan:

"Narito, isang DALAGA ay maglilihi, at manganganak ng isang lalaki, at tatawagin ang kanyang pangalan na Emmanuel (Sumasa atin ang Dios)". Isa. 7:14.



Ang Katuparan ng Propesiya sa Bagong Tipan:

"Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang IPINAGLILIHI NIYA AY MULA SA ESPIRITU SANTO. Siya'y manganganak ng isang lalaki: at ang pangalang itatawag mo sa kaniya ay JESUS" (ang Panginoon ay nagliligtas)." Mateo 1:20-23.

ANG KANYANG LAHI MULA SA LIPI NI JUDA

Ang Propesiya sa Matandang Tipan:

"ANG SETRO AY HINDI MAHIHIWALAY SA JUDA, . . . hanggang sa siya ay dumating sa nagmamay-ari nito"- Gen. 49:10.

Ang Katuparan ng Propesiya sa Bagong Tipan:

"Sapagka't maliwanag na ang ANG ATING PANGINOON AY BUMABABA MULA SA JUDA" - Hebreo 7:14.

ANG PAGTATAKWIL

Ang Propesiya sa Matandang Tipan:

"Siya'y hinamak at ITINAKWIL ng mga tao" . . . Isaias 53:3.

Ang Katuparan ng Propesiya sa Bagong Tipan:

"Siya'y naparito sa sariling kanya, ngunit SIYA'Y HINDI TINANGGAP NG SARILING KANYA" Juan 1:11.



ANG PAGKAKANULO AT ANG KABAYARAN NA TINANGGAP NG NAGTAKSIL

Ang Propesiya sa Matandang Tipan:

"Oo, ang AKING KASAMA-SAMANG KAIBIGAN, na aking pinagtiwalaan na kumain ng aking tinapay, nagtaas ng kanyang sakong laban sa akin." Mga Awit 41:9.

"At sinabi ko sa kanila; Kung inaakala ninyong mabuti, bigyan ninyo ako ng aking kaupahan; at kung hindi, inyong pabaya. Sa gayon kanilang tinimbangan ang kaupahan ko ng TATTLUMPUNG PUTOL NG PILAK." Zacarias 11:12.

Ang Katuparan ng Propesiya sa Bagong Tipan:

"Nang magkagayo'y isa sa labingdalawa, na tinatawag na Judas Iscariote, ay naparoon sa mga pangulong sasaerdote. At sinabi, 'Ano ang ibig ninyong ibigay sa akin kung ibibigay ko siya sa inyo?' At siya'y tinimbangan nila ng TATLUMPUNG PUTOL NG PILAK." Matthew 26: 14,15.

ANG KAMATAYAN NIYA SA KRUS

Ang Propesiya sa Matandang Tipan:

"BINUTASAN NILA ANG AKING MGA KAMAY at ang aking mga paa." Mga Awit 22:16.

Ang Katuparan ng Propesiya sa Bagong Tipan:

"At nang dumating sa dakong tinatawag na Bungo, ay kanilang IPINAKO SIYA SA KRUS." Lukas 23:33, Juan 20:25.

ANG KANYANG PAGTAKAS MULA SA LIBINGAN

Ang Propesiya sa Matandang Tipan:

"Sapagka't HINDI MO IIWAN ANG AKING KALULUWA SA SHEOL; Ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan." Mga Awit 16:10.



Ang Katuparan ng Propesiya sa Bagong Tipan:

"Palibhasa'y nakikita na niya ito, ay nagsalita tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ni Kristo, na SIYA'Y HINDI PINABAYAAN SA HADES, ni ang kanya mang katawan ay hindi nakakita ng kabulukan. Ang Jesus na ito'y binuhay na mag-uli ng Dios, at tungkol dito'y mga saksi kaming lahat." Gawa 2:31,32.

Ang katibayang ay malakas na nagpapataunay na si Jesus ay hindi lamang nangyari upang tumugma sa mga propesiya. Ang kanyang talambuhay ay una nang naisulat sa pamamagitan ng mga mahimalang paraan. Tunay na si Jesus ay Anak ng Dios.

Matapos na tunghayan ang katibayan, kailangan natin ang may panalanging pagpapasya kung sino ang dapat na maging Panginoon ng ating buhay. Kung hindi mo pa ito nagagawa, maari bang ilagak mo ang iyong buhay sa mga kamay ni Jesus?

4. ISANG BUHAY NA PINANUKALA NG DIOS

Si Jesus ay nabuhay ng isang buhay na pinanukala ng Dios, isang binalangkas daang taon pa bago Siya ipinanganak. Laging namamalayan ang katotohanang ito, Siya ay nanatiling nakadarama ng poangunguna ng Dios. Sinabi ni Kristo:

"Wala akong ginagawa sa aking sarili, kundi sinasalita ko ang mga bagay na ito, ayon sa itinuro sa akin ng Ama . . . sapagka't ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kanya'y nakalulugod." Juan 8:28, 29.

Pinanukala ng Dios ang buhay ni Jesus bago siya isinilang, at may panukala din ang Dios para sa lahat ng mga tao. Batid Niya kung paanong matutupad ng bawat isa sa atin ang ating mga hinahangad at makasumpung ng saganang kabuhatan.



Si Ray ay walang kasiguruhan na nais niyang isuko ang kanyang buhay sa panukala ng Dios. Ngunit, nang kailangan niyang magpasya kung saan siya papasok ng kolehiyo, ay ipinasya niya sa kaunaunahang pagkakataon sa kanyang buhay na humanap ng banal na patnubay. Siya ay nanalangin ng maraming araw at sinikap na makinig ng kasagutan. Matapos ang ilang sandali, tila nagkaroon siya ng malinaw na pananaw kung bakit pinili niya ang isang di gaanong mahal ngunit malaki at di-namimiling pamantasan. Sa pasimula pa lamang ng kaniyang klase, ay nagkaroon na siya ng maraming mga Kristiyanong kaibigan na kabilang sa Campus Crusade for Christ. Ang dalawang taon niyang karanasan sa kanila ay lubhang binago ang kanyang buhay.

Sa pagtingin ni Ray sa kanyang nakaraan, ay napapansin niya na sa tuwing mayroon siyang hinaharap na mabigat na pagpapasya at naghanap ng banal na patnubay, "ang Dios ay nagbukas ng bagong daan para sa aking buhay."

Paano mo malalaman ang panukala ng Dios sa iyong buhay? Ang Dios ay pumaptnubay sa maraming paraan:

(1) ANG BIBLIA

Ayon sa mangaawit, ano ang Aklat na Patnubay ng buhay?

"Ang Iyong salita ay ilawan sa aking paa at liwanag sa aking landas." - Mga Awit 119:105.

Ang salita ng Dios ay bumabago ng ating kaisipan at naliwanag pang-unawa. (Roma 12:2; Mga Awit 119:99). Ang palagiang pag-aaral ng Banal na Kasulatan na may panalangin ay pinakamabuting paraan upang ating maituwid ang ating mga pangunahing pangangailangan. bu

(2) MGA PANGYAYARING KALOOBAN NG DIOS

Pinapatnubayan tayo ng Dios sa pamamagitan ng mga pangyayaring may banal na patnugot. Ang Mga Awit 23 ay inilalarawan Siya na isang Mabuting Pastor. Ang pastor ay siyang nangunguna sa kanyang mga tupa sa paglakad sa mga malalagong lambak at sa mga mababatong bangin. Mayroon tayong isang Pastor na laging nasa ating tabi.

(3) ANG TUWIRANG PAKIKIUGNAY NG DIOS SA PUSO

Pinapatnubayan tayo ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang pakikipag-usap sa ating budhi. Ang Espiritu ang nagbibigay-liwanag sa "mga mata ng inyong puso." Efeso 1:18. Habang tayo ay laging nakikipagugnay sa Dios, Siya ay lagi namang handang patnubayan tayo sa lahat ng panahon. Kanyang hinuhubog kapuwa ang ating mga malalim na pananaw, ang ating pagmamatuwid at ang ating mga paghatol, upang ating malinaw na makita ang susunod na hakbang.

5. ANG MGA PATNUBAY AY DAPAT NA MAGKAKAUGNAY

Maaaring ipalagay na ikaw ay nabubuhay ng isang buhay na may patnubay ng Dios, kahit na sinusunod mo lamang ang iyong sariling hilig at simbuyo ng damdamin (Mga Kawikaan 16:25). Ang ating mga damdamin ay dapat na kaisa ng turo ng Banal na Kasulatan. Hindi nararapat na ating ipasya na ang Dios ang nangunguna sa atin, malibang ang tatlong patnubay ay magka-kaugnay.

Kunin nating halimbawa si Jake. Siya ay mayroon magandang asawa at dalawang anak, nguni't may relasyon siya sa ibang babae. Sinabi niya sa kanyang mga kaibigan, "Idinalangin ko ito at nadama ko na ito ay kalooban Panginoon."

Ang damdamin ni Jake at ang kaniyang "panloob na palagay" ay malinaw na naghatid sa kanya sa maling landasin. Kanyang inakala na banal na patnubay ng Dios na natagpugan niya ang babaeng ito at hindi na inisip na ang mga utos ng Dios sa Banal na Kasulatan ay laban sa pangangalunya. At ang Biblia at "ang kautusan at ang patotoo," ay ang may kapangyarihang aklat na patnubay, ang huling hukom sa pagtiyak ng tamang gawain (Isaias 8:20). Hindi natin dapat pahintulutan ang anumang palagay o tila banal na patnubay ang maghatid sa atin nang palayo sa isang simulain ng Biblia.

6. PAGPAPASAKOP SA PANUKALA NG DIOS

Nang tuksuhin ng Diablo si Jesus doon sa ilang, kanyang iminungkahi na; "Kung iyo lamang palalampasin ang napakahirap na pagpapakasakit na pinanukala ng iyong Ama para sa iyo ay ibibigay ko sa iyong mga palad ang buong mundo, katanyagan, magandang kapalaran at isang maginhawang buhay. Si Satanas ay sumipi pa sa Kasulatan upang si Jesus ay mapariwara. Ngunit sa bawat pagkakataon ay nilabanan siya ni Jesus ng mga salitang, "Nasusulat." (Mateo 4:1-11).



Isang makapangyarihang aral na matututuhan natin mula sa buhay ni Jesus ay ang pagpapasakop sa kalooban ng Dios. Maging sa kahilahilakbot na pagdurusa sa Gethsemane, sumigaw siya ng malakas na tinig, "Ama ko, kung maari, ay lumampas sa akin ang sarong ito;

gayunmay, huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.' (Mateo 26:39). Pagkatapos ng tatlong taon ng Kanyang paglilingkod, na namumuhay ng kasangayon ng panukala ng Ama, ang mga salita ni Kristo, habang nagdurasa sa kamatayan sa krus ay "Naganap na." Juan 19:30. Ang tunay na sinasabi ni Jesus ay, "Ang Aking buhay na pinanukala ng Dios ay ganap at natupad na."

Habang iyong pinakikinggan ang tinig ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita, ng mga pangyayaring niloob ng Dios, at ng mga tuwirang sapantaha, ay buong-puso mong matutuhan na tanggapin ang Kanyang patnubay. Matutuklasan mo rin ang kasiyahan ng isang buhay na pinanukala at pinatnubayan ng Dios.

ANG TULAY SA ISANG KASIYA-SIYANG BUHAY

Natagpuan nila ang isang kalansay sa tabi ng isang pansamantalang kanlungan sa isang mapanglaw na pulo sa Gitnang Atlantiko. Ang hindi kilalang magdaragat ay may taglay na talaarawan na may detalye ng kanyang apat na buwang kahindik-hindik na karanasan. Siya ay inilapag sa baybay dagat ng Pulo ng Ascension ng isang hukbong-dagat ng mga Olandes (Dutch) noong 1725 dahil sa isang hindi binanggit na krimen. Hindi nagtagal ay napilitan siyang uminom ng dugo ng mga pagong upang sugpuin lamang ang kanyang matinding uhaw.



Napakatindi ang paghihirap ng lalaki; bagamat may mahigit pang masakit na nangingibabaw sa kanyang talaarawan: yaon ay ang matinding sumbat ng budhi.

Ganito ang kanyang kahila-hilakbot na sinulat: "Anong paghihirap ang nadarama ng isang imbing may kamatayan, kapag iniwan niya ang landas ng katuwiran na nasisiyahang paramihin ang bilang ng mga sinumpa." Ang matinding pag-iisa ng magdaragat na ito doon sa malungkot na pulo ay dulot ng kanyang pagkadama sa pagkalayo niya sa Dios. Yaon ang hindi kayang batahin sa wakas.

Ang sangkatauhan ay nagkikipagpunyagi laban sa pagkahiwalay ng puso mula nang sina Adan at Eva ay "nagtago mula sa harapan ng PANGINOON, sa likuran ng mga puno ng halamanan, matapos kumain ng ipinagbabawal na bungang kahoy" (Genesis 3:8). Ang bagong kakaibang pakiramdam ng kahihiyan, pagkakasala, at takot ang nagbunsod sa mag-asawa na tumakas nang dumating na tumatawag ang Dios. Ang mga damdaming yaon sa kasamaang palad ay karaniwan na lamang sa atin ngayon.



Ano ang nagiging dahilan ng pagkahiwalay natin sa Dios?

"Kundi pinapaghiwalay ng inyong mga kasamaan, kayo at ang inyong Dios: at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng kanyang mukha sa inyo, upang siya'y huwag makinig." Isaia 59:2.

Ang malawak na gulpo na naghihiwalay ng mga makasalanang nilalang mula sa Dios ay hindi Niya kagagawan. Ang Dios ay hindi lumayo kay Adan at Eva, sila ang tumakbong papalayo sa Kanya.

1. BINIBIGYANG KASIYAHAN ANG ATING NATATAGONG GUTOM

Bago sinira ng kasalanan ang larawan, si Adan at Eva ay nasiyahan sa pagpapalagayang-loob sa kanilang Manlalalang sa isang magandang Halamanang tahanan sa Eden. Sa kasamaang palad ay binili nila ang kasinungalingan ni Satanas, tungkol sa kanilang pagiging kasing talino ng Dios at pinutol ang tali ng pagtitiwala sa kanilang Manlalalang. (Genesis 3).

Pagkatapos na sila ay palayasin sa halamanan ng Eden, sina Adan at Eva ay natagpuan ang higit na mahirap na buhay sa labas ng Eden. Ang pagdadalantao at ang pagbubungkal ng lupa ay may dugo, pawis at luha. Nasira ang kanilang malapit na pakikiugnay sa Dios, natagpuan nila ang kanilang sarili na marupok sa mga di-natutugunang mga naisin at makirot na pananabik - ang kalungkutan ng kasalanan.

Mula nang sina Adan at Eva ay naghimagsik sa Dios, lahat (ang buong sangkatauhan), ay nahulog sa gayunding balangkas ng kasalanan at nasakop ng kamatayan, ang huling kaparusahan ng kasalanan.

"Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang KAMATAYAN AY NARANASAN NG LAHAT NG TAO, sapagka't ang LAHAT AY NAGKASALA." Roma 5:12.



Nararanasan nating lahat ang malawak na pagka-gutom ng puso para sa mga nawala sa atin, isang pagnanais para sa uri ng katiyakan na tanging Dios lamang ang makapagbibigay. Madalas nating sinisikap na punuan ang gutom na yaon sa pamamagitan ng walang humpay na pamimili, o kaya ay pakikipaglaban para sa pagtaas ng posisyon sa trabaho, o kaya naman ay lunurin na lamang ang pagkagutom na yaon ng alkohol, droga o di-maingat na pakikitungo sa seks.

Ngunit ang lahat ng ating matinding pagnanasa ay tanda lamang ng isang kalungkutan para sa Dios. At walang lunas malibang maranasan natin sa ating buhay ang Kanyang pagibig.

"Pupuspendin Mo ako ng kagalakan sa iyong harapan, na may walang hanggang kasayahan sa iyong kanang kamay." Mga Awit 16:11.

Ang tunay na kasiyahan ay darating lamang kapag ang pagitang yaon sa atin at sa Dios ay nalagyan ng tulay at tayo ay makalalakad tungo sa Kanyang harapan.

2. PAGLALAGAY NG TULAY SA BANGIN NG KASALANAN AT KAMATAYAN

Hindi lamang ang mga tao ang nalulungkot dahil sa kasalanan. Ang Dios ay nagdurugo ang puso nang araw na Siya ay talikuran nina Adan at Eva. At siya ay namimighati pa rin sa kalungkutan at kapahamakan ng tao. Ang Dios ay nasasabik na bigyang kasiyahan ang ating natatagong naisin at paghilumin ang mga sugat ng damdamin. Hindi Siya nasisiyahan na tingnan na lamang tayong may kahabagan sa kabila ng bangin na naghihiwalay sa atin sa Kanya. Kaya nagpasya ang Dios na Siya ang maging tulay sa bangin ng kasalanan at ng kamatayan.

"Sapagkat gayon na lamanag ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, na ang sinomang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walanag hanggan. Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan, kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya." Juan 3:16, 17.

Ibinigay ng Dios ang Kanyang Anak, at ibinigay ni Jesus ang Kanyang buhay na pantubos sa kasalanan, na ibinayad ang Kanyang sarili sa parusang kamatayan. Ang buhay, ang kamatayan at ang pagka-buhay na mag-uli ni Jesus ay nangyari upang patawarin at ilitas ang mga makasalanan, na hindi winawalang halaga ang kasalanan, at ipakita sa buong sansinukob ang tunay na likas ni Kristo at ni Satanas. Ang tulay na duguang katawan ni Kristo ang nagtaboy sa mga tao palayo sa bitag ng kasalanan. Ang pag-ibig ang bumagtas sa bangin ng kasamaan, upang ang lahat na nananampalataya kay Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas ay makalakad tungo sa walang hanggang buhay.



3. ANG PITONG MAHAHALAGANG KATOTOHANAN NA DAPAT MONG MAALAMAN TUNGKOL KAY JESUS

Ang pitong katotohanang ito tungkol kay Jesus aky hindi maaring maging totoo kahit sa sinomang tao na nabuhay sa mundong ito:

(1) Si Jesus ay Nagmula sa Langit at Bumaba sa Lupa

Gaano katagal na inangkin ni Jesus na Siya ay nabuhay?

"Bago ipinanganak si Abraham ay Ako nga" Juan 8:58.

Ipinagbigay alam ni Jesus sa sanglibutan: "Ako nga!" Ako ay nabubuhay mula pa sa pasimula at laging mabubuhay! Kahit na si Jesus ay isinilang ng isang ina, (Matthew 1:22, 2:3), Siya ay isang Dios, Dios sa laman ng tao. Sina Dwight Moody at Billy Graham noong nakaraan 19 na siglo, minsan ay nagsabi tungkol sa pagkakatawang tao ni Jesus, " Isang napakalaking pagpapakasakit para kay Jesus na Siya ay dumating, at iugoy sa isang pilak na duyan, alagaan ng isang anghel, at pakainin na may gintong kutsara. Ngunit ang Manlalalang ng langit at lupa ay dumating at nagkatawang tao at isinilang sa sabsaban ng mga hayop ng mga dukhang magulang sa napakasamang kapaligiran."



Isang anghel ang nagsabi kay Jose sa panahon ng kapanganakan ni Jesus:

"At siya [si Maria] ay manganganak ng isang lalaki, at ang pangalang itatawag mo sa kanya ay JESUS, sapagka't ILILIGTAS NIYA ANG KANYANG BAYAN MULA SA KANILANG MGA KASALANAN". Mateo 1:21.

Si Jesus na Manlalalang ng sansinukob (Juan 1:1-3,14), ay kusang naparito sa ating sanlibutan upang ilitas tayo mula sa kasalanan at kamatayan.

(2) Si Jesus Nabuhay ng Isang Walang Kasalanang Buhay

"Si Jesus na Anak ng Dios . . . isa na tinukso sa lahat na paraan gaya rin naman natin, gayon ma'y walang kasalanan". Hebreo 4:14, 15.

Ang Dios ay gumawa ng higit pa kaysa kausapin lamang tayo na lumabas mula sa buhay ng kasalanan tungo sa isang kasiya-siyang buhay. Sa paninirahan sa lupang ito bilang Tao, ginawa ni Jesus ang buhay na malaya sa kasalanan na mahigit pang kaakit-akit kaysa isang sermon.

Si Satanas, ang katunggali ni Jesus, ay nagpanukala sa buong panahon ng buhay ni Jesus dito sa lupa upang akitin siyang magkasala. Doon sa ilang ay ibinuho ng Diablo ang buong lakas niya laban sa katapatan ni Jesus (Mateo 4:1-11). Sa Gethsemane, bago pa ang Kanyang pagkapako sa krus, ay dumaloy ang pawis na dugo sa tindi ng pagsubok na dinanas ni Jesus (Lukas 22:44).

Nguni't nanatiling matibay si Jesus sa lahat ng tukso na ibinato sa Kanya ng Diablo, "at walang anomang kasalanang nasumpungan." Sapagka't naranasan ni Jesus ang sukdulan ng problema at pagsubok ng isang tao, nauunawaan niya ang ating pakikipaglaban sa kasalanan. Mayroon siyang kakayahan " na sumaklolo sa ating mga kahinaan." (Hebreo 4:15).

Bakit kinailangan na si Jesus ay mabuhay nang walang kasalanan?

"Yaong hindi nakakilala ng kasalanan, ay Kanyang inaring may sala dahil sa atin: upang tayo'y maging sa Kanya'y maging katuwiran ng Dios." 2 Corinto 5:21.



Nagtagumpay si Jesus sa mga pagsubok at namuhay ng isang buhay na walang kasalanan, upang maisalin Niya ito sa atin, kapalit ng ating matandang pagkatao ng kasalanan.

(3) Namatay si Jesus Upang Alisin Ang Kasalanan

Gaano karami ang mga taong nagkasala?

"Sapagka't ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Dios. Roma 3:23.

Ano ang kaparusahan ng kasalanan?

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay KAMATAYAN; ngunit ang kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Kristo Jesus na Panginoon natin." Roma 6:23.

Bakit namatay si Jesus?

"Narito, ang Cordero ng Dios, NA NAGAALIS NG KASALANAN ng sanglibutan". {Juan 1:29}.

Lahat tayo ay nagkasala at nasaklaw ng walang hanggang kamatayan, subalit si Jesus ay namatay sa ating lugar. Siya ay naging "kasalanan para sa atin." Siya ang nagbayad ng kaparusang kamatayan para sa atin. Ang Kanyang kamatayan ay isang kaloob, at ang "KALOOB ng Dios ay BUHAY NA WALANG HANGGAN kay Kristo Jesus na Panginoon natin" Roma 6:23.

Inialay ni Jesus ang Kanyang sakdal at matuwid na buhay bilang isang kaloob ng pag-ibig para sa atin. Ang pag-ibig na tulad niyaon ay hindi halos mauunawan ng tao. At dahilan sa Kanyang kamatayan "mayroon tayong KAPAYAPAN sa Dios" (Rom. 5:1).

(4) Si Jesus ay Bumangon Mula sa mga Patay

Ang kamatayan ni Jesus sa krus ay hindi katapusan ng Kanyang katangi-tanging kuwento ng buhay. Hindi Siya maaaring manatiling patay, at maging ating Tagapagligtas.

"At kung si Kristo ay hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan, kayo'y nasa inyong mga kasalanan pa. Kung gayon nga, ang mga nangatatutulong din naman kay Kristo ay mangapapahamak". 1 Corinthians 15:17, 18.

Sina Mohamed at Budha ay nagpakilala sa mundo ng ilang dakilang katotohanan ng pilosopiya. Kanilang pinasigla ang buhay ng milyong mga tao, ngunit wala silang kahima-himalang kapangyarihan na magbigay-buhay sapagkat sila ay nanantili pa sa kanilang mga libingan.



Sapagka't si Jesus ay bumangon mula sa Kanyang libingan sa ikatlong araw ng Kanyang kamatayan, anong pangako ang nagawa niya para sa atin?

"Sapagka't Ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo". Juan 14:19.

Si Jesus ay buhay! Sapagka't mayroon Siyang kapangyarihan laban sa kamatayan, kaya Niya tayong palayain mula sa kamatayan, at ialay ang isang buhay na kapwa masagana at walang hanggan. Maninirahan Siya sa ating mga puso kung aanyayahan natin Siya. Ang nabuhay na Kristo ay handang sapatan ang ating mga pangangailangan ngayon.

"At narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan". Mateo 28:20.

Ang mga lalaki at babae sa buong sanglibutan ay nagbabahagi ng kanilang mga karanasan kung paano silang pinalaya ni Kristo mula sa malagim na pagka-gumon sa mga bawal na gamot at mga matinding pagkabigla ng damdain.

Isa sa aming mga dating mag-aaral ang sumulat ng ganitong pasasalamat sa pahina ng kanyang sulatan ng sagot: "Ako ay isang lasenggo. Isang araw, habang ako ay lasing, nakita ko sa kanal ang isang tarheta na nagsasaad ng inyong inaalok na pag-aaral sa Biblia. Pinulot ko at sinulatan ng aking pangalan at nakatanggap ng unang tunay na kaalaman tungkol kay Kristo. Pagkatapos ng pag-aaral sa Biblia ay ipinagkaloob ko ang aking puso sa Dios at nawala ang aking panlasa sa alak.

Noong angkinin ni Jesus ang buhay ng lalaking ito, binigyan siya ng isang bagong kapangyarihan upang mapanagumpayan ang pagiging lasenggo. Sapagka't si Kristo ang nabuhay na Tagapagligtas, kaya Niyang iligtas ang lahat ng lumalapit sa Kanya.

(5) Umakyat si Jesus sa Langit

Bago bumalik si Jesus sa Ama pagkatapos ng Kanyang pagka-buhay na mag-uli (Mga Gawa 1:9), ipinangako Niya ito sa kanyang mga tagasunod:

"Huwag magulumihanan ang inyong mga puso, magsisampalataya kayo sa Dios magsisampalataya din naman kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan . . . sapagkat ako'y paroroon UPANG IPAGHANDA KO KAYO NG DAKONG KALALAGYAN. At . . . ako'y muling paririto at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili . . . kung saan ako naroon." Juan 14:1-3.



(6) Si Jesus ay Naglilingkod Bilang Saserdote sa Langit

Patuloy na naghahanap si Jesus upang ihanda tayo para sa isang lugar sa langit.

"Kaya't nararapat sa Kanya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa Kanyang mga kapatid, upang Siya ay maging isang maawain at tapat na PINAKAPUNONG PARI sa mga bagay na nauukol sa Dios, upang gumawa ng pangpalubag-loob patungkol sa mga kasalanan ng bayan. Palibhasa'y nagbata siya sa pagkatukso, siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso." Hebreo 2:17-18.

Si Jesus ay naparito sa ating sanlibutan upang "gumawa ng pagkakasundo sa mga kasalanan ng tao," at hanguin tayo mula sa pagdurusa ng pagkaalipin ng kasalanan. Siya ay namatay upang tayo'y iligtas upang lubusan Niyang mapawi ang sanhi ng kasalanan, pagdurusa at kamatayan sa pamamagitan ng pagwasak sa Diablo.

Si Jesus ang ating Mataas na Saserdote ay "ginawang katulad ng malilit Niyang kapatid sa lahat ng paraan. At ngayon ay patuloy Siyang humaharap sa Ama alang-alang sa ating kapakanan bilang ating Tagapamagitan. Ang Jesus ding ito na bumasbas sa maliliit na mga bata, at nagbago ng buhay ng babaeng nahuli sa pakikiapid, at nagpatawad sa magnanakaw doon sa krus, ay naglilingkod ngayon sa langit para sa ating mga pangngailangan, "upang matulungan yaong mga tinutukso."

(7) Si Jesus ay Muling Babalik

Bago siya umakyat langit ano ang ipinangako ni Jesus?

"At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay MULING PARIRITO AKO at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili, na kung saan ako naroon, kayo naman ay dumoon." Juan 14:3.

Sa pagbabalik ni Jesus, palalayain Niya tayo mula sa kasalanan, karamdaman, kapahamakan, at kamatayan na sumasalot sa planetang ito. At tayo'y Kanyang tatanggapin sa bagong daigdig ng walang hanggang kaligayahan at buhay.

4. ANG DI-NABIBIGONG PAG-IBIG

Isang kuwento ang isinalaysay tungkol sa inareglong kasalan sa Taiwan nina U Long at ni Golden Flower. Noong itinataas na ni U Long ang belo ng kanyang nobya matapos ang seremonya, gayon na lamang ang kanyang pagkagulat at pagkadismaya. Ang kanyang mukha ay puno ng pilat ng bulutong.

Pagkatapos noon ay nawalan na ng pagtingin si U Long sa kanyang asawa. Sinikap ni Golden Flower na mapaligaya si U Long; inalagaan niya ang kanilang tahanan, at umasa na isang araw ay matatanggap din siya ng kanyang asawa. Ngunit, nanatiling malamig si U Long sa lahat ng ipinakikitang pag-ibig ni Golden Flower.

Nakaraan ang labindalawang taon ng paimbabaw na pagsasama bilang mag-asawa, si Ulong ay unti-unting nawalan ng paningin. Sang-ayon sa manggagamot, si U Long ay tuluyang mabubulag kung walang maipapalit na "cornea.". Ang operasyon ay napakamahal at ang pila para sa libreng operasyon ay totoong napakahaba.

Nagsimulang magtrabaho nang husto si Golden Flower ng mahabang oras sa gabi sa paggawa ng sombrero, upang kumita ng sapat na salapi. Isang araw ay nabalitaan ni U Long na may naaksidente at ibinigay ang mata para sa kanya. Madali siyang dinala sa pagamutan upang tistisin ang kanyang mga mata. Matapos na siya ay gumaling, galit pa niyang ipinasya na makita ang asawa upang pasalamatan siya sa pagkita ng pera para sa kanya. Nang kanyang itinaas ang nakatungong mukha ng asawa upang tumingin sa kanya, nagulat si U Long. Nakatitig ito sa kanya na walang paningin, walang mata, ang cornea ay wala na. Sa bugso ng damdamin, napaluhod siya sa paanan ng asawa na nanaghoy. At sa unang pagkakataon ay naibulong niya ang kanyang pangalan: Golden Flower.



Si Jesus ay nagnanais ng isang relasyon sa mga nagwawalang-bahala sa Kanya nang napakatagal na panahon. Pinanabikan Niyang marinig na ibulong natin ang Kanyang pangalan bilang ating Tagapagligtas. Nakahanda Siyang isakripisyo hindi lamang ang Kanyang mata kundi ang buo Niyang katawan upang ipakita ang Kanyang hindi nagbabagong pag-ibig. Ang Kanyang pag-ibig ay napamakapangyarihan, anupa't Siya ay "dumating sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan" (I Timoteo 1:15).

Ang dakilang sakripisyo ni Kristo ay lumikha ng tulay na bumabagtas sa ating pagwawalang-bahala na bumalot sa ating pagkakalayo sa Dios. Personal mo na bang natuklasan na ninanais ng Dios na ikaw ay hanguin mula sa lusak patungo sa Kanyang mga kamay? Nais mo bang tumugon at manalanging, "Jesus mahal Kita. Salamat sa Iyong hindi malirip na pagpapakasakit. Pumasok ka sa aking puso at iligtas Mo ako ngayon - iligtas mo ang buo kong katauhan, iligtas mo ako nang lubusan, iligtas mo ako magpasawalang hanggan"?

JESUS

DUMATING na Dios sa laman.

NABUHAY sa ating lugar ng buhay na walang kasalanan.

NAMATAY para sa ating mga kasalanan

MULING NABUHAY upang iligtas tayo sa kamatayan.

UMAKYAT upang maghanda ng tahanan para sa atin sa langit.

NAGLILINGKOD araw-araw bilang ating mataas na pari.

MULING BABALIK upang tayo ay suma-Kanya magpakailanman.

ANG PANGALAWANG PAGKAKATAON SA BUHAY

Pagkatapos na mamuhay na isang Budista sa halos buong buhay niya, isang matandang lalaking taga-Singapore na naging Kristiyano ang tinanong nang ganito: "Ginoong Lim, anong pagkakaiba ang inyong natuklasan sa pagiging isang Budista at pagiging isang Kristiyano?"

"Madali lang," ang wika niya. "Magmula nang matagpuan ko si Jesus na aking Tagapagligtas, nagkaroon na ako ng kapayapaan sa aking puso."

Ganito ang mangyayari, kapag ang naging sentro ng ating buhay ay si Kristo.

"Iyong iingat siya sa lubos na kapayapaan, na ang pag-iisip ay sumasa Iyo; sapagka't siya'y tumitiwala sa Iyo." Isaiah 26:3.

Ang bunga ng isang buhay Kristiyano ay isang ganap na kapayapaan, ganap na kapanatagan, at mabuting kalagayan.

Yaong mga nakatuklas nito ay nakasumpong ng tanging daan sa pangalawang pagkakataon sa buhay - si Jesus!

1. ANO ANG KAHULUGAN PARA SA ISANG NAWAGLIT NA MALIGTAS

Ang isang taong buhay sa pisikal ay maaring nagtataglay ng tinatawag ng iba na kasiya-siyang buhay, nguni't patay pa rin - patay sa espiritu.

"KAYO'Y MGA PATAY DAHIL SA INYONG MGA PAGSALANSANG AT MGA KASALANAN na inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanlibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, NG ESPIRITU NA NGAYON AY GUMAGAWA sa mga anak ng pagsuway." Efeso 2:1, 2.



Inihahatid ni Satanas ang patay sa espiritu na pababa sa likaw ng kasalanan at pagsuway. Nguni't ang kahangahangang katotohanan ng ebanghelyo ay iniibig ng Dios ang mga taong nahukuman. Minamahal Niya sila habang sila ay patay sa kanilang mga kasalanan at iniaalay sa kanila ang isang lubos at walang bayad na kalayaan mula sa kanilang mga suliranin.

"Dahil sa Kanyang malaking pag-ibig sa atin, ang Dios, na mayaman sa kahabagan, ay BINUHAY NIYA TAYO KAY KRISTO MAGING NANG TAYO AY MGA PATAY DAHIL SA ATING MGA KASALANAN . . . upang maipakita ang di-masukat na mga kayamanan ng kanyang biyaya, na inihayag sa kanyang kagandahang loob sa atin kay Kristo Jesus." Efeso 2:4-7.

Minahal tayo ng Dios sa kabila ng walang kaibig-ibig sa atin. Ang Kanyang biyaya ay lumikha sa atin ng bagong buhay kay Kristo. Hindi natin mababago ang ating buhay; Dios lamang ang makagagawa nito. Kung tayo ay lalapit sa Kanya na may pananampalataya at pagpapasakop, bibigyan Niya tayo ng pangalawang pagkakataon sa buhay bilang isang walang bayad na kaloob.

2. MULA SAAN TAYO DAPAT NA ILIGTAS

(1) Kailangan nating maligtas mula sa kasalanan.

"Sapagka't ang lahat ay nagkasala nga at hindi nakaabot sa kaluwhatian ng Dios." Roma 3:23.

Sa tahasang pagsasabi: kailanman ay hindi tayo nabubuhay sa alam nating matuwid.. Ang isang magulang na nasa ilalim ng tensyon ay maaaring mag-wala at sumabog, at sugatan ang damdamin ng kanyang anak. Ang tao ay maaaring magalit sa isang tsuper at maging dahilan ng sakuna. Maari din na ang isang mag-aaral ay magkimkim ng sama ng loob at magkalat ng masasamang salita laban sa kapuwa niya mag-aaral. Ang isang mangangalakal ay maari ding magpanukala na "limutin" ang tiyak na pinagmumulan ng kanyang kinikita sa panahon ng pagbabayad ng buwis. "Lahat ay nagkasala;" 'yan ang kalagayan ng tao.

Paano inilalarawan ng Biblia ang kasalanan?

"Lahat ng kalikuan ay kasalanan." 1 Juan 5:17.

Kailangan tayong sagipin mula sa lahat ng salahulang mga kinagawiang tulad ng: pagsisinungaling, pagmamalabis, matinding galit, pagnanasa, kapaitan at iba pa.

"Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay sumasalansang sa kautusan; at ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan." 1 Juan 3:4.

Kaya kailangan tayong masagip sa kasalanan - pagsalangsang sa kautusan ng Dios.

(2) Kailangan tayong masagip mula sa nasirang pakikipag-ugnay sa Dios.

"Kundi pinapaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Dios, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagpakubli ng Kanyang mukha sa inyo.." Isaías 59:2.



Ang mga kasalanang hindi pinatawad ang siyang pumuputol ng ating ugnayan sa Dios. Pumarito si Jesus upang ibalik ang ating pagtitiwala sa Dios, na iginuho ni Satanas.

(3) Kailangan tayong sagipin mula sa walang hanggang kamatayan - ang kaparusahan sa kasalanan.

"Kaya, kung paanong sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamataya'y naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala." Roma 5:12.

(4) Kailangan tayong sagipin mula sa makasalanan, malungkot at hungkag na buhay.

Sa makasalanan ang buhay ay isang putol na daan.

(5) Kailangan tayong sagipin mula sa makasalanang sanglibutan.

Kailangan tayong sagipin mula sa isang mundong puno ng kasalanan at ng mga bunga nito: pagdurusa, hapdi ng puso, kalungkutan, digmaan, karamdaman, at kamatayan!

3. SINO ANG MAKAPAGLILIGTAS SA ATIN?

Tanging si Jesus lamang ang makapagliligtas sa atin.

(1) Mapapalaya tayo ni Jesus mula sa kasalanan.

"At siya'y manganganak ng isang lalaki; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan." Mateo 1:21.

Isang Hindu ang nagsabi sa kanyang kaibigang Kristiyano, "Marami akong nasumpungan sa Hinduismo na wala sa mga Kristiyano, ngunit mayroong isang bagay sa mga Kristiyano na wala sa mga Hindu - isang Tagapagligtas. Tanging ang Kristiyanismo lamang ang pambuong sanlibutang relihiyon na nagaalay sa mga tao ng Tagapagligtas.

(2) Kailangang iligtas tayo mula sa nawasak na ugnayan sa Dios.

"Na kayo nang panahong yaon ay mga hiwalay kay Kristo . . . na walang pagasa at walang Dios sa sanglibutan. Datapuwa't ngayon kay Kristo, kayo na noon ay malayo ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni Kristo." Efeso 2:12,13.



Si Jesus ang sakdal na Kaibigan na nakasisiyang makaugnayan. Gusto niyang ilabas ang pinakamabuti na nasa atin. "Sa pamamagitan ng dugo ni Kristo" ang ating nakaraang buhay ng kasalanan ay pinatawad, at araw-araw ibinibigay Niya sa atin ang Kanyang pagtanggap, kapangyarihan sa kasalanan, at ang Kanyang sakdal na buhay. Batid natin na Siya ay naroon upang tayo ay itayo sa bawat oras na tayo ay mahulog. Sa kabilang dako, ang pagibig natin sa Kanya ay magbubunga ng isang pagnanais na mabuhay sa isang paraan na makapagpapaligaya sa Kanya.

(3) Maililigtas tayo ni Jesus mula sa walang hanggang kamatayan, ang kaparusahan ng kasalanan.

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob ng Dios na walang bayad ay buhay na walang hanggan kay Kristo Jesus na Pangnoon natin." Roma 6:23.

Tayo ay mga taga-salansang ng kautusan na hinatulan ng kamatayan. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Si Jesus ang tumubos sa atin mula sa walang hanggang kamatayan at nagbigay sa atin ng walang hanggang buhay.

"Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Dios ang Kanyang pag-ibig sa atin, na nang tayo'y makasalanan pa si Kristo ay namatay dahil sa atin." Roma 5:8.

Dahil sa Kanyang hindi nagbabagong pagibig, si Jesus ay "namatay para sa atin". At sapagka't siya'y namatay dahil sa atin at nagdusang lubos sa bunga ng kasalanan, ang Dios ngayon ay mapapatawad at matatanggap ang mga makasalanan na hindi winawalang kabuluhan ang kasalanan.

(4) Maililigtas tayo ni Jesus mula sa isang makasalanan at malungkot na buhay.

"Kaya't kung ang sinoman ay na kay Kristo, siya'y bagong nilalang, ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago." 2 Cor. 5:17.

Hindi natin maililigtas ang ating mga sarili mula sa kasalanan o kaya'y palitan ang ating likas sa sarili nating pamamaraan, kung paanong ang leon ay hindi magiging isang tupa (Roma 7:18). Ang kasalanan ay higit na malakas kaysa sa ating kapangyarihan ng kalooban. Ngunit si Kristo ay kayang "palakasin ka sa pamamagitan ng kanyang Espiritu sa panloob mong pagkatao." [Efeso 3:16]. Siya ay gumagawa upang palitan ang ating mga masamang likas ng Kanyang malusog na mga katangian; pagibig, kapayapaan, kagalakan, kagandahang-loob, at pagpipigil. [Galacia 5:22, 23]. Si Kristo ay nabubuhay sa

pamamagitan natin, at tayo'y tumatanggap ng espirituwal na pagpapagaling, panunumbalik sa dating kalagayan, at ng isang bagong buhay.

Si Harold Hughes ay isinuko na ang pagasa sa pagbabago. Marami nang pagkakataong sinubok niyang huminto sa pag-inom. Ang tanging nalalaman niya ay inilagay niya sa impierno sa loob ng sampung taon ang kanyang asawa at ang dalawa niyang anak dahil sa pagsisikap niyang labanan ang bote ng alak. Kaya lumusong siya sa kanilang paliguan isang malamig na umaga, at itinutok ang kanyon ng baril sa kanyang bibig. Bago niya kinalabit ang gatilyo, ay ipinasya muna niyang magpaliwanag sa Dios. Ang panalanging yaon ay nauwi sa isang mahabang, pahagulgol na pakiusap sa Dios na tulungan siya.



At lumapit ang Dios sa kanya. Si Harold Hughes ay nagtalaga kay Kristo, at nasumpungan niya ang espirituwal na kalakasan upang magsikap. Lubusan siyang huminto sa paginom, naging maibigin, at maaasahang asawa at ama, at nagpatuloy hanggang siya ay mailuklok sa senado ng America. Natuklasan ni Harold Hughes ang pinakadakilang bumabagong kapangyarihan sa sanlibutan - si Jesus!

(5) Maililigtas tayo ni Jesus mula isang nakasalanang sanglibutan.

Ang susunod na apat na patnubay ay ipaliliwanag kung paano.

4. TATLONG HAKBANG SA KALIGTASAN

1. Humingi ng tulong kay Kristo sa pagkikipaglaban sa kasalanan.

Ano ang ating bahagi sa pagaalis ng ating makasalanang buhay?

"Kaya nga kayo'y MANGAGSISI at mangagbalik loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan." Mga Gawa 3:19.

Ano ang naghahatid sa tao sa pagsisisi?

"ANG KABUTIHAN NG DIOS ANG SIYANG UMAKAY SA IYO SA PAGSISISI" Roma 2:4.

"DAHIL SA INYONG PAGKALUMBAY NA IKAPAGSISISI" 2 Corinto 7:9.

Ang pagsisisi ay ang pagkalungkot sa ating makasalanang buhay sa nakaraan, at ang pagtalikod mula sa kasalanan, paghiwalay sa matandang kinaugalian, mga gawi, at saloobin. Hindi lamang kalungkutan dahil sa takot sa kaparusahan, kundi isang pagtugon sa "kabutihan ng Dios" na naghatid kay Jesus na mamatay sa ating lugar dahil sa ating pagiging makasalanan.

Kapag ating naranasan ang isang bagong buhay kay Kristo, kailangang hanggang ating magagawa ay ituwid natin ang mga pagkakamali sa nakaraan. Ezekiel 33:14-16.

Ano ang bahagi ng Dios upang pawiin ang ating lumang buhay ng kasalanan?

Ang pagsisisi at kapatawaran ay mga kaloob ng Dios.

"Siya'y pinadakila ng Dios ng kanyang kanang kamay upang maging Prinsipe at Tagapagligtas, upang MAGBIGAY NG PAGSISISI, at KAPATTAWARAN NG MGA KASALANAN." Mga Gawa 5:31.

Kapag tayo ay nagsisisi, pinatatawad tayo ng ating mapagmahal na Tagapagligtas, linilinis tayo sa kasalanan, at inihahagis ang mga ito sa kailaliman ng dagat.

"KUNG ATING IPAHAHAYAG ang ating mga kasalanan, TAPAT at BANAL SIYA na TAYO'Y PATATAWARIN sa ating mga kasalanan at TAYO'Y LILINISIN sa lahat ng kalikuan. I Juan 1:9. (Micah 7:18, 19).

Walang kakila-kilabot na kasalanan na hindi mapapatawad ng Tagapagligtas na namatay sa krus ng Kalbaryo dahil sa ating mga kasalanan. Ang nagtitiwala kay Jesus ay kailangan lamang na hilingin sa Kanya ang Kanyang kapatawaran. Ang kamatayan ni Jesus para sa atin ay hindi makapagpapatawad sa atin malibang humingi tayo ng kapatawaran. Isang nakalulungkot na katotohanan na ang ating mga kasalanan ang nagbaon ng mga pako sa paa't kamay ni Jesus. Gayunman, si Jesus ay higit pang nasasabik kaysa ating iniisip na tanggapin natin ang inihahandog Niyang kaloob ng pagpapatawad at pakikipagkasundo.



Ang balita ay dumating sa isang kabataang lalaki na may tangka sanang lumayas ng tahanan na ang kanyang ina ay naghihingalo. Ang balita ay nagdulot sa kanya ng pagsisisi sa kanilang nawasak na ugnayan. Madali siyang umuwi ng tahanan, at mabilis na pumasok sa silid at lumapit sa kama ng kanyang ina. Sa pagitan ng mga luha at hikbi kanyang hiningi ang kanyang kapatawaran.

Kinabig siya ng kanyang ina at binulungan, "Anak, matagal na sana kitang pinatawad kung iyo lamang hiningi yaon."

Kung ikaw ay napalayo sa Dios, o kaya ay hindi mo pa siya nakikilala, pakiusap, isipin mo man lamang kung gaano ang pananabik ng ating Ama sa langit na tanggapin ka sa tahanan. Ninanais niya, higit sa lahat, na tanggapin mo ang inaalok Niyang pagpapatawad. Mahal ka ni Jesus. Siya ay namatay para sa iyo. Nais niyang ikaw ay patawarin. Kaya, tumugon ka sa Kanyang mabiyayang paanyaya na magsisi. Ipahayag mo ang iyong mga kasalanan. Manampalataya ka lamang na patatawarin ka ng Dios at magkakagayon. Magtiwala ka sa Kanya! Magtiwala ka sa Kanyang mga pangako.

(2) Tanggapin mo ang isang bagong buhay mula kay Jesus.

Ang iyong bahagi sa pagtanggap ng bagong buhay kay Jesus ay manampalataya ka na tunay kang iniligtas ni Jesus. Tanggapin mo na walang pasubali ang katotohanan na ikaw ay Kanyang pinatawad at nilinis sa lahat ng iyong mga kasalanan, inalis ang iyong lumang pagkataong makasalanan, at pinagkalooban ka ng isang bago at binagong buhay.

"Datapuwa't . . . lahat ng sa Kanya'y sumampalataya, ay pinagkalooban Niya ng karapatan na maging mga anak ng Dios." Juan 1:12.

Bilang anak ng Dios, mayroon kang "karapatan" na tumanggap ng bagong buhay kay Jesus. Hindi mo maaaring makamit ito sa iyong sariling pagsisikap, kaloob ito ng iyong Amang nasa langit. Ang Panginoon ay nagbibigay ng isang tiyak na pangako upang pawiin ang ating mga kawalan ng kapanatagan at pag-aalinlangan.

Ano ang bahagi ng Dios sa pagbibigay sa atin ng isang bagong buhay?

"At sinabi ni Jesus; 'katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios.'" Juan 3:3.

Sang-ayon kay Jesus ang isang sumasampalataya, at nagsisising makasalanan ay totoo ipinanganak sa isang bagong buhay. Ito ay isang himala na ang tanging makagagawa ay ang Dios. Kanyang ipinangangako:

"Bibigyan ko rin naman kayo ng BAGONG PUSO, at lalagyan ko ang loob ninyo ng BAGONG DIWA; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman." Ezekiel 36:26.

Binabago ni Jesus ang ating mga puso, ang ating mga damdamin, ang ating mga pag-uugali, at "tumatahan sa atin" [Colosas 1:27]. Ang bagong buhay na ito ay hindi lamang isang magandang espirituwal na kaisipan: ito ay matibay na buong katotohanan, isang pagkabuhay mula sa espirituwal na kamatayan sa isang lubos na bagong buhay at pagpapasimula.

(3) Mabuhay ka araw-araw para kay Kristo.

Ang buhay ng Kristiyano ay kasangkot ang araw-araw na pagtalikod sa pagiging makasarili, at pakikipagkasundo kay Jesus na ating maibiging Kaibigan. Tayo ay lumalago sa bagong buhay na ito sa pamamagitan ng matibay na pakikipag-ugnay kay Jesus. Nangangahulugan ito ng paggugol ng mga mahahalagang sandali na kasama Niya, na nagtatayo ng isang tapat at hayag na pakikipagusap. Ang Dios ay nagbigay ng limang banal na tulong para sa paglagong espirituwal: ang pag-aaral ng Biblia, pananalangin, pagninilay-nilay, pagkikipag-samahan sa kapwa Kristiyano at pakibahagi ng mga karanasan sa iba

Ang mabuhay kay Kristo ay hindi nangangahulugang hindi na tayo maaaring magkamali. Ngunit kung sakaling tayo ay madulas at magkasala, ating angkinin ang kapatawaran ni Kristo at magpatuloy. Tayo ay patungo sa tamang daan, at ating nalalaman na si Kristo ang nanatiling nabubuhay sa ating mga puso.

5. ANG KALIGAYAHAN NG PANGALAWANG PAGKAKATAON

Tumanggap si Harold Hughes ng maraming karangalan sa panahon ng kanyang natatanging gawain bilang isang senador ng Estados Unidos, subalit ang pinakamahalaga sa kanya ay dumating di pa natatagalan pagkaraang magtalaga siya kay Kristo.

Nagiisang nag-aaral si Harold ng Biblia sa kanyang silid isang gabi nang maramdaman niya na may sumiko sa kanya. Nang tingnan niya ay nakita niya ang dalawa niyang maliliit na anak na babae na nakatayong tahimik na naka-pantulog. Tumitig siya sa kanila sumandali, malaki na ang ipinagbago nila at hindi niya ito napansin sa panahon ng kanyang pagkagumon sa alak.

Pagkatapos ay nagsalita si Carol, ang nakababata, "Daddy, nagpunta kami rito upang halikan ka ng isang magandang gabi."

Lumabo ang mga mata ng ama. Matagal nang panahon ang nakararaan mula nang ang kanyang mga anak ay lumapit para sa kanyang yakap. Ngayon ang kanilang magagandang mata ay wala ng takot. Sa wakas ang kanilang ama ay umuwi na sa kanilang tahanan.

Tunay na si Jesus ay nagkakaloob ng pangalawang pagkakataon sa lahat. Kanyang inaako ang mga walang-walang pagasa at lumilikha ng mga bagong pasimula.

Ang Tagapagligtas ay nagnanais para sa bawat isa sa atin na bumalik na sa tahanan. Tinanggap mo na ba ang mapagmahal na paanyaya ni Kristo? Ang pagtanggap sa Dios ng kapatawaran at paglilinis ay kasing payak at malalim na tulad ng pagbubukas ng iyong mga bisig para sa yakap ng isang bata.



Kung hindi ka pa nagtitiwala kay Kristo bilang iyong personal na Tagapagligtas, maaari mong gawin ngayon ang pananalanging tulad nito:

"Ama, ako ay nalulungkot para sa aking lumang buhay ng kasalanan. Salamat sa iyong Anak na si Jesus na ipinadala Mo sa mundong ito upang mamatay sa lugar ko. Jesus, patawarin mo ako para sa aking mga kasalanan at pumasok ka sa aking buhay at iligtas mo ako. Nais ko ng pangalawang pagkakataon sa buhay. Nais kong ipanganak na muli. At higit sa lahat nais kong magtatag ng araw-araw na pakikipag-ugnay sa Iyo. Salamat sa paggawa mo ng himalang ito sa buhay ko. Sa pangalan ni Jesus, Amen."

Gawin mo ang kahanga-hangang pagtuklas na ito. Kapag ginagawa natin ang paglapit, ginagawa ni Jesus ang pagliligtas.

TUNGKOL SA IYONG KINABUKASAN

Sina Dr. Patricia at Dr. David Mrazek ay nakakita ng matinding pamimighati sa kanilang gawain. Bilang mga espesyalista sa bata, kanilang gawain ay pangalagaan ang maraming mga batang nagdurusa. Ngunit sila ay nagulat sa katotohanan na ilan sa mga bata ay nagsigaling mula sa matinding kapahamakan, samantalang ang iba naman ay nilupig nito. Bakit? Bakit, halimbawa, ang isang bata ay nagugumon sa ipinagbabawal na gamot, samantalang ang iba ay nasa kolehiyo? Bakit ang ilan sa mga batang biktima ng pagsasamantala ay nagsilaki ring mapagsamantala, samantalang ang iba naman ay naging mabubuting mga magulang?

Ang mga Mrazek ay gumawa ng isang malawakang pagsusuri, (survey) upang alamin ang mga katugunan sa mga katanungang ito. Sa kanilang pag-aaral, isang nangingibabaw na katangian ang palaging lumilitaw sa lahat ng mga batang nakaligtas mula sa biglang kapansanan at nagpatuloy na magkaroon ng malulusog na buhay. Ang lihim? "Isang payak na pananaw sa buhay ng mabuting bukas at pagasa."

Ang pagasa ang naging kaibahan. Ang pagasa, higit sa lahat ng bagay, ang tumutulong sa atin upang panagumpayan ang anumang hadlang na nakasalansan laban sa atin.

Ang mga tao ay malubha ang pangangailangan ng pagasa. Ngunit paano natin itong makakamit? Ang pagasa ay napakahirap matagpuan sa ating mundo, MALIBANG tingnan natin ito mula sa pananaaw ng propesiya ng Banal na Kasulatan. Ang gabay na ito ng TUKLASIN ay sinisiyasat ang isang kamangha-manghang propesiya na nagdulot sa di mabilang na mga tao ng inspirasyon na may buhay na pagasa

1. KAMANGHA-MANGHANG PROPESIYA SA BIBLIA

Halos limang daang taon pa bago isinilang si Kristo, ang Dios ay binigyan ang sanlibutan ng isang nakasisindak na tanawain sa hinaharap sa pamamagitan ni propeta Daniel. Ang Dios ay naglahad ng isang balangkas ng kasaysayan ng sanlibutan na una ng 2,500 taon mula sa panahon ni Daniel hanggang sa ating sariling kaarawan.

Ang propesiyang ito ay nagsimula sa isang panaginip na ibinigay ng Dios kay haring Nebuchadnezzar, ang hari ng Babilonya, 2,500 taon na ang nakaaraan. Ang panaginip ay totoong gumambala sa hari, ngunit hindi niya maalaala ang panaginip nang siya ay magising! Pagkatapos na ang lahat ng matatalino mula sa Babilonya ay nabigong maipaalaala sa hari ang nalimutang panaginip at ipaliwanag yaon, isang bihag na kabataang Hebreo na ang pangalan ay Daniel ang dumating at nagsabi na ang Dios sa langit ay maipapahayag ang lahat na lihim. Si Daniel ay matatag na tumayo sa harapan ng hari. at nagsabi:



"Ikaw, Oh hari, nakakita at narito, ang ISANG MALAKING LARAWAN - isang malaking larawan. Ang larawang ito ay makapangyarihan, at ang kanyang kakinangan ay mainam at tumayo sa harap mo, at ang anyo nito ay kakilakilabot.

"Ang kanyang ulo ay dalisay na ginto, ang kanyang dibdib at ang kanyang mga bisig ay pilak, at ang kanyang tiyan at ang kanyang mga hita ay tanso. Ang kanyang mga binti ay bakal, ang kanyang mga paa'y isang bahagi ay bakal, at ang isang bahagi ay putik na luto.

"Hanggang sa may natibag na isang bato hindi ng mga kamay, na tumama sa kanyang mga paang bakal at putik na luto, at ang mga yao'y binasag.

"Nang magkagayo'y ang bakal, ang putik na luto, ang tanso, ang pilak, ang ginto ay nagkaputol-putol na magkakasama, at naging parang dayami sa mga giikan sa tagaraw; at tinangay ng hangin na walang dakong kasumpungan; ngunit ANG BATO NA TUMAMA SA LARAWAN ay naging malaking bundok, at PINUNO ANG BUONG LUPA." Daniel 2:31-35.

Ang larawang ito, sa unang tingin, ay tila may bahagyang kinalaman lamang sa paghanap ng pagasa sa kasalukuyang panahon, subali't maghintay ka.

2. IPINALIWANAG ANG PROPESIYA

Matapos sabihin sa humahangang si Nehuchadnezzar ang tiyak na nakita niya sa panaginip, si propeta Daniel ay nagpaliwanag:

"Ito ang panaginip, ngayo'y aming sasabihin sa hari ang kahulugan nito" - Daniel 2:36.

"Ito ang panginip : at aming sasaysayin ang kahulugan niyaon sa harap ng ANG ULONG GINTO: Anong pansanlibutang kapangyarihan ang sinabi ni Daniel sa hari na kumakatawan sa ulong ginto?



"Ikaw, Oh hari, ay hari ng mga hari, na binigyan ng Dios sa langit ng kaharian, ng kapangyarihan, at ng kalakasan, at ng kaluwalhatian . . . IKAW ANG ULONG GINTO" Daniel 2:37, 38.

Sinabi ni Daniel sa pinuno ng pinakamakapangyarihang imperyo ng sanlibutan: "Nabukodonosor, sinasabi sa iyo ng Dios na ang iyong imperyo, ang Babilonya, ay kinakatawanan ng ulong ginto ng malaking larawan."

ANG BIBDIB AT BRASONG PILAK: Mula sa pananaw ng tao ang Babilonya ay parang isang kaharian na maghahari magpakailan man. Nguni't ano ang sinasabi ng propesiya na susunod na mangyayari?



"At pagkatapos mo ay babangon ang ibang kaharian na mas mababa sa iyo." Tal. 39.

Bilang katuparan ng propesiya ng Dios, ang kaharian ni Nebuchadnezzar ay bumagsak at nawasak noong si Ciro na heneral ng Persia ay sinakop at giniba ang imperyo ng Babilonya noong 539 B.C. Kaya ang dibdib at ang brasong pilak ay kumakatawan sa Medo-Persia, isa ring makapangyarihang kaharian.

ANG TIYAN AT MGA
malaking larawang

HITANG TANSO: Ano ang sinasagisagan ng bahaging ito ng bakal?

"At mayroong pang ikatlong kahariang tanso na buong lupa." Tal. 39.

Ang tiyan at ang mga hitang tanso ng larawan ay kaharian ng Grecia. Si Alejandrone Dakila ang sumakop sa at ginawa na ikatlong pinakadakilang kaharian ang Grecia sa Naghari ang Grecia mula 331-168 BC.



magpupuno sa

kumakatawan sa
Medes at Persyano
buong mundo.

ANG MGA BINTING BAKAL:

"At ang ikaapat na kaharian ay magiging matibay na parang bakal, sapagkat ang bakal ay nakadudurog at nakakawasak ng lahat ng bagay, at gaya ng bakal na nakakadurog, kanyang dudurugin at babasagin ang lahat ng iba."



Tal. 40.

Nang mamatay si Alejandrong Dakila, ay humina ang kanyang kaharian at nahati sa dalawang magkalabang pangkat hanggang noong 168 BC nang wasakin ng "Kahariang Bakal" ng Roma ang Grecia sa digmaan ng Pydna. ,.

Si Caesar Augustus ang namuno sa kaharian ng Roma noong si Jesus ay isinilang may dalawang libong taon na ang nakalilipas. (Lukas 2:1) Si Kristo at ang Kanyang mga alagad ay nabuhay sa panahong kinakatawanan ng mga binting bakal. Walang alinlangang nasa isip ni Gibbon, ang ika-18 siglong mananalaysay, ang propesiya ni Daniel nang kanyang isulat: "Ang mga larawang ginto, o pilak, o tanso, na maaaring kumatawan sa mga bansa at kanilang mga hari ay sunod-sunod na dinurog ng kahariang bakal ng Roma". - Edward Gibbon, The History of the Decline and Fall of the Roman Empire (John D. Morris and Company), vol. 4, p, 89.

Sumandaling isipin ang mga propesiyang ito mula sa pananaw ng tao. Paanong magkakaroon si Daniel, na nabubuhay sa panahon ng Babilonya, ng anumang ideya kung gaano karaming mga kaharian ang magpalit-palitan sa isa't-isa daang taon pa sa hinaharap? Nahihirapan tayong ilarawan ang kalagayan ng ating pangangalakal kung ano ang mangyayari sa susunod na linggo! Subali't ang Babilonya, ang Medo-Persia, ang Grecia at ang Roma ay nagkasunod-sunod ayon sa propesiya - tulad ng mga masunuring magaaral na bata sa isang pila.

Ang Dios ba ang nangangasiwa ng kinabukasan? Makaaasa ba tayo sa Kanyang panukala? Ang kasagutan ay umaalingawngaw na, Oo makakaasa tayo!

ANG MGA PAA AT DALIRING BAKAL NA MAY KAHALONG PUTIK: Mayroon bang ikalimang pansanlibutang kapangyarihan na susunod sa Roma?



"At kung paanong iyong nakita na ang mga paa at mga daliri ay may mga bahaging putik na luto at may bahaging bakal, ay MAGIGING KAHARIANG HATI; nguni't yaon ay magkakaroon ng kalakasan ng bakal, yamang iyong nakita na ang bakal ay nahalo sa putik na luto. At kung paanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi at ang isang bahagi ay putik, magkakagayon ang kaharian, na ang isang bahagi ay matibay at ang isang bahagi ay marupok." - Daniel 2:41, 42.

Ang inihayag ng propeta ay hindi ika-limang pansanglibutang kaharian, kundi isang bahagi ng kahariang bakal ng Roma. Ang Roma ay mahahati sa sampung kaharian na kinakatawan ng mga paa at daliri ng larawan.

Ito ba ay totoong nangyari? Oo, ito ay tootong nangyari. Noong ika-apat at ika-limang siglo ng panahong Kristiyano, ang mga barbaro mula sa hilaga ay lumusob sa na noon ay nawawasak nang kaharian ng Roma. Sa wakas, sampung tribo ang sumakop sa kalakhang bahagi ng Kanluraning Roma, at sampung distrito, malalayang bansa na itinatag ang kanilang mga sarili sa loob ng hangganan ng Europa. Sa gayon ang mga daliri ay kumakatawan sa makabagong bansa ng Europa ngayon.

3. ANG ATING KAPANAHUNAN SA PROPESIYA NG BIBLIA

Ang propesiya ba ni Daniel ay nagsasad na may pagsisikap na gagawin upang pagkaisahin ang mga bansang ito ng Europa sa ilalim ng isang pinuno?

"At yamang iyong nakita na ang bakal ay nahahalaan ng putik na luto, sila'y magkakahalo ng lahi NG MGA TAO; nguni't HINDI SILA MAGKAKALAKIPAN, gaya ng bakal na hindi lumalakip sa putik" - Daniel 2:43.

Muli at muli, mga makapangyarihang lalaki ang nagtangkang pagkaisahin ang Europa, nguni't lagi silang bigo sa kanilang mga hangarin. Tanging si Napoleon ang halos ay napagkaisa ang hating kaharian ng Europa, ngunit marahil ay iniisip niya ang propesiyang ito sa kanyang pagtakas mula sa labanan ng Waterloo, ay sumigaw siya, "Ang Dios na Makapangyarihan sa lahat ay totoong labis para sa akin!"



Sina Kaiser Wilhelm II at si Adolf Hitler ay lumikha ng pinakamakapangyaring sandatahang lakas noong kanilang kapanahunan. Ngunit bawa't isa ay nabigong pagkaisahin ang Europa sa ilalim ng kanilang pamumuno. Bakit? Sapagka't ang Salita ng Dios ay nasa panganib. "Ang mga tao ay magkahalo at hindi mananatiling nagkakaisa." Ang bunga ng dalawang pandaigdig na digmaan ay nagpapatunay na ang ating hinaharap ay nakasalalay sa mga kamay ng Dios; Siya sa wakas ang nangangasiwa. Yaon ay tiyak na sapat na upang bigyan tayo ng pagasa, katiwasayan ng isipan, at pagtitiwala sa Kanyang panukala para sa ating mga buhay.

SAMPUNG MGA DALIRI - SAMPUNG PANGUNAHING TRIBO
SA KANLURANG IMPERYO NG ROMA

Anglo-Saxons Inghatiera
Franks Francia
Alamani Alemanya
Lombards Italya
Ostrogoths (nawasak sa dakong huli)
Visigoths Espana
Burgundians Switzerland
Vandals Hilagang Africa, nawasak sa wakas
Suevi Portugal)
Heruli Nawala pagkalipas ng ilang siglo

4. ISANG PAGTANAW SA HINAHARAP

Isang bahagi na lamang ng propesya ni Daniel ang hindi pa natutupad. Ano ang kahulugan ng isang bato na tumama sa mga paa ng larawan, at dinurog ito na parang pulbos, at naging isang napakalaking bundok na pumuno sa buong lupa?

"SA PANAHOON NG MGA HARING YAON, ANG DIOS NG LANGIT AY MAGTATAYO NG ISANG KAHARIAN na hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man niyao'y iiwan sa ibang bayan, kundi dudurugin nito ang mga kahariang yaon at dadalhin sila sa isang wakas, NGUNIT ITO'Y MANANATILI MAGPAKAILANMAN." Daniel 2:44.

Ang "mga haring yaon" ay maaring tumutuko'y lamang sa mga hari na kinakatawanan ng mga paa at mga daliri ng larawan, ang mga namumuno sa makabagong Europa na tumukoy sa ating kapanahunan.. Ang bato na natibag, hindi ng mga kamay ay tatama sa larawan at dudurugin ito nang pinong-pino, at pupunuin nito ang buong lupa, (talatang 34, 35, 45). Malapit nang bumaba si Jesus mula sa mga langit

upang "magtayo ng isang kaharian," ang Kanyang kaharian ng kaligayahan at kapayapaan. At pagkatapos, si Kristo, ang Bato ng mga Panahon, at Hari ng mga Hari, ay mamumuno sa buong mundo magpakailan man!

Ang lahat na pahayag ng Daniel 2 ay nangatupad na, maliban sa isang huling mangyayari - ang pagtama ng bato sa larawan. Sangayon sa orasan ng Dios, tayo ay nalalapit na sa isang malaganap na kasukdulan ng mundo, ang pagdating ni Kristo sa mundong ito. Si Jesu-Kristo ang anak ng Dios ay malapit nang tapusin ang napakahaba, madugong pakikipaglaban ng kasaysayan ng tao at itatatag ang Kanyang walang hanggang kaharian ng pagibig at biyaya.

5. ANG PANAGINIP NG HARI AT IKAW

Ang propesiyang ito ay nagpapahayag na ang kamay ng Dios ang pumapatnubay sa pagbangon at pagbagsak ng mga bansa. Alam ng Dios ang nakaraan at ang propesiyang ito ng Biblia ay nagpapatotoo na alam Niya maging ang hinaharap.

Kung ang Dios ang pumapatnubay sa galaw ng mga bansa na may katiyakan, tunay na mapapatnubayan Niya ang buhay ng bawat isa sa atin. Tiniyak ni Jesus sa atin, "Maging ang mga buhok ng inyong ulo ay bilang na lahat. Kaya huwag kayong matakot" (Mateo 10:30-31). Ang kaloob ng Dios na pananampalataya ay maaaring lunas sa lahat ng ating mga alalahanin at takot. Ang pagasang Kanyang pinasisigla ay maaring maging sinipete ng ating mga kaluluwa" (Hebreo 6:19).



Ang ika-labing anim na siglong iskolar na si Erasmus ay nagpahayag ng isang pangyayari sa kanyang paglalakbay sa dagat sa hindi niya malimutan sa buong buhay niya. Ang kanyang sinasakyanng barko ay napasadsad sa isang bagyo. Habang hinahampas ng malalakas na alon ang barko at ito ay



nagpasimulang masira, maging ang mga magdaragat ay nangamba. Higit na nangasindak ang mga pasahero. Marami ang sumigaw na humihingi ng tulong sa kanilang mga santo, umawit ng mga imno, o malakas na namanhik sa pananalangin.

Napansin ni Erasmus ang isang manlalakbay na kakaiba sa lahat. "Sa aming lahat" ayon sa sulat ni Erasmus, "ang tanging nanatiling pinakatahimik ay isang kabataang babae na nag-aalaga ng kanyang sanggol. Siya lamang ang tanging hindi sumigaw, umiyak o nakipagtawaran sa Langit. Wala siyang ginawa kundi tahimik na manalangin samantalang hawak na mahigpit ang kanyang sanggol sa

kanyang kandungan."

Ang panalanging ito, ayon kay Erasmus, ay karugtong lamang ng kanyang buhay na mapanalanginin. Tila ipinagkatiwala niya ang kanyang sarili sa Dios.

Samantalang lumulubog ang barko ang babaing ito ay inilagay sa isang tablang makapal at binigyan ng magagamit bilang sagwan at isinulong sa mga alon.. Hinawakan niya ng isang kamay ang kanyang sanggol at sinikap na sumagwan ng kabila. lilan lamang ang nagakala na makaliligtas siya sa bumabayong daluyong ng dagat.

Nguni't ang kanyang pananampalataya at ang tibay ng kalooban ang nagligtas sa kanya. Ang babae at ang kanyang sanggol ang unang nakarating sa baybayin.

Ang pagasa sa isang mapagkakatiwalaang Dios ang tanging makagagawa ng pagkakaiba, - kahit na ang ating mundo ay tila mawawasak na. Wala tayo roon na sumasagwan sa ating sarili. Isang makapangyarihang kamay ang gumagabay at humahawak sa atin..

Kung nais mong lumapit kay Kristo na may buong pagpapasakop, bibigyan ka Niya ng isang pananampalatayang sasagupa sa lahat ng bagyo ng buhay. Tuklasin mo ngayon ang dakilang kapayaan na pangako ni Jesus:



"Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo . . . Huwag magulimihaan ang inyong puso ni matakot man." Juan 14:27.

Mayroon ka ba ng ganoong kapayapaan? Kung mayroon, pasalamatn mo si Jesus, ang iyong Tagapagligtas. Kung wala pa, bakit hindi mo Siya anyayahan sa iyong buhay ngayon?

KAPAG SI JESUS AY DUMATING PARA SA IYO

Pagkaraan ng mga taon ng pagpapahirap, si Armando Valladares ay isa nang buto't-balat, salantang anino ng kanyang dating sarili. Siya ay hinatulan ng 30-taong pagkabilanggo sa isa sa mga piitan ni Fidel Castro dahil sa pananalangin sa isang iglesya sa Araw ng Pasko. Siya ay ginutom, pinahirapan, at hinamak ng mga pinuno ng piitan, ngunit tumanggi siyang isuko ang kanyang pananampalataya.

Isang pangako ang nagpapalakas sa kanya: pangakong binitiwang niya sa isang kabataang babae na nagngangalang Martha. Sila ay nagkakilala at nagkaibigan samantalang siya ay nasa piitan. Si Martha ay lubhang naakit sa kanyang maalab na pananampalataya. Hindi nagtagal pagkaraang ang dalawa ay ikinasal sa isang seremonyang sibil sa bakuran ng piitan, si Martha kay napilitang magtungo sa Miami.



Napakasakit ng kanilang paghihiwalay, ngunt si Armando ay nakapagpadala ng isang pangako sa kanyang iniibig. Sa isang maliit na papel ay isinulat niya ang kanyang pangako: "Ako'y darating sa iyo. Ang mga bayoneta sa aking likuran ay walang magagawa."

Ipinasya ng bilanggong ito na kahit na sa anumang paraan siya at si Martha ay tutuparin ang kanilang pangakuan sa harap ng Dios sa isang iglesya. Balang araw ang kanilang pagiisa ay magiging ganap. "Ikaw ay laging sumasa akin," ang sabi ni Armando.

Ang pangako ni Armando ang nagpalakas sa kanya sa mga taon ng parusang maaring makawasak sa espiritu ng sinomang lalaki. Ito naman ang nagpasigla kay Martha. Walang lubay siyang gumawa upang dalhin sa pansin ng madla ang sinapit ng kanyang asawa. Kailanman ay hindi siya nawalan ng pagasa.

1. ANG PANGAKO

Kung minsan maaaring tayo'y matukso na magalaala, si Kristo kaya'y talagang bababa balang araw mula sa bughaw na langit para sa isang kahanga-hanggang pagsasama-sama? Tayo'y matagal nang layu-layo. Ang gayong masayang katapusan ng mahaba't kalunos-lunos na kasaysayan ng lupang ito ay maaaring tila lubhangng napakabuti upang maging totoo. Ngunit mayroong isang bagay na maaaring magpanatili ng buhay na pag-asa sa ating puso. At yaon ay ang pangako ni Jesus na babalik. Bago Siya umalis sa Kanyang mga alagad patungo sa langit, si Jesus ay gumawa ng ganitong pangako::

"Huwag mabagabag ang inyong puso. Sumampalataya kayo sa Dios, sumampalataya rin naman kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung hindi gayon, sinabi ko sana sa inyo. Ako'y paparoon upang ihanda ko ang lugar para sa inyo. At kung ako'y pumunta roon at maihanda ko ang isang lugar para sa inyo AKO'Y BABALIK at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili, upang kung saan ako naroroon, kayo rin ay naroroon." Juan 14:1-3.

Bago umakyat sa langit si Jesus, tiniyak Niya sa Kanyang mga tagasunod, "AKO'Y BABALIK!" Siya'y nangakong babalik upang dalhin ang lahat na nagtitiwala sa Kanya sa isang tanging lugar na Kanyang inihanda para sa atin. Ang Kasulatan ay nagsasalita ng Kanyang muling pagbabalik na hindi kukulangin sa 2,500 ulit. Ang katotohanan na si Jesus ay babalik sa ikalawang pagkakataon ay kasing tiyak ng katotohanan na Siya'y nabuhay sa lupang ito dalawang libong taon ang nakararaan.

Matagal nang nangako ang Dios na isang Mesiyas ang darating, isang Tagapagligtas na aakuin sa Kanyang sarili ang ating mga kasalanan at



maggagawad ng kapatawaran para sa kasalanan ng tao. Ang pangakong iyon ay waring lubos na napakabuti para maging totoo para sa marami sa matandang sanlibutan na naghihilahod sa kanilang buhay. Ngunit si Jesus nga'y dumating at namatay sa krus. Ang pangako'y natupad na higit na maluwalhati kaysa sa iniisip ng mga tao... Ang Kanyang pangako na babalik ay matutupad din Maaari tayong umasa sa Isa na umiibig sa atin, na babalik upang tipunin yaong Kanyang binayaran ng isang walang hanggang halaga.

Sa kanyang pagkabilanggo si Armando'y nagpatuloy na magpuslit ng mga tula, mga mensahe, at mga ginuhit para kay Martha. At nagawa ni Martang ilathala ang ilan sa mga isinulat na ito. Ang kahusayan ng kanilang pananalita ay naakit ang pansin ng sanlibutan. Ang pamahalaan ay nagpasimulang idiin si Castro upang palayain ang mga bilanggo ng konsiyensiya. Ang pangulo ng Pransya ay namagitan at sa wakas noong Oktubre ng 1982 si Armando ay isinakay sa eroplanong patungong Paris. Hindi siya makapaniwala na siya'y malaya na-kahit nakalapag na ang eroplano. Ngunit pagkaraan ng dalawang dekada ng pagdurusa at pagnanais at paghihintay, si Armando ay nagmadali sa mga bisig ni Martha.

Pagkaraan ng ilang buwan ang dalawa ay masayang inulit ang kanilang pangakuan sa Iglesia ng St. Kieran sa Miami. Sa wakas ang kanilang pagsasama ay nalubos. Ang pangako ay natupad: "Ako'y darating sa iyo."

Mailalarawan ba ninyo kung gaano kahangahangang pagsasama-sama ang magaganap kapag sa wakas ay makita na natin si Kristo nang mukhaan? Ang Kanyang maluwalhating pagpapakita ay lalamunin ang lahat nating mga kalungkutan at mga kabiguan, papawiin ang lahat ng mga sakit na iningatan nating nakatago sa ating mga puso. Tutuparin ng pagbabalik ni Jesus ang ating malalim na mga ninanais at higit na kapanapanabik na mga inaasahan. At tayo'y lululan sa isang walang hanggang samahan na may pagpapalagayang-loob na kasama ang pinaka-kahanga-hangang katauhan sa Sansinukob.

Si Jesus ay malapit nang dumating! Ikaw ba'y nananabik na salubungin Siya?

2. PAPAANONG DARATING SI JESUS?



(1) Si Jesus ba'y lihim na darating?

"Tingnan ninyo, ipinagpauna Ko (Jesus) nang sinabi sa inyo. Kaya, kung sasabihin nila sa inyo, 'Tingnan ninyo, siya'y nasa ilang, huwag kayong lumabas. 'Tingnan ninyo, siya'y nasa mga silid', huwag ninyong paniwalaan. SAPAGKAT GAYA NG KIDLAT na nanggagaling sa silangan at NAGLILIWANAG hanggang sa kanluran, GAYUNDIN NAMAN ANG PAGDATING NG ANAK NG TAO." -Mateo 24:25-27.

Ang kidlat ay nakikitang kumikislap hanggang sa napakalayo, kaya ang pagdating ni Jesus ay hindi lihim.

(2) Si Jesus ba'y muling darating na isang tunay na tao?

"Samantalang nakatitig sila sa langit at siya'y papalayo, biglang may dalawang lalaking tumayo sa tabi nila na may puting damit, na nagsasabi, 'kayong mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo nakatayong tumitingin sa langit? ITONG SI JESUS, na DINALA

SA LANGIT MULA SA INYO AY DARATING NA GAYA RIN ng inyong nakitang pagpunta niya sa langit." -Mga Gawa 1:10-11.

Noong araw ng Kanyang pagalis sa ating sanlibutan tiniyak ng mga anghel sa mga alagad na "ang Jesus ding ito" na dinala sa langit-hindi kung sino pa man-ay muling babalik sa katauhan ng Hari ng mga Hari.

Ang Jesus ding nagpagaling sa mga maysakit at nagbukas ng mga bulag na mata. Ang Jesus ding nagsalita nang banayad sa babae na nahuli sa pangangalunya. Ang Jesus ding nagpahid ng mga mata ng luhaang nagluluksa at tumanggap nang malugod sa mga bata sa Kanyang kandungan. Ang dating si Jesus na namatay sa krus ng Kalbaryo, nagpahinga sa libingan, at muling bumangon mula sa mga patay nang ikatlong araw.

(3) Si Jesus ba'y darating upang Siya'y makita natin?

"Tingnan ninyo , Siya'y dumarating na nasa mga ulap; at MAKIKITA SIYA NG BAWAT MATA." Apokalipsis 1:7. (unang bahagi).

Ang lahat na buhay sa pagdating na muli ni Jesus, mga matuwid at mga makasalanan ay kapwa makasasaksi sa Kanyang pagbabalik.

Ilan ang sinabi ni Jesus na makakakita ng Kanyang pagbabalik?

"Pagkatapos ay lilitaw ang tanda ng Anak ng Tao sa langit, at tatangis ANG LAHAT NG MGA LIPI SA LUPA. AT MAKIKITA NILA ang Anak ng Tao na dumarating na nasa mga ulap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian." Mateo 24:30.

Bawat nabubuhay na tao sa ating sansinukob ay makikita ang pagbabalik ni Jesus.

(4) Sino ang sasama kay Jesus sa Kanyang pagbabalik?

"Kapag dumating na ang Anak ng Tao na nasa Kanyang kaluwalhatian, na kasama Niya ang lahat ng mga anghel, Siya'y uupo sa trono ng Kanyang kaluwalhatian." Mateo 25:31.

Ilarawan sa isip kung ano ang magiging katulad ng pagbabalik ni Kristo sa Kanyang lubos na karilagan na napapalibutan ng "lahat ng mga anghel."



(5) Maaari ba nating sabihin nang tiyak ang panahon ng pagbabalik ni Jesus?

"Subalit tungkol sa araw at oras na iyon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, ni ang Anak kundi ang Ama lamang. Kaya maging handa rin naman kayo, sapagkat ang Anak ng Tao ay darating sa oras na hindi ninyo inaasahan." Mateo 24:36, 44.

Ang lahat ay makakakita ng maluwalhating pagbabalik ni Jesus, ngunit marami ang hindi handa para rito. Ikaw ba'y personal na handa na para sa pagdating ni Jesus?

3. ANO ANG GAGAWIN NI JESUS SA KANYANG PAGBABALIK NA MULI?

(1) Titipunin ni Jesus ang lahat na mga ligtas (ang mga pinili).

"Isusugo Niya ang Kanyang mga anghel na may malakas na tunog ng trumpeta at kanilang titipunin ang Kanyang mga hinirang mula sa apat na hangin, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila." Mateo 24:31.

Kung iyong pinahintulutan si Jesus na ihanda ang iyong puso at buhay, magalak mo Siyang babatiin bilang iyong Tagapagligtas.

(2) Gigisingin ni Jesus ang mga banal na patay.

"Sapagkat ang Panginoon din ang bababang mula sa langit na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may trumpeta ng Dios at ang mga NAMATAY KAY KRISTO AY BABANGON MUNA ." 1 Tesalonica 4:16.

Si Jesus ay bababa mula sa langit na may sigaw. Ang Kanyang makapangyarihang tinig ay maririnig sa buong sanlibutan. Mabubuksan ang mga libingan at bubuhayin ang milyong mga tao na tumanggap kay Jesus sa buong panahon. Isang napakasayang araw yaon!

(3) Babaguhin ni Jesus ang lahat ng mga banal sa Kanyang pagdating-hindi lamang ang banal na patay kundi pati ang mga banal na nabubuhay.

"Pagkatapos noon, tayong nabubuhay na natitira AY AAGAWING KASAMA NILA sa mga ulap, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin; at sa gayon ay makakapiling ang Panginoon magpakailan man." talatang 17.

Upang ihanda tayo para sa walang hanggan, babaguhin ni Jesus ang ating mga katawang may kamatayan sa magandang mga katawang walang kamatayan.



"Makinig kayo, sasabihin ko sa inyo ang isang hiwaga. Hindi tayong lahat ay mamamatay, ngunit tayong LAHAT AY BABAGUHING-sa isang saglit, sa isang kisap-mata, sa HULING PAGTUNOG NG TRUMPETA. Sapagkat ang trumpeta ay tutunog, at ANG MGA PATAY AY MABUBUHAY NA WALANG PAGKASIRA, at TAYO'Y BABAGUHING. Sapagkat kailangan na itong may pagkasira ay magbihis ng walang pagkasira, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan." 1 Corinto 15:51-53.

Pagdating ni Jesus "tayong lahat ay babaguhin." Isipin ninyo: wala nang arthritis, paralisis, o kanser. Ang mga pagamutan at ang mga punerarya ay sarado na.. Dumating na si Kristo!

(4) Dadalhin ni Jesus ang lahat ng mga banal sa langit.

Si Jesus mismo ang nangako, "Ako'y muling babalik upang kunin Ko kayo sa aking sarili" sa bahay ng Aking Ama (tingnan ang Juan 14:1-3). Si Pedro ay nagsasalita ukol sa mamamahin ng mga tinubos "na iniingatan para sa inyo" (1 Pedro 1:4). Maaari tayong tumingin sa hinaharap upang tuklasin ang mga kahangahanga sa lungsod ng Dios, ang Bagong Jerusalem, at makikilala ang ating Ama sa langit

(5) Papawiin ni Jesus ang lahat ng masama at pagdurusa sa buong panahon.

Ang masama-yaong patuloy na tumatanggi sa lahat na iniaalok na kaawaan ni Jesus- sila mismo ang magpapataw ng hatol sa kanilang sarili. Sa kanilang pagtitig sa mukha ni Jesus na lumalapit sa kanila mula sa mga alapaap, ang isang biglang kamalayan ng kanilang kasalanan ang magpatotoo na napakabigat batahin; sila'y tumawag sa mga bundok at mga bato, "Mahulog kayo sa amin at itago kami mula sa mukha niya na nakaupo sa luklukan at mula sa galit ng Kordero!" (Apokalipsis 6:16). Mas gusto pa nila ang kamatayan kaysa tumayo sa harap ng nakikita ang lahat na titig ni Jesus.

Nalalaman nila na ang tinig na ngayon ay kumukulog mula sa kalangitan ay minsan nang humimok sa kanila na tanggapin ang Kanyang banal na biyaya. Yaong mga nawala ang kanilang sarili sa ulol na pagmamadali para sa salapi at mga kalayawan o kalagayan, ngayo'y nadarama na kanilang nakaligtaan ang tanging tunay na mahalagang bagay sa kanilang buhay.

Ito'y nakapanlulumong pagpapahayag. Pagkatapos ng lahat, hindi dapat na isa man sa kanila ay mawaglit. Ang Dios mismo ay "walang kasiyahan sa sa kamatayan ng masama" (Ezekiel 33:11). "Hindi Niya ibig na sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay dumating sa pagsisisi" (2 Pedro 3:9). Si Jesus ay namamanhik sa atin, "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan" (Mateo 11:28). Ngunit hindi kapanipaniwalang ang iba'y tinalikdan ang Kanyang mabiyayang paanyaya.

4. HANDA KA BA KUNG SI JESUS AY DUMATING?

Napakalaki ng halaga para kay Jesus na bigyan tayo ng katiyakan ng isang maluwalwhating kinabukasan na kasama Siya "sa bahay ng aking Ama." Buhay Niya ang halaga nito.

"SI KRISTO NA INIHANDOG NA MINSAN upang dalhin ang mga kasalanan ng marami, ay MAGPAPAKITA SA IKALAWANG PAGKAKATAON, hindi upang harapin ang kasalanan, kundi upang iligtas ang mga sabik na naghihintay sa Kanya." Hebreo 9:28.

Ang Tagapagligtas na namatay sa krus upang kunin ang iyong mga kasalanan ay muling makikita "sa ikalawang pagkakataon," at Siya'y magdadala ng kaligtasan sa mga naghihintay sa Kanya." Inihandog ni Kristo ang Kanyang sarili upang maghandog ng kaligtasan sa bawat isa sa atin. Ngunit kung wala ang Ikalawang Pagparito, ang krus ay isang kabiguan. Nais ni Kristo na bigyan tayo ng isang walang hanggang ligtas na tahanan na kasama Siya. Upang iyon ay mangyari, dapat natin Siyang payagan na maghari sa ating mga puso bilang Tagapagligtas at Panginoon ngayon din.



Noong umaga ng Agosto 16, 1945, isang maliit na bata ang tumakbo sa buong Bakuran ng Shantung sa Hilagang China na sumisigaw na nakakita siya ng isang eroplano sa kalangitan. Lahat ng may matipunong katawan na nakakulong sa looban ay tumakbo sa labas at tumingin sa itaas. Ang mga lalaki at babaeng ito ay nagtiis sa loob ng maraming mga taon ng pagkakahiwalay, pagkakait, at agam-agam, ibinilanggo ng mga Hapones bilang mga mamamayan ng kaaway na mga bansa. Para sa marami isang bagay lamang ang nagpapanatili sa kanila na buhay sa espiritu: ang pag-asa na balang araw ang digmaan ay magwawakas.

Isang daloy ng koryente ang naglagos sa lahat na nagkakatipong 1500 mga nalalabing bilanggo sa kanilang pagkadama na ang eroplanong ito ay maaaring para sa KANILA. Sa paglakas ng ugong ng sasakyang panghimpapawid, mayroong isang sumigaw, "Tingnan ninyo, naroon ang BANDILA NG AMERKANO na nakapinta sa kabilang bahagi!" At sa isang di mapaniwalaang pagkatuliro, ang mga tinig ay nagsigawan, "Tingnan ninyo, sila'y KUMAKAWAY sa atin! Alam nila kung sino tayo. Sila'y dumarating para kunin tayo."



Sa pagkakataong ito ang pananabik ay naging higit pa kaysa kayang pigilin ng mga gulanit, pagod, nananabik na sa tahananang mga nakaligtas. Di-magkamayaw na kaguluhan ang naganap. Ang mga tao ay nagsisitakbo nang pabilog, sumisigaw hanggang sa abot ng kanilang makakaya, ikinakaway ang kanilang mga kamay at nagiiyakan.

Biglang ang karamiha'y nagpigil-hininga at tumahimik. Ang ilalim na bahagai ng eroplano ay nabuksan at ang mga lalaki'y nagpasimulang lumutang na pababa sa mga parakayda. Ang kanilang mga tagapagligtas

ay hindi darating sa iba pang araw; sila'y dumating na ngayon, NGAYON upang suma-kanila!

Ang karamiha'y nagsiksikan sa pintuan ng bakuran. Hindi nila alintana ang mga baril na nakatutok sa kanila mula sa mga tore. Pagkatapos ng mga taon ng kabiguan at kalungkutan, sila'y nagmamadaling sumugod sa pintuan kung saan ang mga susundo sa kanila ay bababa.

Di nagtagal ang bahang ito ng sangkatauhan ay nagbalik sa kanilang kampo-na may mga kawal sa kanilang mga balikat. Ang tagapagpaganap ng kampo ay sumuko nang walang laban. Ang digmaan ay natapos na. Ang kalayaan ay dumating. Ang sanlibutan ay bago nang muli.

Di na magtatagal ang ATING Dios, ang ATING Tagapagligtas, ay bababa mula sa mga alapaap upang iligtas tayo. Ang matagal nang nakakatakot na kasaysayan ng kalupitan ng tao sa tao ay matatapos din sa wakas. Magkakaroon ng kagalakan sa araw na yaon, sigawan ng katuwaan sa pagkaunawa natin sa wakas: "Siya'y malapit na: nakikita ko ang mga anghel na hinihipan ang kanilang mga trumpeta." Ang tunog ay palakas na nang palakas, ang alapaap ng kaluwalhatian ay higit nang maliwanag, hanggang sa hindi na natin matagalan. Subalit hindi natin mapigil ang pagtingin na nadarama natin: "Nakikita Niya ako. Kilala Niya kung sino ako." Malalaman natin, na may di-maipaliwanag na kagalakan: "Ito ang aking Dios. Siya'y dumarating para sa akin, hindi sa ibang araw, kundi ngayon, ngayon na."

Handa ka bang malugod na tanggapin ang Hari na nasa Kanyang kaluwalhatian? Kung hindi, pakiusap na personal mong anyayahan si Jesus sa iyong buhay ngayon na. Kung ang pagdating ni Jesus sa sanlibutan ay lulutas sa mga suliranin ng sanlibutan, gayon ang Kanyang pagdating sa iyong puso na tutulong sa iyo na pakitunguhan ang iyong kasalukuyang araw-araw na mga suliranin. Ang Dakilang Tagalutas ng mga suliranin ay maaaring magligtas sa iyo mula sa kasalanan at pasanin ng kasalanan at bigyan ka ng buhay na walanghanggan.

Ang pagdating ni Jesus sa buhay ay walang hanggang babaguhin ito nang madulaing gaya ng pagdating ni Jesus sa ating sanlibutan na babago rin dito. Makakaasa ka kay Jesus. Ihahanda ka Niya para sa Kanyang pagdating at bibigyan ka ng kahangahangang katiyakan ng isang buhay ng walang hanggang kaligayahan.

ANG IYONG TAHANAN SA LANGIT

Nang si Marco Polo ay bumalik sa kanyang bayan sa Venice pagkatapos ng maraming mga taon sa Silangan, iniisip ng kanyang mga kaibigan na ang kanyang mga paglalakbay ay nagtaboy sa kanya sa pagkabaliw. Mayroon siyang mga di-kapanipaniwalang kasaysayan na isasalaysay.

Si Marco Polo ay naglakbay sa isang lungsod na puno ng pilak at ginto. Nakakita siya ng mga itim na bato na nasusunog, ngunit wala pang kailanman ay nakarinig na ng karbon. Nakakita siya ng isang damit na hindi nasusunog kahit na itapon sa apoy, ngunit walang kailan ma'y nakarinig na ng asbestos. Siya'y nagsasalita ng malalaking mga ahas na sampung hakbang ang haba na may malalapad na mga pangang sapat na makalunok ng isang tao, mga niyog na sinlaki ng ulo ng tao at maputi gaya ng gatas ang loob, at isang sustansya na bumubulwak mula sa lupa na nagbibigay-liwanag sa mga ilawan. Ngunit walang sinuman ang kailan ma'y nakakita na ng buwaya, niyog o kaya'y langis na krudo. Sila'y nagsisitawa lamang sa mga gayong kuwento.



Pagkaraan ng mga taon, nang si Marco Polo ay mamamatay na sa kanyang higaan, isang debotong tao sa tabi ng kanyang higaan ang pinipilit siyang bawiin ang lahat na mga kuwentong kanyang isinalaysay. Ngunit si Marco Polo ay tumanggi: "Lahat ng yaon ay totoo-lahat ng bahagi noon. Ang totoo, hindi ko pa nasasabi ang kalahati ng aking nakita."

Ang mga manunulat ng Biblia na nagbigay sa atin ng mga sulyap ng langit ay waring iniaalingawngaw ang mga palagay ni Marco Polo. Sa pangitain sila'y tumingin sa isang tanawing totooong maliwanag, totooong kamanghamangha na mailalarawan lamang nila ang bahagi ng kanilang nakita. At tayo'y nahaharap sa isang hamon, tulad ng mga kaibigan ni Marco Polo. Dapat nating ilarawan sa isip "ang mga buwaya at mga niyog" na kailan ma'y hindi natin nakita, dahil ang mga sulyap na nakukuha natin sa Biblia ay nagpapakita sa atin na ang langit ay higit pa sa nakaupo sa alapaap at tumutugtog ng alpa.

1. ANG LANGIT BA'Y ISANG TUNAY NA LUGAR?

Si Jesus ay naghahanda ng isang tunay na lugar para sa atin ngayon sa isang tunay na langit.

"Huwag mabagabag ang inyong puso. Sumampalataya kayo sa Dios, sumampalataya rin naman kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan. Kung hindi gayon, sinabi ko sana sa inyo. AKO'Y PAROROON UPANG IHANDA KO ANG LUGAR PARA SA INYO. At kung ako'y pumunta roon at maihanda ko ang isang lugar para sa inyo, AKO'Y BABALIK, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili, upang kung saan ako naroroon, kayo rin ay naroroon." Juan 14:1-3.

Si Jesus ay paririto sa ating sanlibutan sa ikalawang pagkakataon upang dalhin tayo sa isang matibay ang pagkakagawang mansyon sa isang makalangit na lungsod na maluwalhati sa kabila ng mailap nating mga panaginip: ang Bagong Jerusalem.

Pagkatapos na tayo'y tumira roon sa loob ng isang libong taon, panukala ni Kristo na dalhin ang makalangit na tahananang ito dito sa planetang Lupa. Sa pagbaba ng Bagong Jerusalem, dadalisayin ng apoy ang buong sanlibutan. Ang ating binagong



planeta ay magiging palagiang tahanan ng mga banal. (Apokalipsis 20:7-15. Marami pa ang tungkol dito sa Gabay 22).

Ano ang kasunod na inilalarawan ni Juan na sumulat ng Apokalipsis?

"At nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong lupa; sapagkat ang unang langit at unang lupa ay lumipas na, at ang dagat ay wala na. At nakita ko ang banal na lungsod, ang bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Dios, na nakahanda na gaya ng isang babaeng ikakasal na nagagayakan para sa kanyang asawa. At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa trono na nagsasabi, "Masdan ninyo ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao. Siya'y maninirahang kasama nila, at sila'y magiging bayan nila, at siya'y magiging Dios nila." - Apokalipsis 21:1-3.

Pagkatapos ng pagbabago nito sa pamamagitan ng apoy, sino ang ipinangangako ni Jesus na maninirahan sa bagong lupa?

"Mapapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa." -Mateo 5:5. (Tingnan din ang Apokalipsis 21:7).

Si Kristo ay nangangako na ibabalik ang Kanyang minsa'y sakdal na sanlibutan sa kanyang orihinal na kagandahang-Eden, at ang mapagpakumbaba ay "magmamana ng lupa."

2. MAGKAKAROON BA TAYO NG TUNAY NA MGA KATAWAN SA LANGIT?

Nang si Jesus ay nagpakita sa Kanyang mga alagad sa Kanyang muling nabuhay at maluwalhating katawan, papaano Niya inilarawan ito?



"Tingnan ninyo ang aking mga kamay at mga paa, sapagkat Ako nga ito! Hipuin ninyo ako, at tingnan; sapagkat ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa Akin." Lucas 24:39.

Si Jesus ay may tunay na katawan; Kanyang inanyayahan si Tomas na hipuin Siya (Juan 20:27). Sa pagkakataong ito si Jesus ay lumakad sa tunay na bahay, nakipag-usap sa tunay na mga tao, at kumain ng tunay na pagkain (Lucas 24:43).

Ang langit ay hindi pinaninirahan ng mga espiritu, kundi ng tunay na mga tao na nasisiyahan sa isang espirituwal na buhay, at mayroong "maluwalhating mga katawan."

"Sapagkat ang ating pagkamamamayan ay nasa langit; mula roon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Kristo na siyang magbabago ng ating hamak na katawan upang maging katawan ng kanyang kaluwalhatian, ayon sa kapangyarihan na kumikilos sa kanya upang maipailalim sa kanyang sarili ang lahat ng mga bagay" Filipino 3:20, 21.

Tayo'y makatitiyak na ang ating mga katawan sa langit ay kasim-buo at tunay gaya ng katawan ni Kristo nang Siya'y nabuhay..

Makikilala ba natin ang ating pamilya at mga kaibigan?

"Sapagkat ngayo'y malabo nating nakikita sa isang salamin, ngunit pagkatapos nito ay makikita natin nang mukhaan. Ngayo'y bahagi lamang ang nalalaman ko, ngunit pagkatapos ay lubos kong mauunawaan kung paanong ako ay lubos na nakikilala." 1 Corinto 13:12.

Sa langit tayo'y "lubos na magkakakilala." Ating mauunawaan at pahahalagahan ang isa't-isa nang malalim kaysa kailan ma'y nagawa na natin sa kasalukuyang sanlibutan.

Ang mga alagad ni Jesus ay nakilala Siya sa Kanyang makalangit na katawan, marahil dahil sa Kanyang kilalang-kilalang kaanyuan (Lucas 24:36-43). Nakilala Siya ni Maria sa libingan dahil sa kilalang tunog ng Kanyang tinig nang Kanyang tawagin siya sa kanyang pangalan (Juan 20:14-16). Ang dalawang alagad sa Emaus ay nakilala Siya dahil sa ilang tiyak na mga kilos. Nang kanilang mapansin kung paanong binasbasan ng kanilang panauhin ang kanilang pagkain, ay nakilala nila Siya bilang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang kilos (Lucas 24:13-35).

Ang mga tinubos ay tiyak na makakaranas ng kapana-panabik na "mukhaang" pagtatagpo sa langit. Ilarawan sa isip ang kagalakan na makilala ang natatanging ngiti ng iyong asawa, o ang kilalang-kilang tawag ng anak na nagpahinga nang mahabang panahon, o ang mapagmahal na mga kilos ng ilang mga mahal na kaibigan. Magkakaroon tayo ng isang walang hanggang pagpapalalim ng pinaka-mahalagang ugnayan sa buhay at pagpapalago ng malapitang pakikipagkaibigan sa mga pinakahali-halinang mga personalidad sa sanlibutan.

3. ANO ANG ATING GAGAWIN SA LANGIT?

Magkakaroon tayo ng maraming gawain na hahamon sa atin sa langit. Ano kaya kung magdisenyo ng iyong sariling pangarap na tahanan?

"Sapagkat narito, Ako'y lumilikha ng mga bagong langit at bagong lupa;.....Ako'y magagalak sa Jerusalem at maliligayahan sa aking bayan.....At sila'y magtatayo ng mga bahay at kanilang titirahan ang mga yaon; at sila'y magtatanim ng ubasan at kakain ng bunga niyon.....at matagal na tatamasahin ng aking pinili ang gawa ng kanilang mga kamay." - Isaias 65:17-22.

Si Jesus ay naghahanda na ng mga tahanan para sa atin sa Banal na Lungsod, sa Bagong Jerusalem (Juan 14:1-3; Apokalipsis 21). Ang mga talatang ito ay nagmumungkahi rin na tayo ang guguhit at gagawa ng iba pang mga bahay - marahil ay bahay sa magandang kabukiran na inayos ang lagay ng lupa at tinamnan ng mayamang iba't ibang mga pananim ng buhay. At sino ang nakakaalam kung anong may mataas na teknolohiyang pakikipag-sapalaran ang naghihintay sa atin sa masulong na kabihasan ng Dios? Ang kasalukuyan nating siyentipikong kaunlaran at paglalakbay sa kalawakan ay waring laro lang ng mga bata kapag tayo'y nagpasimulang magsaliksik sa "bahay ng ating Ama."

Ninanais mo ba ang kagandahan ng dumadagundong na mga talon ng tubig, matahimik na kaparangan, malago at maulang kagubatan at maseselang mga bulaklak.

"Sapagkat aaliwin ng PANGINOON ang Zion; . . . at gagawin niyang parang Eden ang Kanyang ilang, ang kanyang disyerto na parang halamanan ng PANGINOON. Kagalakan at kasayahan ay matatagpuan doon, at pagpapasalamat at tinig ng awit." Isaias 51:3.

Babaguhin ng Dios ang lupa na gaya ng busilak na Halamanan ng Eden. Wala nang mga tulo ng langis o ulap, usok o tagtuyot; ang mga



lawa ay mananatiling malinaw na kristal, ang mga punongkahoy ay mayayabong at hindi nakakalbong mga bundok.

Hindi lamang ang kagandahan ng sanlibutan, kundi ang ating ding kakayahang lagumin sila ay ay lalong pasusulongin. Waring unang araw ng paglabas pagkaraan ng isang matagal na pagkakasakit At ang unang "dalawampung minuto ng katotohanan" ay magpapatuloy sa isang mahiwagang walang hanggan.

Nasisiyahan ka bang makaranas ng mga bagong bagay? Pagkatuto? Paglikha?

"Doon, ang mga walang kamatayang isipan ay magbubulay-bulay nang kailan man ay walang pagmamaliw na kaluguran sa mga kahangahangang malikhaing kapangyarihan, sa mga hiwaga ng tumutubos na pag-ibig... Ang bawat kapangyarihan ay palalaguin, bawat kakayahan ay pararamihin. Ang pagtatamo ng karunungan ay hindi papagurin ang isipan o uubusin ang lakas. Doon ang pinakamalaking gawain ay ipagpapatuloy, ang pinakamatayog na mga hangarin ay maaabot, ang pinakamataas na mithiin ay matutupad; at doon pa rin ay babangon ang mga bagong kaitaasan na aabutin, bagong kahangahangang hahangaan, bagong mga katotohanan na liliripin, mga sariwang layunin na tatawag sa kapangyarihan ng isipan at kaluluwa at katawan. Ang lahat ng kayamanan ng sandaigdigan ay mabubuksan para pag-aralan ng mga tinubos ng Dios."-Ellen G. White, The Great Controversy (Nampa, Idaho; Pacific Press Publishing Association, 1950), page 677).

4. ANG MASAMA BA'Y MULING MAGBABANTA KAILAN MAN SA LANGIT?

"At hindi makapapasok ang anumang bagay na marumi, o ang sinumang gumagawa ng karumaldumal o ng kasinungalingan, kundi sila lamang na nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero." Apokalipsis 21:27.

Ang Dios ay lubos na aalisin ang kasalanan at ang kakilakilabot na bunga nito; hindi na sila kailan man babalik na muli. Kapag si Jesus ay dumating, "tayo'y magiging katulad Niya" (1 Juan 3:2). Sa halip na pigilan ang mga simbuyo upang pumatay, magnakaw, magsinungaling, o manggahasa, ating ipagpapatuloy ang mga makalangit na biyaya.

"At papahirin Niya (Dios) ang bawat luha sa kanilang mga mata, at hindi na magkakaroon pa ng kamatayan; hindi na rin magkakaroon pa ng pagdadalamhati, o ng pagtangis man, o ng kirot man sapagkat ang unang bagay ay lumipas na." Apokalipsis 21:4.

Kahit ang pangkatapusang kaaway, ang kamatayan, ay mawawala na. Sa lupain ng langit ng walang hanggang kabataan ang mga tinubos ay "walang-kamatayan (1 Corinto 15:53); walang mga naninirahan na kailan ma'y magtitiis ng pamumuksa ng katandaan.

Ang langit ay hindi lamang sisira sa bunga ng kasalanan. Ilarawan kung ano ang magiging katulad ng mga buong buhay na nakikipagpunyagi sa kapansanan:

"Kung magkagayo'y mamumulat ang mga mata ng bulag, at ang mga tainga ng bingi ay mabubuksan; kung magkagayo'y lulukso ang mga pilay na parang usa at ang dila ng pipi ay aawit sa kagalakan." Isaia 35:5, 6.

5. ANO ANG PINAKADAKILANG KAPANAPANABI SA LANGIT?

Ilarawan sa isip na makikita ang Panginoon ng sanlibutan nang mukhaan.

"Masdan ninyo ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao. Siya'y maninirahang kasama nila, at sila'y magiging bayan niya. Ang Dios mismo ay makakasama nila, at siya'y magiging Dios nila." Apokalipsis 21:3.



Ang Makapangyarihang Dios ay nangangako na magiging kasama at tagapagturo natin. Anong kagalakan na umupo sa Kanyang paanan! Isipin kung ano ang maaaring ibigay ng isang manunugtog upang gumugol ng ilang minuto na kasama si Beethoven o si Mozart. Ilarawan sa isip kung gaano pahahalagahan ng isang physicist ang pagkakaton na makaupo na kasama si Albert Einstein, o gaano ang kahulugan para sa isang pintor ang makausap si Michaelangelo o si Rembrandt.

Isipin lamang, ang mga tinubos ay magkakaroon ng isang walang hanggang higit na dakilang karapatan. Sila'y makikipag-usap sa Mayakda ng lahat ng mga awitin. agham, at sining. Sila'y magkakaroon ng may palagayang-loob na pakikisama sa pinakadakilang Isipan at pinakamalalim na Puso ng sanlibutan. At ang relasyong ito ay maguumapaw sa pagsamba.

"At mula sa bagong buwan hanggang sa isa pang bagong buwan, at mula sa isang Sabbath hanggang sa isa pang Sabbath, paroroon ang lahat ng laman upang sumamba sa harapan ko sabi ng

PANGINOON." Isaia 66:23.

Sa gitna ng lungsod sa langit ay nakatayo ang dakilang maputing trono ng Dios. Napapalibutan ng esmeraldang bahaghari, ang Kanyang mukha ay nagliliwanag gaya ng nagliliyab na araw. Sa Kanyang paanan ay isang mala-bubog na karagatan na umaabot sa lahat ng direksyon. Sa ibabaw ng kristal na nagpapakita ng kaluwalhatian ng Dios, ang mga tinubos ay nagtitipon upang ibuhos ang kanilang napakasayang pagpupuri.

"At ang mga tinubos mg PANGINOON ay magbabalik at darating sa Zion na nag-aawitan; walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo; sila'y magtatamo ng kasayahan at kagalakan, at ang kalungkutan at ang pagbubuntong-hininga ay maglalaho." Isaia 35:10.

Narito ang Isa na ang kabutihan ay hindi kailanman lumiliban ng pagtibok. Ang Kanyang katapatan, pagtitiyaga at kahabagan ay nagpapatuloy. Purihin ang Kanyang banal na pangalan!

6. DAPAT NA TAYO'Y NAROROON!

Kinasasabikan ni Jesus ang mukhaang pagtatagpong yaon. Kung kaya Siya'y laan na iligtas tayo mula sa kasalanan sa gayong kalaking halaga. Dapat mong personal na samantalahin ang pagkakataon sa kaloob na ito. Dapat kang gumawa ng pagtatalaga kay Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Kailangan mo ang kapatawaran na iniaalok mula sa krus, dahil:

"At hindi makapapasok doon ang anumang bagay na marumi, o ang sinumang gumagawa ng karumaldumal na kasinungalingan, kundi sila lamang na nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero." Apokalipsis 21:27.

Inililigtas tayo ni Jesus mula sa kasalanan, hindi sa kasalanan. Dapat tayong lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihang nasa atin at mahiwalay mula sa marumi at hindi banal. Si Jesus ang ating pasa-salita patungo sa Kanyang malapit nang dumating na kaharian.



Ang kahariang yaon ay maaaring magsimula ngayon din sa iyong puso. Nang tayo'y iligtas ni Jesus mula sa kasalanan, Siya'y lumikha ng isang maliit na langit sa kalooban. Siya'y makakatulong sa atin sa

pakikitungo sa pagkabalisa, galit, pita ng laman, takot, at kasalanan na sumasalot sa atin. Ang pag-asa ng langit ay hindi isang pagtakas mula sa mga suliranin ng buhay; ito'y tumutulong na lumikha ng higit pang langit sa lupa. Isang di pa natatagalang pagpili ang isinagawa na nagpakita na "yaong naniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan ay may isang higit na masayang buhay at nagtitiwala sa mga tao nang higit kaysa doon sa hindi."

Wala nang may higit pang madulang bugso sa iyong buhay ngayon kaysa sa isang nagtitiwalang pakikisama kay Jesu-Kristo. Pakinggan ang paliwanag ni Pedro sa bugso ng isang buhay na pananampalataya:

"Hindi ninyo Siya nakita gayunma'y inyong inibig; bagama't ngayo'y hindi ninyo siya nakikita, gayunma'y inyong sinampalatayanan, at KAYO'Y NAGAGALAK NA MAY GALAK NA HINDI MAIPALIWANAG AT PUSPOS NG KALUWALHATIAN, na inyong tinatanggap ang bunga ng inyong pananampalataya, ang kaligtasan ng inyong mga kaluluwa." 1 Pedro 1:8, 9.

Ang lahat ng mga ito-at ang langit din. Natuklasan mo na ba ang uri ng masaganang buhay na nais ni Kristo na maranasan mo? Huwag mong talikdan ang Kanyang maluwalhating paanyaya.

"Ang (Banal) na Espiritu at ang babaeng ikakasal ay nagsasabi, 'Halik!' ang nakikinig ay magsabi 'Halik!' At ang nauuhaw ay pumarito, ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad." Apokalipsis 22:17.

Si Jesus ay kasama mo ngayon, nagsasalita sa iyong puso habang binabasa mo ito. Siya'y nag-aanyaya ng "Halika!" "Halika!" "Halika!" Hindi Siya maaaring higit pang nananabik, higit na nagpipilit. Kung hindi mo pa nagagawa ang gayon, ang sandaling ito, higit kaysa alinmang iba ang iyong pagkakataon upang tuklasin ang Kanyang alok.

Bakit hindi mo sabihin sa Kanya na iyong tinatanggap ang Kanyang mabiyayang kaloob at nais mong gugulin ang walang hanggan na kasama Siya? Sabihin mo sa Kanya na mahal mo Siya.. Pasalamatan mo Siya para sa lahat ng Kanyang mga ginawa para sa iyo at sa lahat na pinapanukala pa Niya para sa iyo. Kung mayroong mang namamagitan sa iyo at sa Dios, hilingin mo sa Kanya na umayon kang alisin Niya iyon. Ngayon, samantalang iyong naririnig ang Kanyang tinig, samantalang ang iyong puso ay tumutugon pa, ibigay mo ang iyong sarili sa Kanya nang walang alinlangan. Iyuko ang iyong ulo sa sandaling ito at sabihing, "Jesus, aking Panginoon, ako'y lumalapit. Aking ibinibigay ang lahat ko sa Iyo. Ako'y Iyo magpakailanman!"

GAANO KALAPIT ANG PAGBABALIK NI JESUS?

Karamihan sa atin ay mayroong katutubong simbuyo na sumilip sa hinaharap. Nais nating makita kung ano ang nasa kabila ng abot-tanaw. Ngunit ang mga tiyak na pahayag ay nananatiling labis na mailap. Mayroon tayong mahirap na sapat na panahon sa paglalahad ng kalagayan ng panahon bukas!

Mayroong Isa, na ang mga propesiya ay napatunayang walang pagkakamali.. Si Jesu-Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ay maaaring magdala sa atin sa hinaharap; Siya'y maaasahang gabay. Sa araling ito titingnan natin kung ano ang Kanyang sinasabi tungkol sa Kanyang ikalawang pagbabalik. Pagkatapos ng lahat, sino ang maaaring makaalam ng higit pa tungkol sa katapusan ng sanlibutan kaysa sa Isa na lumalang nito sa pasimula?

1. MGA PALATANDAN NA SI JESUS AY BABALIK SA ATING KAPANAHUNAN

Pagkatapos na tiyakin ni Jesus sa Kanyang mga alagad na Siya'y babalik sa ating sanlibutan sa ikalawang pagkakataon (Mateo 23:39), ano ang kanilang itinanong sa Kanya?

"Sabihin mo sa amin kailan mangyayari ang mga bagay na ito at ano ang TANDA NG IYONG PAGDATING at ng katapusan ng panahon?" -Mateo 24:3.



Si Jesus ay sumagot nang maliwanag at tiyak. Sa kapitulo 24 ng Mateo at kapitulo 21 ng Lucas Siya'y personal na nagbigay ng ilang "mga tanda," o mga katunayan, na sa pamamagitan nito ay malalaman natin na malapit na ang Kanyang pagdating. Ang ibang propesiya ng Biblia ay pumupuno sa larawan, na diniditalye ang kalagayan ng sanlibutan bago dumating si Kristo. Katulad ng ating makikita, ang mga propesiyang ito ay natutupad sa harapan ng ating paningina; sila'y nagbabadya na ang pagdating ni Kristo sa lupa ay malapit na malapit na.

Tingnan natin ang mga sampung posteng pananda ng propesiya ng Biblia sa tabi ng daang patungo sa langit, at siyasatin ang mga katanungan na maaaring itanong ng manlalakbay sa makabagong panahon sa kanyang pagbasa nito

POSTENG PANANDA 1-DALAMHATI! TAKOT! KALITUHAN!

Lampas nang labinsiyam na daang taon ang nakakaraan, si Jesus ay nagbigay ng isang propesiyang naglalarawan ng magkapanahong buhay na wari ay nagmula sa panggabing balita:

"At magkakaroon ng mga TANDA sa araw, at buwan, at mga bituin, at sa lupa'y MAGKAKAROON NG KAHIRAPAN SA MGA BANSA NA NALILITO dahil sa ugong ng dagat at mga daluyong. ANG MGA TAO AY MANLULUPAYPAY DAHIL SA TAKOT AT MANGANGAMBA DAHIL SA MGA BAGAY NA DARATING SA DAIGDIG, sapagkat ang mga kapangyarihan sa mga langit ay mayayanig. PAGKATAPOS AY MAKIKITA NILA ANG ANAK NG TAO NA DUMARATING na nasa isang ulap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Kapag nagsimulang mangyari ang mga bagay na ito, tumingala kayo at itaas ninyo ang inyong mga ulo, sapagkat malapit na ang katubusan ninyo."
Lucas 21:25-28.



Wala nang pinakatiyak na paglalarawan ng sanlibutan ngayon na maaaring isulat kaysa: "Ang mga tao'y manlulupaypay dahil sa takot at mangangamba dahil sa mga bagay na darating sa daigdig." Ang mga nakaimbak na mga sandata ay kayang wasakin ang buong planeta. Ano

kaya kung ang isang terorista ay kumuha ng isang nyuklar na panlaban sa digmaan?

Si Jesus ay nagbigay sa atin ng isang batayan ng pag-asa sa isang mapagpahamak na kapanahunan. Ang kasalukuyang krisis na pambuong sanlibutang "dalamhati at kalituhan" ay nagpapatibay sa katotohanan na ang pagparito ni Kristo ay tunay na "malapit na". Ang mga tao ngayon ay madalas na tumatagho sa pagkabigo "Tingnan mo kung saan na nakarating ang sanlibutan!" Ngunit ang mag-aaral ng propesiya ng Biblia ay maaaring makapagbulalas na may pagasang tinig, "Tingnan ninyo kung SINO ang dumarating sa ating sanlibutan."

POSTENG PANANDA 2-MGA KAPAHAMAKAN SA SANLIBUTAN.

Paanong tutugma ang mga kapahamakan sa mga pangyayari sa huling araw?

"Magkakaroon ng malalakas na LINDOL, at sa iba't ibang dako ay magkakaroon ng KAGUTOM at mga SALOT, at magkakaroon ng mga bagay na kakilakilabot, at mga dakilang tanda mula sa langit . . . Gayon din naman kayo, kapag nakita ninyong nangyayari ang mga bagay na ito, nalalaman ninyo na MALAPIT NA ANG KAHARIAN NG DIOS." Lucas 21:11, 31.

Isipin ninyo ang mga kagutom sa isang sandali. Mga larawan ng mga nagugutom na bata na may mga hupyak na tiyan ay laging nasa mga balita. Hindi ba higit na kataka-taka na ang isang sanlibutang nakapagpapadala ng tao sa buwan, ay HINDI makapagpakain ng kanyang mga tao? Nalalaman ni Jesus na ang kagutom ay magpapatuloy, na ang makasariling likas ng tao ay lalago nang higit pang masama sa pagtatapos ng kapanahunan.



Ngunit ano naman ang tungkol sa mga lindol? Sangayon sa World Almanac ng 1999, sa siglo pagkatapos ng siglo ng kapanahunanng Kristiyano mayroong nakagigimbal na pagdami ng mga malalaking lindol: ika-18 siglo 6 na malalaking paglindol, ika-19 na siglo 7, noong ika-20 siglo mahigit na 100. Kaya ang katunayan ay higit na madulang dumarami samantalang tayo ay lalong nalalapit sa ating kasalukyang kapanahunan.

Ang mga bilang na ito ay nagpapatunay ng propesiya ni Jesus. Mga kagutom at malalaking paglindol ay umaabot sa isang palakas na - "ang kaharian ng Dios ay malapit na!" Ang ating bang ika-21 siglo ay magdadala ng daan-daan pang mga malalaking paglindol, o ang pagdating ng Hari ng mga Hari?

POSTENG PANANDA 3-PAGTITIPON NG MGA KAYAMANAN.

Ano ang ibig sabihin ng kayamanang humuhugos sa mga kamay ng pakaunti nang pakaunti samantalang higit na dumarami ang nahuhulog sa paghihikahos

"Kayo'y nag-imbak ng mga kayamanan para sa huling araw." Santiago 5:3.

Sa kabila ng ating pananaw sa ekonomiya, ang mayayaman ay nagpapatuloy na yumayaman at ang mahihirap ay lalong naghihirap. Ang milyon-milyong dolyar na mga kapalaran ay isa pang posteng pananda na nagpapakita sa atin na "ang pagdating ng Panginoon ay malapit na." (talatang 8).

POSTENG PANANDA 4-KAGULUHANG PAMBAYAN.

Bakit ang kawalang kasiyahan at pagkaligalig ng mga manggagawa ay totooong naging malubha?



"Tingnan ninyo, ang sahod ng mga manggagawa na gumapas sa inyong mga bukid na inyong ipinagkakait ay umiiyak. ANG PAG-IYAK NG MGA UMANI (MANGGAGAWA) ay nakarating sa pandinig ng Panginoon ng mga hukbo. Maging matiyaga rin kayo, sapagkat ANG PAGDATING NG PANGINOON AY MALAPIT NA." Santiago 5:4, 8.

Pagkatapos na paunang ipinahayag ang di-mapapantayang pag-iimbak ng kayamanan sa ating kapanahunan, nakita ni Santiago ang di-matahimik na kalagayang sibil mula sa di-nasisiyahang mga manggagawa. Ang tensyon sa pagitan ng "mayroon" at ng mga "wala" ay nagpapatuloy na tumataas. Isa pang palatandaan na "ang Panginoon at malapit nang dumating."

POSTENG PANANDA 5-KABULUKANG MORAL.

Bakit ang hiblang moral ng lipunan ay waring patuloy na nagugutay?

"Ngunit unawain mo ito: na sa MGA HULING ARAW AY DARATING ANG MGA PANAHOON NG KAPIGHATIAN. Sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapanlait, suwail sa mga magulang, mga walang utang na loob, walang kabanalan, walang katutubong pag-ibig, mga walang habag, mga mapanirang-puri, mga walang pagpipigil sa sarili, mabangis, mga hindi maibigin sa mabuti, mga taksil, mga matigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na maibigin sa Dios; na may anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggi ang kapangyarihan nito. . . . ANG MASASAMANG TAO AT MGA MANDARAYA AY LALONG SASAMA NANG SASAMA, sila'y mandaraya at madadaya." 2 Timoteo 3:1-5, 13.



Mayroon bang sinumang makakaisip ng isang higit na tiyak na paglalarawan ng ating sanlibutan? Ituon ang kamera sa alin mang direksyon sa kapanahunang ito at makakakuha ka ng isang larawan ng mapagmataas na materyalismo. Makakakuha ka ng isang nakagigimbal na epidemya ng pang-aabuso at panghahalay sa mga bata,. Makakakuha ka ng di mabilang na mga tanawin ng kabataan na hindi mapigilan, mga batang sa maaga nilang pagiging talubata ay pumapatay at pumipinsala nang walang patumangga. Ang lahat ng ito ay bumubuo ng hanay ng mga larawan na malakas na nagpapahayag na ang pagdating ni Jesus ay napakalapit na.

POSTENG PANANDA 6-PAGKALAT NG MGA KULTO.

Bakit tayo nakakakita ng pananabik sa mga kulto?

"Sapagkat lilitaw ang mga bulaang Kristo at ang mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan, anupa't ililigaw, kung maaari, pati ang mga hirang." Mateo 24:24.

Ang mga siping ito ay paunang nagsasabi na ang panahon ng kawakasan ay magtatampok ng lahat ng uri ng mga kababalaghan at mga palatandaan, isang huwad na pagpapakita ng kahimahimala. Ang mga pangkukulam at mga panggagaway ay nakikita sa mga pagtatanghal sa telebisyon. Ang tagasunod ng Makabagong Panahon ay nasa saanmang lugar, nagbibili ng mga mahiwagang kristal at padaluyan ng mga pumanaw na espiritu. Ang mga huwad na palatandaan at kababalaghan ay dumarami. Ang lahat ng mga ito ay gumagawang higit na maliwanag gaya ng sinabi ni Jesus, tayo'y nabubuhay sa kapanahunan ng "pagdating ng Anak ng Tao" (talatang 27).

POSTENG PANANDA 7-ISANG GISING NA SANLIBUTAN.

Ano ang kahulugan ng paggising sa pansanlibutang-kamalayan ng Africa, ng Gitnang-Silangan, Silangang Europa, at ang mga bansa ng Malayong Silangan?

"PASIGLAHIN NG MGA BANSA ANG KANILANG SARILI. . . Gamitin ninyo ang karit, sapagkat ang anihin ay hinog na. . .sapagkat ang kanilang kasamaan ay napakalaki! Napakarami, napakarami

ang nasa libis ng pagpapasiya! Sapagkat ANG ARAW NG PANGINOON AY MALAPIT NA sa libis ng pagpapasiya." Joel 3:12-14.

Ngayon sa mga bansa ng Asya at Africa, Silangang Europa, at ang dating Soviet Union, at Gitnang Silangan ay ating nasasaksihan marahil ang pinakamalaganap na pagkagising ng indibiduwal na mga bansa sa lahat na nakatalang kasaysayan, "sapagkat ang araw ng Panginoon ay malapit na."



POSTENG PANANDA 8-MGA PANUKALA NG KAPAYAPAAAN AT PAGHAHANDA SA DIGMAAN.

Tayo'y nabubuhay sa isang kakaibang sanlibutan. Ang lahat ay nagkakaisa na dapat nating bigyan ng pagkakataon ang kapayapaan. Tayo'y nag-uusap ng kapayapaan; subalit ang nakakuyom na pagkapoot, ang ilan ay siglo na ang nakaraan, ay sumisiklab sa hayagang tunggalian. Ang mga propetang sina Mikas at Joel ay nagbigay ng propesiya na sa panahong ang mga bansa ay nag-uusap tungkol sa kapayapaan (Mikas 4:1-3), ang di-pagtitiwala sa kanilang mga kalapit-bansa ang pumipilit sa kanila na maghanda para sa digmaan (Joel 3:9-13).

Matagal nang inilarawan ng Biblia ang ating kasalukuyang mahigpit na suliranin ng kapayapaan at digmaan, at ipinahayag na ang palagiang kapayapaan ay maghahari sa lupa sa pagdating lamang ni Kristo.

POSTENG PANANDA 9-MAKABAGONG KAUNLARAN.

Bakit, pagkatapos ng mga siglo ng kasaysayan ng sangkatauhan, ang sanlibutan ay totoong pinaglapit na mabuti ng transportasyon at pakikipagtalastasan?

"HANGGANG SA PANAHOON NG WAKAS, marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman a y lalago." Daniel 12:4.

Sinasabi rito ni Daniel na ang kaalaman ng kanyang propesiya ay lalago "sa" o "haggang sa panahon ng kawakasan" Ngunit ang propesiyang ito ay waring itinaturo nang tuwiran ang ating kapanahunan ng "computerized information." Ang lahat ng uri ng kaalaman ay lumago na simbilis ng kidlat nang mga nakaraang taon. Higit na maraming pagbabago sa nakaraang 50 taon kaysa lumipas na 2000 taon.

"MARAMI ANG TATAKBO NG PAROO'T PARITO upang lumago ang kaalaman." Bago ang 1850, ang mga tao ay kumikilos na palibot-libot sa pamamagitan ng kabayo at karuwahe na gaya ng kanilang ginagawa sa pasimula pa ng panahon. Ngayon ay nasisira natin ang hadlang sa tunog at nililibot ang daigdig sa lahat ng bagay mula sa eroplanong Concorde hanggang sa mga lansadera sa kalawakan.

Ang maraming mga paglalakbay at ang di pa natatagalang baha ng mga imbensyon ay nagbibigay ng dagdag pang katunayan na tayo'y nabubuhay sa "panahon ng kawakasan."

PANANDANG POSTE 10-ANG EBANGHELYO SA BUONG SANLIBUTAN.

Paunang sinabi ni Jesus na bago Siya dumating ang ebanghelyo ay makararating sa buong sanlibutan:



"At ang magandang balitang ito ng kaharian ay ipahahayag sa buong daigdig bilang patotoo sa lahat ng mga bansa; at pagkatapos ay darating ang wakas." Mateo 24:14.

Sa loob ng mga dekada halos kalahati ng sanlibutan ay nasarhan ng bakal na tabing, nasarhang malayo sa Mabuting Balita. Ngunit pagkatapos ng halos magdamag lamang ang Silangang Europa ay nakahulagpos sa kamay na bakal ng kumonismo. Ang Pader ng Berlin ay nawasak at ang makapangyarihang Imperio ng Soviet ay nagkawatak-watak. Biglang-bigla, halos ang kalahati ng planeta ay binubuksan ang kanyang mga bisig sa ebanghelyo.

Ang ebanghelyo ay tunay na nagpapatuloy sa "buong sanlibutan" nang higit kailan man. Sa pamamagitan ng satellite ang pabalitang Kristiyano ay sabay-sabay na ipinahahayag sa halos lahat ng mga bansa. Tayo'y nabubuhay sa kapanahunang sinabi ni Jesus nang Kanyang ipahayag: "At ang magandang balitang ito ng kaharian ay ipahahayag sa buong sanlibutan" at "pagkatapos ay darating ang wakas."

2. GAANO NA KALAPIT ANG PAGDATING NI JESUS?

Pagkatapos na ilarawan ang mga mangyayari upang makilala ang panahon bago ang ikalawa Niyang pagbabalik, binuod ni Jesus ang Kanyang pahiwatig sa pamamagitan ng pagsasabing:

"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay na ito." Mateo 24:34.

Ang buod ay kapansinpansin-ang henerasyon na ipinakikita ng mga panandang-posteng ito ng propesiya ay makikita ang pagbabalik ni Kristo sa lupa sa ikalawang pagkakataon. Hindi na magtatagal hanggang sa pawin na Niyang lahat ang kasalanan at paghihirap, upang itatag ang Kanyang walang hanggang kaharian. Si Jesus ay nagbabala, "Walang sinumang nakakaalam . . . ng araw na yaon at oras" (talatang 36).

At si Jesus ay nagpatuloy:

"Kaya, maging handa rin naman kayo, sapagkat ang Anak ng Tao ay darating sa oras na hindi ninyo inaasahan." Mateo 24:44.



3. SI JESUS, ANG TANGING PAG-ASA NG SANLIBUTAN

Si Kristo ang huli, at pinakamabuting pag-asa ng ating sanlibutan sapagkat Siya lamang ang maaaring lumunas sa bagay na sumisira nito-ang kasalanan. Si Jesus ay namatay sa Kalbaryo upang lupigin ang masama at mailigtas ang lahat na tumutugon sa Kanyang iniaalok na kaligtasan.

"Ang patuloy na gumagawa ng kasalanan ay sa diyablo; sapagkat buhat pa nang pasimula ay nagkakasala na ang diyablo. Dahil dito, nahayag ang Anak ng Dios upang wasakin ang mga gawa ng diyablo." 1 Juan 3:8.



Ang ating Tagapagligtas ay lumikha ng isang paraan para sa ating babagsak na sanlibutan sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng Kanyang sariling laman at dugo. Si Jesus din, na balang araw ay gagamot sa lahat ng karamdaman ng sanlibutan sa pamamagitan ng pagpuksa sa kasalanan, ay nagaalok ngayon na pawin ang pagkakasalang dulot ng kasalanan mula sa iyong buhay. Hindi mo kailangang hintayin ang Ikalawang Pagparito upang makasumpong ng paglaya mula sa kasalanan, at mula sa pangamba, at nakapipinsalang kaugalian. Si Jesus ay nakalaan na ibigay sa iyo ang Kanyang uri ng kapayapaan sa oras na ito.

Samantalang dumadalo sa isang pulong-panrelihiyon nadama ng isang kabataang babae ang kakaibang pagkilos sa kanya ng ipinahahayag na

ebanghelyo. Nang marinig niya ang kasaysayan ng isang malapit-nang-dumadating na Tagapagligtas, ang lahat ng pira-pirasong bahagi ay nagpasimulang magkaugnay-ugnay. Ito'y nagbigay ng kahulugan. Siya'y nagpasiya na siya'y naghahanap ng pag-ibig, kaligayahan, at kapayapaan sa lahat na mga maling lugar. Si Jesus ay siyang magiging kasagutan.

Nang sumunod na araw nang siya'y dinalaw ng ebanghelista at kasama nito, kanyang ibinuhos ang kasaysayan ng isang mapait at wasak na buhay. Siya'y nasadlak sa kailaliman bilang isang maglalasing, at itinaguyod niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng prostitusyon. Pagkatapos na maipaliwanag ang kanyang suliranin siya'y humagulhol, "Tunay na kayo'y nagsasalita sa akin kagabi."

Ngunit ang tinig na naglagos sa kanyang puso ay ang tinig ng Dios. At Siya'y nangungusap na mabanayad. Kanyang ipinasiyang ibaba ang lahat. Inanyayahan niya si Kristo na pumasok sa kanyang puso bilang kanyang Tagapagligtas at Panginoon, at nanghawak sa pag-asa ng Kanyang malapit nang pagbabalik

Sa mga sumunod na linggo, nagpasimula niyang mapansin na ang kanyang mga takot at kawalan ng katiwasayan, na palagi niyang nilulunod sa pag-iinom, ngayon ay nakasumpong ng kalayaan sa kanyang paggugol ng panahon sa pakikipagusap kay Jesus. Kanyang pinasimulang iligtas siya mula sa mga pamimilit na siyang nagwawasak ng kanyang buhay.

Siya'y nakagawa ng maraming mga bagay na hindi niya maipagmamalaki. Ngunit ang biyaya at kapatawaran ni Kristo ay napatunayang higit na malakas kaysa sa kanyang kahihyan. Ang karanasan ng magnanakaw sa krus ay lubos na makahulugan sa kanya. Sa kanyang mga huling oras na walang pagasa ay humarap siya sa katabi niyang Walang Salang Nagtitiis at hiniling, "Jesus, alalahanin mo ako kapag sumapit Ka sa Iyong kaharian" (Lucas 23:42).

Si Jesus kapagdaka'y tumugon sa pamamagitan ng pangangako sa magnanakaw ng isang lugar na kasama Siya sa paraiso (talatang 43). Ang Jesus ding yaon na mabiyayang nagalok ng kapatawaran sa mamamatay na magnanakaw na yaon, ang ngayo'y nagaalok sa iyo ng kaligtasan, ganap na kapatawaran, at kapayapaan ng pag-iisip. Tuklasin ito para sa iyong sarili ngayon.

Ikaw man ay maaaring makapanalangin kasama ng mamamatay na magnanakaw: "Jesus, alalahanin Mo ako pagdating Mo sa Iyong kaharian." At si Jesus ay tutugon, "Ako'y muling babalik, at kakasamahin Kita sa paraiso."

MAHIWAGANG KAPANGYARIHAN SA AKING BUHAY

Noong 1929 si Frank Morris ay sumakay sa isang barko na patungong Switzerland. Ilang panahon na niyang inaasam-asam ang paglalakbay na ito. Ngunit ito'y naging isang nakakahiyang karanasan. Ang isang katiwalang nangangalaga sa kanya ay isinususi si Frank sa loob ng kanyang kamarote bawat gabi. Pagkatapos ng mabilis na almusal si Frank ay maaaring magehersisyo ng kaunti, ngunit ang kanyang pakiramdam ay tila siya isang hangal na sinusundan sa palibot ng kubyerta, gaya ng isang hayop na may tali. At pagkatapos ay iiwan siya ng katiwala sa isang upuan. Sa tuwing siya'y makakatagpo ng isang mapagkaibigang pasahero na nag-aanyaya sa kanya na maglibut-libot, ang katiwala ay tututol at sasabihing, 'kailangang palagi ko siyang nakikita.'



Si Frank ay karaniwang mausisa at may pagnanais ng isang may gulang na tulad niya. Inaakala ng katiwala na hindi niya kaya ang kanyang sarili. Si Frank ay itinuturing na isang bagahe na hinihilahila.

Ngunit sa Switzerland ang buhay ni Frank ay madulang nagbago. Samantalang naroroon. natutuhan niya ang tungkol sa mga aso na tinuruan upang maging gabay ng bulag. Nagdala ng isang German Shepherd na pinangalanang Buddy pabalik sa Estados Unidos, nagsimula si Frank ng Seeing Eye, na ngayo'y isang pansanlibutang organisasyon.

Ngayong si Buddy ay nasa tabi niya, si Frank ay nakakapunta kahit saan, anumang oras, sinoman ang kasama. Nadama niyang nakalaya siya sa wakas. Sa isang pagpapakita sa isang grupo ng mga mamamahayag sa isang abalang sangang-daan sa New York City, dalubhasang ginabayan ni Buddy and kanyang panginoon mula sa isang tawiran patungo sa kabila samantalang ang mga sasakyan ay mabilis na dumaraan. Dahil nagtitiwala siya kay Buddy, si Frank ay madaling nakatawid. Ang mga may panininging mga mamamahayag ay higit na nahirapan; ang isa ay kumuha pa ng taksi para makatawid sa kabila.

Sa susunod na ilang mga pahina ay pag-aaralan natin ang tungkol sa Banal na Espiritu, isang Gabay na nagnanais na ilagay natin ang ating buhay sa Kanyang mga kamay. Tayong lahat ay may balakid ng gayunding likas ng tao, ang gayunding pagkabulag sa kung ano ang tunay na pinakamahalaga. Lubhang mabilis ang takbo ng buhay na anupa't madalas nating nasusumpungan ang ating sarili na nakakaraos lamang sa halip na may tinutungo. Gayunman, patuloy pa rin tayong bantulot na ipagtiwalang ganap ang ating mga buhay sa Gabay na ito. Ngunit ang tuklas na naghihintay sa bawat isa sa atin ay ito: makasusumpung tayo ng tunay na kalayaan at kapangyarihan sa pagasa sa Banal na Espiritu na papatnubay sa atin sa buhay.

1. ANG KINATAWAN NI KRISTO SA SANLIBUTAN

Nang si Jesus ay aakyat na sa langit, Siya'y nangako sa mga alagad ng isang walang kasing-halagang kaloob:

"Gayunma'y sinasabi ko sa inyo ang katotohanan: Makabubuti sa inyo na Ako'y umalis, sapagkat kung hindi Ako aalis, ang MANGAALIW ay hindi darating sa inyo.... Subalit kapag dumating na sa inyo and ESPIRITU NG KATOTOHANAN, PAPTNUBAYAN NIYA KAYO sa buong katotohanan.... LULUWALHATIIN NIYA AKO sapagkat kanyang tatanggapin ang sa akin, at sa inyo'y ipahahayag niya." Juan 16:7, 13, 14.

Sa banal na panukala, kinakailangang si Jesus ay bumalik sa langit bilang ating kinatawan sa harapan ng luklukan ng Dios at "haharap para sa atin sa harapan ng



Dios." (Hebreo 9:24). Samantalang ang ating ipinakong Panginoon ay kumakatawan sa atin sa langit, mayroon din tayong Banal na Espiritu bilang ating TAGAPAYO at PATNUBAY dito sa lupa. Siya ay tuwirang kinatawan ni Jesus.

Samantalang naririto, si Jesus ay naglingkod na nasasakupan ng isang katawan ng tao, at hindi maaaring saan ma'y naroroon. Ngunit ang Banal na Espiritu ay walang gayong limitasyon; Siya'y makakapaglingkod bilang isang personal na Tagapayo at Patnubay sa hindi mabilang na mga tao sa maraming mga lugar sa gayunding panahon. Sinasapatan ni Kristo ang ating mga pangangailangan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

2. SINO ANG BANAL NA ESPIRITU?

Marami sa atin ay maaaring makiugnay sa Dios Ama kung ating ilalarawan sa isip ang pinaka-mapagmalasakit, nagaalagang magulang na kailanma'y ating nakilala. At maaari nating ilarawan si Jesus ang Anak, dahil Siya'y nanirahang kasama natin bilang tao. Ngunit ang Banal na Espiritu ay higit na mahirap ilarawan at pakiugnayan. Wala tayong madaling paghahambing. Ang Biblia, magkagayon man, ay nagbibigay sa atin ng tiyak na impormasyon tungkol sa Banal na Espiritu:

Isang Personalidad. Tinutukoy ni Jesus ang Banal na Espiritu bilang isang kaanib ng Kadiosan, kasama ng Dios Ama at Dios Anak:

"Kaya't sa paghayo ninyo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng AMA at ng ANAK at ng ESPIRITU SANTO." Mateo 28:19.

Ang Espiritu ay may mga personal na likas: isipan (Roma 8:27); karunungan (1 Corinto 2:10); damdamin ng pag-ibig para sa atin (Roma 15:30); damdamin ng kalungkutan kapag tayo'y nagkakasala (Efeso 4:30); ang kakayahan na turuan tayo (Nehemias 9:20); at kapangyarihan upang patnubayan tayo.

Kasangkot sa Paglalang. Ang Banal na Espiritu ay nakibahagi sa paghubog ng ating sanlibutan kasama ng Ama at ng Anak.

"Nang pasimula, nilikha ng Dios ang langit at ang lupa.... at ang ESPIRITU NG DIOS ay kumilos sa ibabaw ng mga tubig." Genesis 1:1, 2.

3. ANG MGA GAWAIN NG BANAL NA ESPIRITU



(1) Binabago ang puso ng tao. Sa kanyang pakikipagtagpo kay Nicodemo, idiniin ni Jesus ang bahagi ng Banal na Espiritu sa pagbabago ng puso ng tao:

"Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, malibang ang isang tao'y IPANGANAK NG tubig at ng ESPIRITU hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos." Juan 3:5.

Ang "ipanganak ng Espiritu" ay nangangahulugan na ang Banal na Espiritu ay binibigyan tayo ng bagong pasimula. Ito'y higit pa sa bahagyang pagbabago ng ating ugali. Ang Espiritu ay binabago tayo mula sa loob palabas, na tinutupad ang pangako: "Bibigyan Ko kayo ng bagong puso." (Ezekiel 36:26).

(2) Ginagawa tayong may kamalayan sa paggawa ng masama at binibigyan tayo ng pagnanais para sa kabanalan:

"At pagdating niya (ang Banal na Espiritu) KANYANG SUSUMBATAN ang sanlibutan tungkol sa KASALANAN, at KATUWIRAN, at kahatulan." Juan 16:8.

Kapag narinig mo ang madulang kasaysayan ng isa na tumalikod mula sa imoral na paraan ng pamumuhay tungo sa Diyos at naging matapat na asawa at maalagang magulang, alalahanin na ang bawat hakbang tungo sa kabuuan ay bunga ng udyok ng Banal na Espiritu.

(3) Pinapatnubayan tayo sa ating buhay Kristiyano. Si Kristo ay nagsasalita sa atin nang tuwiran sa pamamagitan ng "tahimik na munting tinig" ng Espiritu.

"At ang iyong mga pagdinig ay makakarinig ng salita sa likuran mo, na nagsasabi, 'Ito ang daan, lakaran ninyo,' kapag kayo'y pumipihit sa kanan, at kapag kayo'y pumipihit sa kaliwa." Isaías 30:21.

Sa pamamagitan ng satellite transmisyon, ang aming TV ay panayang nagdadala ng mga larawan at mga mukha mula sa isang malayong kontinente sa aming silid tanggapan. Ang Banal na Espiritu ay gumaganap na kahawig ng satellite ng Diyos, na dinadala ang pakikiharap ni Kristo mula sa langit patungo sa lupa, na ginagawang Siya'y malapit kapag higit natin Siyang kailangan (Juan 14:15-20)

(4) Tumutulong sa ating buhay ng panalangin.

"At gayon din naman, ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan; sapagkat hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; NGUNIT ANG ESPIRITU MISMO ANG NAMAMAGITAN na may mga daing na hindi maipahayag.... ayon sa kalooban ng Diyos." Roma 8:26, 27.

Kapag tayo'y naghihirap na makasumpong ng salita, ang Espiritu ay nananalangin alang-alang sa atin. Kapag tayo'y totoong nawawalan ng pag-asa, na makadadaing lamang tayo sa Diyos, pinalakas ng Espiritu ang ating mahinang daing para sa tulong na maging isang makapangyarihang panalangin sa harapan ng luklukan ng Diyos kung saan si Jesus ngayon ay naglilingkod.

(5) Pinauunlad ang mga katangian at likas na Kristiyano. Ang mga taong tigang sa espiritu ay ginagawang kasingtaba ng isang puno na namumunga ng iba't-ibang uri ng bunga ng Banal na Espiritu:

"SUBALIT ANG BUNGA NG ESPIRITU ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili." Galacia 5:22, 23.

Ang pagkakaroon ng bunga ng Espiritu ay nagpapakita na tayo'y ikinabit sa tunay na puno ng ubas na si Jesus (Juan 15:5). Si Jesus ay tunay na makakapamuhay ng Kanyang saganang buhay sa pamamagitan natin sa kapangyarihan ng Espiritu.

(6) Inihahanda tayo bilang mga saksi. Si Jesus ay nangako:

"NGUNIT TATANGGAP KAYO NG KAPANGYARIHAN pagbaba sa inyo ng BANAL NA ESPIRITU; at kayo'y magiging mga SAKSI KO.... hanggang sa kaduluduluhang bahagi ng lupa." Mga Gawa 1:8.

Ang lahat na natatalaga ay maaaring mga saksi sa pamamagitan ng Espiritu. Maaaring wala tayo ng lahat ng mga kasagutan, ngunit ang Espiritu ay maaaring bigyan tayo ng kasaysayang sasabihin natin na kikilos sa mga puso at isipan. Ang mga alagad ay may kahirapang makipagtalastasan bago nangyari ang



Pentekostes, ngunit pagkatapos na dumating ang Espiritu ay kanilang ipinahayag si Kristo na may gayong kapangyarihan na kanilang "itinaob ang sanlibutan nang patiwari." (Mga Gawa 17:6).

4. ANG MGA KALOOB NG ESPIRITU

And Kasulatan ay gumagawa ng isang pagkakakilanlan ng kaloob ng Dios na Espiritu Santo sa bawat mananampalataya para sa matagumpay na pamumuhay Kristiyano, at ng iba't ibang mga kaloob ng Espiritu na inilalaan sa mga mananampalataya para sa mabisang ministeryo sa iba't ibang mga paraan.

"Nang umakyat siya [si Kristo] sa itaas ay dinala Niyang bihag ang pagkabihag, at NAGBIGAY NG MGA KALOOB sa mga tao.' . . . Pinagkalooban niya ang IBA na maging mga APOSTOLI, ang iba'y PROPETA, ang iba'y EBANGHELISTA, at ang iba'y PASTOR, at mga GURO; upang ihanda ang mga banal sa gawain ng paglilingkod." - Efeso 4:8, 11-12.



Hindi bawat Kristiyano ay tumatanggap ng lahat na mga kaloob, ang iba'y maaaring tumanggap ng higit na mga kaloob kaysa iba; ang Espiritu ay "nagbigay sa bawat isa, gaya ng kanyang ipinasya" (1 Corinto 12:11). Sinasapatan ng Espiritu ang bawat mananampalataya para sa kanyang natatanging bahagi sa panukala ng Diyos. Nalalaman ng Diyos kung kailan at saan ilalaan ang mga kaloob na magpapala sa Kanyang bayan at sa Kanyang iglesia.

Ang iba pang talaan ng espirituwal na mga kaloob na masusumpungan sa 1 Korinto 12:8-10 ay kasama ang karunungan, salita ng kaalaman, pagpapagaling, pagsasalita ng iba't ibang wika (Mga Wika), at ang iba'y pagpapaliwanag ng mga wika (tal. 8-10).

Namamanhik sa atin si Pablo na "may pananabik na pagsikapan ninyong mithiin ang higit na dakilang mga kaloob," at idinagdag pa, "at ipakikita ko sa inyo ang isang daan na walang kahambing." (1 Corinto 12:31). Ang kabanata ng pag-ibig (1 Corinto 13) na kasunod ng talatang ito ay idinidiin na "ang isang daan na walang kahambing" ay ang daan ng pag-ibig. At ang pag-ibig ay bunga ng Espiritu (Galacia 5:22).

Dapat nating hanaping may pagmamalasakit ang bunga ng Espiritu at hayaang ang Espiritu ang mamahagi ng Kanyang mga kaloob sa atin gaya "ng Kanyang ipasya" (1 Corinto 12:11).

5. ANG KAPUSPUSAN NG ESPIRITU SA PENTEKOSTES



Sa Araw ng Pentekostes, ang Espiritu ay ibinuhos na walang-hangganang ang sukat, na tinutupad ang pangako ni Jesus:

"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; At kayo'y magiging mga saksi ko.... hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." Mga Gawa 1:8.

Nang Pentekostes ay binigyang-kakayahan ng Espiritu ang mga apostol na ibalita nang maliwanag sa mga wika ng tao ang ebanghelyo "mula sa bawat bansa sa ilalim ng langit." (Mga Gawa 2:3-6).

Ang ilang mga mag-aaral ng Bibliya ay inihahambing ang pagdating ng Espiritu sa ulan ng maagang taglagas at huling tagsibol sa Palestina (Joel 2:23). Ang pagbaba ng Espiritu noong Pentekostes ay katulad ng "maagang ulan" ng taglagas na nagpasibol ng mga binhi at naglaan ng mahalagang pagkain para sa iglesyang Kristiyano sa kanyang kabataan.

6. ANG HULING ULAN NG BANAL NA ESPIRITU

Ang propesiya ng Biblia'y nagsasabi ng isang araw na darating kung kailan ang Espiritu ng Diyos ay ibubuhos sa iglesya na gaya ng ulan, na pinalalakas ang mga kaanib bilang mga saksi (Joel 2:28, 29). Daang Mga taon na ngayon ang nakalipas at ang kasaysayan ng kaligtasan ay kumalat na sa isang malaking bahagi ng lupa. Panahon na ngayon para sa "huling ulan" na pahinugin ang butil upang ihanda sa pag-aani.

Sa kasukdulan ng kasaysayan bago dumating si Kristo sa ikalawa, ihahanda ng Diyos ang bawat tapat na mananampalataya para sa langit sa pamamagitan ng isang dakilang pagbubuhos ng Kanyang Espiritu. Ngayon ba'y nararanasan mo na ang "maagang ulan" na naghahanda sa iglesya para sa "huling ulan" ng Espiritu? Ikaw ba'y nabubuhay ng isang buhay na puno ng Espiritu? Sa pagbibigay sa iyo ng kapangyarihan ng Espiritu, pagagamit ka ba sa Diyos upang ipahayag ang mabuting balita ng Kanyang di-mapaniwalaang pag-ibig at malapit na pagbabalik?

7. MGA KONDISYON SA PAGTANGGAP NG BANAL NA ESPIRITU

Sa Pentekostes ang Banal na Espiritu ay kinilos yaong mga nakarinig ng ebanghelyo upang sumigaw, "Mga kapatid, anong dapat naming gawin?" (Mga Gawa 2:37).

"At sinabi sa kanila ni Pedro 'MAGSISI KAYO AT MAGPABAUTISMO' ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo upang mapatawad ang inyong mga kasalanan; AT TATANGGAPIN NINYO ANG KALOOB NG ESPIRITU SANTO." Mga Gawa 2:38.

Ang pagsisisi - pagtalikod mula sa makasalanang paraan ng buhay at pagharap kay Kristo - ay isang kondisyon upang tumanggap ng kaloob ng Espiritu. Upang ibuhos sa atin ang Espiritu, dapat muna tayong magsisi at ipasakop ang ating buhay kay Kristo. Idiniin din ni Jesus ang kusang loob na pagsunod at pagtalima sa Kanya bilang isang kondisyon sa pagtanggap ng kaloob ng Banal na Espiritu (Juan 14:15-17).



8. BUHAY NA PUNO NG ESPIRITU

Bago lumisan sa sanlibutan, itinagubilin ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod:

"Huwag umalis sa Jerusalem, kundi hintayin ang ipinangakong KALOOB ng Ama... Sapagkat si Juan ay NAGBAUTISMO SA TUBIG; subalit hindi na aabutin ng maraming araw mula ngayon, na kayo'y BABAUTISMUHAN NG ESPIRITU SANTO." Mga Gawa 1:4, 5.

Paulit-ulit na sinasabi ng Kasulatan na ang Kristiyano ay dapat na "mapuno ng Banal na Espiritu" (Mga Gawa 2:4; 4:8; 4:31; 6:3; 6:5; 7:55; 9:17; 13:9, 52; 19:6). Ginagawa ng Banal na Espiritu na ang buhay ng Kristiyano ay ganap at maganda sapagkat ang buhay na puspis ng Espiritu ay nakakamit ang pamantayan ni Kristo para sa atin.

Samantalang inilalarawan ang buhay-Kristiyano na puno ng Espiritu, inihandog ni Pablo ang panalangin ito para sa bawat mananampalataya:

"Idinadalangin ko na ipagkaloob niya ayon sa kayamanan ng kanyang kaluwalhatian, NA KAYO'Y PALAKASIN NG KAPANGYARIHAN SA PAMAMAGITAN NG KANYANG ESPIRITU SA

PAGKATAONG-LOOB, upang si Kristo ay manirahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya,.... ngayon sa kanya na makakagawa ng higit na sagana kaysa lahat ng ating hinihingi o iniisip, AYON SA KAPANGYARIHANG GUMAGAWA SA ATIN." Efeso 3:16, 17, 20.

Tulad ni Frank Morris na kasama ang kanyang tapat na asong bantay na si Buddy, makagagawa tayo nang higit kaysa dati nating nagagawa, kasama ang patnubay ng Banal na Espiritu sa ating kalooban. Na may mga bagong pagnanais at mga kakayahan, makapagpapatuloy tayong may pagtitiwala, sa halip na makaraos lamang sa mga suliranin ng buhay.



Ang karanasang ito na puno ng Espiritu ay nababago araw-araw sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng Banal na Kasulatan. Ang panalangin ay iniingatan tayong malapit ang kaugnayan kay Kristo, at ang pag-aaral ng Banal na Salita ng Diyos ay nagpapanatili sa atin na nakatuon sa Kanyang mga mapagkukunan. Winawasak nito ang anumang hadlang sa atin at ni Kristo na maaring pumigil sa Kanya sa pagbubuhos ng Kanyag walang-kapantay na Kaloob ng Espiritu. Sa ganito tayo lumalago at nahahalinhan ang masasamang ugali at mga pakikitungo ng mga malulusog na katangian.

Ang Roma 8 ay nagbibigay ng isang nakapananabik na paglalarawan ng buhay na puspos ng Espiritu. Basahin mo ito kung magagawa mo, at pansinin kung gaano karaming pagkakataon na itinuro ni Pablo ang "Espiritu" na siyang kapangyarihan sa likod ng buhay Kristiyano.

Nagawa mo na ba ang kahangahangang pagtuklas ng buhay na puno ng Espiritu? Namamalayan mo ba ang presensya ng Espiritu sa iyong buhay? Nararanasan mo ba ang Kanyang nagbibigay-buhay na kapangyarihan? Buksan mo ang iyong buhay sa pinakadakilang kapangyarihan sa sansinukob.

ISANG KAILANMA'Y KAHARAP NA TAGAPAGLIGTAS



Nang si Pedro, isang batang Scottish ay nawala sa isang ilang na damuhan isang gabing madilim, tinawag siya ng Dios sa kanyang pangalan: "Pedro!" Nang ang makalangit na tinig ay muling tumawag, si Pedro ay huminto sa kanyang tinatahak, tumingin sa ibaba, at natuklasang siya'y isang hakbang na lamang sa pagkahulog sa isang pinabayaang tibagan ng batong-apog.

Hindi ba magiging kahanga-hanga kung ang bawat isa sa atin ay maririnig na tinatawag ng Dios sa ating pangalan? Hindi ba magiging dakila kung Siya'y gayong kalapit na kasama-kung tayo'y makakaupong magkasama at magkaroon ng mahabang pag-uusap tungkol sa ating mga pakikipagpunyagi at mga pangarap?

1. WALANG HANGGANANG PAGLAPIT KAY JESUS

Paniwalaan ninyo o hindi, higit tayong makalalapit kay Jesus ngayon kaysa magagawa natin noong Siya'y naririto na kasama natin bilang isang nakikitang tao. Na kasama si Kristo sa laman sa ating bayan ay magiging kahanga-hanga, ngunit isipin mo ang napakalaking karamihan na magsisiksikan para sa isang malapitang pagtingin. .

Ninana ni Kristo na pasulungin ang isang personal na relasyon sa bawat isa sa atin. Ito ang dahilan kung bakit iniwan Niya ang sanlibutang ito para sa isang ministeryo sa langit na magbibigay-pahintulot sa Kanya na lumapit sa bawat isa sa atin araw-araw. Dahil si Jesus ay hindi limitado sa isang lugar gaya nang Siya'y narito pa sa lupa, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu Siya ngayon ay malapit upang pumatnubay sa buhay ng bawat nagkukusang tao.

Anong nakapagpapalakas-ng-loob na pangako ang ibinigay ni Jesus bago Siya umakyat sa langit?

"AKO'Y KASAMA NINYONG PALAGI, hanggang sa katapusan ng panahon." Mateo 28:20.

Ano ang ginagawa ni Kristo sa langit upang Siya ay maging "kasama mong palagi"?

"YamangTAYO'Y MAYROONG ISANG DAKILANG PINAKAPUNONG PARI na pumasok sa kalangitan, SI JESUS NA ANAK NG DIOS, ay hawakan nating matatag ang ating pananampalatayang ipinahahayag. Sapagkat tayo'y mayroong isang Pinakapunong Pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan, isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayon ma'y walang kasalanan. Kaya't lumapit tayong may katapangan sa trono ng biyaya, upang tayo'y tumanggap ng awa, at makatagpo ng biyaya na makakatulong sa panahon ng pangangailangan." Hebreo 4:14-16.



Pansinin ang mga katiyakan na si Jesus ay ating personal na kinatawan sa langit: "Tinukso sa lahat ng paraan, kagaya natin." "Nahahabag sa ating mga kahinaan." "Tinutulungan tayo sa panahon ng ating pangangailangan." Kasama si Jesus bilang ating Pinunong Pari hindi na tayo hiwalay sa malayong langit: Mailalapit tayo ni Kristo sa harapan ng Dios. Hindi nakakapagtaka na tayo'y hinihimok na "lumapit sa trono ng biyaya na may pagtitiwala."

Anong lugar ang kinalalagyan ni Jesus sa langit?

"Ngunit nang makapaghandog si Kristo ng isa lamang alay para sa mga kasalanan para sa lahat ng panahon, siya ay umupo SA KANAN NG DIOS." Hebreo 10:12.

Ang Kristong buhay - isang nakakaunawa - ay siya nating personal na kinatawan sa trono "na nasa kanan ng Dios."

Papaanog inihanda ang buhay ni Jesus upang Siya'y maging pari natin?

"Kaya't kailangang siya ay maging kagaya ng kanyang mga KAPATID sa lahat ng mga bagay, upang siya ay maging isang maawain at tapat na pinakapunong pari sa mga bagay na nauukol sa Dios, upang gumawa ng handog na pantubos sa mga kasalanan ng mga tao. Palibhasay nagtiis siya sa pagkatukso, SIYA'Y MAKASASAKLOLO SA MGA TINUTUKSO." Hebreo 2:17, 18.


Ang ating "kapatid" na nakikibahagi sa ating pagiging-tao ay "tinukso" na gaya natin, ngayon ay ating Pinakapunong pari sa kanang kamay ng Ama. "Ginawang kagaya" natin, alam Niya ang ating nararanasan. Siya'y nagutom, nauhaw, tinukso, at napagod. Nadama Niya ang pangangailangan para sa pakikiramay at pagkaunawa.

Ngunit higit sa lahat, si Jesus ay karapat-dapat na maging ating Pinakapunong Pari dahil Siya'y namatay upang "gumawa ng katubusan" para sa ating mga kasalanan. Kanyang binayaran ang halaga ng ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa ating lugar. Ito ang Ebanghelyo, and Mabuting Balita para sa lahat ng tao sa lahat ng lugar sa lahat ng panahon.

Ang aming direktor ng Paaralan ng Biblia ay nagbahagi ng karanasang ito: "Nang ang aming bunsong anak na babae ay tatlong taong gulang, naipit ang kanyang kamay sa isang tinitiklop na upuan, nadurog ang buto. Samantalang mabilis naming siyang dinadala sa manggagamot, ang kanyang malakas na iyak dahil sa kirot ay tunay na pumupunit sa aming mga puso. At ito'y nakakilos sa aming limang taong gulang na anak sa isang tanging paraan. Hinding-hindi ko kailan man malilimutan ang kanyang mga salita pagkatapos na lunasan ng doktor ang pinsala ng kanyang kapatid. Siya'y tumataghoy, "O Daddy, sana'y ang daliri ko na lamang!"

Nang ang sangkatauhan ay nadurog ng kasalanan at nahatulang mamatay na walang hanggan, sinabi ni Jesus, "O Ama, ninanais kong Ako na lamang sana." At ibinigay ng Ama ang ninanais ni Jesus sa krus. Nararanasan ng ating Tagapagligtas ang bawat paghihirap na ating nararanasan-at higit pa roon!

2. ANG EBANGHELYO SA LUMANG TIPAN



Nang ang mga Israelita ay magkampo sa paanan ng Bundok ng Sinai, tinagubilinan ng Dios si Moises na magtayo ng santuwaryo para sa pagsamba "ayon sa huwarang ipinakita sa iyo (Moises) sa bundok" Exodo 25:40). Halos 500 taon pagkatapos, ang dakilang batong templo ni Solomon ang pumalit sa santuwaryo. At ang templo ay ginawa na katulad na katulad ng inililipat-lipat na santuwaryo.

Nang ibigay ng Dios kay Moises ang tagubilin para sa pagtatayo ng santuwaryo, anong natatanging layunin ang nasa isip Niya?

"Igawa nila ako ng isang santuwaryo upang ako'y makapanirahan sa gitna nila." Exodu 25:8.

Kasalanan ang naging kalunos-lunos na dahilan ng paghihiwalay ng mga tao at ng kanilang Manlalalang. Ang santuwaryo ay siyang pamamaraan ng Dios ng pagpapakita kung papaano Siya muling makapaninirahan na kasama natin. Ang santuwaryo at nang huli ay ang templo, ang siyang naging sentro ng relihiyosong buhay at pagsamba sa kapanahunan ng Lumang Tipan. Umaga at gabi ang mga tao ay maaaring magtipon sa palibot ng santuwaryo at makiugnay sa Dios sa pananalangin (Lucas 1:9, 10), na inaangkin ang pangako ng Dios: "Ako'y makikipagtagpo sa iyo" (Exodo 30:6).

Ang Lumang Tipan ay nagtuturo ng gayunding ebanghelyo ng kaligtasan gaya ng ginagawa ng Bagong Tipan. Kapwa inilalarawan nito na si Jesus ay namatay para sa atin at naglilingkod sa atin bilang ating Punong Pari sa santuwaryo sa langit.

3. ANG MINISTERYO NI JESUS PARA SA ATIN AY INIHAYAG SA SANTUWARYO

Ang santuwaryo at ang mga paglilingkod nito ay inihahayag ang ginagawa ni Jesus ngayon sa templo sa langit, at Kanyang ginawa sa lupa upang pagyamanin at patnubayan ang bawat isa sa atin sa ating araw-araw na buhay.

Sapagkat ang santuwaryo sa lupa ay itinulad sa templo sa langit, ito'y inilalarawan ang santuwaryo sa langit kung saan naglilingkod si Kristo ngayon. Ang Exodo 25-40 ay inilalarawan ang dakilang detalye ng mga paglilingkod at mga seremonya sa santuwaryo sa ilang. Ang maikling tala ng mga kasangkapan sa santuwaryo ay makikita sa Bagong Tipan:



"Ngayon, maging ang unang tipan ay nagkaroon ng mga alituntunin sa pagsamba at isang panlupang santuwaryo. . . . Sapagkat inihanda ang unang tabernakulo na kinaroroonan ng ilawan, dulang, at ng mga tinapay na handog: ito ay tinatawag na Dakong Banal. Sa likod ng ikalawang tabing ay ang tabernakulo na tinatawag na Dakong Kabanal-banal. Dito ay nakatayo ang isang gintong dambana ng insenso at ang kaban ng tipan na ang paligid ay nababalutan ng ginto, na siyang kinaroroonan ng sisidlang ginto na kinalalagyan ng manna at ng tungkod ni Aaron na namulaklak at ang mga tapyas na bato ng tipan (Deutoronomio 10:1-5). Sa ibabaw nito ay ang mga kerubin ng kaluwalhatian na lumililim sa trono ng awa." Hebreo 9:1-5.

Ang santuwaryo ay may dalawang silid, and Dakong Banal at ang Kabanal-banalang Dako. Isang bakuran ang nasa unahan ng santuwaryo na kinalalagyan ng dambanang tanso na doon

iniaalay ng mga pari ang mga handog, at ng palanggana na kanilang hugasan.

Ang mga handog na alay sa tansong dambana ay kumakatawan kay Jesus, na sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus ay naging "ang Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!" (Juan 1:29). Kapag ang nagsising makasalanan ay lumapit sa dambana na dala ang kanyang handog at ipinahayag ang kanyang mga kasalanan, tatanggap siya ng kapatawaran at paglilinis. Sa gayunding paraan, ang makasalanan ngayon ay nagtatamo ng kapatawaran at paglilinis sa pamamagitan ng dugo ni Jesus (1 Juan 1:9).



Sa unang silid, o Banal na Dako, ang kandelerong may pitong sanga ay patuloy na nagliliwanag, kumakatawan kay Jesus bilang ang kailan ma'y hindi nagmamaliw na "liwanag ng sanlibutan" (Juan 8:12). Ang mesa ng itinalagang tinapay ay kumakatawan sa Kanyang nakabubusog sa ating pisikal at espirtual na gutom bilang kailan ma'y kaharap na "Tinapay ng Buhay" (Juan 6:35). And ginintuang dambana ng insenso ay kumakatawan sa ministeryo ng panalangin ni Jesus para sa atin sa harapan ng Dios (Apokalipsis 8:3, 4).

Ang pangalawang silid, o ang Kabanal-banalang Dako, ay naglalaman ng natatakpan-ng-ginto na kaban ng tipan. Ito'y kumakatawan sa trono ng Dios. Ang tumutubos na takip, o ang luklukan ng awa, ay kumakatawan sa pamamagitan ni Kristo ang ating Punong Pari, na namamagitan alang-alang sa makasalang mga tao na sumuway sa moral na kautusan ng Dios. Ang dalawang tapyas na bato na kung saan isinulat ng Dios ang Sampung Utos ay iniingatan sa ibaba ng luklukan ng awa. Ginintuang kerubin ng kaluwalhatian ang nakalukob sa luklukan ng awa sa bawat dulo ng kaban. Isang maluwalhating liwanag ang nakasikat sa pagitan ng dalawang kerubin, isang sagisag ng pakikiharap ng

Dios.

Isang kurtina ang nagtatago ng Dakong Banal sa pananaw ng mga tao habang ang pari ay naglilingkod sa kanila sa bakuran sa harapan. Ang pangalawang kurtina sa harap ng Kabanal-banalang Dako ay harang ng silid sa loob sa mga paring pumapasok sa unang silid ng santuwaryo.

Nang si Jesus ay mamatay sa krus, anong nangyari sa kurtina?



"At nang sandaling iyon, ang tabing ng templo ay napunit sa dalawa, mula sa itaas hanggang sa ibaba." Mateo 27:51.

Ang Kabanal-banalang Dako ay nalandad nang si Jesus ay mamatay at mula noon ay wala ng tabing ang maaaring mamagitan sa banal na Dios at sa isang tapat na mananampalataya; si Jesus, ang ating Punong Pari, ay sinasamahan tayo sa harapan ng Dios (Hebreo 1:19-22). Mayroon na tayong pagkakataon na makalapit sa luklukang silid ng langit dahil si Jesus ang ating Punong Pari sa kanang kamay ng Dios. Binibigyan tayo ng kakayahan ni Jesus na makalapit sa harapan ng Dios-sa puso ng pag-ibig ng Dios. Kaya, tayo ay lumapit.

4. ISANG PAGKAHAYAG NI KRISTO NA NAMATAY UPANG ILIGTAS TAYO

Kung papaanong ang panlupang santuwaryo ay nagsilbing isang munting larawan ng makalangit na templo kung saan ngayon si Jesus ay naglilingkod para sa atin, ang mga paglilingkod na isinagawa sa makalupang santuwaryo ay "isang anyo at anino ng makalangit na santuwaryo" (Hebreo 8:5). Ngunit mayroong isang kapansin-pansing pagkakaiba: Ang mga pari na naglilingkod sa makalupang templo ay hindi makapagpapatawad ng kasalanan, ngunit sa krus si Jesus ay "minsanang nahayag sa katapusan ng panahon para sa pag-aalis ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang sarili" (Hebreo 9:26).

Ang Lumang Tipang aklat ng Levitico ay naglalarawan ng detalye ng mga paglilingkod sa santuwaryo. Ang mga ritwal ay nababahagi sa dalawa: Ang araw-araw na mga paglilingkod at ang taunang mga paglilingkod. (Ang Gabay 13 ay tinatalakay ang taunang paglilingkod).

Sa araw-araw na paglilingkod, ang pari ay naghahandog para sa indibiduwal at para sa buong kapulungan. Kapag ang tao ay nagkasala, siya'y magdadala ng walang dungis na hayop na handog para sa pagkakasala, "ipapatong ang kanyang kamay sa ulo ng handog na pangkasalanan at papatayin ito sa lugar ng handog na sinusunog" (Levitico 4:29). Ang kasalanan ng ay dapat malipat sa walang-salang hayop sa pamamagitan ng pangungumpisal ng kasalanan at ng pagpapatong ng mga kamay. Ito'y kumakatawan sa pagkuha ni Kristo ng ating kasalanan sa Kalbaryo; ang Isang walang-kasalanan ay naging "kasalanan para sa atin" (2 Corinto 5:21). Ang hayop na handog ay dapat na patayin at patuluin ang dugo dahil ito'y nagtuturo sa hinaharap na sukdulang parusa na tiniis ni Kristo sa krus.

5. BAKIT ANG DUGO?

"Kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran ng kasalanan (Hebreo 9:22)". Ang nangyari sa Lumang Tipang santuwaryo ay nagturo sa hinaharap ng dakilang gawain ng pagliligtas ni Kristo. Namatay para sa ating mga kasalanan, Siya ay pumasok sa banal na dako "na minsan para sa lahat sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo, sa gayo'y tinamo ang walang hanggang katubusan" para sa atin (talatang 12). Nang ang dugo ni Kristo ay mabuhos sa krus para sa ating mga kasalanan, "ang tabing ng templo (sa Jerusalem) ay napunit sa dalawa, mula sa itaas hanggang sa ibaba" (Mateo 27:51). Dahil sa



sakripisyo ni Jesus sa krus, ang mga hayop na handog ay hindi na kinailangan.

Nang itigis ni Jesus ang Kanyang dugo sa krus, Kanyang inihandog ang Kanyang sakdal na masunuring buhay na isang kahalili ng ating mga pagkukulang. Nang ang Ama at Anak ay paghiwalayin sa Kalbaryo, ang Ama ay tumalikod sa pighati at ang Anak ay namatay na may wasak na puso. Ang Dios Anak ay pumasok sa kasaysayan upang kunin sa Kanyang sarili ang buong bunga ng kasalanan at ipakita kung gaano kahambal-hambal ang maling gawain. Kung gayon, maaari Siyang magpatawad ng mga makasalanan na hindi winawalang-kabuluhan ang kasalanan. Si Kristo ay gumawa ng "kapayapaan sa pamamagitan ng dugo na natigis sa krus" (Colosas 1:20).

6. ISANG PAGHAHAYAG NI JESUS NA NABUBUHAY UPANG ILIGTAS TAYO

Ano ang ginagawa ni Jesus araw-araw sa templo sa langit?

"Dahil dito, siya'y may kakayahang iligtas nang lubos ang mga lumalapit sa Dios sa pamamagitan Niya, yamang LAGI SIYANG NABUBUHAY UPANG MAMAGITAN para sa kanila" Hebreo 7:25.

Si Jesus ngayon ay "nabubuhay" upang iharap ang Kanyang dugo, ang Kanyang sakripisyo alang-alang sa atin. Siya ngayon ay masikap na gumagawa upang iligtas ang bawat tao mula sa trahedya ng kasalanan. Ang ilan ay nagkamaling ipalagay na, bilang ating Tagapamagitan, si Jesus ay nasa langit na nakikiusap sa isang nag-aatubiling Dios na tayo'y patawarin. Sa katunayan, ang Dios ang masayang tumatanggap sa sakripisyo ng Kanyang Anak alang-alang sa atin.

Bilang ating Punong Pari sa langit, si Kristo man ay nakikiusap sa sangkatauhan. Siya'y gumagawa upang tumulong sa nagwawalang-bahalang tuminging muling sa biyaya, upang tumulong sa nawawalan ng pag-asang mga makasalanan na magkaroon ng pag-asa sa ebanghelyo, at upang tumulong sa mga mananampalataya na makasumpung ng higit na kayamanan sa Salita ng Dios at higit na kapangyarihan sa panalangin. Hinuhubog ni Jesus ang ating buhay na katugma ng mga utos ng Dios at tumutulong sa atin na bumuo ng isang likas na makakatayo sa pagsubok ng panahon.



Ibinigay ng Dios ang Kanyang buhay para sa bawat tao na kailan ma'y nabuhay sa sanlibutan. At ngayon bilang Punong Pari o Tagapamagitan, "Siya'y laging nabubuhay" upang akayin ang tao na tanggapin ang Kanyang kamatayan para sa kanilang mga kasalanan. Bagaman Kanyang ipinagkasundo ang buong nagkasalang sanlibutan sa Kanyang sarili sa krus, hindi pa rin Niya tayo maililigtas malibang tanggapin natin ang Kanyang biyaya. Ang mga tao ay hindi mawawala dahil sila'y makasalanan, kundi dahil sa tinanggihan nila ang kapatawarang iniaalok ni Jesus.

Sinira ng kasalanan ang malapit na pakikisama nina Adan at Eva sa Dios na minsan nilang naging kasiyahan. Ngunit si Jesus, bilang Kordero ng Dios, ay namatay upang palayain ang lahat ng tao mula sa kasalanan at ibalik na muli ang nawalang pakikipagkaibigan. Natuklasan mo na bang Siya ang iyong Pinakapunong Pari, ang isang kailan ma'y nabuhay upang ingatan ang relasyong iyon na malapit at masigla?

Ang sakripisyong kamatayan ni Kristo ay tunay na kakaiba. Ang makalangit na ministeryo ni Kristo ay walang katulad. Si Kristo lamang ang nagdadala sa atin nang malapitan sa Dios. Si Kristo lamang ang gumawa upang ang Banal na Espiritu ay tunay na makapanirahan sa ating mga puso. Kanyang hinubad ang pagiging Dios upang tayo ay maging lubos. Siya'y karapat-dapat na magtamo ng gayunding pagtatalaga mula sa atin. Tanggapin natin Siya nang lubusan bilang Tagapagligtas at Panginoon ng ating buhay.

MULA SA NAGKASALANG MAKASALANAN HANGGANG SA PINATAWAD NA BANAL

Walang bakas ng mga kamay. Walang sandatang natuklasan. Walang nakakita sa pumatay na pumasok sa tanggapan ng manggagamot. Wala ring nakarinig ng mga putok. Ngunit ang doktor ay nakitang nakahandusay sa likuran ng kanyang mesa. Limang bala ang tumagos sa kanyang damit.

Waring sakdal na krimen. Sa simula, ang mga pulis ay walang makitang mga palatandaan. Ngunit may napansin silang isang maliit na kawad na nakakabit sa isang sisidlan ng lapis sa mesa ng doktor. Ang kawad ay nakakabit sa isang tape recorder sa kahon ng mesa. Ang sisidlan ng lapis ay napansin nilang siyang nagkukubli sa mikropono na ginagamit ng doktor upang irekord ang kanyang pakikipagusap sa mga pasyente na kanyang pinapayuhan.

Mabilis na pinabalik ang naka-rekord na teyp, at sa kanilang pagtataka, ay nagpasimulang makinig sa aktuwal na krimen. Isang lalaki, na ang pangala'y Anthony, ang pumasok sa tanggapan at mainitan nakipagtalo sa doktor. May putok na umalingawngaw. At ang teyp ay natapos sa kakila-kilabot na taghoy ng doktor na namatay sa karpit.



Natala ang bawat kalagim-lagim na detalye . Inakala ng pumatay na ang kanyang krimen ay mananatiling isang lihim habang buhay. Siya'y labis na naging maingat upang walang maiwang palatandaan. Ngunit ang teyp ay nagsabi ng buong kasaysayan.

Sa gabay na ito ay ating matututuhan ang panghuling hatol ng Dios kapag ang mga tao ay "hinatulan ayon sa kanilang mga gawa, ayon sa nakatala sa mga aklat" (Apokalipsis 20:12). Para roon sa hindi pa tinatanggap si Kristo na kanilang Tagapagligtas, magiging masamang balita. Ngunit ang paghuhukom ay kahanga-hangang mabuting balita para sa mga nakatagpo ng katiyakan kay Kristo.

1. PAPAANO MONG HARAPIN ANG PAGHUHUKOM NA HINDI NATATAKOT

Sino ang hahatol sa sanlibutan?

"Ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob Niya sa Anak ang buong paghatol." Juan 5:22.

Papaanong inihanda ng krus si Kristo na maging Hukom natin?

"At siya'y (Jesus) inialay ng Dios bilang handog na pantubos sa pamamagitan ng kanyang dugo na mabisa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay kanyang ginawa upang maipakita ang pagiging matuwid ng Dios UPANG SIYA'Y MAGING GANAP AT TAGA-ARING GANAP sa taong mayroong pananampalataya kay Jesus" Roma 3:25, 26.



Ang kamatayan ni Kristo na ating kahalili ay ginawa Siyang kapwa matuwid na Hukom at Taga-aring ganap na makapagpatawad ng nagsisising makasalaman. Nang ang nagmamasid na sansinukob ay magtanong ng "Papaanong ipahahayag ng walang pinapanigang hukom na ang nagkasalang tao ay hindi nagkasala?" Si Kristo ay makasasagot sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga pilat ng Kanyang mga kamay. Tinanggap na Niya sa Kanyang sariling katawan ang matuwid na kaparusahan para sa ating mga kasalanan. Ang mga aklat

sa langit ay nag-iingat ng tala ng buhay ng bawat isa, at ang mga talang ito ay gagamitin sa paghuhukom (Apokalipsis 20:12). Yan ang masamang balita para roon sa mga nagaakala na ang kanilang mga lihim na kasalanan at mga krimen ay hindi na kailan man babalik upang sila'y ligaligin. Ngunit mayroong kahanga-hangang mabuting balita para sa lahat na matapat na tinanggap si Kristo na kanilang tagapagtaguyod sa langit: "At ang dugo ni Jesus... ang lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan" (1 Juan 1:7).

Ano ang iniaalok ni Jesus na kapalit ng ating buhay na makasalanan?

"Ginawa ng Dios siyang (Kristo) may kasalanan na hindi nakakilala ng kasalanan, upang sa Kanya tayo'y maging katuwiran ng Dios." 2 Corinto 5:21.

Ang ating buhay na makasalanan ay ipinagpalit sa sakdal na buhay ng katuwiran ni Kristo. Dahil sa walang salang buhay at kamatayan ni Kristo, ay maaari tayong patawarin ng Dios at ituring tayong waring hindi kailanman nagkasala.

Ano ang nagpaging-dapat kay Jesus na maging ating Tagapagtaguyod at Hukom?

2. SI KRISTO AY DUMATING SA TAMANG PANAHOON

Sa Kanyang bautismo, si Jesus ay pinahiran ng Banal na Espiritu:

"Nang mabautismuhan si Jesus, kaagad siyang umahon sa tubig, at nabuksan sa kanya ang kalangitan, at nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kanya. Sinabi ng isang tinig mula sa langit, 'Ito ang minamahal kong Anak, sa kanya ako lubos na nalulugot.'" Mateo 3:16, 17.

Kasunod ng pagpahid ng Banal na Espiritu sa Kanyang bautismo, ipinahayag ng mga alagad:

"Natagpuan na namin ang Mesiyas' (ang Kristo)." Juan 1:41.

Nalaman ng mga alagad na ang salitang Hebreo na "Mesiyas" at ang Griegong salita na "Kristo" ay kapwa nangangahulugang "ang Isang Pinahiran."

Si Lucas, isang alagad ni Jesus, ay nagtala ng petsa ng pagkapahid kay Jesus bilang ang Mesiyas noong ikalabing-limang taon ni Tiberius Caesar (Lucas 3:1). Para sa atin iyon ay magiging taong A.D. 27.

Mahigit na 500 taon bago dumating si Jesus ay pauna nang sinabi ni propeta Daniel na si Jesus ay papahiran bilang Mesiyas sa A.D. 27:

"Mula sa paglabas ng utos na ibalik at muling itayo ang Jerusalem hanggang sa pagdating ng Mesiyas ... ay pitong 'mga pito' [mga sanlinggo sa Hebreo] at animnaput dalawang 'mga pito' [mga sanlinggo]." Daniel 9:25.

Pitong linggo at animnapu at dalawang linggo ay may kabuuang 69 sanlinggo o 483 araw ($7 \times 69 = 483$ araw). Sa simbolikong propesiya ng Biblia ang bawat araw ay isang taon (Exekiel 4:6; Bilang 14:34), kaya ang 483 araw ay ktumbas ng 483 taon. Hinulaan ni Daniel na isang utos ang ilalabas upang ibalik at muling itayo ang Jerusalem, at hustong 483 taon pagkatapos ng kautusang ito, ang Mesiyas ay lalabas.

Si Jesus ba'y dumating na Mesiyas sa itinakdang panahon? Si Artaxerxes ay ipinalabas ang isang kautusan na muling itayo ang Jerusalem noong 457 B.C. (Ezra 7:7-26). Ang 483 taon, ay nagtapos noong A.D. 27. ($457 \text{ B.C.} + \text{A.D. } 27 = 484$). Ang kautusan ay lumabas noong 457 at si Kristo ay



pinahiran noong A.D 27, na ginawang kapwa bahagi ng mga taon, kaya ang tamang panahon ay mga 483 taon.

Sa panahong nakatakda, noong A.D. 27, si Jesus ay dumating na may pabalita: "naganap na ang panahon" (Marcos 1:15). Ang tamang katuparan ng propesiya sa Biblia ay nakakapukaw-ng-loob na ipakatuparan na si Jesus ng Nazareth ay siyang tunay na Mesiyas, Dios sa katawang tao.

Gaano katagal patutunayan ni Jesus ang pangako?

"At Siya'y gagawa ng isang matibay na tipan sa marami sa loob ng isang linggo." Daniel 9:27 unang bahagi.

Kapag ating ginamit ang taon-araw na simulain, ang "sanlinggong" ito ay pitong taon. Kaya sa loob ng pitong taon - mula A.D. 27 hanggang A.D. 34 - si Jesus ay "magpapatibay ng isang tipan," o pangako, na kanyang ginawa kay Adan at Eba pagkatapos na sila'y magkasala. Ang Dios ay gumawa ng isang tipan, isang pangako, na Kanyang ililigtas ang sangkatauhan mula sa kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan ng Isa na Kanyang isusugo upang mamatay para sa ating mga kasalanan (Genesis 3:15).

Ano ang magaganap sa kalagitnaan ng ika-pitumpung sanlinggo?

"At sa kalagitnaan ng sanlinggo ay Kanyang patitigilin ang handog at ang alay." Daniel 9:27, huling bahagi.



Si Jesus ay ipinako noong A.D 31, sa "kalagitnaan ng sanlinggo." Sa sandali ng kamatayan ni Kristo, hinapak ng Dios ang 'tabing ng templo ... sa dalawa mula sa itaas hanggang sa ibaba" (Mateo 27:51). Ang sakripisyong-handog na handa nang patayin (isang kumakatawan kay Jesus "ang Kordero ng Dios") ay tumakas mula sa kamay ng pari. Ito ay palatandaan na hindi na nais ng Dios na magalay ng mga handog na hayop ang sangkatauhan. Tinutupad ang propesiya ayon sa titik, "winakasan ni Jesus ang anumang" pangangailangan ng anupamang handog na mga sakripisyo. Mula nang mamatay si Kristo, ang mga tao ay nagtamo ng paglapit sa Dios hindi sa pamamagitan ng mga hayop na sakripisyo at mga taong pari, kundi sa pamamagitan ng Mesiyas, ang Kordero ng Dios at ang ating Punong Pari.

3. ANG KATIYAKAN NG PINATAWAD NA MGA KASALANAN

Ayon sa propesiya ni Daniel, bakit namatay si Jesus?

"Ang Mesiyas ay mahihiwalay ngunit hindi para sa kanyang sarili." Daniel 9:26.

Sa Kanyang kamatayan sa krus, si Jesus ay "mahihiwalay." Siya'y namatay, "hindi para sa kanyang sarili," hindi upang magbayad ng isang parusa para sa kanyang sariling kasalanan, kundi upang magbayad ng parusa para sa kasalanan ng buong sanlibutan.

Papaano nating malalaman na ang Dios ay pinatawad ang lahat nating mga kasalanan?

"Ang katuwirang mula sa Dios ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Kristo ng lahat ng mga sumasampalataya ... ANG LAHAT AY NAGKASALA,...at ngayon at itinuturing na GANAP na walang bayad sa PAMAMAGITAN NG KANYANG BIYAYA sa pamamagitan ng pagtubos na na kay Kristo Jesus ... SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA SA KANYANG DUGO." Roma 3:22-25.

Ang mga susing paksa sa mga talatang ito ay: Tayong "lahat ay nagkasala," ngunit dahil sa "biyaya" ng Dios ang lahat ay



"itinuring na ganap" yaong may "pananampalataya" sa lumilinis na kapangyarihan ng "dugo" ni Kristo. Kapag tayo'y inaring-ganap, ipinahahayag ng Dios na tayo'y hindi makasalanang, na inaalis ang pagkakasala ng ating nakaraang mga kasalanan. At ipinahahayag tayo ng Dios na matuwid: "ang katuwirang mula sa Dios ay dumating sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Kristo."

Ang lahat sa atin na napagod na sa pakikipagpunyagi na maging sapat na mabuti, upang maging sukatan ang ating sarili, ay makakasumpong ng tunay na kapahingahan sa mabiyayang pagtanggap ni Kristo. Kanyang ipinapangako: "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan" (Mateo 11:28). Tayong lahat na nabibigatan ng mga pilat mula sa nakaraan at ng masakit na pandama ng kakulangan at kahihyan, ay makakasumpong ng kapayapaan at kaganapan kay Kristo.

4. ANG PANAHOON NG PAGPAPASIMULA NG PAGHUHUKOM

Sa ika-walong kabanata ng Daniel, ipinakita ng isang anghel sa propeta ang isang dakilang tanawin ng hinaharap. Nakita ni Daniel (1) ang isang lalaking tupa, (2) isang lalaking kambing, at (3) mula sa isa sa mga sungay ng lalaking kambing, "ay lumitaw ang isang maliit na sungay na naging lubhang makapangyarihan" (Daniel 8:8, 9); mga sagisag na kumakatawan sa (1) Medo-Persia, (2) Grecia, at (3) Roma (Daniel 8:1-12, 20-26).

Ano ang ika-apat na bahagi ng propesiya?

" 'Hanggang kailan magtatagal ang pangitaing ito tungkol sa patuloy na handog na sinusunog ...?' At sinabi niya sa akin, 'Hanggang sa 2,300 hapon at umaga (o araw, sa Hebreo); pagkatapos na malinis ang santuwaryo.' Daniel 8:13, 14.

Si Daniel ay nawalan ng malay bago maipaliwanag ng Anghel ang kahulugan ng 2,300-araw na bahagi ng propesiya, at ang ika-walong kapitulo ay nagtapos na walang anumang pagpapaliwanag dito. Ngunit nang huli, ang anghel ay muling bumalik at sinabi:

"Kaya't isaalang-alang mo ang salita at unawain ang pangitain: Pitumpung 'pito' (sanlinggo, sa Hebreo) ang itinakda (pinutol sa Hebreo) sa iyong bayan at sa iyong banal na lunsod; upang tapusin ang pagsuway, wakasan ang pagkakasala, at gumawa ng pagtubos para sa kasamaan." Daniel 9:22-24.

Ang 2,300 araw ay katumbas ng 2,300 taon, ang bawat araw ay kumakatawan sa isang taon (Ezekiel 4:6). Ang pitumpung sanlinggo, o 490 taon, ay bumubuo sa unang bahagi ng mahabang panahon ng 2,300 taon. Ang mga panahong ito ay kapwa nagpasimula noong 457 B.C. nang ang Persia ay nagpalabas ng kautusang "ibalik at muling itayo ang Jerusalem." Ibawas ang 490 taon mula sa 2,300 taon, ay maiiwan ang 1,810. Idagdag ang 1,810 taon sa A.D. 34, nang matapos ang 490 taon, ay ay magdadala sa atin sa A.D. 1844.

5. ANG MAKALANGIT NA SANTUWARYO AY NILINIS - ISANG PAGHUHUKOM

Sinabi ng anghel kay Daniel na sa 1844, sa katapusan ng 2,30 taon, "ay malilinis ang santuwaryo" (Daniel 8:14). Ngunit ano ang ibig sabihin nito? Buhat nang A.D. 70 nang wasakin ng mga Romano ang Jerusalem, ang bayan ng Dios ay walang templo sa lupa. Kaya ang santuwaryo na lilinis, simula noong 1844, ay ang makalangit na santuwaryo na inilalarawan ng santuwaryo sa lupa.



Ngayon, anong ibig sabihin ng paglilinis ng santuwaryo sa langit? Ang sinaunang Israel ay tinawag ang araw para sa paglilinis ng santuwaryo sa lupa na Yom Kippur, ang Araw ng Pagtubos. Ito ay tunay na araw ng paghuhukom.

Gaya ng ating natuklasan sa Gabay 12, ang gawain ni Kristo para sa atin sa santuwaryo ay may dalawang bahagi: (1) Ang araw-araw na

paghahandog ay nakatuon sa paglilingkod ng pari sa unang silid ng santuwaryo, ang Banal na Dako. (2) Ang taunang paghahandog ay nakatuon sa paglilingkod ng Punong Pari sa ikalawang silid, ang Kabanal-banalang Dako (Levitico 16).

Sa santuwaryo sa lupa, samantalang ikinukumpisal ng mga tao araw-araw ang kanilang mga kasalanan, ang dugo ng pinatay na hayop ay iwiniwisik sa sulok ng dambana, pagkatapos ay inililipat sa Dakong Banal (Levitico 4 at 6). Kung kaya, sa sagisag, araw-araw ang mga naikumpisal na mga kasalanan ay dinadala sa santuwaryo at inilalagay doon.

Pagkatapos bawat taon, sa Araw ng Pagtubos, ang santuwaryo ay nililinis mula sa lahat ng mga kasalanan na naikumpisal sa nakaraang taon (Levitico 16). Upang magkabisang paglilinis na ito, ang Punong Pari ay gumagawa ng tanging paghahandog ng isang itinalagang kambing. Kanyang dinadala ang dugo nito sa Kabanal-banalang Dako at iwiniwisik ang lumilinis na dugong ito sa harap ng pantubos na takip upang ipakita na ang dugo ni Jesus, ang darating na Manunubos, ay pambayad sa kaparusahan ng kasalanan. Ang Punong Pari pagkatapos ay simbolikong aalisin ang ikinumpisal na mga kasalanan mula sa santuwaryo at ilalagay sa ibabaw ng ulo ng isa pang kambing, na pawawalan sa ilang upang mamatay (Levitico 16:20-22).



Ang seremonyang ito sa taunang Araw ng Pagtubos ay lumilinis sa santuwaryo mula sa kasalanan. Ito'y itinuturing ng mga tao na isang araw ng paghuhukom sapagkat yaong tumangging ikumpisal ang kanilang mga kasalanan ay ipinalalagay na hindi matuwid at "ititiwalag sa Kanyang bayan" (23:29).

Ang simbolikong ginawa ng Punong Pari minsan isang taon, ay ginawa ni Jesus na minsan para sa lahat ng panahon bilang ating Punong Pari (Hebreo 9:6-12). Sa dakilang araw ng paghukom Kanyang aalisin sa santuwaryo ang ikinumpisal na mga kasalanan ng lahat ng mga tumanggap sa Kanya bilang kanilang Tagapagligtas. Kung ating ikinumpisal ang ating mga kasalanan, Kanyang walang hanggang papawiin ang tala ng ating mga kasalanan sa panahong yaon (Mga Gawa 3:19). Ang ministryong ito ay gawain ng paghuhukom na sinimulan ni Jesus noong 1844.

Noong 1844 nang ang oras ng paghatol ng Dios ay nagsimula sa langit, ang pabalita ng isang paghuhukom ay sinimulang ipangaral sa buong sanlibutan (Apokalipsis 14:6-7). Ang hinaharap na gabay sa TUKLASIN ay tatalakayin ang pabalitang ito.

6. PAGHARAP SA TALAAN NG IYONG BUHAY SA PAGHUHUKOM



Buhat noong 1844 si Kristo, bilang Hukom, ay sinisiyasat ang talaan ng bawat tao na kailan ma'y nabuhay upang pagtibayin kung sino ang makakasama sa mga ligtas sa pagbabalik ni Jesus. Bilang ating Hukom, si Hesus "ang papawi" sa lahat ng mga kasalanan ng mga matuwid sa talaan ng kanilang buhay sa langit (Mga Gawa 3:19).

Kapag ang iyong pangalan ang sumapit sa paghuhukom, magiging madali na harapin ang talaan ng iyong buhay-KUNG iyong tinanggap si Kristo bilang iyong Kahalili. At kapag ang paghuhukom sa mga banal ay natapos, si Jesus ay babalik dito sa lupa upang bigyan sila ng gantimpala (Apokalipsis 22:12, 14).

Handa ka ba para sa pagbabalik ni Jesus? O mayroon kang itinatago sa Kanya? Ikaw ba'y mayroong bukas at matapat sa pakikisama sa ISA na nangako:

"Kung ipahahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinis sa lahat ng kalikuan." 1 Juan 1:9.

Ang pangungumpisal ay nangangahulugan lamang ng pagsangayon na harapin ang ating mga kasalanan, tanggapin ang kapatawaran ng Dios, at kilalanin ang ating pangangailangan ng Kanyang kapangyarihan at biyaya.

Samantalang dumadalaw sa bilangguan sa Potsdam, si Haring Frederick William 1 ay nakinig sa mga pakiusap para sa pagpapatawad. Lahat ng mga bilanggo ay nanumpa na ang mga maling palagay ng mga hukom, nagsinungaling na mga saksi o mga walang ingat na manananggol ang may kapanagutan sa kanilang pagkabilanggo. Gayundin ang kasaysayan ng lahat ng mga nasa bawat selda.

Ngunit sa isang selda ay walang masabi ang nakabilanggo. Nagtataka, si Frederick ay nagbiro, "iniisip kong ikaw ay wala ring kasalanan."

"Hindi po, Kamahalan," sagot ng lalaki, "ako'y nagkasala at lubos na nararapat sa lahat ng aking natamo."

Malakas ang tinig na tinawag ng hari ang bantay, "Halika at palayaing madali ang tampalasang ito, bago niya mapasama ang mabuting kapalaran ng mga walang-malay na mga taong ito."

Papaano tayo naghahanda para sa paghuhukom? Papaano tayo naghahanda para sa pagbabalik ni Kristo? Sa pamamagitan lamang ng matapat na pangungumpisal ng katotohanan: Lubos akong nararapt sa kaparusahang aking natamo para sa aking mga kasalanan, ngunit may Isang kumuha ng aking lugar at nagbigay sa akin ng kahanga-hangang kapatawaran.

Gumawa ng pagtatalaga ngayon na anuman ang mangyari, iingat mo ang iyong relasyon kay Kristo nang matapat na mata sa mata at dalisay na puso sa puso.

ANG LIHIM NG TINUGONG PANALANGIN



Si Anatoli Levitin, isang Rusong manunulat at mananalaysay, ay gumugol ng maraming taon sa Siberian Gulag kung saan ang mga pakiusap sa Diyos ay tila namuo sa lamig sa lupa. Ngunit siya ay bumalik na waring may angkop na espiritu. "Ang pinaka-dakilang kababalaghan sa lahat ay panalangin," ang naisulat niya. "Dapat lamang na isipin kong humarap sa Dios at kaagad ay nakadarama ako ng isang lakas na bumubuhos sa akin na kung saan nagmula, sa aking kaluluwa, sa aking buong katauhan. Ano ito? Saan ko makukuha, ako na isang wala nang halagang matanda at pagod na sa buhay, ang kalakasang ito na binabago at inililigtas ako, na itinataas ako mula sa lupa? Ito ay nagmumula sa labas ko - at walang lakas sa sanlibutan na kailanman ay makalalaban dito."

Sa gabay na ito makikita natin kung papaano tayo matutulungan ng panalangin na magtayo ng higit na malakas na relasyon sa Diyos at isang malusog na buhay Kristiyano.

1. PAKIKIPAG-USAP SA DIYOS

Papaano tayo makakatiyak na naririnig tayo ng Diyos kapag tayo ay nananalangin?

"At kayo'y tatawag sa akin, at kayo'y lalapit at DADALANGIN SA AKIN. at DIRINGGIN KO KAYO. Hahanapin ninyo ako at matatagpuan kapag hinanap ninyo ako nang buong puso." Jeremias 29:12, 13.

Anong katiyakan ang ibinigay ni Jesus na Kanyang pakikinggan at sasagutin ang ating mga panalangin?

"At sinasabi ko sa inyo, humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo, at kayo'y makakakita; tumuktok kayo at kayo'y pagbubuksan." Lucas 11:9.

Ang panalangin ay isang dalawahang-daan na pakikipag-usap. Iyan ang ipinangako ni Jesus:

"Makinig ka! Ako'y nakatayo sa may pintuan at tumutuktok; kung diringgin ng sinuman ang aking tinig at buksan ang pinto, ako'y papasok sa kanya, at kakaing kasalo niya, at siya'y kasalo ko." Apokalipsis 3:20.

Papaanong mangyayari na uupo at magkakaroon ka ng pakikipag-usap kay Kristo sa harap ng isang magandang hapunan? Una, sa pagsasabi sa Kanya ng lahat na nasa ating puso sa panalangin. Pangalawa, sa maingat na pakikinig. Sa ating pagbubulay-bulay sa panalangin, ang Diyos ay maaaring magsalita sa atin nang tuwiran. Sa ating pagbabasa ng Salita ng Diyos na may pagtatalaga, ang Diyos ay magsasalita sa atin sa pamamagitan ng mga pahina nito.

Ang panalangin ay maaaring maging paraan ng buhay para sa Kristiyano.



"MANALANGIN KAYONG WALANG PATID; Sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo, sapagkat ito ang kalooban ng Diyos kay Kristo Hesus para sa inyo," 1 Tesalo- nica 5:16-18.

Papaano tayong "mananalangin nang walang patid"? Tayo ba ay kinakailangang palaging nakaluhod o patuloy na inuulit-ulit ang mga parirala ng pagpupuri o pakiusap? Hindi naman. Ngunit dapat tayong mabuhay na totoong malapit kay Jesus na nadarama nating malaya tayong magsalita sa Kanya anumang

oras, saan mang lugar.

"Sa mga kalipunan ng mga tao sa lansangan, sa gitna ng paghahanap-buhay, magpadala tayo sa itaas ng kahilingan sa Diyos at makiusap para sa banal na pamamatnubay.... Dapat na mayroon tayong isang laging bukas na pinto ng puso at paanyaya na si Hesus ay dumating at manirahan na isang makalangit na panauhin sa kaluluwa." - Steps to Christ, p. 99.

Ang isa sa pinaka-mabuting pagpapaunlad ng ganitong uri ng malapit na relasyon ay matutong magbulay-bulay sa ating panalangin.

"Maging kalugud-lugod nawa sa kanya ang aking pagbubulay-bulay, para sa akin, ako'y magagalak sa PANGINOON" Mga Awit 104:34.

Huwag kang nagmamadali sa iyong mga kahilingan kapag ikaw ay nananalangin. Maghintay. Makinig. Ang isang maikling panalangin ng pagbubulay-bulay ay maaring lubos na makapagpalago sa iyong pakikisama sa Diyos.

"Lumapit kayo sa Diyos, at siya'y lalapit sa iyo." Santiago 4:8.

Kung lagi tayong malapit kay Jesus, lalo nating mararanasan ang Kanyang pakikiharap. Kaya laging manatiling malapit na nakikipag-usap kay Hesus, at huwag alalahanin ang pagsasabi ng mga tamang salita. Basta magsalita na may katapatan at hayag. Sabihin ang lahat ng bagay. Dinanas Niya ang pait ng kamatayan upang Siya ay iyong maging Pinakamatalik na Kaibigan.

2. PAPAANONG MANANALANGIN

Kapag tayo ay nanalangin, maaaring sundin natin ang balangkas ng Panalangin ng Panginoon, ang huwaring panalangin na itinuro ni Hesus sa Kanyang mga alagad sa pagtugon sa kanilang kahilingan: "Turuan mo kaming manalangin."



"Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo. Dumating nawa ang kaharian mo, masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa. Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw at patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin. At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama. Sapagkat iyo ang kaharian, ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman. Amen." Mateo 6:9-13.

Sang-ayon sa huwaring inilaan ni Hesus sa Kanyang panalangin, tayo ay lalapit sa Diyos bilang ating Makalangit na Ama. Hilingin na ang Kanyang kalooban ang mangyari sa ating mga puso tulad ng ang Kanyang kalooban ang nangyayari sa langit. Hinahanap natin Siya para sa ating pisikal na mga pangangailangan, para sa kapatawaran, at para sa isang nagpapatawad na kaisipan. Alalahanin natin na ang ating kakayahan na labanan ang kasalanan ay nagmumula sa Diyos. Ang panalangin ni Kristo ay kasama ang pagpapahayag ng papuri.

Sa isa pang pagkakataon itinuro ni Hesus sa Kanyang mga alagad na manalangin sa Ama "sa aking pangalan" (Juan 16:23) - yaon ay upang manalangin na katugma ng mga simulain ni Hesus. Kung kaya ang mga Kristiyano kadalasa'y tinatapos ang kanilang mga panalangin ng mga salitang: "Sa pangalan ni Hesus, Amen." Ang Amen ay isang salitang Hebreo na nangangahulugang "Mangyari nawang gayon."

Bagaman ang Panalangin ng Panginoon ay nagbibigay ng mga gabay kung ano ang ipananalangin at kung papaano magbabalangkas ng isang panalangin, ang ating pakikipag-usap sa Diyos ay gumagawang higit na mabuti bilang kusang akda puso.

Maaari tayong manalangin ng tungkol sa lahat ng bagay. Inaanyayahan tayo ng Diyos na manalangin tungkol sa kapatawaran ng ating mga kasalanan (1 Juan 1:9), pinasulong na pananampalataya (Marcos 9:24), mga pangangailangan sa buhay (Mateo 6:11), paggaling para sa paghihirap at karamdaman (Santiago 5:15), at ang pagbubuhos ng banal na Espiritu (Zacarias 10:1). Tinitiyak sa atin ni Hesus na maaari nating dalhin ang lahat ng ating pangangailangan at mga alalahanin sa Kanya; walang totoong maliit upang idalagin.

"Ilagak ninyo sa kanya ang lahat ng inyong kabalisan, sapagka't siya'y nagmamalasakit sa inyo." 1 Pedro 5:7.

Ang ating Tagapagligtas ay nananabik sa bawat detalye ng ating buhay. And Kanyang puso ay umaalab kapag ang ating mga puso ay umaabot sa Kanya para sa pag-ibig at pananampalataya.

3. PANSARILING PANANALANGIN



Marami sa atin ay may mga bagay na bantulot nating ibahagi kahit sa pinakamalapit nating mga kaibigan. Kaya ang Diyos ay nag-aanyaya sa atin na magbaba ng ating mga pasanin sa pansarili nating pananalangin. Hindi dahil sa kailangan Niya ang anumang impormasyon. Ang Makapangyarihan sa lahat ay nalalaman ang ating mga lihim, mga ikinatatakot, natatagong mga hangarin, at inilibing na pagdaramdam nang higit kaysa atin. Ngunit kinakailangan na buksan natin ang ating puso sa ISA na nakakakilala sa atin at umiibig sa atin nang walang hanggan. Ang paggaling ay magsisimula kapag nahipo ni Hesus ang ating sugat
Kapag tayo ay nanalangin, si Hesus, ang ating Punong Pari, ay malapit upang tulungan tayo:

"Sapagkat tayo'y mayroong isang Pinakapunong Pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan, isa na TINUKSO SA LAHAT NG MGA PARAAN, GAYA RIN NAMAN NATIN - gayon man ay walang kasalanan. Kaya't lumapit tayong may katapangan sa trono ng biyaya, upang tayo'y tumanggap ng awa, at makatagpo ng biyaya ng makatutulong sa panahon ng pangangailangan." Hebreo 4:15, 16.

Nadarama mo bang ikaw ay nababagabag, bagot at maysala? Ilagay mo sa harapan ng Panginoon. Maaari Siyang maglaan sa lahat ng ating mga pangangailangan.

Dapat ba tayong mayroong isang tanging lugar para sa pansariling pananalangin?

"Ngunit kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at pagkasara mo ng iyong pinto ay manalangin ka sa iyong Ama, na gagantipalaan ka." Mateo 6:6.

Bukod sa pananalangin habang naglalakad sa daan, gumagawa sa gawain, o nagsasaya sa isang pagtitipon, ang bawat Kristiyano ay dapat na may panahong nakalaan sa bawat araw para sa personal na pananalangin at pag-aaral ng Biblia. Gawin ang iyong araw-araw na pakikipagtagpo sa Diyos sa panahon na pinakamabuti ang iyong pakiramdam at masiglang makapag-ukol ng pansin.



4. PANANALANGING PANGMADLA

Ang pakikisama sa iba sa pananalangin ay lumilikha ng isang tanging buklod at nag-aanyaya sa kapangyarihan ng Diyos sa isang tanging paraan.

"Sapagkat kung saan nagkakatiyon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroon ako sa gitna nila." Mateo 18:20.

Isa sa pinakadakilang bagay na magagawa natin bilang isang sambahayan ay pasulungin ang buhay ng sama-samang pananalangin. Ipakita sa inyong mga anak na maaari nating dalhin nang tuwiran ang ating mga pangangailangan sa Kanya. Sila ay mananabik tungkol sa Diyos sa pagkakita nilang Siya ay tumutugon sa panalangin para sa praktikal na detalye ng buhay. Gawin na isang masaya, maginhawang panahon ng pagbabahagi ang pagsambang sambahayan

5. PITONG LIHIM NG TINUGONG PANALANGIN

Nang si Moises ay manalangin, ang Dagat na pula ay nahawi. Nang si Elias ay manalangin, ang apoy ay bumaba mula sa langit. Nang si Daniel ay manalangin, isang anghel ang nagsara sa mga bibig ng matatapang na leon. Ang Biblia ay naghaharap sa atin ng maraming kapanapanabik na mga tala ng mga sinagot na panalangin. At ito ay nagmumungkahi ng panalangin na siyang paraan upang makakabit ka sa napakalakas na kapangyarihan ng Diyos. Si Hesus ay nangangako:

"Kung kayo'y humihingi ng anuman sa pangalan ko ay gagawin ko." Juan 14:14.

Ngunit ang ibang mga panalangin ay tila hindi pinakikinggan. Bakit? Narito ang pitong simulain na tutulong sa iyo na manalangin nang higit na mabisa:

(1) Manatiling malapit kay Krsito.

"KUNG KAYO AY MANANATILI SA AKIN, at ang mga salita Ko'y mananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito'y gagawin para sa inyo." Juan 15:7.

Kapag ginawa nating pangunahin ang ating pakikipag-ugnay sa Diyos at manatiling kaugnay Niya, tayo ay makikinig at hahanap ng mga kasagutan sa ating mga panalangin na, maaaring hindi napapansin.

(2) Patuloy na magtiwala sa Diyos.

"At anumang bagay na iyong hingin sa panalangin na may PANANAMPALATAYA ay inyong tatanggapin." Mateo 21:22.

Ang manampalataya, o magkaroon ng pananampalataya, ay nangangahulugang tunay tayong tumitingin sa ating Makalangit na Ama upang sapatang ang ating mga pangangailangan. Kapag ikaw ay naguguluhan sa kakulangan ng pananampalataya, alalahaning ang ating Tagapagligtas ay gumawa ng isang himala para sa isang lalaking nakiusap sa kawalan ng pag-asa:

"Nananampalataya ako; tulungan mo ang kawalan ko ng pananampalataya." Marcos 9:24.

Sidhian lamang ang pagsasanay ng pananampalatayang TAGLAY mo; huwag mong alalahanin ang pananamapalatayang WALA sa iyo.

(3) Sumukong mahinahon sa kalooban ng Diyos.

"Ito ang ating kapanatagan sa Kanya, na kung tayo'y humingi ng anumang bagay na AYON SA KANYANG KALOOBAN, tayo'y pakikinggan Niya." 1 Juan 5:14.

Alalahaning nais ng Diyos na turuan tayo, gayon din na bigyan tayo ng mga bagay, sa pamamagitan ng pananalangin. Kaya kung minsan sinasabi Niyang, "HINDI"; kung minsan ay ibinabaling Niya tayo sa ibang direksyon. Ang panalangin ay paraan upang tayo ay higit pang kaugnay ng kalooban ng Diyos. Kailangan nating makiramdam nang mabuti sa mga katugunan ng Diyos at matuto tayo sa mga yaon. Ang pagalam sa mga tiyak na kahilingan at kung ano ang nangyari bilang bunga ay isang



mabuting tulong.

Ang Banal na Espiritu ay tutulong sa iyo na malagay sa tamang kalagayan: "Ang Espiritu ay mamamagitan sa mga banal sangayon sa kalooban ng Diyos." (Roma 8:27). Tandaang ang ating kalooban ay lalaging angkop sa kalooban ng Diyos kung ating nakikita ang Kanyang nakikita.

(4) Matiyagang maghintay sa Diyos.

"MATIYAGA AKONG NAGHINTAY SA PANGINOON; kumiling Siya sa akin at pinakinggan ang aking daing." Mga Awit 40:1.

Ang pangunahing layunin dito ay panatilihin ang iyong pansin sa Diyos, at ingatan na palagi kang nakatuon sa Kanyang mga kalutasan. Huwag kang hihingi ng tangkilik sa Diyos sa isang sandali at pagkatapos ay sisikapin mong lunurin ang iyong mga kabagabagan sa paghahanap ng kalayawan. Maghintay kang matiyaga sa Panginoon; kailangang-kailangan natin ang disiplinang ito.

(5) Huwag manghawak sa anumang kasalanan.

"Kung IINGATAN KO ANG KASALANAN SA AKING PUSO; ang Panginoon ay hindi makikinig." Mga Awit 66:18.

Ang nalalamang pagkakasala ay pumuputol sa kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay; inihihiwalay tayo nito sa Diyos (Isaias 59:1-2). Hindi maaaring nakakapit ang isang kamay sa kasalanan at ang isang kamay ay iniaabot para sa banal na tulong. Ang matapat na pagsisisi at pagngungumpisal ang makalulutas sa suliranin.

Kung ayaw nating pahintulutan ang Diyos na palayain tayo mula sa masamang isipan, mga salita, at mga gawa, ang ating mga panalangin ay hindi magiging mabisa.

"Kayo'y humihingi at hindi tumatanggap, sapagkat humihingi kayo sa masamang dahilan, upang gugulin ninyo ito sa inyong mga kalayawan." Santiago 4:3.

Ang Diyos ay hindi sasagot ng "Oo" sa mga makasariling panalangin. Panatilihing bukas ang iyong mga pakinig sa mga kautusan ng Diyos, sa Kanyang kalooban, at Kanyang pananatilihing bukas ang Kanyang pakinig sa iyong mga pananambitan.

"Ang naglalayo ng kanyang pandinig sa pakikinig sa kautusan, maging ang kanyang mga dalangin ay karumal-dumal." Kawikaan 28:9.

(6) Damahin ang pangangailangan sa Diyos.

Ang Diyos ay tumutugon sa mga humihingi ng Kanyang pakikiharap at kapangyarihan sa kanilang buhay.

"Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin." Mateo 5:6.

(7) Magpilit sa panalangin.

Inilarawan ni Jesus ang pangangailangan ng pagpipilit sa ating mga inihihibik sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng kasaysayan ng mapilit na balo na laging lumalapit sa hukom tungkol sa kanyang kahilingan. Sa wakas sinabi ng hukom sa pagkayamot, "Dahil sa ginagambala ako ng balong ito, bibigyan ko siya ng katarungan. Pagkatapos ay sinabi ni Hesus: "At hindi ba bibigyan ng Diyos ng katarungan ang Kanyang mga pinili, na sumisigaw sa Kanya araw at gabi? Kanya bang matitiis sila?" (Lucas 18:5-7)

Talakayin mo ang lahat mong pangangailangan, pag-asa, at pangarap sa Diyos. Humingi ng partikular na mga pagpapala, tulong sa panahon ng pangangailangan. Patuloy na maghanap, at patuloy na makinig,

hanggang sa matuto ka ng isang bagay mula sa katugunan ng Diyos.

6. ANG MGA ANGHEL AY NAGLILINGKOD SA MGA PANGANGAILANGAN NIYAONG MGA NANANALANGIN

Ang mang-aawit ay nagsaya na sa pamamagitan ng paglilingkod ng anghel ng Panginoon ang kanyang mga panalangin ay sinagot:

"Hinanap ko ang PANGINOON, at ako'y kanyang sinagot, at iniligtas Niya ako sa lahat kong mga takot.... Ang anghel ng PANGINOON ay nagbabantay sa palibot ng mga natatakot sa kanya, at inililigtas sila." Mga Awit 34:4-7.

Kapag tayo ay nanalangin, ang Diyos ay nagsusugo ng mga anghel upang sumagot sa ating mga panalangin (Hebreo 1:14). Ang bawat Kristiyano ay may kasamang anghel na nagbabantay:

"Pagingatan ninyong huwag hamakin ang isa man sa maliit na ito, sapagkat sinasabi ko sa inyo, ang kanilang mga anghel sa langit ay patuloy na nakikita ang mukha ng aking Ama na nasa langit." Mateo 18:10.

Dahil sa ating mga panalangin:

"Ang Panginoon ay malapit. Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at pagsamo na may pagpapasalamat ay ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos. At ang kapayapaan ng Diyos na hindi maabot ng pag-iisip ang mag-ingat sa inyong mga puso at mga pag-iisip kay Kristo Hesus." Filipos 4:5-7.

7. ANG PARAAN NG BUHAY NG MGA KRISTIYANO

Ang Biblia ay naglalarawan ng tanging ibang paraan ng buhay ng Kristiyano. Sang-ayon sa Efeso 4:22-24, ang Kristiyano ay dapat na "alisin" ang dating paraan ng buhay, na bunga ng "mapandayang pagnanasa," at kayo ay "magbihis" ng bagong paraan ng buhay "na nilalang ayon sa wangis ng Diyos." Sa kasulatang ito at sa Patnubay 6 ay ating natuklasan na sa bagong pagkapanganak tayo ay "muling-nilikha" upang maging kakaibang tao kay Kristo.

Ang gabay na ito at ang anim pang susunod, ay magpapakita ng paraan ng pamumuhay ng Kristiyano; sila ay naghahayag ng lihim ng isang masayang buhay Kristiyano. Sila ay tutulong sa iyo na magkaroon ng higit na malakas na relasyon kay Kristo na magbubunga ng naiibang paraan ng buhay-Kristiyano. Kaya ituon ang iyong mga mata kay Jesus ngayon at ikaw ay magiging bahagi ng katapusang pagdiriwang ng tagumpay kapag ang kapayapaan ni Kristo ang maghahari na nang walang humahamon.



ANG LIHIM NG KALIGAYAHAN

Noong 1943 ay ipinadala sa isang kampong kulungan sa lalawigan ng Shantung sa China ng mananakop na hukbo ng Hapon ang daan-daang "mga nasyonal na kaaway" na mga Amerikano at Europeo. Sila'y nagtiis ng mga buwan ng pagkabagot, kabiguan, pagsisiksikan, at takot. Ang kakanyahan ng pagkatao ay nagbabanggaan, ang mga damdamin ay sumiklab, ang maliliit na alitan ay lumubha.

Ngunit isang lalaking inilarawan ng isang nakapiit na "walang alinlangang isang taong higit na kinakailangan at higit na iginagalang at minamahal sa kampo" -si Eric Liddell, isang misyonerong mula sa Scotland.

Isang Rusong patutot sa kampo ang sa huli'y naala-ala na si Liddell ay siyang tanging lalaki na kailan ma'y nakagawa ng anumang para sa kanya na hindi nagnais ng anumang kabayaran. Nang siya'y unang dumating sa kampo, nag-iisa at pinagmamalakihan, si Liddell ang gumawa ng ilang sisidlan para sa kanya.



Isa pang bilanggo ang nakaalaala, "siya'y may mahinahon, masayahing paraan ng pag-aayos ng nagugulong mga kalooban."

Sa isang galit na pagtatagpo ng mga bilanggo, ang lahat ay nag-uutos na dapat may isang gagawa ng paraan para sa mga talubatang nasasangkot sa kaguluhan. Si Liddell ay nakaisip ng lunas. Siya'y nagtatag ng mga larong pampalakasan, mga gawaing sining, at mga klase para sa mga bata, at nagpasimulang gugulin ang kanyang mga gabi na kasama nila.

Si Liddell ay nagkamit ng katanyagan at parangal sa Olimpiyada noong 1924 at tumanggap ng medalyang ginto sa 400 metrong takbuhin. Ngunit sa manhid na kapaligirang yaon, ipinakita niya ang kanyang sarili na isang nagwagi sa takbuhing Kristiyano, at tinamo ang paghanga ng maraming makasanlibutang mga bilanggo

Ano ang dahilan upang siya ay mapatangi? Sana'y natuklasan ninyo ang kanyang lihim tuwing ika-anim ng umaga. Yaon ay panahon na dahan-dahan siyang dumaraan sa mga natutulog pang mga kasamahan, uumupo sa tabi ng mesa, at magsisindi ng maliit na ilawan upang magbigay liwanag sa kanyang talaan at Biblia. Si Eric Lindell ay naghahanap ng biyaya at kalakasan araw-araw sa mga kayamanan ng Salita ng Dios.



1. ANG GABAY-NA-AKLAT SA PARAAN NG BUHAY-KRISTİYANO

Ang Biblia ay isinulat na isang gabay-na-aklat para sa Kristiyano. Ito ay puno ng mga kasaysayan ng mga tunay na taong gaya natin na nakaranas ng mga hamong hinaharap natin araw-araw. Ang makilala ang mga tauhang ito sa Biblia-ang kanilang mga kaligayahan at kalungkutan, ang kanilang mga suliranin at mga pagkakataon-ay makakatulong sa atin na maging mga matitibay na Kristiyano.

Ang mang-aawit na si David ay inilalarawan ang ating araw-araw na pag-asa sa Salita ng Dios sa pamamagitan ng paghahambing nito sa isang liwanag:

"Ang Iyong salita ay isang ilawan sa aking mga paa at isang liwanag sa aking landas." Mga Awit 119:105.

Ang liwanag na nakukuha natin araw-araw sa Biblia ay liniliwanag ang mga katangiang kailangan natin sa ating buhay at ang mga simulain ng paglagong espirituwal. Higit sa lahat, ang Biblia ay inihaharap

tayo kay Jesus, ang Liwanag ng Sanlibutan. Ang buhay ay nagkakaroon lamang ng kahulugan kapag si Jesus ay nagliliwanag dito.

2. ISANG BUMABAGONG PAKIKIPAGKAIBIGAN



Nais ni Kristo na ang Biblia ay maging tunay sa iyo tulad ng isang personal na lham mula sa isang malapit na kaibigan.

"Tinatawag ko kayong mga kaibigan sapagkat ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay ipinaalam ko sa inyo." Juan 15:15.

Nais ni Jesus ang pinakamabuti para sa atin. Ang Kanyang Salita ay nagdadala sa atin sa panloob na samahan ng Dios; yaong Kanyang pinagtatapatan at personal na tinuturuan.

"Ang mga bagay na ito ay sinasabi ko sa inyo, upang sa akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan." Juan 16:33.

Upang maranasan ang kapayapaang ito, itong matiwasay na kaugnayan kay Kristo, kinakailangan nating basahin ang mga sulat na ipinadadala Niya sa atin. Gayon ang Biblia: pakikipagtalastasan mula sa langit. Huwag pabayaang ang mga sulat na ito ay hindi nabubuksan. Ang bumabagong pabalita na kailangan mo ay nasa Salita.

Narito ang isang karaniwang patotoo tungkol sa kahalagahan ng Biblia: "Kinakailangan ko ang tulong, at nasumpungan ko ito kay Jesus. Ang bawat ninanais ay nasapatan, ang pagkagutom ng aking kaluluwa ay nabusog; ang Biblia para sa akin ay pagpapahayag ni Kristo. Naniniwala ako kay Jesus dahil Siya sa akin ay banal na Tagapagligtas. Ako'y naniniwala sa Biblia sapagkat nasumpungan ko ito na tinig ng Dios sa aking kaluluwa." --The Ministry of Healing, p. 461.

3. MGA PATNUBAY PARA SA PAMUMUHAY SA BIBLIA AT SA SAMPUNG UTOS

Ang sandaling pagtingin sa Sampung Utos ay makatutulong sa atin na maunawaan kung bakit ang mga ito at ang Biblia ay mga batayang hindi dapat na mawala para sa matuwid na pamumuhay.

Ang Mga Utos ay may dalawang bahagi. Ang unang apat ay nililiwanag ang ating relasyon sa Dios, at ang huling anim ay nagbibibay kahulugan sa ating relasyon sa ating kapwa tao. Ang mga ito'y masusumpungan sa Exodo 20: 3-17.

Ang unang dalawang utos ay balangkas ng ating relasyon sa Dios at pagsamba sa Kanya.

I. "Huwag kang magkakaroon ng ibang Dios sa harap ko."

II. "Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng isang diosdiosan.... Huwag mo silang yuyukuran, o paglilingkuran man sila..."

Ang ikatlo at ika-apat na utos ay balangkas ng ating relasyon sa pangalan ng Dios at sa Kanyang banal na araw.

III. "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng PANGINOON mong Dios sa walang kabuluhan..."

IV. "Alalahanin mo ang araw ng Sabbath, upang ingatan itong banal. Anim na araw kang gagawa at iyong



gagawin ang lahat ng iyong gawain ngunit ang ika-pitong araw ay Sabbath sa PANGINOON mong Dios ..."

Ang mga utos na ika-lima at ika-pito ay pinangangalagaan ang buklod ng pamilya.

V. "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina..."

VII. "Huwag kang mangangalunya."

Ang mga utos na ika-anim, ika-walo, ika-siyam, at ika-sampu ay ipinagsasanggalang tayo sa relasyong panglipunan.

VI. "Huwag kang papatay."

VIII. "Huwag kang magnanakaw."

IX. "Huwag kang magiging sinungaling na saksi laban sa iyong kapwa."

X. "Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kpawa. Huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapwa ... o ang anumang bagay ng iyong kapwa."

Ang sampung utos ay nililiwanag ang ating pakikitungo sa Dios at sa ibang mga tao. Ito ang mga haliging gabay ng buhay-Kristiyano.

4. ANO ANG SINABI NI JESUS TUNGKOL SA SAMPUNG UTOS

Isang araw habang si Jesus ay nagtuturo, isang masiglang kabataang lalaki ang nagmadaling lumapit sa Kanya at nagtanong, "Guro, anong mabuting bagay ang dapat kong gawin upang magkaroon ako ng buhay na walang hanggan?" (Mateo 19:16). Nakita ni Jesus na siya'y nakikipagpunyagi sa suliranin ng pananalapi at pinayuhan siya na ipagbili ang kanyang mga tinatangkilik at "sumunod sa mga utos" (tal. 17).



Ang kabataang lalaki ay nagsikap na umiwas sa pagkilala ni Kristo ng kanyang suliranin sa pagtatanong kung aling utos ang Kanyang sinasabi. Si Jesus ay nagtala ng ilan sa Sampung Utos (mga talatang 18, 19).

Sa wakas ang "mayamang kabataang pinuno" ay tumalikod at umalis na nalulungkot (mga talatang 20-22). Maari niyang ayunan sa isip ang Sampung Utos, ngunit hindi niya masusunod ang espiritu ng kautusan sa pamamagitan ng pag-aalis ng kanyang makasariling paraan ng buhay.

Ang Sampung Utos ay ipinakikita sa atin ang hangganan kung saan ang isang malusog na pakikisama sa Dios at sa isa't isa, ay maaring lumago. Itinuro ni Jesus na ang pagsunod ang siyang daan sa tunay na kagalakan:

"Kung TINUTUPAD NINYO ANG AKING MGA UTOS, ay mananatili kayo sa aking pag-ibig, gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa Kanyang pag-ibig. Ang mga BAGAY NA ITO AY SINABI KO SA INYO upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo at ANG INYONG KAGALAKAN AY MALUBOS." Juan 15:10, 11.

5. GABAY SA ISANG MASAYANG BUHAY

Ang aklat ng Ecclesiastes ay isang ulat sa paghahanap ni Solomon ng kaligayahan. Kanyang itinala ang kanyang paghahanap ng kaligayahan sa mga kayamanan ng sanlibutan: magagarang mga tahanan, mabungang mga halaman, magagandang mga hardin, at taniman ng mga saganang prutas. Pinarami

niya ang mga alipin. Nasumpungan niya ang kanyang sarili na napalilibutan ng lahat na materyal na bagay na maaring naisin ng isang tao. Ngunit iniwasan siya ng kaligayahan; kanyang isinulat:

"Nang magkagayo'y minasdan ko ang lahat na ginawa ng aking mga kamay, at ang pagpapagal na aking ginugol sa paggawa nito, at muli, lahat ay walang kabuluhan at pakikipaghabulan sa hangin." Ecclesiastes 2:11.

Bumaling si Solomon sa paghahanap sa mga kalayawan ng sanlibutan ito sa pag-asa na makakasumpong siya ng kaligayahan. Siya'y nadala ng alak, babae, at awit. Ito sa wakas ang kanyang sinabi:

"Walang kabuluhan! Walang kabuluhan! Ang lahat ay walang kabuluhan!" Ecclesiastes 12:8.

Minsan nang natikman at nakita ni Solomon na ang Panginoon ay mabuti. Sa kanyang paghahambing ng maaga niyang buhay ng pagsunod sa Dios sa kanyang walang ingat na paghabol sa kaligayahan sa mga bagay ng kasalanan, ang kanyang hatol:

"Ito ang wakas ng bagay: lahat ay narinig. Matakot ka sa Dios, at sundin mo ang Kanyang mga utos; sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao." Ecclesiastes 12:13.

Nadama ni Solomon na maari niyang masumpungan ang isang maikling daan tungo sa kaligayahan sa isang mailap na buhay. Sa pagtatapos ng kanyang buhay, siya'y naging lubos na lalaki upang aminin ang kanyang pagkakamali. Upang iligtas ang iba sa gayunding mga pagkakamali, kanyang isinulat,

"Siya na nag-iingat ng kautusan, ay masaya siya." Kawikaan 29:18.

6. ANG SAMPUNG UTOS ISANG DI-MAARING MAWALANG GABAY NG BAGONG TIPAN

Sa Bagong Tipan, si Santiago ay nagpatunay:

"Sapagkat sinumang tumutupad sa buong kautusan, subalit lumalabag sa isa, ay nagkakasala sa lahat. Sapagkat siya na nagsasabi, huwag kang mangangalunya," ay ang nagsasabi rin, "Huwag kang papatay." Ngayon, kung ikaw ay hindi nangangalunya, ngunit pumapatay ka, ikaw ay lumalabag sa kautusan. Kayat magsalita kayo at kumilos na gaya ng mga taong hahatulan sa pamamagitan ng kautusan ng kalayaan." Santiago 2:10-12.

Si Charles Spurgeon, ang dakilang mangangaral na Baptist ng nakaraang daang taon, ay nagpahayag: "Ang kautusan ng Dios ay banal na kautusan-matuwid, makalangit, at sakdal... Walang isang kautusan na napakarami; walang isa na kakaunti, totoong ito'y walang kahambing na ang kanyang kasakdalan ay katunayan ng kanyang kabanalan."

Si John Wesley, isa sa mga nagtatag ng Iglesia Methodista ay isinulat ito tungkol sa tumatagal na likas ng kautusan: "Ang moral na kautusan na naglalaman ng Sampung Utos...Hindi Niya (Kristo) inalis ... Ang bawat bahagi ng kautusang ito ay nananatiling ipinatutupad sa lahat ng sangkatauhan sa buong panahon." Sermons, vol. 1, pp. 221, 222.



Si Billy Graham, ang pinakakagalang-galang na mangangaral na ebanghelika, ay may napakataas na pagpapahalaga sa Sampung Utos na anupa't siya'y nakasulat ng buong aklat tungkol sa kahalagahan nito sa mga Kristiyano.

7. KAPANGYARIHAN UPANG SUMUNOD

Ang Biblia at ang Sampung Utos ay mga di-magbabago, hindi maaaring mawala, at sakdal na gabay sa masayang pamumuhay. Ngunit ang mga puso ay nagkakatangali pa rin. Isang babae ang nagpahayag ng gaya nito: "Naniniwala akong ang Sampung Utos ay nananatili, ako'y nakakatiyak na ang pag-iingat nito ay aakay sa kaligayahan. Aking sinikap ang pinakamabuti na ingatan sila, ngunit hindi ko magawa, ako ay nagpapasimulang maniwala na walang sinumang maaaring makagagawa nito.

Ang hilig ng likas na tao ay sikaping mabuhay ng pagsunod sa mga utos ng Dios. Ngunit sa pagtugon sa gayong pagsisikap, paulit-ulit na mula sa loob ng pinaitim na puso ng isang tao ay dumarating ang bigong kasagutan, "Hindi ko masusunod!" Bakit? Sapagkat:

"Sapagkat ang kaisipan ng laman ay pagkapoot laban sa Dios; sapagkat hindi ito napasasakop sa kautusan ng Dios, at hindi nga maaari." Roma 8:7.

Ano ang layunin ng Sampung Utos?

"Sapagkat sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakilala sa kasalanan." Roma 3:20.

Ang tungkulin ng kautusan ay akayin tayo sa ganap na pagkadama na tayo'y walang pag-asang waglit na mga makasalanan na nangangailangan ng isang Tagapagligtas.

"Kaya't ang kautusan ay naging ating tagasupil hanggang sa dumating si Kristo, upang tayo'y ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya." Galacia 3:24.

Si Jesus ang kasagutan! Minsang tayo'y nasa paanan ni Jesus sa lubos na kawalang kakayahan, sa pamamagitan ng pananampalataya maaari tayong tumanggap ng kapatawaran sa ating mga kasalanan at kapangyarihan mula sa Kanya upang sumunod sa Kanyang mga utos.

8. MAPAGMAHAL NA PAGSUNOD SA SAMPUNG UTOS

Sinasabi sa atin ni Jesus na ang pagsunod ay bunga ng pag-ibig:

"Kung ako'y inyong minamahal ay tutuparin ninyo ang aking mga utos." Juan 14:15.

Kung minamahal natin ang Dios, ating susundin ang unang apat na utos na nagbibigay-kahulugan sa ating pakikitungo sa Dios; at kung minamahal natin ang mga tao, ating susundin ang huling anim na nagbibigay ng kahulugan sa ating pakikitungo sa iba.

Ang tao na nilalapastangan ang Sampung Utos ay nagkakasala:

"Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay lumalabag din naman sa kautusan; at ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan." 1 Juan 3:4.



Ngunit salamat sa Dios, mayroon tayong isang Tagapagligtas na naparito sa sanlibutan at namatay, at muling nabuhay, at ngayon ay nabubuhay para sa isang layunin:

"Nalalaman ninyo na siya'y nahayag 'UPANG MAG-ALIS NG ATING MGA KASALANAN.' Tal. 5.

Ang ating Tagapagligtas ay nagpapatawad at nag-aalis ng ating pagkakasala. (1 Juan 1:9). Pagkatapos ay nangangako siya na ibibigay sa atin ang Kanyang pag-ibig upang umibig - ang dakilang lunas sa isang buhay ng pagiging makasarili at kasalanan:

"ANG PAG-IBIG NG DIOS AY IBINUHOS SA ATING MGA PUSO sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin." Roma 5:5.

Wala tayong katutubong kakayanan upang ingatan ang utos ng Dios. Ang pag-ibig ng Dios "na ibinuhos...sa ating mga puso" ang siyang ating tanging pag-asa.

9. ANG BIYAYA NG DIOS AT PAGSUNOD SA KAUTUSAN

Ang kaligtasan ay isang kaloob. Hindi natin maiipon ito. Matatanggap lamang natin ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Tayo'y tumatanggap ng pagaaring-ganap bilang isang kaloob, sa pamamagitan lamang ng pananampalataya dahil sa biyaya ng Dios.

"Sapagkat SA BIYAYA KAYO AY NALIGTAS, sa pamamagitan ng PANANAMPALATAYA - at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y KALOOB NG DIOS-hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki." Efeso 2:8.

Hindi natin maiingatan ang mga utos sa pamamagitan ng ating sariling mga gawa - sa pamamagitan ng pagsisikap. Hindi natin maiingatan ang kautusan upang maligtas. Ngunit kapag tayo'y lumapit kay Jesus sa pananampalataya at pagpapasakop tayo ay maliligtas, ang pag-ibig Niya ang pupuno sa ating mga puso. Bunga ng banal na biyayang ito at pagtanggap, nanaisin nating sumunod sa Kanya at sundin Siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang pag-ibig sa ating mga puso (Roma 5:5).

Idinidiin ng Pablo ang kawalang-saysay ng pagsisikap ng tao at ipinakikita na tayo ay wala sa ilalim ng kautusan bilang paraan ng kaligtasan, kundi sa "ilalim ng biyaya."

"Ano nga? Magkakasala ba tayo, dahil tayo'y wala sa ilalim ng kautusan, kundi nasa ilalim ng biyaya? Huwag nawang mangyari!" Roma 6:15.

Bakit? Sapagkat ang isang pusong pinakikilos ng pag-ibig ay nagbubunga ng isang buhay ng mapagmahal na pagsunod! (Roma 13:10). Ang ibigin si Kristo ay sumunod sa Kanya:

"Siyang mayroon ng aking mga utos at tinutupad ang mga iyon ay siyang nagmamahal sa akin." Juan 14:21.

Ipinakita ni Eric Liddell na, kahit na sa pinakamasamang mga pangyayari, ang mananampalataya na nakaugnay sa kapangyarihan ng Dios ay maaaring mabuhay ng nasisiyahan at masunuring buhay. Ipinakita ni Liddell ang isang umaakit na biyaya sa panahon ng tindi at takot. Ang kanyang kaugnayang may pag-ibig kay Kristo ang nagpalakas sa kanya kasama ng Banal na Espiritu, at gumawa sa Kanya na



tumugon "sa mga matuwid na hinihingi ng kautusan" (Roma 8:1-4). Ang isang relasyon ng pag-ibig sa napako at muling nabuhay na Tagapagligtas ay maaaring magbunga ng gayong uri ng buhay.

Natuklasan mo na ba ang lihim na ito sa iyong sarili? Ang pag-ibig ni Jesus para sa iyo ang naging dahilan upang ibigay Niya ang Kanyang buhay para sa iyong kasalanan. Siya'y nag-aalok na bigyang-kapangyarihan ang lahat mong pakikitungo sa Kanyang pag-ibig at upang "gawin niya kayong ganap sa bawat mabuting bagay upang magawa ninyo ang kanyang kalooban" (Hebreo 13:21). Ano ang tugon mo?

LIHIM SA MAKALANGIT NA KAPAHINGAHAN

Ilang taon lamang ang nakakaraan may ilang paunang nagsabi na malapit na tayong magkaroon ng higit na maraming malayang panahong kaysa alam natin kung anong dapat na gawin? May mabubuting dahilan para sa mga ganoong nagtitiwalang propesiya. Sa mga lungsod ng sanlibutan ang mga kompyuter ay tinatapos sa loob ng isang bahagi ng isang saglit ang mga buwanang gawain. Ang mga robot ay nagpasimula nang pamahalaan ang nakahahapong mga gawain ng mabibigat na industriya.

Ngunit pagkatapos na gumaralgal ang mga kompyuter at ang mga otomatikong kasangkapan ay mabilis na gumana, tayo'y lalong hindi na makahinga kaysa kailan man. Ang mga tao ay kinakapos ng panahon sa mga araw na ito. Higit sa lahat, ang mga pamilya ay kinukulangan ng panahon. Ang asawang babae at lalaki ay mahirap na makasumpong ng may "uring panahon" para sa mga bata, lalong lalo na para sa isa't isa.



Isang pag-aaral sa isang maliit na komunidad ang nagpakita na ang karaniwang panahon bawat araw na ginugugol ng mga ama sa kanilang napakabatang mga anak na lalaki ay -37 saglit! Ang mga pamilya ay walang panahon at hindi nagkakaugnayan.

Papaano tayong magpapabagal nang sapat upang muling magkaugnay?

1. ANG LUNAS PARA SA MAIGTING NA PAMUMUHAY

Nauunawaan ni Jesus ang kalagayan ng mga sambahayan na nasa ilalim ng matinding suliranin at nais Niyang maunawaan natin na ang espirituwal na kapahingahan ay bahagi ng buhay na may uri.

"LUMAPIT KAYO SA AKIN, kayong lahat na nanglulupaypay at lubhang nabibigatan, at KAYO'Y BIBIGYAN KO NG KAPAHINGAHAN AT MATUTO KAYO SA AKIN, sapagkat ako'y maamo at may mapagpakumbabang puso, at makakatagpo kayo ng KAPAHINGAHAN PARA SA INYONG MGA KALULUWA." Mateo 11:28, 29.

Iminumungkahi ng Biblia na maranasan natin ang ganitong uri ng kapahingahan sa dalawang paraan: lumalapit kay Kristo ng kapwa araw-araw at lingguhang batayan.

2. ISANG ARAW-ARAW NA KAUGNAYAN KAY JESUS

Marami ang patuloy na naghahangad ng pansin ni Jesus. Gayunman si Kristo ay nagbalita ng isang mapayapa, at panatag na espiritu sa bawat isa na nasa palibot Niya. Papaano? Siya'y naglaan ng panahon araw-araw sa pakikipagusap sa Kanyang Ama sa langit. Siya'y patuloy na umasa sa Kanyang Ama para sa mga kinakailangan upang harapin ang mga hamon sa buhay (Juan 6:57).

Kung ipamumuhay natin ang tiwasay, matatag na buhay gaya ng Kanyang ginawa, dapat na patuloy tayong umasa kay Jesus-hayaang ang Kanyang Salita at Espiritu ang pumuno at humubog sa atin. Ang pinakamabuting hadlang sa mga pwersa na sumusunog sa atin bilang mga tao at winawasak tayo bilang sambahayan ay maglaan ng may uring panahon na kasama ni Kristo. Sinasabi Niya sa atin:

"Kayo'y MANATILI SA AKIN, at ako'y sa inyo Sapagkat KUNG KAYO'Y HIWALAY SA AKIN AY WALA KAYONG MAGAGAWA." Juan 15:4, 5.

Isa sa pinakadakilang pangangailangan ng ating panahon ay para sa mga tao na pakinabangan ang mga espirituwal na mapagkukunan na nakalaan sa pamamagitan ng isang araw-araw na pakikiugnay kay Jesus. Isaang mahalagang kaisipan na kailangang idiin tungkol sa ating relasyon kay Kristo ay ang Kanyang natapos na gawain sa krus. Ang tunay na kapahingahan, tunay na katiwasayan, ay maaari lamang mangyari dahil sa dakilang nagampanan na tinutukoy ni Jesus nang Siya'y sumigaw habang Siya'y namamatay: "Naganap na" (Juan 19:30). Sa ibang salita, ang Kanyang gawain ng pagtubos para sa atin ay naganap.



"Subalit ngayon, siya'y (Kristo) MINSANANG NAHAYAG PARA SA LAHAT ... PARA SA PAG-AALIS NG MGA KASALANAN sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang sarili." Hebreo 9:26.

Nang si Jesus ay namatay, Kanyang "inalis ng kasalanan." Kaya ang mananampalataya na ikinumpisal ang kanyang mga kasalanan ay maaaring "mamahinga" sa natapos na gawain ni Kristo. Tayo'y tinanggap.

Ang pagiging maysala ay nasa likuran ng lubhang balisang takbo ng ating buhay ngayon. Ngunit nilutas ni Jesus ang suliranin ng kasalanan nang minsanan sa krus. Ang sigaw ni Jesus na, "naganap na", ay tinatakan ang Kanyang pangako na "Bibigyan Ko kayo ng kapahingahan" bilang isang nakatatag na katunayan. Tinapos ni Kristo ang gawain ng pagtubos sa atin sa Kalbaryo (Tito 2:14), pagkatapos ay nagpahinga Siya sa libingan nang buong Sabado, at muling bumangon mula sa libingan nang umaga ng Linggo bilang isang nagtagumpay sa kamatayan at kasalanan. Ang Kristiyano ay hindi magkakaroon ng higit pang katiyakan kaysa magpahinga sa natapos na gawain ni Kristo.

"Tayo'y lumapit na may tapat na puso SA LUBOS NA KATIYAKAN NG PANANAMPALATAYA, ... Panghawakan nating matatag ang pagpapahayag ng ating pag-asa na walang pag-aalinlangan, sapagkat SIYA NA NANGAKO AY TAPAT." Hebreo 10:22, 23.

Dahil Siya "na nangako ay tapat", maaari tayong pumasok sa kaligtasang-kapahingahan na ipinangako ni Jesus. Ang katatagan, kapayapaan, at kapahingahan na ating nararanasan kay Jesus araw-araw ay bunga hindi ng anuman na ating ginagawa, kundi ng Kanyang ginawa sa krus.

Maaari tayong makapagpahinga kay Kristo dahil ang ating kaligtasan ay tiyak. Ang katiyakang yaon ang nagpapasigla sa atin na gumugol ng panahon na kasama si Kristo araw-araw, na kumakain ng Kanyang Salita at humihinga sa kapaligiran ng langit sa pamamagitan ng panalangin. Ang pakikipagtagpo kay Jesus ay makatutulong sa atin na baguhin ang isang maigting na buhay sa isang mapayapa at may layuning buhay.

3. ISANG LINGGUHANG UGNAYAN KAY JESUS



Pagkatapos na likhain ni Kristo ang sanlibutan sa loob ng anim na araw (Colosas 1:16, 17), Siya'y naglaan ng Sabadong-kapahingahan. Ito ay lingguhang pagkakataon para sa atin na pasulungin ang ating kaugnayan sa Kanya.

"Nakita ng Dios ang lahat ng kanyang nilikha at ito ay napakabuti. Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikaanim na araw. Nayari ang langit at ang lupa at ang lahat ng mga bagay sa mga iyon. Nang ikapitong araw ay natapos ng Dios ang Kanyang ginawa,

at NAGPAHINGA Siya ng ika-pitong araw mula sa lahat mg gawang Kanyang ginawa. At BINASBASAN ng Dios ang ikapitong araw at kanyang GINAWANG BANAL, sapagkat sa araw na iyon ay nagpahinga ang Dios sa lahat ng gawain na kanyang ginawa." Genesis 1:31 - 2:1-3.

Bilang kanilang Manlalalang, si Jesus ay "nagpahinga" sa unang Sabado kasama ni Adan at Eba, at Kanyang "binasbasan" ang araw ng Sabado at "ginawa itong banal." Itinatag ng Dios ang isang pitong-araw na inog ng sanlinggo, hindi para sa kanyang pakinabang, kundi para kay Adan at Eba at para sa atin ngayon. Dahil Siya'y totoong nagmamalasakit para sa Kanyang bayan, pinanukala Niya na tuwing ika-pitong araw sa buong buhay nila ay dapat na nakatalaga sa paghahanap sa Kanyang pakikiharap. Bawat Sabado, ay dapat na maging isang araw para sa kaapwa pisikal na kapahingahan at espiritual na pagpapanariwa. Ang pagpasok ng kasalanan sa sanlibutan ay ginawang higit na kailangan ang kapahingahang Sabbath. Nang si Jesus ay nabubuhay pa sa lupa, sinamantala Niya ang bawat pagkakataon na panatilihin ang Kanyang pakikiisa sa Ama. Nakinabang Siya sa kapahingang Sabbath sa pamamagitan ng pagsamba kung Sabbath, tulad ng sinasabi sa atin ni Lukas:

"Dumating Siya sa Nazaret na Kanyang nilakhan. Siya'y pumasok sa sinagoga NANG ARAW NG SABBATH tulad ng KANYANG NAKAUGALIAN." Lucas 4:16.

Kung ang banal-na-taong si Jesus ay nangailangan ng pahinga sa harapan ng Kanyang Ama sa araw ng Sabbath, tayong mga tao ay tiyak na higit na nangangailangan. Nang alisin ni Jesus ang mga hadlang ng batas na inilagay ng mga Judio sa Sabbath (Mateo 12:1-12), Kanyang itinuro na ginawa ito ng Dios upang pakinabangan ng tao:

"At sinabi niya sa kanila," Ang Sabbath ay ginawa pata sa tao, at hindi ang tao para sa Sabbath. Kaya't ang Anak ng tao ay Panginoon maging ng Sabbath." Marcos 2:27, 28.

Idiniin ni Jesus ang kahalagahan ng Sabbath maging sa Kanyang kamatayan. Siya'y namatay nang Biyernes, "ang araw ng paghahanda, at ang Sabbath ay malapit nang magpasimula" (Lucas 23:54). Sa pagkakataong yaon ay Kanyang ipinahayag, "Natapos na," na ang Kanyang gawain ng pagparito sa sanlibutan at mamatay bilang kahalili para sa sangkatauhang ay nalubos na (Juan 19:30; 4:34; 5:30). Kaya upang ipagdiwang ang Kanyang natapos na gawain, si Jesus ay nagpahinga sa libingan sa buong araw ng Sabbath.

Kung paanong tinapos ni Kristo ang Kanyang gawain ng paglikha noong ika-anim na araw at pagkatapos ay nagpahinga sa ika-pitong araw, gayundin sa pamamagitan ng pagkamatay sa krus ay Kanyang lubos na tinapos ang Kanyang gawain ng pagtubos sa ika-anim na araw, at pagkatapos ay nagpahinga nang ika-pito.

Noong Linggo nang umaga si Jesus ay lumabas mula sa libingan, isang nagtagumpay na Tagapagligtas (Lucas 24:1-7). Sinabi na Niya sa Kanyang mga alagad na panatilihin ang pakikipagtagpo sa Kanya kung Sabbath pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay. Nagsasalita tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem, halos mga 40 taon pagkaraan ng Kanyang kamatayan, Kanyang tinagubilinan sila:

"Kaya't idalangin ninyo na huwag mangyari ang pagtakas ninyo sa taglamig o sa Sabbath." Mateo 24:20.



Gusto ng ating Tagapagligtas na ang Kanyang mga alagad at ang kanilang mga hikayat ay ipagpatuloy ang mga pagsasanay na Kanyang itinuro sa kanila (Juan 15:15, 16). Gusto Niyang maranasan nila kapwa ang kaligtasang-kapahingahan at kapahingahang Sabbath. Hindi nila Siya binigo. Ang mga alagad ay patuloy na nangilin ng Sabbath pagkaraan ng kamatayan ni Kristo (tingnan ang Lucas 23:54-56; Mga Gawa 13:14; 16:13; 17:2; 18:1-4).

Ang alagad na si Juan ay iningatan ang kanyang lingguhang kaugnayan kay Kristo sa araw ng Sabado. Sa kanyang mga huling taon ay kanyang isinulat, "Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon" (Apokalipsis 1:10). Ayon kay Jesus, "ang araw ng Panginoon" ay ang Sabbath, "sapagkat ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Sabbath," (Matero 12:8).

Sa Sabbath ating ipinagdiriwang ang dalawang pinaka-dakilang nagawa alang-alang sa atin: nilikha tayo at iniligtas tayo. Ang karanasanang ito ng Sabbath ay magpapatuloy sa langit:

"Sapagkat kung paanong ang mga bagong langit at ang bagong lupa na aking lilikhain ay mananatili sa harapan ko, sabi ng PANGINOON, Mula sa isang Sabbath hanggang sa isa pang Sabbath, paroroon ang lahat ng laman upang sumamba sa harapan ko, sabi ng PANGINOON." Isaia 66:22, 23.

4. ANG MGA PAKINABANG NG KAPAHINGAHANG SABBATH

Ang mga tao ngayon ay nagtatapakan sa isa't isa sa kanilang magulong buhay. Ang mga tao ay nagsasawa. Ang mga sambahayan ay nagkakahiwa-hiwalay sa ilalim ng pagtititi. Ngunit ang Dios ay nagharap ng Sabbath bilang siyang higit na mabuting paraan upang mabuhay ng mabuting buhay.

Tingnan natin ang ilang mga tuwirang pakinabang ng kapahingahang Sabbath:

(1) Ang Sabbath ay alaala ng paglalang, at sa pamamagitan ng pag-iingat nito na banal, tayo'y nagtatayo ng ala-ala sa ating Manlalalang. Ang kanyang banal na mga oras ay nagaalok ng kahanga-hangang pagkakataon upang makaugnay ng ating mga pingmulan sa sanlibutang nilikha ng Dios. Kailan ka o ang iyong pamilya huling nagkaroon ng panahon upang lubos na magbabad sa katahimikan ng kagandahan ng isang landas sa kagubatan o sa mabatong batis?

Ang Sabbath ay nagbibigay sa atin ng panahon upang gugulin na kasama si Jesus at pagmasdan ang mga sulap ng kagandahan na Kanyang ginawa para sa atin.

(2) Kung Sabbath ay nararanasan natin ang kagalakan ng pagsamba at pakikisama sa ibang mga Kristiano. Mayroong pakinabang mula sa pagpupuri sa Dios na kasama ng iba bilang isang grupo ng mga sumasamba. Ang Sabbath ay nagbibigay sa atin ng tanging panahon ng pagsasama-sama bilang isang katawan ng iglesia upang muling bigyang-buhay ang ating espirituwal na lakas.



(3) Ang Sabbath ay naglalaan ng pagkakataon upang makagawa ng maalalahaning mga gawa ng kabutihan. Nagkasakit ba ang isang kapitbahay nang linggong ito na wala kang panahong dumalaw? Nang ang isang kaibigan ay nangailangan ng isang maawaing pandinig pagkatapos ng kamatayan ng kanyang asawa, ang tindi ba ng araw-araw na pamumuhay ay nagkaiit sa kanya ng iyong mapagmahal na pansin? Ipinapayo ni Jesus: "Kaya't matuwid na gumawa ng mabuti sa araw ng Sabbath" (Mateo 12:12).

(4) Ang Sabbath ay isang araw upang palakasin ang ugnayang-pampamilya. Nang ipag-utos ni Kristo, "sa (Sabbath) huwag kang gagawa ng anumang gawa" [Exodo 20:10], hindi na Siya makapagbibigay ng hihigit pang tagubilin sa mga amang walang tigil sa trabaho at hapo nang mga ina. Ang Sabbath ay isang higanteng TIGIL na palatandaan para sa mga pamilya. Tigilan ang pagpapaubaya ng mga pinaka-mahalagang bagay sa mga bagay na madalian. Ang Sabbath ay isang araw na maaari nating palitan ng panalangin ang kagipitan, ng pagtawa ang paggawa, ng tahimik na pagbubulaybulay ang mga abalang takdang-gawain. Ang kapahingahang Sabbath ay naglalaan sa buong pamilya ng panahon na makiugnay kay Kristo at kumabit sa Kanyang kalakasang espirituwal.

(5) Ang Sabbath ay isang panahon na si Jesus ay napakalapit. Ang bawat relasyon ay nangangailangan ng may uring panahon, at ang ating pakikisama kay Kristo ay hindi nabubukod. Ang paglalaan ng buong

araw kay Kristo bawat sanlinggo ay isang paraan na panatilihin sariwa at kapanapanabik ang ating pakikipag-kaibigan sa Kanya. Ang Sabbath ay nagbibigay sa atin ng dagdag na panahon para sa pag-aaral ng Biblia at panalangin, dagdag na panahon na nag-iisang kasama ni Kristo sa isang tahimik na lugar at makinig.

"Pinagpala ni Jesus ang ika-pitong araw at ginawa itong banal" na may pangako ng Kanyang pakikiharap (Genesis 2:3). Mauunawaan mo kung bakit mahalaga na ingatan ang Sabado, ang ika-pitong araw ng sanlinggo bilang Sabado dahil ito ang araw na ibinukod ni Kristo sa paglalang upang makipagtalastasan sa atin sa isang natatanging paraan.

Nang likhain ni Jesus ang Sabbath waring halos ay nasa Kanyang isip ang ating lahi. Ito ang tumpak na kailangan natin sa ating kapaligiran na puno-ng-tensyon: isang araw ng tunay na paghinto mula sa anupaman. Isang araw ng pagsamba sa Dios, pakikiugnay na muli sa paglalang, at magtuon sa pakikisama sa halip na sa mga bagay.

5. ISANG PATIKIM NG MAKALANGIT NA KAPAHINGAHAN

Maaari nating buuin ang mga pakinabang ng pakikiugnay kay Jesus sa pamamagitan ng araw-araw at lingguhang pakikipagtagpo sa isang salita-kapahingahan. Ang salitang "Sabbath" ay nagmula sa salitang Hebreo na nangangahulugang kapahingahan, kaya hindi nakapagtataka na tinatawag ng Kasulatan ang ika-pitong araw na "Sabbath na kapahingahan" (Levitico 23:3).

"[Ang Dios] ay nagsabi ng ganito tungkol sa ika-pitong araw, 'At nagpahinga ang Dios nang ikapitong araw sa lahat ng kanyang mga gawa'.... KAYA'T MAY NATITIRA PANG ISANG PAMAMAHINGANG SABBATH PARA SA BAYAN NG DIOS, ... Kaya't magsikap tayong pumasok sa kapahingahang iyon." Hebreo 4:4-11.

Ang karanasan ng "Kapahingahang-Sabbath" ay nagbibibay sa atin ng isang lingguhang patikim ng kagalakan na ating mararanasan sa sakdal na kapahingahan sa langit. Ang kapahingahang ito'y hindi lamang panahong walang ginagawa, ito'y tumutukoy sa pagkadama ng katiwasayan, kapayapaan at kabutihan na ugat ng tunay na masaganang buhay. Ang ganitong kapahingahang espirituwal ay maaaring pahalagahan lamang sa pamamagitan ng karanasan. Ang patotoo niyaong mga nakaranas ng kaligtasang-kapahingahan at kapahingahang-Sabbath ay pambuon sa sanlibutan: "Kapag ikaw ay pumasok sa kapahingahan ni Jesus sa pamamagitan ng araw-araw at lingguhang kaugnayan sa Kanya, iyong matutuklasan ang pinaka-dakilang kaligayahan sa buhay."



Nais mo bang pasalamatan si Jesus para sa Kanyang kaloob na kapahingahan? Nais mo bang pasalamatan Siya para sa pangako ng kaligtasang-kapahingahan bawat araw upang harapin ang mga hamon ng buhay, at para sa pangako ng kapahingahang-Sabbath bawat sanlinggo upang patibayin ang iyong relasyon sa Kanya? Kung kailan ma'y hindi mo pa nagagawa, nais mo bang tanggapin ang kaligtasang Kanyang iniaalok? Gusto mo bang sabihin sa Kanya na nais mong ingatan ang Kanyang Sabbath sa bawat sanlinggo? Nais mo bang sabihing, "Oo Panginoon! Nanais kong makasumpung ng kaluguran sa araw na Iyong itinatag." Bakit hindi mo gawin ang pagtatalagang yaon ngayon?

[Maaaring ikaw ay nagtataka: Sino ang nagbago ng Sabbath mula sa Sabado, ang ika-pitong araw ng sanlinggo, sa Linggo, ang unang araw ng sanlinggo? Kailan ginawa ang pagbabago? Pinahintulutan ba ng Dios ang pagbabago? Ang mga katanungang ito ay sasagutin sa Gabay 21.]

ANG LIHIM NG PAGLAGO SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAHAGI

Si Larry ay nasisiyahan sa nakawiwiling pakikipagusap, tsaang Hapones, at biskuwit na bigas sa bahay ni Ginoong Komori nang ang iba pang mga panauhin ay nagsimulang maglabas ng kanilang mga Biblia. Lahat sila ay may pananabik na nakatingin sa kanya. "Maari bang simulan na natin ang pagaaral ngayon?" ang tanong ni Ginoong Komori.

Halos nasamid si Larry ng kanyang tsaa. Ang akala niya ang pagtitipong ito ay para sa katuwaan lamang. Ngayon ay hindi siya makaisip ng sasabihin.

Si Larry ay nagturo na ng maraming klase sa Biblia sa paaralan ng wikang Ingles sa Hapon kung saan siya nagtatrabaho. Lahat ng ito ay napakabuti ang pagkapanukala. Madali siyang makapagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa Biblia. Ngunit ang magsalita ng tungkol sa Dios nang daglian . . . naiiba iyon.

Narinig na ni Larry ang lahat ng kuwento sa Biblia mula nang siya ay bata pa. Ngunit ang lahat ng ito ay walang gaanong halaga sa kanya. Ginagawa niya ang mga bagay na alam niyang mali sa paningin ng Dios. Papaano siyang makapagsasalita sa iba ng tungkol sa Dios na hindi naman niya tunay na kilala?

Ngayong nakaupo siya sa sofa na napapaligiran ng mga umaasang tao, ang kanyang paglalaro ay babagsak na. Sa mga sandaling yaon ng takot, isang talata ang kumislap sa kanyang isipan tungkol sa Banal na Espiritu na nagbibigay sa atin ng mga salitang sasabihin kapag tayo ay magpapatotoo sa harap ng mga tao (Lukas 12:12). Umusal siya ng halos walang pagasang panalangin para sa tulong at nangunyapit sa bantug na kuwento na naisip niya: ang Alibughang Anak.

Samantalang inilalarawan niya kung gaano kamahal ng Dios maging yaong mga naglilimayong palayo sa Kanya ay nasumpungan ni Larry ang kanyang sarili na nagsasalita mula sa puso. Ang kanyang mga salita ay tumitimo, at sa unang pagkakataon sa kanyang buhay ay nadama ni Larry kung gaano siya inibig ng Dios.

Nang gabing yaon si Larry ay lumuhod sa tabi ng kanyang kama at itinalaga ang kanyang buhay sa isang Dios na sa wakas ay naging katotohanan sa kanya. Ang pagbabahagi ng pagibig ng Dios ay ginawa itong hindi lamang isang karaniwang bagay na di-gaanong maunawaan, kundi isang katotohanang pumupuspos sa kanya.

1. HINAHAMON TAYO NI JESUS NA LUMAGO SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAHAGI

Ag mga alagad ay gumugol ng tatlo at kalahating taon sa pagtanggap ng mga salita at gawain ni Kristo, at sa wakas ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na maguli. Nang Siya ay malapit nang magbalik sa langit, tinagubilinan Niya ang Kanyang mga alagad na maging Kanyang pansariling mga kinatawan:

"TATANGGAP KAYO NG KAPANGYARIHAN pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at KAYO'Y MAGIGING MGA SAKSI KO . . .hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa" Mga Gawa 1:8.

Nang ipagkaloob ng mga tagasunod ni Kristo ang kanilang mga puso sa Kanya nang walang pasubali noong Pentekoste, ang nabuhay na Kristo ay binago ang kanilang mga buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Sila'y naging saksi hindi lamang sa Kanyang pagkabuhay na maguli at pagakyat sa langit, kundi sa Kanya ring kapangyarihan ng pagkabuhay na maguli na bumago ng kanilang mga buhay.



Bilang mga Kristiyano tayo ay mga saksi rin sa pagkabuhay na maguli ni Jesus sapagkat naranasan natin ang Kayang bumabagong kapangyarihan sa sarili nating mga buhay.

"Ngunit dahil sa kanyang malaking pagibig sa atin, ang DIOS, na mayaman sa awa, ay BINUHAY TAYONG KASAMA NI KRISTO maging NOONG TAYO AY PATAY PA SA KASALANAN - sa pamamagitan ng biyaya kayo'y naligtas. AT TAYO'Y MULING BINUHAY NA KASAMA NI KRISTO . . . UPANG KANYANG MAIPAKITA ANG DI-MASUKAT NA KAYAMANAN NG KANYANG BIYAYA, sa kanyang kagandahang-loob sa atin sa pamamagitan ni Kristo Jesus" Efeso 2:4-7.



Tayo ay binuhay na kasama ni Kristo, upang ating "maipakita ang di-masukat na kayaman ng Kanyang biyaya." At tinagubilinan Niya tayo na dalhin ang mabuting balita ng Kanyang magagawa sa buhay ng tao sa buong sanlibutan, at nangako na sasama sa atin sa paggawa-Mateo 28:19-20.

Si H. M. S. Richards, ang nagtatag ng palatuntunan sa radyo ng Voice of Prophecy ay minsang nagpatotoo: "Nakita ko ang pagbabago sa mga puso ng tao na nakarinig ng ebanghelyo ni Kristo. Nakapaglabbay ako sa mga lupain kung saan ang pangalan ng Dios at ni Kristo ay hindi kailanman nakilala hanggang noong dalhin doon ng Kanyang iglesya ang ebanghelyo. Nakita ko ang mga taong ito na nabago mula sa karumihan tungo sa kalinisan, mula sa mga pagkakasakit tungo sa kalusugan, mula sa palagiang pagkatakot sa masasamang espiritu sa kagalakan ng buhay Kristiyano. Nakita ko ang pagbabago sa kalagayan ng kababaihan. Nakita ko ang mga tunay na tahananang Kristiyano na lumitaw mula sa kadilimang pagano. Sa bawat lupaing aking dinalaw ay nakita ko ang pagbabago ng mga buhay. Alam ko na ang 'ebanghelyo ni Kristo . . . ay kapangyarihan ng Dios sa kaligtasan' - Roma 1:16. Alam ko na kapag ipinahayag ng iglesya ang pabalita ng ebanghelyo, ang mga pagbabago ay mangyayari sa mga puso at mga tahanan ng tao, at nakikita ang mga ito sa buhay noong mga tumutugon sa panawagan nito."

Ibinigay ng Dios sa atin ang mga mahihinang tao na tanging gampanin sa kapanapanabik na gawaing ito, sapagkat ang pagbabahagi ay mahalagang bahagi sa ating paglago. Upang manatiling malusog ang ating pananampalataya, kailangan itong ipahayag. Tulad ng madulang natuklasan ni Larry, ang pagbabahagi ng ating pananampalataya ay nakatutulong sa atin na maranasan ito nang lubusan, at nagiging dahilan upang tayo ay lumago.

2. IBINABAHAGI NATIN SI KRISTO SA PAMAMAGITAN NG PARAAN NG ATING BUHAY

Isang kabataang lalaki na tumanda sa isang abusadong tahanan ang minsan ay nagwika: "Tumingin ako sa aking mga magulang na nagbigay sa akin, sa pamamagitan ng kanilang halimbawa, ng sirang larawan ng Dios; hindi ako kailanman nagkaroon ng halimbawa ng isang may balat na umibig sa akin." Ang mga tao sa ating paligid ay mahigpit ang pangangailangan ng isang magbibigay sa kanila ng malusog na larawan ng Dios. Kailangan nila ang isang "may balat" na magpapakita ng mga makadios na katangian. Madalas na ang pinakamakapangyarihan nating sermon ay ang paraan ng ating buhay. Bago ipagmalasakit ng isang tao kung gaano ang iyong nalalaman, kailangan muna nilang malaman kung gaano ka nagmamalasakit. Namamanhik sa atin si Pedro:

"MABUHAY KAYO NG MABUBUTING MGA BUHAY sa gitna ng mga Hentil upang . . . MAKITA NILA ANG INYONG MABUBUTING GAWA AT LUWALHATIIN ANG DIOS . . . sapagkat si KRISTO MAN AY NAGDUSA ALANGALANG SA INYO NA KAYO AY INIWAN NG HALIMBAWA, UPANG SUMUNOD KAYO SA KANYANG MGA YAPAK" I Pedro 2:12, 21.



Mula nang "magdusa si Kristo" para sa atin sa Kalbaryo, nagkaroon tayo ng malapit na halimbawa ng pagibig na may sakripisyo. Ang pagibig na yaon, na nakikita sa atin na mga gawain ng pagibig sa iba, ay maaring maging makapangyarihang lakas na umaakit ng mga hindi mananampalataya sa mga bisig ni Jesus.

3. IBINABAHAGI NATIN SI KRISTO DAHIL SA PARAAN NG ATING PAGIISIP

Nang tambangan ng Diablo si Jesus sa ilang ng kanyang mga pamanhik sa hilig sa pagkain, pagmamataas, at pag-aakala, Siya ay matagumpay na lumaban sa pamamagitan ng pagsipi mula sa Kasulatan (Mateo 4:4, 7, 10). Si Kristo ay handa sapagkat pinuno na Niya ang Kanyang isipan ng mga katotohanan ng Biblia. Doon nagwawagi o nalulupig sa labanan - sa ating mga isipan.

"Sapagkat kung ano ang iniisip ng tao sa puso niya, ay gayon siya" Mga Kawikaan 23:7.

Ang lumalagong mga Kristiyano ay nagiisip ng patungo sa langit. Pinagiisipan nilang mabuti ang malusog na mga katangiang sinisikap nilang matamo.

"Magalak kayong lagi sa Panginoon, . . . sa lahat ng bagay, sa PAMAMAGITAN NG PANALANGIN at pagsamo na may pagpapasalamat, ay ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios. At ang kapayapaan ng Dios, na hindi maabot ng pag-iisip, ang MAGIINGAT NG INYONG MGA PUSO AT MGA PAG-IISIP kay Kristo Jesus. Kahuli-hulihan, mga kapatid, anumang bagay na TOTOO, anumang bagay na KAGALANG-GALANG, anumang MATUWID, anumang bagay na MALINIS, anumang bagay na KAIBIG-IBIG, anumang bagay na KAPURI-PURI - kung mayroong anumang KAGALINGAN, at kung may anumang NARARAPAT PAPURIHAN - ay isipin ninyo ang mga bagay na ito" Filipos 4:4-9.

Anuman ang ating inilalagay sa ating mga isipan ay siyang gumagawa ng kaibahan. Basurang paloob, basurang palabas. Salita ng Dios na paloob, buhay ng Dios na palabas.

4. IBINABAHAGI NATIN SI KRISTO SA PARAAN NG ATING PAGTINGIN

Bilang kinatawan ni Kristo, ang Kristiyano ay dapat na maging mahinhin maging sa paraan ng kanyang pagtingin, na iniwasan ang lahat ng uri ng kalabisan.

"Kung ang sinoman sa kanila ay hindi sumampalataya sa salita, sila'y mahihikayat . . . kapag nakikita nila ang dalisay at magalang ninyong pag-uugali. Ang inyong kagayakan ay huwag maging panlabas na pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng ginto, o pagbibihis ng maringal na damit. Sa halip, ay ang panloob na pagkatao, na may KAGANDAHANG WALANG PAGLIPAS, NG ISANG MAHINHIN AT MAAMONG ESPIRITU, na napakahalaga sa paningin ng Dios. Sapagkat ito ang daan . . . yaong mga naglagak ng kanilang pagasa sa Dios ay ginawang maganda ang kanilang mga sarili" I Pedro 3:1-5.



Ang kasimplehan sa pananamit at kagayakan ay palagi nang tanda ng tunay na katulad ni Kristo. Bilang huwaran, ang iba ay dapat na maakit sa atin bilang mga Kristiyano, hindi ayon sa sinasabi natin tungkol sa usong pananamit, kundi sa sinasabi ng ating mga buhay tungkol kay Jesus.

5. IBINABAHAGI NATIN SI KRISTO SA PARAAN NG ATING PAGKILOS

Ang mananalaysay na si Edward Gibbon ay sinasabi sa atin na nang dambungin ni Galerius ang kampo ng mga Persyano, isang kumikinang na maletang balat na puno ng mga perlas ang napasa kamay ng

isang nagnanakaw na sundalo. Ang kawal na ito ay maingat na itinago ang mapapakinabangang maleta, ngunit itinaon ang mga mahalagang perlas.

Ang mga taong nakakapit sa mabababaw na mga katuwaang iniaalay ng sanlibutan - samantalang winawalang halaga si Jesus - ang Perlas na may Dakilang Halaga - ay higit pang masama kaysa nagnakaw na kawal. Hindi lamang ito isang kayamanan na nakalulusot sa ating mga kamay, kundi walang hanggang kaligtasan. Kaya binabalaan tayo ng Kasulatan:

"Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Kung ang sinoman ay iniibig ang sanlibutan, ang pagibig ng Ama ay wala sa kanya. Sapagkat ang lahat ng nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng makasalanang tao, ang pagnanasa ng mga mata, [pagibig sa sanlibutan], at ang pagmamalaki dahil sa kanyang tinatangkilik at ginagawa [pagmamataas] ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan. Ang sanlibutan at ang pagnanasa nito ay lumilipas, ngunit ang gumagawa ng kalooban ngDios ay nananatili magpakailanman" I Juan 2:15-17.



Sinisikap ni Satanas na gawing ginintuan ang higit na mapangwasak na mga kasalanan at ang pinakamasamang paguugali. Ang mga patalastas ng mga inuming nakalalasing ay ipinakikita ang mga bata, magaganda, masisipag, at lubhang masasayang mga tao lamang. Hindi tayo nakakita kailanman ng isang kahabag-habag na tao na susuray-suray mula sa tindahan ng alak na may sakong papel sa kanyang mga kamay.

Kailangang maging maingat tayo sa mga kasamang inilalagay sa alanganin ang ating mga simulaing Kristiyano (2 Korinto 6:14). Lagi namang nais ni Kristo na inaabot natin ang mga kaibigang hindi Kristiyano. Ang mga personal na relasyon ang mga pangunahing paraan ng pagbabahagi ng pananampalataya. Tiyakin lamang na hindi ka hinahatak na muli ng iyong mga kasama sa dating daan ng buhay.

Anuman ang ating tinatanggap sa ating buhay, maging ang ating pinipiling libangan, ay may matinding bunga sa ating espirituwal na buhay. Kailangang nalalaman natin ang ipinapasok natin sa ating isipan.

"Hindi ko ilalagay sa harap ng aking mga mata ang anumang hamak na bagay" Mga Awit 101:3.

Kung pakakainin natin ng pinakamabuti ang ating mga kaluluwa, hindi tayo kayang hatakin ng pinakamasama pababa sa kanyang kalagayan. Ang manatili sa higit na mataas na pamantayan sa mga bagay na ipinapasok natin sa ating mga tahanan at isipan ay hindi pakikitirin ang ating mga buhay. Ang Kristiyano ay mayroong higit pang magpapasaya sa kanya kaysa sinoman.

"PUPUSPUSIN MO AKO NG KAGALAKAN sa iyong harapan, na may kasayahan magpakailanman sa iyong kanang kamay" Mga Awit 16:11.

5. IBINABAHAGI NATIN SI KRISTO SA PARAAN NG ATING PAGBIBIGAY



Nang bibinyagan na niya ang isang bagong mananampalataya, napansin ng yumaong si Pastor H. M. S. Richards na ang lalaki ay taglay pa rin ang isang pitakang punung-punong sa kanyang bulsa. Ipinaalala ng pastor sa lalaki na marahil ay nalimutan niyang iwan ang kanyang salapi sa silid-bihisan.

"Ako at ang aking lukbutan ay magkasamang bibinyagan," ang paliwanag ng lalaki. Nasumpungan na niya ang tunay na espiritu ng

pagiging Kristiyano - nagbibigay upang tumulong sa iba. Ang mga Kristiyano ay lumalago sa pagbibigay, at yaon ang dahilan kung bakit "sinabi ni Jesus mismo: 'Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap'" Mga Gawa 20:35.

Ang ating ibinibigay upang pasulungin ang kaharian ng Dios ay nagiiwan ng walang hanggang halaga.

"Huwag kayong magtipon ng mga kayamanan para sa inyong sarili sa lupa, na dito ay naninira ang bukbok at ang kalawang at ang mga magnanakaw ay nakakapasok at nakakapagnakaw. Kundi MAGTIPON KAYO PARA SA INYONG SARILI NG MGA KAYAMANAN SA LANGIT . . . sapagkat kung nasaan ang ang inyong kayamanan, naroon din naman ang inyong puso" Mateo 6:19-21.

Habang nagbibigay ka, alalahanin: "Ang lupa ay sa Panginoon, at ang lahat ng naririto" (Mga Awit 24:1), kasama ng pilak at ginto (Haggai 2:8). Tayo ay sa Dios, sapagkat Siya ang lumikha sa atin at Siya ang nagligtas sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pagbabayad ng Kanyang dugo sa halaga ng ating mga kasalanan (I Korinto 6:19-20). Ang lahat na sa atin ay sa Dios, sapagkat Siya ang nagbigay sa atin ng "kakayahang magkaroon ng kayamanan"(Deuteronomio 8:18).

Gaano ang paanyaya ng napako at nabuhay nating Panginoon na ibabahagi natin sa Kanya sa pagbibigay ng ebanghelyo sa iba?

"Nanakawan ba ng tao ang Dios? Gayunmay ninanakawan ninyong ako. Ngunit inyong sinasabi, 'Paano ka namin ninanakawan?' 'SA MGA IKASAMPUNG BAHAGI AT MGA HANDOG. . . . Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at sa gayo'y subukin ninyo ako ngayon,' sabi ng PANGINOONG Makapangyarihan, 'at tingnan ninyo kung hindi KO BUBUKSAN PARA SA INYO ANG MGA BINTANA NG LANGIT, at ibubuhos ko sa inyo ang isang pagpapala na walang sapat na kalalagyan'" Malakias 3:8-10.

Ang ikapu ay "ikasampung bahagi" ng ating "karagdagan" (Deuteronomio 14:22; Genesis 28:22). Sa mga magsasaka o mangangalakal ang dagdag ay ang kinita pagkatapos na bawasin ang mga kagastusan. Para sa mga empleyado, ito ang kabuuang sahod. Ang simulain ng pag-iikapu ay isang simulaing moral sapagkat kasangkot nito ang likas ng pagkatao. Kung hindi tayo mag-iikapu ay "ninanakawan" natin ang Dios. Ang ikapu ay sa Dios at ito ay tanging para sa pagtataguyod ng ministeryo ni Kristo (I Korinto 9:14), at pagtatapos ng Kanyang gawain sa lupa upang Siya ay makabalik na (Mateo 24:14).

Nang si Kristo ay dumating upang mabuhay na kasama natin, pingtibay Niya ang pagiikapu sa mga panahon ng Bagong Tipan (Mateo 23:23).

Gaano ang dapat nating ibigay na handog? Ito ay nasa pagpapasya ng tao. Ang bawat tao ay "dapat na magbigay ayon sa ipinasya ng kanyang puso na ibibigay" (II Korinto 9:5-7). Hindi mo malalampasan ang Dios sa pagbibigay.

"Magbigay kayo at iyon ay ibibigay sa inyo - hustong takal, siniksik, niliglig, at umaapaw, ang ilalagay nila sa inyong kandungan" Lukas 6:38.

Minsan ay isinaysay ni H. N. S. Richards ang karanasang ito:

"Isang pusakal na sugarol ang dumalo sa mga pulong ko sa Los Angeles, at hindi ko malilumutan ang panahon na kinausap ko siyang nagiisa sa likuran ng awditoryum. Dumukot siya ng \$500, at ibinigay sa akin, na sinasabi, 'Ito ang una kong ikapu.'



"Ang lalaki ay hindi mayaman, at wala siyang ibang gawain kundi magsugal sa loob ng 30 hanggang 40 taon, kaya sinabi ko, 'Paaano ka mabubuhay?'"

"Sumagot siya, 'Mayroon pa akong natitirang lima o anim na dolyar, ngunit ang ibang ito ay sa Dios.' "At itinanong ko, 'Ano ang iyong gagawin?'"

"'Hindi ko alam,' ang sagot niya, 'ngunit alam ko na kailangan kong magbayad ng ikapu sa Dios, at siya ang magaalaga sa akin.'"

"At ginawa iyon ng Dios. Ang kanyang pagsisisi ay wagas. Nagpatuloy siya sa kanyang pagtatalaga at masaya siya sa kanyang Kritiyanong buhay. At ang Dios ang naglaan para sa kanya hanggang sa araw ng kanyang kamatayan." Ngunit hindi ipinangako ng Dios na ang lahat ng tapat na mananampalataya ay magsisiyaman. Ngunit mayroon tayong katiyakan na ipagkakaloob ng ating Manlalalang ang mga pangangailangan ng buhay.

Ibinigay ni Kristo sa atin ang lahat. Lubos nating ibigay ang mga puso natin sa Kanya ngayon. Ibahagi natin si Kristo sa iba sa pamamagitan ng paraan ng ating buhay, pagiisip, pagtingin, pagkilos, at pagbibigay. Bakit hindi mo tuklasin ang kasiyahan na ibahagi si Kristo sa iba at lumago sa Kanyang kahanga-hangang biyaya?

ANG LIHIM NG MALUSOG NA PARAAN NG BUHAY

Ang magkapanahong mga mananaliksik ay nagsumigasig na isa-kasulatan ang isang katotohanan na unang itinatag ng Biblia: na ang mga tao ay isang pinagsamang kabuuan. Ang madalas nating pinaghihiwalay na pisikal, pangkaisipan, at espirituwal na mga bahagi ng tao ay tunay na magkakaugnay at hindi mapaghihiwalay. Sa ibang salita, ang tumatalab sa isip ay tumatalab sa katawan. Ang ating kalagayang espirituwal ay may bisa sa ating kalagayang pisikal, gayundin naman ang kabaligtaran nito. Tayo ay isang buong pagkatao.



Halimbawa, ang mga mananaliksik sa agham ay nasumpungan sa mga pagaaral na ang masaya at nakasisiyang pagtawa ay lumilikha ng mga pagbabago sa "immune system" ng tao. Maari mong tulungan ang iyong katawan sa paglaban sa karamdaman kung ikaw ay magiging masaya! Ang mga pagaaral na ito ay ipinakikita ang malapitan at magkasamang paggawa ng isip at katawan.

Libong taon na ang nakaraan ang Salita ng Dios ay itinuro ang ganitong mahalagang ugnayan ng isip at katawan na kailan lamang tinanggap sa teorya ng medisina:

"Ang masayang puso ay mabuting gamot, ngunit ang bagbag na diwa ay tumutuyo ng mga buto" Mga Kawikaan 17:22.

Ayon sa alagad na si Juan, gaano kalapit nakaugnay ang isip at katawan sa ating kalagayang espirituwal?

"Minamahal na kaibigan, aking idinadalangin na ikaw ay MASIYAHAN SA MABUTING KALUSUGAN at ang lahat ay maging mabuti sa iyo, kung paanong nasa mabuti ring kalagayan ang iyong kaluluwa" 3 Juan 2.

Nais ng ating Manlalalang na tayo ay "masiyahan sa mabuting kalusugan." Ang Salita ng Dios ay maaring magsilbing bukal ng ating kalusugan, gayundin ng batis ng walang hanggang buhay.

Sapagkat ang ating pisikal at pangkaisipang kalusugan at ang ating kalagayang espirituwal ay magkakasama, ipinamamanhik ni Pablo ang sumusunod:

"Kaya kung kayo man ay kumakain o umiino, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios" I Corinto 10:31.

Ang ebanghelyo ay kasama kapwa ang pagsasauli ng kalagayang pisikal at espirituwal. Ang malusog na pamumuhay ay makakatulong sa atin na maging masiglang mga Kristiyano.

Narito ang walong simulaing dapat sundin kung tunay na nais mong mamuhay nang higit na malusog at mabungang buhay:

1. DALISAY NA HANGIN

Ang dalisay at sariwang hangin ay mahalaga sa mabuting kalusugan. Sa araw at samantalang natutulog sa gabi, ang wastong pagpapahangin ng ating tahanan at lugar ng gawain ay titiyakin na ang dugo natin ay palaging magdadala ng sapat na oksiheno sa bawat bahagi ng katawan. Ang paghinga nang malalim sa paglalakad sa umaga ay napakabuting paraan ng paglalagay ng oksiheno sa ating katawan.

Ang uri ng hanging ating nilalanghap ay lubhang mahalaga. Ingatan na makalanghap ng mga usok, gaas, o anumang baktirya na dala ng hangin mula sa nakatagong pinagmumulan. Ang paninigarilyo ay nagpaparumi sa hangin at isa ito ngayon sa marami ang pinapatay. Ang mga pananaliksik ng agham ay nagpatunay na ito ang sanhi ng kanser sa бага, emphysema, at sakit sa puso. Ang pagkasugapa ng katawan sa nikotina sa sigarilyo ay siyang dahilan kung bakit ang paghitit ay isa sa mga mga bisyong mahirap alisin. Ang paghitit ng sigarilyo ay papatay ng 12 milyong mga tao taun-taon hanggang 2020 kung ang kasalukuyang mga palatandaan ay magpapatuloy.

2. SIKAT NG ARAW

"Ang mga pakinabang ng sikat ng araw ay marami:

"1. Ang labimlima hanggang tatlung minutong pagpapainit sa sikat ng araw sa umaga o sa dakong hapon ay makatutulong sa katawan na bumuo o gumawa ng sarili nitong bitamina D, isang mahalagang pagkain ng balat. Ang bitaminang ito ay tumutulong sa dugo na lumikha ng kalsiyum at posporo na gumagawa at nagaayos ng masa ng buto.

"2. Ang sikat ng araw ay nagsisilbing pamatay ng mikrobiyo at baktirya.

"3. Ang araw ay nagkakaloob ng lakas na ginagamit ng mga halaman upang gawing carbohydrates ang carbon dioxide at tubig. ... Kung wala ng prosesong ito, ang mga tao at hayop ay mamamatay sa gutom.

"4. Ang sikat ng araw ay tumutulong din sa tao na makaangkop sa pagtatrabaho sa gabi at pinahuhupa ang kalumbayan na may kaugnayan sa madidilim na araw sa panahon ng taglamig.

"Isang paalaala: Ang sikat ng araw ay nakapipinsala rin. Ang lubhang matagal na pagpapainit sa araw ay nakasusunog ng balat, nagdaragdag ng panganib ng kanser sa balat, pinadadali ang pagtanda, pinipinsala ang mga mata, at nagiging sanhi ng katarata." [Ang lahat ng sipi sa Gabay na ito ay mula sa Look Up and Live: A Guide to Health, First Quarter, 1993]

3. PAMAMAHINGA

Ang katawan ay nangangailangan ng pahinga upang kumpunihin ang sarili nito. Kailangan natin ng panahon para sa paglilibang at pamamahinga upang pahupain ang igting ng gawain at kapanagutan sa pamilya. Kung wala ng kailangang kapahingahan, ang mga tao ay madalas na nakararanas ng agam-agam, kalumbayan, at pagkabagot. Ang mga ganitong pabigat sa emosyon ay nagiging sanhi ng karamdaman. Walang maipapalit sa isang mabuting pagtulog sa gabi.

Ang pagpapanibagong lakas ng ating kalagayang espirituwal araw-araw ay mahalaga sa pisikal na kalusugan. Ang araw-araw na pagdidili-dili, pagaaral ng Biblia, at panalangin ng Kristiyano ay nakapagpapagaling sa katawan, gayundin sa kaluluwa. Kailangan din natin ang regular na pagtigil sa lingguhang paggawa, lingguhang pamamahinga, at mga taunan o anim na buwanang pagbabakasyon.



4. EHERSISYO

Ang ehersisyo ay mahalaga sa ating kalusugan:

"1. Ang ehersisyo ay ginagawang normal ang presyon ng dugo.



"2. Ang ehersisyo ay pinahihintulatang dumaloy ang marami pang dugo sa lahat ng bahagi ng katawan, na pinaiiinit ang mga kadulu-duluhan nito.

"3. Pinahuhupa ng ehersisyo ang igting kapwa ng pisikal at emosyonal, na tinutulungan kang madamang higit na mabuti ang tungkol sa buhay. Ito ang karaniwang pinakamabuting lunas sa alalahanin at mabibigat na pasanin.

"4. Ang ehersisyo ay nagkakaloob ng lakas na elektrikal sa utak at mga selula ng mga himaymay. Pinabubuti ang kalusugan sa pamamagitan ng pagpapasigla ng immune system. Kapag ang katawan ay pinanatili sa mabuting kalusugan ng wastong ehersisyo, ang isipan ay higit na malikhain at mahusay na nakapagiisip.

"5. Nakatutulong ito sa iyong kutis at pinanatili kang nasa mabuting kalagayan.

"6. Ang ehersisyo ay ginagawa kang higit na masigla, at kung gayon ay inaantala ang kapagurang pisikal at emosyonal.

"7. Tinutulungan nito ang utak sa paggawa ng isang kemikal na nagbibigay ng pagkadama ng kagalingan at nagdaragdag ng iyong pagtitiis laban sa sakit."

Kung hindi ka nageehersisyo, magsimula kang unti-unti at dahan-dahan mong dagdagan kapag ikaw ay nagiging matatag na. Mabuting sumangguni muna sa iyong manggamot bago ka magsimula. Ang iyong mithiin ay magkaroon ka ng anumang uri ng ehersisyo na tulad ng paglalakad ng isang milya sa loob ng 15 minuto, apat na ulit o higit sa isang linggo.

5. TUBIG

Dahil sa ang tubig ay mahalaga sa bawat selula sa katawan, kailangan nating uminom nang marami nito.

"1. Sa timbang, ang katawan ay halos 70 porsyentong tubig ...

"2. Kailangan ng katawan ang .625 na galon ng tubig upang magampanan ang lahat nitong gawain; ang ilan sa mga gawaing ito ay: sirkulasyon ng dugo, pagpapalabas ng dumi, pagdadala ng pagkain, at pagtunaw nito. . . .

"3. Ang karaniwang tao ay may 15 hanggang 40 bilyong mga selula ang utak. Ang bawat isa nito ay 70 hanggang 85 porsyentong tubig. Ang sapat na tubig para sa mga selulang ito ay makatutulong sa iyo na mamalaging gising ang isipan, at makaiwas sa kapighatian at pagkabagot.

"4. Hindi lamang ang tubig na iniinom ang mahalaga. Ang araw-araw na paliligo ng malamig o maligamgam na tubig ay pinabubuti ang sirkulasyon ng dugo, at sa gayon ay pinalalakas ang katawan at isip. Pinagiginhawa rin nito ang nagulong mga himaymay, na nakakalikha ng karamdaman, dahil sa pinahihina nito ang immune system. Ang paliligo ay inaalís din ang dumi sa balat at pinahuhupa ang lagnat."



6. WASTONG PAGKAIN

Sa paglalang tinagubilinan ng Dios si Adan at Eva na kumain ng mga nuwes, butil, at prutas (Genesis 1:29). Pagkaraang nagkasala sina Adan at Eva, ang mga gulay ay idinagdag sa kanilang pagkain (Gen. 3:18). Makaraan ang baha,

idinagdag ng Manlalalang sa kinakain ng tao ang "malilinis" na pagkaing laman (Gen. 7:2-3, 9:1-6).

Ang laman ng mga hayop ay kapwa may siksik na taba at kolesterol, na dinadagdagan ang panganib ng mataas na presyon ng dugo, atake, sakit sa puso, kanser, labis na katabaan, diyabetes, at iba pang mga karamdaman. Maraming mga manggamot ang nagpapayo na yaong mga kumakain ng karne ay kumain lamang paminsan-minsan ng mga karneng walang taba na nilutong mabuti, at isda.

Dahil sa ang mga taong kumakain lamang ng gulay ay higit na malusog at nabubuhay nang matagal, maraming mga eksperto sa nutrisyon at kalusugan ang namamanhik sa atin na isaalang-alang ang pagbabalik sa orihinal na pagkain ng tao ng mga nuwes, butil, at prutas na may kasamang mga gulay.

Kung nais mong magsimula ng pagkaing gulay, tiyakin lamang na nauunawaan mong maghanda ng balanseng pagkain na walang karne. Kumain ng lima o anim na hain araw-araw ng iba't-ibang prutas, nuwes, butil, gulay na buto, at gulay. Ang mga berde at dilaw na gulay, kasama ng mga dalandan ay tanging mahalaga. Gumamit ng buong butil na harina, at pulang bigas sa halip na puti. Ang pagkain ng gawgaw at iba't-ibang carbohydrates ay kailangang lima hanggang anim na hain bawat araw. Yaoang mga kumakain ng karne ay dapat na kainin lamang ang mga karneng sinasabi ng Biblia na "malinis" o nararapat para sa tao. Pinahintulutan ng Dios ang tao na kumain ng karne pagkaraan ng baha (Gen. 7:3-3, Lev. 11:47). Kanyang ipinaliwanag kung aling karne ang malinis at nararapat na kainin, at alin ang hindi.

Basahin sa Leviticus 11 at Deuteronomio 14 ang listahan ng mga ibon, hayop, at isdang ipinagbabawal ng Dios na kainin. Ayon sa mga kabanatang ito, ang malilinis na hayop ay yaong may baak ang mga paa, at ngumunguya. Ang isda ay kailangang may kaliskis at palikpik. Ang mga ibong kumakain ng mga bulok ay ipinagbabawal.

Kasama sa maruruming hayop ang baboy na tanging binanggit at itinakwil (Deuteronomio 14:8). Ang mataas na porsyento ng mga katawan ng taong idinaan sa awtopsiya ay may impeksyon ng trichinae, mga pinong uod na nasasalin sa taong kumakain ng karneng mayroon nito. Ang kasalukuyang pananaliksik ng agham ay nagbubunyag kung bakit ipinahayag ng Dios ang ilang karne na marumi. Isang dahilan marahil ay ang panganib ng karamdamang dulot ng mga pinong uod na trichinae. Ang ibang dahilan marahil ay ang nakapipinsalang bunga ng siksik na taba sa sistema ng panunaw ng tao.

7. IWASAN ANG MGA BAGAY NA NAKAPIPINSALA

Anong mga babala ang ibinigay ng Biblia tungkol sa mga inuming nakalalasing?

"Ang alak ay manunuya at ang serbesa ay manggugulo; at sinumang naililigaw nito ay hindi matalino" Mga Kawikaan 20:1.

"Ang mga magnanakaw, ni ang masasakim, MGA MAGLALASING, mga mapagmura o ang mga manggagantso ay hindi magmamana ng kaharian ng Dios" I Korinto 6:10.

Ang alkohol ay nakasasama sa mga sumusunod na sistema ng katawan:

"1. Ang "immune system" - Ang alkohol ay pinabababa ang kakayahan ng mga puting selula na labanan ang karamdaman, kaya tumataas ang panganib ng numonya, tisis, hepatitis, at ilang uri ng kanser.

"2. Ang "endocrine system" - Ang dalawa o tatlong ulit lamang na paginom araw-araw ay nagiging sanhi ng pagkaagas, pagsisilang nang patay na sanggol, at pagsilang nang kulang sa panahon.



"3. Ang sistema ng sirkulasyon - Ang paggamit ng alkohol ay pinatataas ang panganib ng sakit sa puso, pinabababa ang asukal sa dugo, at itinataas ang taba sa dugo at presyon ng dugo.

"4. Ang sistema ng panunaw - Ang alkohol ay nakapipinsala sa sikmura na nagiging sanhi ng pagdugo nito. . . . Ang kinaugaliang paggamit ng alkohol ay pinatataas ang panganib ng taba sa atay, hepatitis, at karamdaman sa atay (liver cirrhosis)."

Ang alkohol ang may kapanagutan sa mataas na bahagdan ng pagpapakamatay, kamatayan sa sakuna sa sasakyan, pagsasamantala sa mga bata, at karahasan sa tahanan.

8. PAGTITIWALA SA BANAL NA KAPANGYARIHAN

Ang taong hindi tinitigilan ng takot o pagkakasala ay hindi makikinabang na lubos sa mga kaugalian ng kalusugan na ating tinalakay sa itaas. Ngunit ang taong tiyak na nasisiyahan sa pananampalataya sa Dios ay mararanasan ang sukdulang pinagmumulan ng kabutihan ng kalagayan.

"Purihin mo ang PANGINOON, O kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mga biyaya - na siyang nagpapatawad ng lahat mong kasalanan at NAGPAPAGALING NG LAHAT MONG KARAMDAMAN, na siyang TUMUTUBOS NG IYONG BUHAY sa hukay" Mga Awit 103:2-4.



Si David Larson, isang tagapayo ng National Institute of Mental Health sa Estados Unidos, ay gumawa ng malawakang pananaliksik sa relasyon ng relihiyon at kalusugan. Ang kanyang pagaaral ay nagpakita ng tuwirang ugnayan ng pagtatalaga ng Kristiyano at ng kalusugan. Nagulat siyang malaman na: Yaong mga nagtutungo sa simbahan ay may lalong mahabang buhay kaysa doon sa mga hindi nagsisimba. Ang mga nagtutungo sa mga bahay-sambahan ay may mababang panganib ng atake sa puso, paninigas ng mga malalaking ugat, mataas na presyon ng dugo, at iba pang mga karamdaman. Yaong mga may pananampalataya sa Dios ay may higit na kapakipakinabang na buhay sapagkat sila ay

hindi halos nakararanas ng kalumbayan, paginom ng alak, at pagkakulong dahil sa mga paglabag, o kaya ay mapasubo sa isang hindi kasiya-siyang pagaasawa. Ang patitiwala sa banal na kapangyarihan ay siyang susi sa tunay na mabuting kalagayan at malusog at masayang buhay.

Halos 50,000 mga Seventh-dayAdventist, karamihan ay sa California, ang pinagaralan sa loob nang mahigit na 30 taon. Ang bunga ng pagaaral ay nagpakita na ang mga lalaking Adventista ay nabuhay nang mahigit na 8.9 mga taon, at ang mga babae naman ay mahigit na 7.50 taon kaysa karaniwang mamayan. Ang mga pagaaral ng mga Adventista sa Holland, Norway, at Poland ay ipinakita rin ang katulad na resulta. Idinadahilan ng mga mananaliksik ang mahigit na haba ng buhay ng mga Adventista sa kanilang pagsunod sa ilan o lahat ng walong simulain ng kalusugan na nasa gabay na ito. Ang mga sumusunod sa mga simulating ito ay hindi lamang nabubuhay ng higit na matagal, kundi mayroon ding higit na mabuting uri ng buhay.

Ang pagaangkop natin ng pananaw ng Biblia sa ating mga buhay ay gumagawa ng kaibahan sa lahat ng uri ng mga praktikal na paraan, na nagkakloob ng mga kapanipaniwalang katunayan na ang pagiging Kristiyano ang siyang pinakapraktikal at makatwirang relihiyon sa buong sanlibutan. Ito ay bumabago ng mga tao - ng kanilang pagiisip at mga kilos - at lumilikha ng bagong paraan ng buhay.

Dahil sa malapitang relasyon ng isipan, ng katawan, at ng ating espirituwal na buhay, ang mga Kristiyanong nabubuhay sa Salita ng Dios ay nanaising sundin ang mga simulain ng malusog na paraan ng buhay samantalang sila ay naghahanda sa ikalawang pagdating ni Jesus (I Juan 3:1-3). Hindi lamang gusto ni Kristo na maging handa tayo sa pagsalubong sa Kanya kapag Siya ay nagbalik. Gusto rin

Niyang pasulungin ang uri ng ating kasalukuyang buhay. Maari tayong makiisa sa Kanya sa pagsunod sa mga payak na simulain ng kalusugan ng Dios.

Ipinapangako ni Jesus na ililigtas tayo mula sa bawat mapanirang paguugali sa pamamagitan ng Kanyang "kapangyarihang gumagawa sa atin" (Efeso 3:20). Kung tinatangka mong panagumpayan ang ilang sumisira-sa-katawang paguugali, tulad ng paggamit ng tabako o paginom ng nakalalasing na inumin, ang pinakamabuti mong kapasyahan na tumigil ay madalas na nauuwi sa lubid na buhangin. Ngunit sa pagkabit sa kapangyarihan ng Dios "na gumagawa sa kalooban" mo, ibibigay sa iyo ng Dios ang kalakasan upang managumpay. Ipinapangako ng Salita ng Dios: "Magagawa ko ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Kristo na nagpapalakas sa akin" - Filipos 4:13.

PAGPASOK SA BUHAY KRISTIYANO

Narito ang isang nakakasabik na liham mula sa isa naming kinatawan ng Paaralan ng Biblia sa Africa:

"Limang taon ang nakalipas ako ay tumanggap ng kahilingan mula sa Voice of Prophecy na dalawin ang isang bilanggong magaaral ng Biblia. Inihain ko ang kahilingan sa pamunuan ng bilangguan na nagbigay naman ng pahintulot. Sapagkat ang magaaral ay mahigpit ang pagnanais na magaral ng Biblia, kaya panay ang dalaw ko sa kanya.

"Pagkaraan ng halos anim na buwan mula nang una ko siyang dalawin, ninais na niyang magpabinyag at umanib sa iglesya. Ang pamunuan ng bilangguan ay pumayag na maglaan ng mga kailangan upang ang pagbibinyag ay isagawa sa bilangguan. Ang mga tanod ng bilangguan at mga ibang bilanggo ay nagtipon upang saksihan ang isa sa pinaka-nakakakilos na binyagang ginawa ko kailanman.

"Hindi nagtagal pagkatapos nito, ang ating kapatid ay pinalaya na, bagaman mayroon pa siyang ilang panahon na dapat pagsilbihan. Nang tanungin ko kung bakit, ay sinabi niya sa akin na ang kanyang buhay ay lubusang nagbago, at siya ay naging lubos na saksi para sa kanyang Tagapagligtas at sa kanyang relihiyon na anupa't hindi na siya iniisip na isang bilanggo o itinuturing na gayon. Siya ay nagbalik sa kanyang pamilya at ngayon ay isang lider sa isa nating malaking kongregasyon."

1. ANO ANG KAHULUGAN NG BINYAG?

Nang ang bilanggoay naging Kristiyano at ang kanyang buhay ay lubusang nabago, bakit mahalaga para sa kanya na mabinyagan? Sa pakikipagusap kay Nicodemus, ang lider ng komunidad na nakipagkita kay Jesus sa gabi, ay niliwanag ni Jesus ang kahalagahan at kahulugan ng binyag:

"Walang sinoman ang makakakita ng kaharian ng Dios malibang siya ay muling ipanganak . . . malibang siya ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu" Juan 3:3, 5.

Kaya ayon kay Jesus kailangan nating ipanganak "ng tubig at ng Espiritu." Ang "ipanganak ng Espiritu" ay nangangahulugan ng pagpasok sa isang bagong buhay sa pamamagitan ng pagbabago ng puso at isipan. Sapagkat ang pagpasok sa kaharian ng Dios ay kasangkot ang lubos na bagong uri ng pamumuhay, hindi lamang ng matandang buhay na inayos; ito ang tinatawag na bagong pagkapanganak. Ang binyag ng tubig ay panlabas na larawan ng ganitong panloob na pagbabago. Bininyagan ng aming kinatawan ang bilanggo bilang pagkilala ng kanyang pagtatalaga kay Kristo at bilang simbolo ng pagbabagong sinimulan sa kanyang buhay ng Espiritu Santo.

2. BAKIT KAILANGAN AKONG BINYAGAN?

Ang ating kaligtasan ay umiikot sa tatlong dakilang ginawa ni Kristo:

"Si Kristo ay NAMATAY para sa ating mga kalasanan, ayon sa mga Kasulatan, . . . SIYA'Y INILIBING, . . . SIYA'Y MULING BINUHAY nang ikatlong araw ayon sa mga Kasulatan" I Korinto 15:3, 4.



Ginawa ni Kristo ang pagliligtas sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli.

"Hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na nabautismuhan kay Kristo Jesus ay mga NABAUTISMUHAN SA KANYANG KAMATAYAN? Kaya't tayo ay INILIBING NA KASAMA NIYA SA PAMAMAGITAN NG BAUTISMO sa kamatayan na, kung PAANONG SI KRISTO AY MULING NABUHAY MULA SA MGA PATAY sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, GAYUNDIN NAMAN TAYO'Y MAKAKALAKAD SA PANIBAGONG BUHAY" Mga Taga-Roma 6:3, 4.

Si Kristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, inilibing, bumangong muli sa libingan upang bigyan tayo ng bagong buhay ng katwiran. Sa pakabinyag ay nakikilahok tayo sa kamatayan, libing, at pagkabuhay na muli ni Jesus. Ang binyag ay nangangahulugan na tayo ay namatay sa kasalanan na kasama ni Kristo, inilibing ang matandang buhay ng kasalanan na kasama si Kristo, at tayo ay bumangon upang tayo ay "mabuhay ng isang bagong buhay" kay Kristo. Ang Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli ay nagiging atin. Magagawa ng Dios na tayo'y patay sa kasalanan, na tila ipinako sa krus. Magagawa Niya tayong buhay sa mga bagay ng Espiritu, na tila muli tayong nabuhay sa mga patay.



Ang bautismo ay maliwanag na kumakatawan sa mga hakbang ng pagbabalik-loob. Una, inilubog tayong lubos sa tubig, tulad ng mga taong inilibing at lubusang natakpan. Na ang ibig sabihin ay kusa tayong namatay na kasama ni Kristo at inilibing ang ating matandang buhay. Ang binyag ay isang libing, pormal na pamamaalam sa buhay na pinangingibabawan ng kasalanan. Pagkatapos, ay itataas tayo mula sa tubig, na tulad ng isang bumabangon sa libingan, na sinasabing tayo ay isang "bagong nilalang" na lubusang ibinigay sa "bagong buhay" na kaloob ng Dios sa atin.

Tanging ang paglulubog lamang ang ganap na makapagpapakita ng tunay na kahulugan ng binyag - kamatayan, libing at muling pagsilang. Ang binyag sa pamamagitan ng "wisik" ay hindi sapat na larawan ng bagong pagsilang.

Ano ang tunay na ibig sabihin ng namatay na kasama si Kristo?

"Nalalaman natin na ang ating dating pagkatao ay kasama niyang ipinako sa krus, upang ang katawang makasalanan ay mawalan ng bisa, upang tayo ay hindi na mga alipin ng kasalanan" Mga Taga-Roma 6:6.

Ang binyag ay kinakatawanan sa labas ang panloob na dapat gawin ng tao - isuko ang lahat kay Kristo. Kung mayroon tayong anumang pinipigil mula sa Dios, ang ganoon ay tila pinanatili tayong "mga alipin ng kasalanan." Kapag isinuko natin ang lahat kay Kristo, ang ating mga makasalang pagpanganais ay "mawawalan ng kapangyarihan" at ang ating pagbabago ay magsisimula.

Sino ang may kapanagutan sa pagbabagong nangyayari?

"Ako'y napakong kasama ni Kristo at hindi na ako ang nabubuhay kundi SI KRISTO ANG NABUBUHAY SA AKIN. Ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay IKINABUBUHAY KO SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAY SA ANAK NG DIOS, na sa akin ay nagmahal at ibinigay ang kanyang sarili dahil sa akin" Galacia 2:20.

Kapag itinuturing ko ang aking sarili na kasamang napako ni Kristo, sa pamamagitan ng binyag, ay inaanyayahan ko ang isang makapangyarihang lakas sa aking buhay - "si Kristo ang nabubuhay sa akin."

Upang mapasa-kamay ni Kristo nang lubusan ang iyong buhay, una, tumingin ka kay Kristo na namamatay sa krus. Huwag kang titingin sa kasalang nagbabanta sa iyo, huwag mong pansinin ang iyong nakaraan at tumaghoy: tumingin ka kay Jesus. Nakikita ang mabiyayang kamatayan ni Kristo sa

Kalbaryo, ay maipapahayag mo ang iyong pakikiisa sa Kanya: "Sa kapangyarihan ng krus ay inaangkin ko na ako ay patay sa mga matandang kaugalian at tumutugon sa Dios. Tumatayo akong kasama ni Kristo. Mula ngayon ay "mabubuhay ako sa pananampalataya sa Anak ng Dios na umibig sa akin at ibinigay ang kanyang buhay dahil sa akin."

Sa ating paugnay sa kapangyarihan ng kamatayan at pagkabuhay na maguli ni Kristo makikita natin nang higit at higit ang Kanyang mabubuting katangian na pinapalitan an gating mga matandang paguugali:

"Kaya kung sinoman ay na KAY KRISTO, siya ay BAGONG NILALANG; ang mga LUMANG bagay ay lumipas na, ANG BAGO ay dumating!" II Korinto 5:17.

Sa binyag ay ating inihahayag ang ating pagnanais na makasama ni Jesus at mabuhay ng isang bago at higit na mabuting buhay "kay Kristo." Ginagawa ni Jesus sa atin ang hindi natin magagawa para sa ating mga sarili. Bumangon tayo mula sa tubig na "isang bagong nilalang"; Binibigyan Niya tayo ng kapangyarihang mabuhay ng isang "bagong buhay."

3. BAKIT BININYAGAN SI JESUS?

Noong Pentekoste, sinabi ni Pedro sa mga nagnanais ng kalayaan mula sa pagkakasala na "magsisi at magpabautismo" upang mapatawad ni Kristo ang "inyong mga kasalanan" (Mga Gawa 2:38). Sapagkat si Jesus ay hindi kailanman nagkasala, bakit Niya ipinahintulot na Siya ay binyagan?



"At mula sa Galilea SI JESUS AY PUMUNTA SA JORDAN UPANG MAGPABAUTISMO kay Juan . . . UPANG MATUPAD ANG LAHAT NG KATWIRAN" Mateo 3:13, 15.

Si Jesus ay walang kasalanan; hindi Niya kailangang magsisi sa anumang kasalanan. Siya ay bininyagan para sa ibang kadahilanan: "upang matupad ang lahat ng kautwiran." Sa Kanyang pagkabinyag, si Jesus ay naglaan ng isang tiyak na halimbawa para sa atin na mahihina at makasalang mga tao. Hindi niya inaanyayahan ang Kanyang mga tagasunod sa alinmang lugar na hindi Niya napuntahan. Kaya kapag ang mga tao ay inilubog sa tubig sa binyag, sila ay sumusunod sa mga hakbang ng Panginoon.

"Siya na hindi nagkasala ay ginawa ng Dios na may kasalanan para sa atin, upang sa kanya tayo ay maging katuwiran ng Dios" II Korinto 5:21.

Nabago sa paningin ng Dios mula sa pagiging mga makasalanan na naging mga banal, lalago tayo sa ganoong "katuwiran", at kung magkagayon mabubuhay tayo ng isang bagong buhay kay Kristo.

4. BAKIT DAPAT AKONG ILUBOG?

Nang si Kristo ay binyagan, Siya ay inilubog at hindi winisikan ng tubig. Bininyagan Siya ni Juan sa Ilog ng Jordan, sapagkat "MARAMING TUBIG" doon - Juan 3:23. Nang Siya ay binyagan, Siya ay lumusong sa tubig, at "nang mabautismuhan si Jesus, kaagad Siyang UMAHON SA TUBIG" - Mateo 3:16.

Kapag naunawaan natin ang tunay na kahulugan ng bautismo, makikilala natin ang tunay na anyo nito. Ang salitang "bautismo" ay nagmula sa salitang Griyego na "baptizo", na nangangahulugang ilubog [ilagay sa ilalim ng tubig].

Nang si John Wesley ay dumalaw sa Amerika noong 1737, isang lupon ng tagausig na 34 na mga lalaki ang lumitis sa kanya sa kakatwang akusasyon ng "pagtangi na bautismuhan ang anak ni Mr. Parker, malibang siya ay ilubog. Maliwanag na ang ama ng Metodismo ay binautismuhan ang kanyang mga hikayat sa pamamaigtan ng paglubog.

Ang repormador na si John Calvin ay nagpahayag: "Tiyak na ang paglulubog ay ginagawa ng matandang iglesya" - Institutes of the Christian Religion, Bk. 4, Chap. 15, Sec. 19.

Ang kasaysayan ng naunang iglesya ay liniliwanag na ang bautismo ay nangangahulugan ng paglulubog. Si Dean Stanly, ng Iglesya ng England, ay sumulat: "Sa uang 13 siglo, ang pansanlibutang pagbabautismo ay yaong nabasa natin sa Bagong Tipan, na siyang kahulugan ng salitang "bautismo" - na yaong mga nabautismuhan ay inilublob, o ipinailalim sa tubig." - Christian Institutions, p. 21.

Ang mga binyagan na inilulubog ang mga tao ay nasa maraming mga iglesya na itinayo sa pagitan ng ika-apat hanggang ikalabing-apat na siglo sa Europa at Asya, mga iglesyang tulad ng katedral sa Pisa, Italya, at St. John, ang pinakamalaking iglesya sa Roma.

Sa unang bahagi ng ikalabinlimang siglo, sa Konsilyo ng Ravena ay tinanggap ng Iglesya Katolika ang pagwiwisik na katumbas din ng paglulubog. Sa mga gawain ng iglesya, ay nararapat sundin ang itinuro ni Kristo at ng Kanyang mga alagad at hindi ang itinuturo ng tao.

Maraming mga tapat na Kristiyano na nagmamahal sa kinaugaliang pagbibinyag ng mga sanggol, at ang pagbibigay ng ating mga anak sa Dios mula sa pasimula ay tiyak na kapuri-puri. Gayunman, sa Biblia ay maliwanag na ang tao ay dapat munang turuan ng daan ng kaligtasan bago binyagan (Mateo 28:19, 20), na dapat siyang sumampalataya kay Jesus bago binyagan (Mga Gawa 8:35-38), at dapat siyang magsisi ng kasalanan at mapatawad sa mga ito bago mabinyagan (Mga Gawa 2:38). Ang sanggol ay hindi makasampalataya, makapagsisi, o makapagpapahayag ng kasalanan, na dapat mauna sa binyag.

6. BAKIT MAHALAGA NA MABINYAGAN?

Ayon kay Jesus, mahalaga ang bautismo para sa mga nagnanais na pumasok sa langit:

"Walang sinoman ang makapapasok sa kaharian ng Dios malibang siya ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu" Juan 3:5.

Mayroon lamang isang kataliwas na ibinibigay ang Panginoong Jesus. Ang magnanakaw sa krus ay "ipinanganak ng Espiritu," bagaman hindi siya nakaalis sa krus upang ilubog sa tubig, tanda ng pagbabago ng kanyang puso. Ipinangako sa kanya ni Jesus ay siya ay makakasama Niya sa kaharian (Lukas 23:42,43). Para sa magnanakaw, ang "pagkapanganak sa tubig at Espiritu" ay kumakatawan sa nabuhos na dugo ni Jesus upang linisin siya sa kanyang mga kasalanan. Ito ang pansin ni Agustin, "Mayroong isang kaso ng pagsisi sa banig ng kamatayan na natala, yaong nagsisising magnanakaw, upang walang sinomang mawalan ng pagasa; at tanging isa lamang, upang walang sinomang magkaroon ng sariling palagay."

Si Jesus mismo ay nagbigay ng ganitong banal na babala:





"Ang sinomang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay parurusahan"
Markos 16:16.

Nang mamatay si Jesus sa ating lugar sa Kalbaryo, Siya ay gumawa ng pangmadlang pagpapakita ng Kanyang pagibig sa atin. Kailangan nating tumugon na may pangmadla, di-nahihiyang pagpapahayag ng ating pagtatalaga kay Kristo sa pamamagitan ng bautismo. Nasimulan mo na ba ang isang bagong buhay kay Kristo? Ikaw ba'y nabautismuhan na? Kung hindi pa, bakit hindi ka maghanda para sa bautismo sa nalalapit na hinaharap?

6. ANG BAPTISMO AY PASIMULA LAMANG

Ang bautismo [binyag] ay kumakatawan sa ating pagtatalaga sa isang Kristiyanong paraan ng buhay. Ngunit ang ating pagsuko sa bautismo ay hindi karakarakang tumatagal nang buong buhay.

Sa pagsilang ng sanggol, ang pagdiriwang ay nararapat. Pagkaraan ng pagsilang at ang pananabik ay naparam na, ang sanggol ay nangangailangan ng araw-araw na pagpapakain, araw-araw na paliligo, at araw-araw na pagmamalasakit para sa kagalingan nito. Gayundin sa bautismo. Sinabi ni Pablo ang tungkol sa kanyang karanasan, "Ako'y namamatay araw-araw" (Korinto 15:31). Sa araw-araw na pagtalikod mula sa pagkamakasarili ay lalo tayong matugunin kay Kristo.



Ang sermonya ng bautismo, tulad ng kasalan, ay isang pormal na pagpapatibay na nagsimula na ang kahanga-hanga at lumalagong relasyon. Upang palagiang lumago, kailangan natin ang araw-araw na pagbibigay ng ating mga sarili kay Kristo, isang araw-araw na pagtanggap ng bagong buhay sa pamamagitan ng panalangin at pagaaral ng Biblia.

7. ISANG DAHILAN NG PAGSASAYA

Ang bautismo ay dahilan ng isang dakilang pagsasaya sapagkat yaong mga sumampalataya kay Kristo ay may katiyakan ng buhay na walang hanggan. "Ang sinomang sumasampalataya at nabautismuhan ay maliligtas" (Markos 16:16). Si Jesus ay nangangako ng walang halagang kaloob ng Banal na Espiritu sa mga nabautismuhan (Mga Gawa 2:38). Kasama ng Espiritung dumarating ang "bunga ng Espiritu" - "pagibig," na pinupuno ng pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili" ang buhay (Galacia 5:22, 23).

Ang mabuhay si Jesus sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay nagbibigay ng malalim na pagkadama ng katiyakan. Sapagkat "ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo . . na tayo'y mga anak ng Dios" Mga Taga-Roma 8:15, 16).

Ang tiwasay na relasyong ito sa Dios ay nagbubunga ng maraming pakinabang, ngunit hindi tinitiyak ang isang buhay na walang suliranin. Ang totoo, ang kaaway ay madalas na inihahagis ang pinakamahirap sa mga nagtatalaga kay Kristo. Gayunman, kapag tayo ay nasa kamay ng Dios malalaman natin na gagamitin Niya ang lahat na nangyari sa atin, mabuti at masama, na turuan at tulunga tayong lumago (Mga Taga-Roma 8:28).

Isang kabataang babae ang gumawa ng isang pasya na itataga ang kanyang buhay kay Kristo at magpabinyag, sa kabila ng babala ng kanyang asawa na siya ay ididiborsyo. Ang kanyang asawa ay

walang pakialam sa kanyang bagong pananampalataya, ngunit ang babae ay nanatili kay Jesus at sinikap na maging higit na maibiging asawa kailanman. Sa pasimula ang lalaki ay ginawang lubusang mahirap ang lahat sa tahanan. Ngunit sa wakas siya ay nahikayat ng nabagong buhay ng kanyang asawa na hindi niya malabanan. Hindi nagtagal, isinuko niya ang kanyang buhay kay Kristo at nagpabinyag.

Ang pananatili kay Kristo "anuman ang mangyari" ay gagawin tayong makapangyarihan sa Kanyang mga kamay. Maitatalaga natin ang ating mga buhay sa Kanya na walang pasubali sapagkat ginawa na Niya ang pangwakas na pagtatalaga sa atin nang Kanyang bayaran sa krus ang halaga ng ating mga kasalanan. Ano ngang karapatan na ibigay natin sa Kanya sa harap ng madla ang ating pagibig at katapatan! Kung hindi mo pa nagagawa, bakit hindi mo isuko ang iyong buhay kay Kristo ngayon na? Hilingin mo sa Kanya na likhaan ka ng bagong buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at magpabinyag kay Kristo.

ANG LIHIM NG PAGLAGO SA PAMAMAGITAN NG SAMAHAN

Noon pasimula ng 1960, si Kap. na Andrew, isang lalaki mula sa Holland, ay nagpuslit ng mga Biblia sa kanyang VW sa hangganan ng Romania at mga tanod na komunista. Tumuloy siya sa isang hotel at nanalangin sa Dios na patnubayan siya sa tamang grupo ng mga Kristiyano - yaong mga gagamiting mabuti ang mga sipi ng mga Kasulatan.

Sa katapusan ng linggong yaon nagtanong si Andrew sa kawani ng hotel kung saan siya makakikita ng isang iglesya.

Kakatwa ang tingin sa kanya ng kawani nang tumugon. "Alam mo, wala kaming marami noon dito. Bukod doon, hindi mo mauunawan ang wika."

"Hindi mo ba alam?" ang tugon ni Andrew. "Ang mga Kristiyano ay nagsasalita ng isang uri ng pansanlibutang wika."

"Oh, ano 'yon?"

"Ang tinatawag na Agape."

Hindi pa kailanman narinig ito ng kawani, ngunit tiniyak ito ni Andrew sa kanya. "Ito ang pinakamagandang wika sa sanlibutan."

Nakasumpong si Andrew ng ilang grupo ng iglesya sa lugar at nakipagayos sa pangulo at kalihim ng isang denominasyon para sa isang pagpupulong. Sa kasamaang-palad, bagaman si Andrew at ang mga lalaking ito ay nakakaalam ng ilang wikang Europeo nasumpungan nilang wala silang bagay na magkatulad. Kaya sila ay nakaupo na nagtitinginan lamang. Hindi matiyak ni Andrew kung ang mga ito nga ay tunay na mga kapatid na Kristiyano o mga espiya ng pamahalaan.

Sa wakas ay nakakita siya ng Bibliang Romania sa loob ng tanggapan. Dumukot si Andrew sa kanyang lukbutan ng isang Bibliang Dutch. Binuklat niya ito sa I Korinto 16:20 at itinaas, na ipinakikita ang pangalan ng aklat na kanilang nakikilala. Biglang nagliwanag ang kanilang mga mukha. Madali nilang nakita ang gayunding kabanata at talata sa kanilang Bibliang Romania at binasa: "Ang lahat ng mga kapatid dito ay binabati kayo. Magbatian kayo ng banal na halik."



Ang mga lalaking ito ay ngumiti kay Andrew. Isa sa kanila ay tumingin sa kanyang Biblia at nakita ang Mga Kawikaan 25:25.

Binasa ni Andrew ang talata: "Tulad ng malamig na tubig sa uhaw na kaluluwa ang mabuting balita mula sa isang malayong lupain."

Ang mga lalaking ito ay gumugol ng kalating oras na nakikipagusap at nagbabahagi - sa pamamagitan lamang ng mga salita ng Kasulatan. Napakaligaya nila sa samahang ito na hindi nila alumana ang malaking kaibahan ng kanilang mga kultura anupa't sila'y napaluha sa kanilang pagtawa.

Alam ni Andrew na nakita niya ang kanyang mga kapatid; at nang ipakita niya ang kanyang isang tambak na mga Biblia ay paulit-ulit siyang niyakap ng mga ito.

Nang gabing yaon, ang kawani ng hotel ay lumapit kay Andrew, na nagwika, "Alam mo, tiningnan ko sa diksyonaryo ang "agape". Wala namang wikang ganoon; salitang Griyego lamang pala 'yon para sa pagibig.

Tumugon si Andrew. "Yon nga. 'Yon ang sinasalita ko buong maghapon."

Natuklasan mo na ba ang magandang wikang 'yon? Sa Gabay na ito ay matututuhan mo kung paanong dadalhin tayong lahat ng Dios sa Kanyang dakilang pagibig.

1. ANG IGLESYA AY NILIKHA PARA SA SAMAHAN

Ang iglesia ay itinatag ni Jesus para tugunin ang payak na pangangailangan ng tao para sa pangangalaga at pagtataguyod. Ito ay isang lugar na tinutungo natin para sa samahan at pagtutulungan sa isa't-isa. Kailangan nating lahat ito. Ipinakikita ng Kasulatan ang isang malakas na iglesia ng mga alagad na tumawag ng mga lalaki at babae sa isang masayang samahan na nakakarating sa Makapangyarihan sa lahat:

"Ipinahahayag namin sa inyo yaong aming nakita at narinig upang kayo rin naman ay magkaroon ng PAKIKISAMA SA AMIN. At ang ATING PAKIKISAMA AY SA AMA AT SA KANYANG ANAK, si Jesu-Kristo. Isinusulat namin ito upang ang aming KAGALAKAN AY MALUBOS" I Juan 1:3, 4.

Ang komunidad ng mga puso na binigkis ng pakikisama kay Jesus at sa isa't-isa, ay makakaranas ng lubos na "katuwaan!" Lahat sila ay nagsasalita ng iisang wika, ang wika ng pagibig.

Ang mga Kristiyano ay nagiging bahagi ng malawak na pamilya na nagiging magkakapatid na lalaki at babae kay Kristo sapagkat ang lahat ay may espiritu ng pagka-kamaganak. Habang lumalawak ang pagkakaisa ng paniniwala, lalong lumalakas ang pagkakaugnay ng mga Kristiyano.

Ang mga kaanib ng mga iglesia na itinatag ng mga alagad ni Kristo ay magkakasamang binigkis ng kanilang magkatulad na mga paniniwala, ng kanilang pagibig sa Dios, at ng kanilang pagnanais na paglingkuran Siya at ibahagi ang Kanyang biyaya sa sanlibutan. Aag malapitang samahang ito ay isa sa mga dahilan kung bakit ang mga pinagusig at walang kapangyarihang minoryang ito ay binaligtad ang sanlibutan.

2. ANG IGLESYANG ITINATAG NI KRISTO

Si Kristo ba ay may iglesia, o ang buong ideya ng samahang relihiyoso ay bunga lamang ng imbensyon ng tao? Ito ang tugon ni Jesus:

"Sa BATONG ito ay itatayo ko ang aking iglesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi mananaig dito" Mateo 16:8.



Si Jesus ang Batong daungan, ang Panulok na bato, ng Kanyang iglesia. Anong grupo ang bumubuo ng bahagi ng saligang ito?

"Na itinayo sa saligang inilagay ng mga apostol at ng mga propeta, na si Kristo Jesus ang batong panulok" Efeso 2:20.

Ano ang nagawa ng Panginoon nang maipangaral ang ebanghelyo?

"At idinagdag ng Panginoon sa IGLESYA araw-araw ang mga naliligtas" Mga Gawa 2:47, KJV.

Nang itatag ni Jesus ang iglesya, Kanyang ipinangako na ang "pintuan ng Hades ay hindi magwawagi laban dito" - Mateo 16:18, at ang iglesya Kristiyana ay nananatili pa rin. Mayroon itong mga lubhang makapangyarihang kaaway - mula sa mga emperador Romano hanggang sa mga komunistang diktador - ngunit ang dugo ng mga martir ay lalo pang nagpalakas dito. Marami ang mga pumapalit sa isang Kristiyano na sinusunog sa mga tulos o itinatapon sa yungib ng mga leon. Ang mga hindi naniniwala sa mga turo ng relihiyon ay ginawa ang kanilang pinakamabuti upang pawiin ang Iglesya Kristiyana. Ngunit ang katotohanan ng Kristiyanismo ay maliwanag pang nakikipag-paligsahan, higit kailanman, sa isang kapanahunang sekular at maka-agham.

Isa sa mga pinakamahigpit na hamon ng iglesya ay dumating pagkaraan na ito ay tanggapin bilang opisyal na relihiyon ng Imperyo ng Roma. Ang iglesya ay naging masagana - at sa wakas ay naging bulok. Naging tila patay sa espiritu noong Madilim na Panahon. Ngunit ang Panginoon ay laging nagbubukod ng mga malalakas ang loob at tapat na mananampalataya na, sa madilim at mahirap na panahon, ay nagliwanag na tila mga bituin sa isang gabing walang buwan.

Itinulad ni Pablo ang relasyon ni Kristo sa Kanyang iglesya sa mapagmahal at nagsasanggalang na relasyon ng asawang lalaki sa kanyang kaniyakin. Ang iglesya ay isang pamilya, na ang bawat kaanib ay nagtatatag ng relasyon sa ibang kaanib ng sambahayan at nagdudulot sa kanilang mabuting kalagayan - Efeso 2:19. Inilalahad din ni Pablo na ang iglesya ay isang buhay na katawan, na si Kristo ang ulo - Colosas 1:18.

Kapag tayo ay nabinyagan, nagpapatotoo tayo ng ating pananampalataya kay Jesus at nagiging mga kaanib ng "katawan" ng iglesya.

"Sapagkat tayong lahat ay NABAUTISMUHAN ng isang Espiritu SA IISANG KATAWAN" I Korinto 12:13.

Inilalarawan ng aklat ng Apokalipsis ang nabuhay na Kristo na lumalakad sa mga iglesya, na ipinakikita ang Kanyang pagmamalasakit sa kanila (Apokalipsis 1:20, 12, 13). Kailanman ay hindi pinabayaan ni Kristo ang Kanyang bayan.

3. ISANG IGLESYANG MAY LAYUNIN

Ang pagtungo sa iglesya ay mahalaga sa Kristiyano sapagkat kailangan natin ang suporta ng iba upang maging buhay at lumalago ang ating pananampalataya.

Ang iglesya ay mayroong tatlong iba pang gampanin:

(1) Binabantayan ng iglesya ang katotohanan.

Bilang "haligi at saligan ng katotohanan" (I Timoteo 3:15), itinataguyod at ipinagsasanggalang ng iglesya ang katotohanan ng Dios sa harap ng sanlibutan. Kailangan natin ang pinagsamang katalinuhan ng ibang mananampalataya upang makatulong sa atin na ipako ang ating pansin sa mahahalagang katotohanan ng Kasulatan.

(2) Ang iglesya ay halimbawa ng magagawa ng biyaya ng Dios sa mga makasalan. Ang mga pagbabagong ginawa ni Kristo sa buhay ng mga mananampalataya ay nagbibigay-puri sa Dios na tumawag sa atin sa "Kanyang kahanga-hangang kaliwanagan" - I Pedro 2:9.



(3) Ang bayan ng Dios ay Kanyang mga saksi sa nangangailangang sanlibutan. Bago nagbalik si Jesus sa langit ay ipinangako Niya sa Kanyang mga alagad:

"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa" Mga Gawa 1:8.

4. ITINATAG PARA SA KALAKASAN

Ang iglesyang itinatag ni Kristo ay may tiyak na samahan. Ang isa ay maaring isama o ihiwalay sa pagiging kaanib nito (Mateo 18:15-18). Ang iglesya ang Dios ay nagtalaga ng pamunuan at may pansanlibutang punong-tanggapan, gayundin ng mga lokal na sambahan (Mga Gawa 8:14; 14:23; 15:2; I Timoteo 3:1-13). Nang sila ay nabautismuhan, ang mga mananampalataya ay umaanib sa tatag na grupo (Mga Gawa 2:41 at 47).

Ang iglesya ay nabubuhay para sa may pagdamay na pagpapalakasan ng loob.

"At ating isaalang-alang kung paano gigisingin ang isa't-isa sa pagibig at mabubuting gawa. Huwag nating pabayaang ang ating pagtitipon, gaya ng ugali ng iba, kundi PALAKASIN ANG LOOB NG ISA'T-ISA - lalung-lao na kung inyong nakikita ang Araw [ng pagdating ni Kristo] ay papalapit na" Hebreo 10:4-25.

Ito, sa isang salita, ang ginagawa ng isang malusog na iglesya. Ang mga kaanib nito ay itinatag ang isa't-isa sa pananampalataya at nagpapalakasan ng loob sa isa't-isa. Higit na marami ang ating magagawa nang sama-sama. Halimbawa: ang Seventh-day Adventist Church. Ipinagpapatuloy natin ang malawakang gawain ng panggagamot sa buong sanlibutan - mula sa mga sasakyang pangkalusugan sa loob ng mga lungsod hanggang sa mga klinika sa malalayong pulo ng South Pacific. Ang ating mga institusyong pang-edukasyon ay nagbunga na ng mga libo-libong kabataan sa kaalaman ng higit na mabuting buhay kay Kristo - mula sa Loma Linda University, na nagpasimula ng "heart transplant", hanggang sa maliliit na mga paaralan ng misyon na nakakalat sa loob ng kontinente ng Africa. Ang ADRA ay tumulong sa biktima ng tag-gutom at malawakang kapahamakan. Ang mga lokal na iglesya ay tumutulong upang madamtan at mapakain ang mga mahihirap at walang tahanan sa mga libo-libong Community Service Center. At ang maraming mga grupo ng mananampalataya ay ibinabahagi ang balita ng kaligtasan sa mahigit na 200 mga bansa. Tanging ang isang matatag na grupo ng mga tapat na Kristiyano ang may ganitong bisang pansanlibutan.



Itinulad ni Kristo at ng mga alagad ang iglesya sa isang katawan, at itinuro na ang bawat bahagi nito ay kailangan (I Korinto 12:21-28). Ang lahat ng bahagi ng katawan ay hindi magkakatulad, gayunman ang lahat ay mahalaga at dapat na gumawang nagkakaisa. Ang isang matang hiwalay sa katawan ay hindi makakakita. Ang kamay na putol sa katawan ay walang halaga. Ang pagiging kaanib ng iglesya, na kaisa ng ibang kaanib ng katawan, ay nagpapalakas sa atin bilang mga Kristiyano.

5. ANG KASIYAHAN NG PAGSAMBA

Nasa kaibuturan ng ating mga puso ang lunggati na sambahin ang Dios, at yaon ay mapaparam kapag hindi nabigyan ng kapahayagan. Ano ang damdamin ng mang-aawit nang maisip niya ang pagtungo sa dako ng pagsamba?

"Ako'y NATUWA nang kanilang sabihin sa akin, 'Tayo na sa bahay ng PANGINOON'" Mga Awit 122:1.

Ano ang bahagi ng musika sa pangmadlang pagsamba?

"Sambahin ang Panginoon na may kagalakan; magsilapit kayo sa kanyang harapan na may awitan" Mga Awit 100:2.

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang pagkakaloob ng mga handog ay isang nararapat na bahagi ng banal na pagsamba.

"Magdala ng handog, at pumasok kayo sa kanyang mga bulwagan. Sambahin ninyo ang PANGINOON sa kagandahan ng kabanalan" Mga Awit 96:8-9.

Ang panalangin ay isa ring mahalagang bahagi ng pangmadlang pagsamba.

"Pumarito kayo, tayo'y sumamba at yumukod sa harapan ng PANGINOON, ang ating Manlalalang" Mga Awit 95:6.

Ang pagaaral ng Biblia at pangangaral ay buod ng pagsamba sa Bagong Tipan. Mula noong sermon ni Pedro noong araw ng Pentekoste, na nasa Mga Gawa 2, at mula sa panahon ng mga Protestanteng Repormador hanggang sa ating kaarawan, ang bawat dakilang pagpapanibagong-sigla sa relihiyon ay batay sa pangangaral ng Biblia. Bakit? Sapagkat ang "salita ng Dios ay buhay at kumikilos. Na higit na matalas kaysa isang tabak na may dalawang talim" - (Hebreo 4:12-13).

6. ANO ANG MATUWID SA IGLESYA?

May mga pumupuna na ang iglesya ay puno ng mga taong hindi sakdal. Ang sinabi ni Henry Ward Beecher ay totoo: "Ang iglesya ay hindi isang tanghalan ng mga tanyag na mga Kristiyano, kundi paaralan para sa mga di-sakdal."

Sapagkat walang sinoman sa atin ang sakdal, ang iglesya ay hindi kailanman magiging sakdal. Sa isa sa Kanyang mga talinghaga ipinaalala ni Jesus na ang damo ay kasamang tumutubo ng trigo (Mateo 13:24-30). Kapag binasa natin ang mga liham ni Pablo sa Bagong Tipan, matutuklasan natin na ang iglesya apostolika ay may malulubhang suliranin. Ang iglesya ngayon ay madalas na may ganoon ding suliranin. Ngunit tandaan na walang anumang kongregasyon na maraming kapintasan ang kailanman ay makasisira o makababagbag sa Panulok-na-bato ng iglesya - si Kristo Jesus. Kaya ang iglesya ay dapat na laging nakatingin sa Tagapagligtas na naglilingkod sa atin. Sa kabila ng mga kapintasan nito, ang iglesya ay pagaari ni Kristo, kaya tumingin tayo sa Kanya

"INIBIG NI KRISTO ANG IGLESYA AT IBINIGAY ANG KANYANG SARILI ALANG-ALANG SA KANYA upang Kanyang pakabanalin siya, na lininis sa paghuhugas ng tubig sa salita, upang kanyang maiharap sa kanyang sarili ang isang maluwalhating iglesya, na walang batik o kulubot o anumang bahid upang siya ay maging banal at walang dungis" Efeso 5:25-27.

Ang iglesya ay napakahalaga kay Jesus, anupa't "ibinigay Niya ang kanyang sarili sa kanya" nang Siya ay namatay para sa atin at para sa iglesya. Kaya ang pagiging kaanib ng iglesya ay dapat na maging mahalaga sa iyo. Ikaw ba ay kaanib na ng katawan ni Kristo?

7. PAGHANAP NG ISANG IGLESYA

Gaano ba karaming tunay na pananamplataya mayroon si Jesus sa sanlibutan?

"May isang katawan at isang Espiritu, . . . isang Panginoon, ISANG PANANAMPALATAYA, isang bautismo" Efeso 4:4, 5.



Sapagkat si Kristo ay mayroon lamang "isang pananampalataya," paano natin malalaman kung alin ito? Ibinibigay ni Jesus ang susi:

"Kung ang sinuman ay nagnanais gumawa ng kalooban ng Dios, ay makikilala niya kung ang turo ay mula sa Dios o kung ako ay nagsasalita sa aking sarili" Juan 7:17.



Kapag tayo ay nagtalagang gawin ang kalooban ng Dios, tutulungan Niya tayong makita kung ang turo ay mula sa Dios o sa kinaugalian ng tao. Ang susi sa paghanap ng isang iglesya ay suriin ang paggalang at katapatan nito sa Salita ng Dios. Ang tunay na samahan ay nakabatay sa Kasulatan, at hindi sa isang kahali-halinang pinuno o dakilang institusyon.

Magpatuloy na gumawa ng mga pagtuklas sa mga gabay na ito, lumakad sa liwanag na inihahayag sa iyo ng Dios mula sa Biblia, at magiging maliwanag ang Kanyang kalooban para sa iyo. Ang lumalagong Kristiyano ay isang tao na bukas ang puso at isipan na tanggapin ang katotohanang inihahayag ng Dios mula sa Kanyang Salita.

MAAARI BANG MAGKAMALI ANG NAKARARAMI?

Sa Gabay 16 ay natuklasan natin na ang karanasan ng kapahingahang Sabbath ay mabisang lunas sa nakababagot na buhay. Sapagkat nauunawaan ng Dios ang bawat pangangailangan natin, itinatag Niya ang bawat ikapitong araw para sa ating kapahingahang pisikal at pagpapanibagong espirituwal. Pagkaraang likhain ang sanlibutan sa anim na araw, Siya ay "nagpahinga" sa ikapitong araw, "binasbasan" at "ginawa itong banal" (Genesis 2:1-3).

Nang ibigay ng Dios ang Sampung Utos sa Israel, inilagay Niya ang utos na ipangilin ang ikapitong araw na Sabbath sa pinakapuso ng Kanyang kautusan (Exodo 20:8-11). Ayon sa kautusang ito, ang Sabbath ay alaala ng paglalang ng Dios, isang araw ng pagtigil at pagalaala sa mga kagandahan at himala ng Kanyang mga nilikhang gawa, isang araw na makapagpahinga at maging malapit sa ating Manlalalang, isang araw ng pagsisiyasat nang malaliman ng ating relasyon sa Kanya.



Nang si Jesus ay narito pa sa lupa, ipinangilin din Niya ang Sabbath (Lukas 4:16) at pinagtibay ito na isang araw na kapakinabangan ng mga Kristiyano (Markos 2:27, 28). Ang mga ilang talata sa aklat ng Mga Gawa ay niliwanag na ang mga alagad ni Kristo ay sumamba ng Sabbath pagkaraan ng Kanyang pagkabuhay na maguli (Mga Gawa 13:14; 16:13; 17:2; 18:1-4, 11).

1. ISANG NAKALILITONG KATANUNGAN

Ang Kristiyanong sanlibutan ay malaon nang nangingilin ng dalawang magkaibang araw. Sa unang dako halos lahat ng Kristiyano ay matapat na ipinangingilin ang Linggo, ang unang araw ng sanlinggo, na kanilang pinaniniwalaang alaala ng pagkabuhay na maguli ni Kristo. Sa kabilang dako naman, isang malaking grupo ng mga tapat na Kristiyano ang naniniwala na pinararangalan lamang ng Biblia ang ikapitong araw na siyang Sabbath at saanman ay walang pagpapatotoo sa kabanalan ng Linggo.

Tunay bang may kaibahan kung aling araw ang ipinangingilin natin bilang Sabbath? Bilang matapat at maalab na mga tao na nagnanais na malaman ang katotohanan, kailangang lagi nating itanong sa ating sarili: "Ano ba ang mahalaga kay Jesus? Ano ang gusto ni Jesus na gawin ko?"

Sa pagpapasya tungkol dito, ilang mahahalagang katotohanan ang kailangang maliwanagan: Sino ang nagpalit ng Sabbath mula sa Sabado. ang ikapitong araw ng sanlinggo, sa Linggo, ang unang araw? Ipinahintulot ba ng Biblia ang ganitong paglilipat? Kung gayon, ang Dios ba, si Kristo, or ang mga alagad ang gumawa ng pagbabago?

Magpapatuloy tayo sa pagtingin sa lahat ng maaring nangyari.

2. BINAGO BA NG DIOS ANG ARAW?

Mayroon bang pahayag mula sa Dios na binabago ang Sabbath mula sa ikapito tungo sa unang araw ng sanlinggo?

Halos lahat ng mga Kristiyano ay tinatanggap ang Sampung Utos na wastong patnubay ng buhay. Ang mga ito lamang ang personal na isinulat ng Dios para sa sangkatauhan. Ito'y napakahalaga na anupa't isinulat Niya ito ng Kanyang sariling mga daliri sa bato (Exodo 31:18).



Sa ikaapat na utos ay itinagubilin sa atin ng Dios:

"Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ingatan itong banal. Anim na araw na gagawa ka at gagawin ang lahat mong gawain, ngunit ANG IKAPITONG ARAW AY SABBATH SA PANGINOON MONG DIOS. Sa araw na ito ay huwag kang gagawa ng anumang gawain . . . Sapagkat sa anim na araw ay ginawa ng PANGINOON ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng naroroon, at NAGPAHINGA sa ikapitong araw. Kaya BINASBASAN NG PANGINOON ang araw ng Sabbath at GINAWA ITONG BANAL" Exodo 20:8-11.

Nang ibigay ng Dios ang Sampung Utos sa Kanyang bayan, niliwanag din Niya na walang sinumang tao ang maaring magbago ng tagubilin mula sa Kanyang mga labi:

"HUWAG NINYONG DARAGDAGAN ni BABAWASAN man ang salita na aking iniuutos sa inyo upang inyong matupad ang mga utos ng PANGINOON ninyong Dios na aking ibinigay sa inyo" Deuteronomio 4:2.

Ang Dios mismo ang nangako na hindi Niya babaguhin ang Kanyang mga utos:

"HINDI KO LALABAGIN ang aking tipan, ni babaguhin ang ANUMANG BINIGKAS NG AKING MGA LABI" Mga Awit 89:34.

Sa Biblia ay maliwanag na hindi binago ng Dios ang Sabbath mula sa ikapito tungo sa unang araw ng sanlinggo.

3. BINAGO BA NI JESUS ANG SABBATH?

Ayon kay Jesus ang Sampung utos ay hindi maaring baguhin:



"Huwag ninyong isipin na Ako'y naparito upang sirain ang Kautusan o ang mga Propeta; hindi Ako naparito upang sirain kundi upang tuparin ang mga ito. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hanggang sa mawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit man ay hindi mawawala sa Kautusan hanggang sa matupad ang lahat ng bagay" Mateo 5:17-18.

Natuklasan natin sa Gabay 16 na kaugalian ni Jesus na sumamba sa sinagoga sa araw ng Sabbath (Lukas 4:16). Gayundin natuklasan natin na gusto ni Jesus na ang Kanyang mga alagad ay magpatuloy na maranasan ang kasiyahan ng tunay na pangilingin ng Sabbath (Mateo 24:20).

Maliwanag sa turo at halimbawa ni Jesus na kailangan pa rin natin ang Sabbath para sa kapahingahan, at paggugol ng panahon na kasama ang Dios.

4. BINAGO BA NG MGA ALAGAD ANG SABBATH?

Si Santiago, ang unang lider ng unang iglesya Kristiyana, ay sumulat tungkol sa sampung Utos:

"Sapagkat sinumang tumutupad ng buong kautusan, subalit lumalabag sa isa ay nagkakasala sa lahat. Sapagkat siya na nagsasabi, 'huwag kang mangngalunya' ay nagsasabi, 'Huwag kang



papatay' Kung ikaw ay hindi nangangalunya, ngunit pumapatay ka, ikaw ay lumalabag sa kautusan" Santiago 2:10, 11.

Si Lukas, isang manggagamot at mangangaral sa naunang iglesia, ay naguulat:

"At sa araw ng Sabbath ay pumunta kami sa labas ng pintuan sa may tabi ng ilog, na sa palagay namin ay may dakong panalanginan. Kami'y umupo at nagsimulang nakipagusap sa mga babaeng nagtitipon doon" Mga Gawa 16:13.

Ang aklat ng Mga Gawa sa Bagong Tipan ay bumabanggit nang 84 na ulit na ipinangilin ng mga tagasunod ni Kristo ang Sabbath, lahat sila sa mahigit na 14 na taon pagkaraang muling mabuhay si Jesus: 2 Sabbath sa Antioquia (Mga Gawa 13:14; 42, 44); 1 sa Philippi (Mga Gawa 16:13); 3 sa Tesalonika (Mga Gawa 17:2, 3); 8 Sabbath sa Korinto (Mga Gawa 18:4, 11).

Si Juan, ang huli sa labindalawang alagad na namatay, ay nangilin ng Sabbath. Siya ay sumulat:

"Ako'y nasa Espiritu nang Araw ng Panginoon" Apokalipsis 1:10.

Ayon kay Jesus, ang Araw ng Panginoon ay ang Sabbath:

"Ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Sabbath" Mateo 12:8.

Ang pagsasaliksik ng katibayan sa kasulatan ay naghahayag na ang mga alagad ay hindi tinangka ang pagbabago sa araw ng kapahingahan ng Dios mula sa ikapito tungo sa unang araw ng sanlinggo. Binabanggit ng Bagong Tipan nang walong ulit lamang ang unang araw ng sanlinggo. At wala ni minsan man sa mga pagkakataoang ito na ang unang araw ng sanlinggo ay binanggit na isang banal na araw, ni ipinahiwatig na ito ay ibinukod na araw ng pagsamba. Ang masusing pagsusuri ng walong talata na tumutukoy sa unang araw ng sanlinggo ay isinisiwalat ang ganitong pangyayari sa araw ng Linggo:

(1) Ang mga babae ay naparoon sa libingan sa unang araw ng sanlinggo (Mateo 28:1).

(2) "Nang makaraan ang Sabbath" ipinagpatuloy ng mga babae ang kanilang gawain sa unang araw ng sanlinggo (Markos 16:1, 2).

(3) Si Jesus ay unang napakita kay Maria Magdalena umagang-umaga sa unang araw ng sanlinggo (Markos 16:9).

(4) Ang mga tagasunod ni Jesus ay ipinagpatuloy ang kanilang mga awain sa unang araw ng sanlinggo (Lukas 24:1)..

(5) Si Maria ay nagtungo sa libingan at nasumpungang walang laman ang libingan sa unang araw ng sanlinggo (Juan 10:1).

(6) Ang mga alagad ay magkakasamang nagtipon "dahil sa takot sa mga Judio" (hindi sa pagsamba) sa unang araw ng sanlinggo (Juan 20:19).

(7) Nakiusap si Pablo sa mga kaanib ng iglesia na isaayos ang kanilang pananalapi sa unang araw ng sanlinggo at "magbukod ng halaga ng salapi" para sa mga mahirap sa Jerusalem (I Korinto 16:1, 2). Walang binabanggit ang talata ng anumang pagtitipong relihiyoso.

(8) Sa Mga Gawaa 20:7 si Lukas ay nagsasalita tungkol sa pangangaral ni Pablo sa unang araw ng sanlinggo sa di-sinasadyang pulong-pamamaalam. Si Pablo ay nangaral araw-araw, at ang mga alagad ay nagpuputol-putol ng tinapay araw-araw (Mga Gawa 2:46).

Ni isa sa mga kasulatang ito ay walang nagmumungkahi na ang mga alagad ay sinadyang itigil ang pangingilin ng ikapitong araw na Sabbath. Ang mga alagad ay hindi binanggit ang anumang pagbabago ng Sabbath mula sa ikapito tungo sa unang araw ng sanlinggo. Maliwanag na walang katibayan sa Bagong Tipan para sa pagbabago ng Sabbath mula sa Sabado, ang ikapitong araw, sa Linggo, ang unang araw ng sanlinggo. Ang pagbabago ay nangyari pagkatapos ng mga kaarawan ni Jesus at ng mga alagad, kaya kailangan nating magbalik sa kasaysayan upang malaman kung kailan at kung paanong nangyari ang pagbabago.

5. SAAN NAGMULA ANG LINGGO?

Ang mga alagad ay maliwanag na nagbabala sa atin na ang ilang mga Kristiyano ay maaanod mula sa mga aral ng Kristiyanismo ng Bagong Tipan: "Kaya kayo'y maging handa!" (Mga Gawa 20:29-31). At yaon ang tunay na nangyari. Ang mga mapagkakatiwalaang mananalaysay ay maliwanag na itinala kung paanong ang mga Kristiyano ay nagsimulang masinsay mula sa dalisay na aral ng mga apostol. Ang mga sali't-saling sabi at mga turo, na kailanman ay hindi itinagubilin nina Pablo, Pedro at iba pang mga nagtatag ng iglesya Kristiyana ay dahan-dahang nakapasok sa iglesya.



Ang pagbabago ng pangingilin ng Sabbath ay nangyari pagkaraang natapos ang Bagong Tipan at nangamatay nang lahat ang mga alagad. Itinala ng kasaysayan na ang mga Kristiyano sa wakas ay inilipat ang pagsamba at pangingilin ng ikapitong araw sa unang araw ng sanlinggo. Ang mga mananampalataya ay hindi tumigil ng pangingilin ng ikapitong araw na Sabbath sa tiyak na katapusan ng sanlinggo at biglang nagsimulang ipangilin ang Linggo na Araw ng Panginoon. Ang kaunaunahang pagkakataon ng tunay na pangingilin ng Linggo ng mga Kristiyano ay naganap sa Italya, noong kalagitnaan ng ikalawang siglo pagkaraan ni Kristo. Sa mahabang panahon pagkatapos noon maraming mga Kristiyano ay kapwa ipinangingilin ang dalawang araw, samantalang ang iba ay ipinangingilin lamang ang Sabbath.



Noong Marso 7, A. D. 321, si Constantinong Dakila ay nagpalabas ng unang kautusang sibil tungkol sa Linggo, na pinipilit ang lahat ng tao, maliban lamang ang mga magsasaka, sa Imperyo ng Roma na mamahinga ng Linggo. Ito at ang iba pang mga kautusang sibil na pinalabas ni Constantino tungkol sa Linggo ang naging simula ng mga batas na sibil ukol sa Linggo mula noon hangga ngayon. Noong ikaapat na siglo ang Konsilyo ng Laodicea ay pinagbawalan ang mga Kristiyano sa pagtigil sa paggawa sa Sabbath, samantalang pinamamanhikan silang parangalan ang Linggo sa pagtigil sa lahat ng gawain kung maaari.

Ipinakikita ng kasaysayan na ang pagsamba sa Linggo at pangingilin nito ay isang kaugalian na gawa ng tao. Walang ibinigay na kapangyarihan ang Biblia sa pagwawalang halaga sa ikapitong araw na Sabbath ng ikaapat na utos. Paunang sinabi na ni propeta Daniel na sa panahong Kristiyano isang mapandayang kapangyarihan ang magtatangkang baguhin ang kautusan ng Dios (Daniel 7:25).

6. SINO ANG GUMAWA NG PAGBABAGO?

Sino ang naglipat ng Sabbath mula sa ikapitong araw sa unang araw ng sanlinggo? Inaangkin ng Iglesya Katolika na siya ang may gawa nito. Sa pagtatangkang iligtas ang bumabagsak na Imperyo ng Roma, ang mga pinuno ng iglesya na may mabuting mga adhikain ay nagkasundo at tinangkang baguhin ang araw ng pagsamba mula sa Sabado tungo sa Linggo.

Ganito ang sinasabi ng isang katesismo ng Iglesia Katolika Romana:

T: Alin ang araw ng Sabbath?

S: Sabado ang araw ng Sabbath.

T: Bakit natin ipinangingilin ang Linggo sa halip na Sabado?

S: Ipinangingilin natin ang Linggo sa halip na Sabado sapagkat ang Iglesia Katolika . . . ay inilipat ang kabanalan mula sa Sabado tungo sa Linggo" - Peter Geiermann, *The Convert's Catechism of Catholic Doctrine* (1957 edition), p. 50



May pagmamalaking ipinahahayag ng Iglesia Katolika na ang mga pinunong tao ang gumawa ng pagbabago.

"Ang banal na araw, ang Sabbath, ay inilipat mula sa Sabado sa Linggo . . . hindi sa anumang tagubiling nasa Kasulatan, kundi sa pagkadama ng Iglesia ng sariling kapangyarihan nito. . . . Ang mga taong nagiisip na ang mga Kasulatan ang siyang tanging kapangyarihan, ay nararapat na maging Seventh-day Adventists, at ipangingiling banal ang araw ng Sabado" - Cardinal Maida, Archbishop of Detroit, Saint Catherine Catholic Church Sentinel, Algonac, Michigan, May 21, 1995.

7. ANO ANG SINASABI NG ILANG IGLESYANG PROTESTANTE?

Ang mga opisyal na dokumento ng paniniwala ng ilang denominasyong Protestante ay nagkakasundo na ang Biblia ay walang inilaang pahintulot sa pangingilin ng araw ng Linggo.

Si Martin Luther, tagapagtatag ng Lutheran Church, ay sumulat sa Augsburg Confession, Article 28:

"Sinasabi nila (Iglesya Katolika) na ang Sabbath ay binago sa Linggo, ang Araw ng Panginoon, na salungat sa dekalogo [Sampung Utos] . . . ni walang halimbawa na lubos na ipinagmamalaki kundi ang pagbabago ng araw ng Sabbath. Matindi, ang sabi nila, ang kapangyarihan at kapamahalaan ng iglesia, sapagkat nagawa nitong alisin ang isa sa sampung utos."

Sina Amos Binney at Daniel Steele, mga Metodistang teologo, ay sumulat:

"Tunay na walang tiyak na kautusan para sa pagbibinyag ng mga sanggol . . . gayundin sa pangingilin ng unang araw ng sanlinggo" - *Theological Compend* (New York: Methodist Book Concern, 1902), pp. 180, 181.

Si Dr. N. Summerbell, mananalaysay ng Disciples of Christ o Christian Church, ay sumulat:

"Ang Iglesia Katolika ay lubos na tumalikod Binaligtad nito ang Ikaapat na Utos sa pammagitan ng pagaalis ng Sabbath ng Salita ng Dios, at itinatag ang Linggo na isang banal na araw" - *A True History of the Christian and the Christian Church*, pp. 417, 418.

8. ANO ANG TUNAY NA ISYU?

Dinadala tayo nito nang harap-harapan sa mga katanungang: Bakit napakaraming mga Kristiyano ang nangingilin ng Linggo na walang kapahintulutan ng Biblia? Higit pang mahalaga, Aling araw ang aking ipangingilin? Susundin ko ba ang mga nagsasabi, "Iniisip kong hindi na mahalaga kung anong araw ang aking ipangingilin basta ipinangingilin ko ang isa sa pito." O kaya ay ituturing ko bang mahalaga ang araw

na itinatag ni Jesus, ang ating Manlalalang, nang Kanyang likhain ang sanlibutan, at ang araw na binanggit ng Dios sa Sampung Utos: "ang ikapitong araw ay siyang Sabbath."

Dito ay hindi lamang natin pinausapan ang nakikitang pangingilin, kundi kung ano ang wastong araw ayon sa Biblia. Ang mahalagang isyu rito ay ang pagsunod kay Jesus. Ibinukod ng ating Manlalalang ang Sabbath na isang "banal" na araw, isang panahon para sa atin at ating pamilya na lumapit nang malapit sa Kanya para sa lakas at pagpapanibagong lakas. Sino ba ang aking susundin? Susundin ko ba si Kristo, ang anak ng Dios, o ang kinaugalian ng tao tungkol sa kung anong araw ang ipangingilin kong banal? Maliwanag ang pagpipilian: mga aral ng tao o ang mga kautusan ng Dios? Ang salita ng tao o Salita ng Dios? Ang ipinalit ng tao o banal na utos?



Ang propetang si Daniel ay nagpahayag ng babala sa mga "magtatangkang palitan ang nakatakdang mga panahon at mga kautusan" (Daniel 7:25, NIV) ["sinadyang baguhin ang mga panahon at kautusan" (Daniel 7:25, NKJV)]. Tinatawag ng Dios ang Kanyang bayan na magbalik sa pagsunod. Sila ay inaanyayahan Niya na ipangilin ang Sabbath bilang tanda ng katapatan at pagibig sa Kanya.

Sinabi ni Jesus, "Kung Ako'y inyong iniibig, ay susundin ninyo ang Aking iniuutos" (Juan 14:15). Ipinangangako Niya ang lubos na kasiyahan sa mga sapat na umiibig sa Kanya sa pagsunod sa Kanyang mga utos (Juan 15:9-11). Mayroon tayong kahanga-hangang Tagapagligtas na nasasabik na maranasan natin nang lubusan ang Kanyang pagibig. Isang pusong may kusang pagsunod ang magbubukas ng maluwang na pintuan sa ganoong pagibig.

Sa Halamanan ng Eden si Kristo ay lubos na napasakop sa kalooban ng Ama - bagaman hinarap Niya ang krus at ang mga kasalanan ng sanlibutan ay dinudurog ang Kanyang buhay. Samantalang humihibik Siya sa Dios, "Ilayo mo sa Akin ang kopang ito," Siya naman ay nananatiling nakasuko sa Kanyang pamanhik, at Kanyang idinagdag, "Gayunman ay hindi ang nais ko, kundi ang sa iyo" (Markos 14:36).

Gusto ni Kristo na maranasan natin ang katuparan na dulot ng tunay na isinukong buhay; gayundin ang kasiyahan ng kapahingahang Sabbath. Nais Niyang magtiwala tayo sa Kanya nang sapat upang sundin Siya sa lahat ng mga detalye ng buhay. Kung tutugon ka sa tawag ng Dios at susundin ang lahat ng Kanyang mga kautusan, ay mararanasan mo ang pangako ni Jesus na ang Kanyang kasiyahan "ay sasa iyo" at ang "iyong kagalakan" ay "magiging lubusan" (Juan 15:11).

ANG DIOS BA'Y MAKATARUNGAN?

Isang batang lalaki sa loob ng lunsod ang namatay sa tama ng isang ligaw na bala ng gang samantalang siya'y gumagawa ng kanyang araling-bahay sa mesa ng pamilya.

Isang kabataang ina sa labas ng bayan ang nasumpungan ang kanyang anak na nagkaroon ng AIDS mula sa isang kontaminadong pagsasalin ng dugo.

Ang mga trahedya ay nagpapatuloy sa ating sanlibutan. At tayo'y lubos na naghihintay ng isang kasagutan sa lahat ng mga ito. Nasaan ang Dios sa isang sanlibutan ng kawalang-kabuluhang pagdurusa at kamatayan? Ang mangaawit ay tinitiyak sa atin na
"puno ng tapat na pag-ibig ng Panginoon ang daigdig" (Awit 33:5).

Kung ito ay totoo, bakit hindi Niya wakasan ang paghihirap at mga trahedya? Ang ika-20 kapitulo ng Apokalipsis ay nagpapakita sa atin kung papaano at kailan tatapusin ng Dios ang pagdurusa.



1. ANG ISANG LIBONG TAON AY NAHAYAG

Ang Apokalipsis 20 ay bumabanggit sa panahon ng 1,000-taon na kasunod ng ikalawang pagparito ni Kristo. Ang mga pangyayaring nakapalibot sa kapanahunan ng 1,000-taon ay siyang pangwakas na tunggalian ni Kristo at ni Satanas na nagpapatuloy buhat nang pumasok ang kasalanan sa sanlibutan.

Ang dula ay nagpasimula sa langit nang si Lucifer ay nainggit kay Kristo, nagpasimula ng digmaan laban sa di-nahulog na mga anghel, pinaalis, at tumakas sa ating sanlibutan. Ang dula ay nagpatuloy sa lupa sa Halamanan ng Eden, hanggang sa pagdaraan ng mga siglo hanggang sa makarating ito sa unang sukdulan nang ang Demonyo ay udyukan ang sangkatauhan na ipako sa krus si Kristo. (Maaari mong pagbalik-aralan ang malungkot na kasaysayang ito sa Gabay 3). Ang dula ay makaaabot sa kanyang katapusang sukdulan sa pagtatapos ng 1,000-taong kapanahunan kapag ang ating makasalanang sanlibutan ay nilinis at inilagay sa ilalim ng pangangasiwa ni Kristo. Ang Apokalipsis 20 ay nagpapakita sa atin na ang 1,000-taong kapanahunan ay pinaghihiwalay ang dalawang pagkabuhay na mag-uli.



Sino ang ibabangon ng Dios mula sa mga patay sa unang pagkabuhay na mag-uli na mangyayari sa pasimula ng 1,000 taon?

"Mapalad at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli! Sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan, kundi sila'y magiging mga pari ng Dios at ni Kristo, at maghaharing kasama Niya sa loob ng isang libong taon." Apokalipsis 20:6.

Ang "mapalad at banal," ay yaong mga tumanggap kay Jesus bilang kanilang Tagapagligtas, at babangon sa "unang pagkabuhay na mag-uli." Kung ang mga banal ay maghaharing "kasama ni" Kristo sa loob ng 1,000 taon, sila'y dapat na buhayin sa pagpapasimula ng 1,000 taon.

Sino ang mga ibinangon sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli pagtatapos ng isang libong taon?

**"Ang iba sa mga patay an hindi nabuhay hanggang sa matapos ang isang libong taon."
Apokalipsis 20:5.**

Ang "iba sa mga patay" ay maaaring tumutukoy lamang sa mga masasamang patay, dahil ang mga banal, "ang mapalad at banal," ay binuhay na sa pasimula ng 1,000 taon.

Kaya ang 1,000 taon ay tinatandaan ng dalawang pagkabuhay na mag-uli, ang pagkabuhay na maguli ng mga banal sa pasimula nito, at ang pagkabuhay na maguli ng mga masasama pagkatapos.

2. BUBUHAYING MULI SA PAGDATING NI KRISTO

Ang unang pagkabuhay ng mga banal ay magaganap sa ikalawang pagparito ni Kristo.



"Sapagkat ang Panginoon mismo ang bababa mula sa langit na may sigaw, may tinig ng arkanghel, na may trumpeta ng Dios at ANG MGA NAMATAY KAY KRISTO AY BABANGON MUNA. Pagkatapos TAYONG NABUBUHAY na natitira AY AAGAWING KASAMA NILA sa mga ulap, UPANG SALUBUNGIN ANG PANGINOON SA PAPAIRIN. At sa gayon ay makakapiling natin ang Panginoon magpakailan man." 1 Tesalonica 4:16, 17.

Sa muling pagparito ni Jesus, Kanyang ibabangon "ang mga namatay kay Kristo" at dadalhin sila sa langit na kasama ng mga banal na nabubuhay. Dahil ang masasama ay nakakapit pa sa kasalanan, hindi sila mabubuhay na harapan ng Dios, at sila'y pupuksain sa pagdating ni Kristo (Lucas 17:26-30). (Maaari mong pagbalik-aralan sa Gabay 8 ang mga pangyayari na nakapalibot sa pagbabalik ni Jesus).

3. SI SATANAS AY KINADENAHAN SA LUPA SA LOOB NG ISANG LIBONG TAON

Kapag nagpasimula ang 1,000 taon, ang mga banal ay nasa langit na at ang mga masasama ay patay nang lahat. Ano ang mangyayari sa sanlibutang ito sa loob ng 1,000 taon?

"At nakita ko ang isang anghel na nananaog mula sa langit, na hawak sa kanyang kamay ang susi ng di-matarok na kalaliman at ang isang malaking tanikala. At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diablo at Satanas at ginapos siya ng isang libong taon, at siya'y itinaon sa di-matarok na kalaliman at sinarhan at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang hindi na niya madaya ang mga bansa, hanggang sa matapos ang isang libong taon." Apokalipsis 20:1-3.

Sa pagparito ni Jesus si Satanas ay gagapusin at mananatiling nakagapos sa loob ng 1,000 taon. Saan nakabilanggo si Satanas? Sa "Kalaliman" isang salitang Griego na nangangahulugang "napakalalim" o "di-matarook." Sa Genesis 1:2 ang saling Griego ng Lumang Tipan ay gumagamit ng salitang "Kalaliman." upang ilarawan ang lupa sa hindi pa maunlad na kalagayan bago nagpasimula ang mga araw ng paglikha. Kaya ang lupa ay siyang "Kalaliman" na kung saan ibinilanggo ng Dios si Satanas.



Ang Kasulatan ay nagpapakita na si Satanas ay ginapos sa pamamagitan ng "isang dakilang kadena." Ito ba ay literal na kadena? Hindi, ito ay simboliko lamang, isang kadena ng mga pangyayari. Si Satanas ay iibigang higit na magpatuloy sa panunukso sa mga tao sa loob ng 1,000 taon. Ngunit wala siyang masusumpungan banal para tuksuhin sapagkat silang lahat ay nasa langit. Wala rin siyang mapangunahang masasama, sapagkat silang lahat ay patay,

natutulog sa alikabok ng lupa. Walang matutuksong sinoman, siya'y naglilibot sa sanlibutang walang laman, na sapilitang binubulay-bulay ang lahat ng mga kapighatian at mga trahedyang kanyang ginawa.

4. HAHATULAN NG MGA BANAL ANG MGA MAKASALANAN

Ang isang libong taong ay panahon din ng paghatol. Ngunit alalahaning ang paghuhukom ay binubuo ng apat na pangunahing bahagi:

- (1) Ang paghuhukom sa mga banal bago ang Ikalawang Pagparito ni Kristo..
- (2) Ang paghuhukom sa mga banal sa Ikalawang Pagparito.
- (3) Ang paghuhukom sa mga masasama sa panahon ng 1,000 taon.
- (4) Ang gantimpala ni Satanas at ng mga masasama sa katapusan ng panahong yaon. {Maaaring mong pagbalik-aralan ang Gabay 13 tungkol mga bahaging 1 at 2 ng paghuhukom, ang pagsisiyasat at gantimpala ng mga banal}. Titingnan na natin ang bahaging 3 at 4, ang pagsisiyasat at gantimpala ng mga makasalan

Makita natin na ang mga patay na banal na ibinangon at ang mga banal na nabubuhay ay dinala sa langit na magkakasama sa ikalawang pagparito ni Kristo. Sila'y nasa tahanan sa langit sa panahon ng 1,000 taon. Ano ang kanilang gagawin?

"Hindi ba ninyo nalalaman na ang MGA BANAL (ang maliligtas) AY HAHATOL SA SANLIBUTAN? . . . Hindi ba ninyo nalalaman na ating HAHATULAN ANG MGA ANGHEL?" 1 Corinto 6:2, 3.

"NAKAKITA AKO NG MGA TRONO, AT ANG MGA NAKAUPO SA MGA IYON AY PINAGKALOOBAN NG KAPANGYARIHANG HUMATOL . . . SILA'Y NABUHAY AT NAGHARING KASAMA NI CRISTO SA LOOB NG ISANG LIBONG TAON." Apokalipsis 20:4.



Sa panahon ng 1,000 taon, ang mga banal ay magsisiyasat sa mga usapin ng mga makasalanang tao at ng mga nagkasalang mga anghel, kasama ang kanilang pangulo, si Satanas. Gaano kaangkop para sa mga martir, sa mga nagtagumpay, at sa mga sanay-sa-digmaan na mga tagatangkilik ng ebanghelyo na siyasatin at maunawaan ang paghuhukom ng Dios sa mga makasalan.

Ang Dios ay mabiyayang nagbigay sa mga tinubos ng pagkakataon na pahalagahan ang Kanyang pakikitungo sa mga makasalan. Maaaring marami tayong mga katanungan, gaya ng: "Bakit wala ang aking tiyahin dito? Siya'y waring isang mabuting tao." Kapag ating siniyasat ang mga talaan at hatulan ang mga patay "sangayon sa

kanilang ginawa gaya ng nakatala sa mga aklat" (talatang 12), makikita natin para sa ating sarili na sa lahat Niyang pakikitungo sa mga tao, ang Dios ay naging makatarungan at matuwid sa lahat. Makikita natin kung papaanong ang Banal na Espiritu ay nagalok sa tao ng pagkakataon na sumuko sa Dios, at ang katarungan ng bawat hatol ay magiging maliwanag.

5. SI SATANAS AY PINAKAWALAN PAGKARAAN NG ISANG LIBONG TAON

Sa pagtatapos ng 1,000 taon, ang Biblia ay nagpahayag:

"At nakita ko ang banal na lungsod, ang bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Dios, na nakahanda gaya ng isang babaeng ikakasal na nagagayakan para sa kanyang asawa." Apokalipsis 21:2.

Ang kahangahangang lunsod na ito ay magiging tahanan natin sa loob ng isang libong taon. Ngayon ang Banal na Lungsod-kasama sa loob si Kristo at lahat ng mga taong Kanyang tinubos-ay bababa sa ating sanlibutan mula sa langit.

Ano ang gagawin ni Satanas sa katapusan ng isang libong taon?

"At kung matapos na ang isang libong taon, si Satanas ay pakakawalan sa kanyang bilangguan, at lalabas upang dayain ang mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa, . . upang tipunin sila para sa pakikipagdigma; ang bilang nila ay gaya ng buhangin sa dagat. Sila'y umakyat sa malawak na lupa at pinaligiran ang kampo ng mga banal, at ang lungsod na minamahal; ngunit bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y natupok." Apocalipsis 20:7-9.

Ang mga makasalanan ay binuhay sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli sa pagtatapos ng 1,000 taon (talatang 5). Nang ang mga banal ay bumaba sa lupa sa loob ng Banal na Lungsod at ang masasama ay binuhay, si Satanas ay "pakakawalan sa maikling panahon" (talatang 3). Muli niyang pangungunahan ang mga masasama upang kanilang salakayin ang mga banal. Hindi nag-aaksaya kahit isang sandali, kaagad niyang itatatag ang masasama na isang malaking hukbo. Ibinigay ni Satanas ang utos na lusubin ang lungsod. Habang ang masasama'y kinukobkob ang palibot ng Bagong Jerusalem (talatang 9), kanilang nasulyapan ang sindak ng pagiging-waglit-waglit na walang hanggan.



6. ANG TANAWIN NG KATAPUSANG PAGHUHUKOM

Dito, sa unang pagkakataon, ang lahat ng lahi sa sangkatauhan ay magkakatatagpo-tagpo nang mukhaan. Pangungunahan ni Jesus ang mga tinubos na anak ng Dios na nasa loob ng lungsod. Si Satanas ang nangunguna sa libo-libong mga tao na nasa labas ng mga pader. Sa maselang sandaling ito, isinagawa ng Dios ang katapusang yugto ng paghuhukom at ang mga makasalanan ay tatanggap ng kanilang araw sa hukuman.

"At nakita ko ang isang malaking tronong puti at ang nakaupo roon . . .At nakita ko ang mga patay, mga dakila at mga hamak, na nakatayo sa harapan ng trono, at . . . ang mga patay ay hinatulan ayon sa kanilang mga gawa, ayon na nakatala sa mga aklat." Apkalipsis 20:11,12.

Habang nakatayo ang masasama sa harap ng trono ng kahatulan, ang buong buhay nila ay nabuksan sa harap nila. Mula sa mga talaan na iniingatan sa langit, si Jesus, ang matuwid na Hukom, ay binuksan ang buong kasaysayan ng Kanyang pakikitungo sa mga nagkasalang mga lalaki, at babae at mga anghel.



Ang buong sangkatauhan ay nakatingin na may masidhing pananabik. Nakatayo sa harap ng luklukan ng Dios, ibinibigay ni Jesus sa lahat ang isang maraming-saklaw na tanawin ng Kanyang tumutubos na gawain. Kanyang inihayag na Siya'y naparito upang hanapin at iligtas ang mga nawawala. Siya'y pumasok sa ating sanlibutan na nasa katawang-tao, nabuhay na isang walang kasalanan sa gitna ng mga pakikipagpunyagi at mga tukso, ginawa ang pangwakas na sakripisyo sa krus, at naglingkod bilang Pari sa langit. Sa wakas, nang si Kristo ay malungkot na humakbang patungo sa unahan at pinatawan ng hatol ang patuloy na nagtatakwil

sa Kanyang biyaya, ang bawat isa sa sangkatauhan ay kikilalanin ang katarungan at pangangailangan ng panghuling yugtong ito ng banal na paghuhukom.

"Sapagkat tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Dios. Sapagkat nasusulat, 'kung paanong buyay ako,' sabi ng Panginoon, 'ang bawat tuhod ay luluhod sa akin, at ang bawat dila ay magpupuri sa Dios.'" Roma 14:10-11.

"Si Kristo Jesus . . . ay naging masunurin hanggang sa kamatayan-maging sa kamatayan man sa krus! . . . upang sa pangalan ni Jesus ay lumuhod ang bawat tuhod, sa langit at sa lupa, . . .at ipahahayag ng bawat dila na si Jesu-Kristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama." Filipos 2:5-11.

Buhat nang magsimula ang kasalanan, ang Diyablo ay sinisiraang-puri ang likas ng Dios, na pinagbibintangan na Siya ay hindi makatarungan. Ngunit ngayon ang lahat ng mga katanungan ay nasagot, ang lahat ng mga kalituhan ay nalutas. Ngayon ang bawat tao sa sanlibutan ay kinikilala na si Jesus, ang Kordero ng Dios, ay karapat-dapat sa ating pag-ibig at pagsamba. Ang buong panukala at layunin ng Dios ay lubos na nahayag, at ang likas ng Dios ay tumayong pinagtibay ng katwiran.

Hindi lamang ang mga ligtas, kundi pati ang mga masasamang anghel at si Satanas mismo ay magpapahayag na ang paraan ni Satanas ay mali sa simula pa at ang mga paraan ng Dios ay matuwid at tunay. Makikita ng lahat na ang masama at pagkamakasariili ay umakay lamang sa kalungkutan at kawalang kasiyahan at hindi karapatdapat na ipagpatuloy.

7. NATAMO NG KASALANAN ANG KATAPUSAN NITO

Bagama't tinanggap ni Satanas at ng lubhang karamihang nagkakatipong masasama na ang pamamaraan ng Dios ay tama, ang kanilang mga puso ay hindi nabago; ang kanilang mga likas ay nanatiling masama. Pagkatapos na ipahayag ang hatol, ang mga makasalanan ay:

"Umakyat sila sa malawak na lupa at pinaligiran ang kampo ng mga banal, at ang lungsod na minamahal. Ngunit bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y natupok. At ang diyablo na dumaya sa kanila ay inihagis sa lawa ng apoy at asupre . . . Ang kamatayan at ang Hades ay itinaapon sa lawa ng apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, ang lawa ng apoy. Ang sinumang hindi natagpuang nakasulat sa aklat ng buhay ay itinaapon sa lawa ng apoy." Apocalipsis 20:9-15.

Sa katapusang paghuhukom ang apoy ng walang hanggang Dios ay pupuksa sa kasalanan at yaong mga mapagmatigas na nanghahawak dito. Si Satanas at ang mga nawaglit ay napahamak sa "ikalawang kamatayang ito", isang walang hanggang kamatayan na kung saan ay wala nang pagkagising. Ang kanilang paghihimagsik ay iniwan ang masama na hindi angkop sa tunay na kaligayahan, at sila ay napuksamng kasama ng Diablo at kanyang mga anghel. Ang makalangit na apoy ay lubusang lininis ang lupa at ang pamiminsala ng kasalanan: Sa wakas ang Dios ay may malinis nang sanlibutan, hindi na muling mababahiran ng masama. Ang pakikipagpunyagi ng mabuti sa masama, ni Kristo kay Satanas, ay ganap na tapos na, at si Kristo ay naghahari na. Ang tabing ay bumagsak sa matandang dula ng kasalanan, at bumangon ang kaluwalhatian ng isang bagong sanlibutan na ang mga maaaring mangyari ay walang hanggan.



8. ANG LUPA AY NILINIS AT GINAWANG BAGO

Mula sa mga abo ng pangwakas at lumilinis na pamumugnaw na ito, ang Dios ay lilikha ng isang bagong sanlibutan:

"At nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong lupa; sapagkat ang unang langit at ang unang lupa ay lumipas na . . . Nakita ko ang Banal na Lungsod, ang Bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Dios . . . 'Masdan ninyo, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga

tao at Siya'y maninirahang kasama nila. At sila'y magiging bayan Niya. Ang Dios mismo ay makakasama nila, at Siya'y magiging Dios nila. At papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata, at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na rin magkakaroon ng pagdadalamhati, o ng pagtangis man, o ng kirot man, sapagkat ang unang bagay ay lumipas na . . .Ginagawa kong bago ang lahat ng bagay.'" Apocalipsis 21:1-5.



Ibinalik mula sa kanyang orihinal na kagandahan, ang lupa ay naging siyang tahanan ng mga tinubos para sa walang katapusang panahon. Pinalaya mula sa pagka-makasarili, karamdaman, at pagdurusa, mayroon tayong sanlibutan upang galugarin, kahangahangang mga pagsasamahang pauunlarin, at isang walang hanggan na kung saan ay makakaupo sa paanan ni Jesus upang makinig, matuto, at umibig. (Para sa buong paglalarawan ng bagong sanlibutan, maaaring naisin mong muling basahin ang Gabay 9).

walang hanggan?

Saan mo pinapanukalang naroroon sa araw na yaon? Naipasiya mo na bang maging kasama ni Kristo sa loob ng lunsod at maging ligtas na walang hanggan? O ikaw ba'y nasa labas ng lunsod na wala si Kristo at waglit na

Kung nailagay mo na ang iyong sarili sa mga kamay ni Jesus, hindi mo kinakailangan kailan man na makaranas ng di-masambit na pagkatakot ng mga nasa labas ng lungsod na nadaramang sila'y waglit na walang hanggan. Ano man ang naging dulot ng buhay sa iyo, kung iyong ilalagay ang iyong buhay sa kamay ni Jesus ngayon, maaari kang mapasaloob ng lunsod na kasama ni Kristo at ng mga tinubos. Kung hindi mo pa nagagawa ang gayon, ibigay na ang iyong puso kay Jesus ngayon, at paliligiran ka Niya ng Kanyang pag-ibig at kapatawaran. Ito ang iyong pagkakataon. Ito ang iyong araw ng kaligtasan.

ANO AT NASAAN ANG IMPEYERNO?

Isang walang katuturang pamamaril ang naganap nang ang isang mag-aaral ay pumasok sa kanyang paaralan at pinatay ang ilan niyang mga kamag-aaral. Isang galit na lalaki na tinanggal sa kanyang trabaho, ang pumasok sa lugar ng dati niyang pinaglilingkuran at binaril ang nakakataas sa kanya. Isang ina ang itinulak ang kanyang kotse sa lawa na kasama ang dalawa niyang mga anak sa loob at sila ay nalunod.



Sa dalawang kontinente libo-libo ang nakatay sa paglipol ng lahi. Daang taon nang sigalutan ng dalawa o higit pang grupo ng lahi ang siyang dahilan. Mga lalaki, babae at mga bata, at kahit mga sangol ay pinagbabaril, pinagputol-putol, binugbog at ginahasa.

Ang parusang kamatayan sa mga marahas na krimeng ito, at nang walang habag na pagpatay ay tinutuligsa ng marami. Mga grupo laban sa parusang kamatayan ay malakas na tumututol, na tinatawag itong isang di-makataong "ritwal ng pagano". Kanilang itinatanong, ang mga mamamatay-tao bang ito ay wala nang katubusan?

Ano ang pinaka-makataong pamamaraan ng pagsasagawa ng kaparusahan sa mga kriminal? Ang silya elektrika? Iniisip ng iba na ang pagturok ng nakamamatay na droga ay siyang pinakamabisa sapagkat walang sakit. Pinipili naman ng iba na madaling mapugto ang buhay kung bibigtihin.

Ngunit sa lahat ng mga masimbuyong pagtatalong ito sa parusang kamatayan, mayroong isang mapipili na walang sinomang nagsasa-alang-alang. Walang sinomang nagmumungkahi na ang mga walang habag na mga mamamatay-tao, na malupit na tumapos ng buhay ng iba, ay magbayad ng pisikal na paghihirap sa pamamagitan ng matinding parusa hanggang sa mamatay. Walang sinoman, halimbawa ang nagmumungkahi na ang mga mamamatay-taong ito ay dahan-dahang sunugin hanggang sa mamatay.

Ngunit maraming tapat na mga Kristiyano ang nagpapalagay na ang ating Ama sa langit ay gagawa pa ng higit na masama kaysa rito. Ang mga masasama, sabi nila, ay dapat na papaghirapin upang makabayad sa kanilang mga kasalanan. At higit sa lahat, inilalarawan nila na ang lugar na patayan ng Dios ay isang dako ng walang katapusang pagpapahirap.

Ano naman ang mangyayari sa mga masama? Papaanong aangkop ang kanilang kapalaran sa pag-ibig at katarungan ng Dios? Tingnan natin ang sagot ng Biblia.

1. ANG KATAPUSANG DALAMHATI NI JESUS

Sa loob ng 6,000 taon ang Dios ay laging nakikiusap sa mga lalaki at babae:

"Kung paanong buhay ako, sabi ng PANGINOONG DIOS, wala akong kasiyahan sa kamatayan ng masama, kundi ang masama ay tumalikod sa kanyang lakad at mabuhay." Ezekiel 33:11.



Ang krus ay naghayag kung gaano ninanais ng Dios na iligtas ang nagkasalanang sangkatauhan. Nang si Jesus ay sumigaw sa krus, "Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa," Kanyang binuksan ang Kanyang nagdaramdam na puso (Lucas 19:30, 34). Di nagtagal pagkatapos, isinuko ni Jesus ang Kanyang buhay at ang ilan ay naniniwala na Siya ay namatay na wasak ang puso (Juan 19: 30, 34).

Ngunit kahit sa makapangyarihang pagpapakitang ito ng banal na pag-ibig, maraming pa ring mga tao ang hindi magbabalik kay Jesus. At habang ang kasalanan ang naghahari sa sanlibutang ito, ipagpapatuloy pa ring paramihin nito ang kalungkutan ng sangkatauhan. Kaya ang kasalanan ay dapat na puksain. Papaanong pinanukala ng Dios na tapusin ang kasalanan?

"Ngunit darating ang araw ng Panginoon . . . at ang kalangitan ay maglalaho kasabay ng malakas na ingay at ang mga sangkap ay matutupok sa apoy, at ang LUPA AT ANG MGA GAWANG NARORON AY MASUSUNOG." 2 Pedro 3:10.

Sa wakas ay dapat na linisin ng Dios ang masama sa sanlibutan at wakasan ang kasalanan. Yaong mga magpapatuloy sa pagkakasala ay pupuksain sa katapusan sa pamamagitan ng apoy na inihandang pamuksa sa Diyablo, sa kanyang mga anghel, at sa kasalanan sa ating sanlibutan. Isang nakapanlulumong panahon para kay Jesus na Kanyang makita na nilalamon ng apoy ang minsa'y pinagkamatayan Niya upang iligtas.

2. SAAN AT KILAN MASUSUNOG ANG IMPIYERNO?

Kasalungat ng ilang bantog na kaisipan, ang Dios ay walang isang apoy na nasusunog ngayon sa isang lugar na tinatawag na "impiyerno" kung saan ang mga makasalanan ay magtutungo pagkamatay. Ang impiyerno ay mangyayari kapag ang lupang ito ay naging lawa ng apoy. Ang Dios ay naghihintay upang isagawa ang hatol sa mga makasalanan hanggang sa katapusang paghuhukom sa katapusan ng 1,000 taon (Apokalipsis 20:9-15).



"Ang Panginoon ay marunong magligtas ng mga banal mula sa pagsubok at maglaan ng mga di-matuwid sa ilalim ng kaparusahan HANGGANG SA ARAW NG PAGHUHUKOM." 2 Pedro 2:9.

Kanya ring lilinis ang ating sanlibutan ng dumadalisay na apoy na ito.

"Ang kasalukuyang langit at lupa ay iningatan para sa apoy, na inilaan para SA ARAW NG PAGHUHUKOM at sa paglipol sa masasamang tao." 2 Pedro 3:7.

Ang Dios ay hindi kailan man pinanukala para sa sinomang tao na wakasan ang kanyang buhay sa mga apoy ng impiyerno. Ngunit kapag ang mga tao ay tumangging humiwalay kay Satanas at humahawak sa kanilang mga kasalanan, sa huli'y tatanggap sila ng bunga ng kanilang pagpili.

"Pagkatapos ay sasabihin niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, doon kayo sa apoy na walang hanggan na INIHANDA SA DIYABLO AT SA KANYANG MGA ANGHEL.' Mateo 25:41.

Sangayon kay Jesus, kailan matutupok ang impiyerno?

"Kaya't kung paanong tinitipon ang mga damo upang sunugin sa apoy, gayundin ang mangyayari SA KATAPUSAN NG PANAHOON (SANLIBUTAN). susuguin ng Anak ng Tao ang kanyang mga ANGHEL, at kanilang TITIPUNIN NILA SA LABAS ng kanyang kaharian ANG LAHAT NG MGA SANHI NG PAGKAKASALA AT MGA GUMAGAWA NG KASAMAAN. AT ITATAPON NILA ANG MGA ITO SA PUGON NG APOY, na magkakaroon ng pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin." Mateo 13:40-42.

Ang mga damo, ang mga gumagawa ng kasamaan, ay hindi susunugin hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Bago isagawa ang hatol, ang sansinukob ay dapat na makatiyak na ang Dios ay makatarungan sa Kanyang pakikitungo sa bawat tao. Gaya ng pagkadetalje sa Gabay 22, sa dakilang

tunggalian na nagpapatuloy sa pagitan ni Cristo at ni Satanas, si Satanas ay palaging nagtatangka na patunayan sa buong sanlibutan na ang landas ng kasalanan ay siyang higit na mabuting daan; si Jesus ay patuloy na ipinakikita na ang daan ng pagsunod ay siyang susi sa isang higit na kasiyasiyang buhay.



Sa katapusan ng 1,000 taon, ang pagpapakitang ito ay magtatapos sa paghatol kay Satanas, sa kanyang mga anghel at mga makasalanan. Pagkatapos na buksan ang mga aklat na naghahayag ng bahagi ng bawat tao na ginawa sa dakilang dulang ito, itatapon ng Dios si Satanas, ang kamatayan, at ang libingan, kasama ng bawat isa na ang pangalan "ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay. . . sa lawa ng apoy" (Apokalipsis 20::14-15). Sangayon sa kasunod na talata, Apokalipsis 21:1, pagkatapos na linisin ng Dios ng apoy ang lupa mula sa kasalanan, Siya'y lilikha ng "isang bagong langit at isang bagong lupa."

3. GAANO KATAGAL MASUSUNOG ANG IMPIYERNO?

Maraming mga mananampalataya ang tinatanggap ang kaisipan na ang apoy sa impiyerno ay magpapatuloy na walang hanggan, na nagbubunga ng walang hanggang pagpapahirap. Maingat nating tingnan ang talata na nagpapakita ng pakikitungo ng Dios sa kasalanan at sa mga makasalanan.

"Na nasa nagliliyab na apoy, na magbibigay ng parusa sa mga hindi kumikilala sa Dios at sa mga hindi sumusunod sa ebanghelyo ng ating Panginoong Jesus. Ang mga ito'y tatanggap ng KAPARUSAHANG WALANGHANGGANG PAGPUKSA at palalayasin sa harapan ng Panginoon at mula sa kaluwalhatian ng kanyang kalakasan." 2 Tesalonica 1:8, 9.

Pansinin na ang "walang hanggang pagpuksa" ay hindi kagaya ng "walang hanggang pagpapahirap". Ito'y nangangahulugan lamang ng isang pagpuksa na tatagal na walang hanggan. Ang bunga ay walang hanggang kamatayan. Si Pedro ay nagsasalita ng isang araw ng paghuhukom at "paglipol sa mga masasamang tao" (2 Pedro 3:7).

Sangayon kay Jesus, ang "kaluluwa at katawan" ay kapwa napupuksa sa impiyerno (Mateo 10:28). Sa Kanyang Sermong sa Bundok, sinabi ni Jesus ang tungkol sa makipot na pintuan "na patungo sa buhay", at ang malapad na daan na "patungo sa pagkapahamak" (Mateo 7:13,14). Sa Juan 3:16 ipinaliliwanag ni Jesus na "ibinigay ng Dios ang Kanyang bugtong na Anak," upang yaong mananampalataya ay hindi "mapahamak, kundi magkaroon ng walang hanggang buhay." Pinaghahambing ni Jesus ang dalawang kapalaran: walang hanggang buhay o pagkapahamak-hindi nasusunog nang walang hanggan. Dapat nating buurin na ang impiyerno ay tiyak na may katapusan; ito'y magbubunga sa kamatayan at pagpuksa ng mga makasalanan.

Maliwanag na mga pangungusap sa buong Kasulatan ang nagsasabi sa atin na ang mga makasalanan ay pupuksain. "Ang mga anak ng masama ay ititiwalag" (Awit 37:28), sila'y "mapapahamak" (2 Pedro 2:12), "sila'y mawawala gaya ng usok" (Awit 37:20).. Ang apoy ay gagawin silang abo (Malakias 4:1-3. "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan," hindi walang hanggang buhay sa impiyerno; "ang kaoob ng Dios ay walang hanggang buhay" (Roma 6:23).

Ang layunin ng katapusang kaparusahan sa impiyerno ay upang makalaya ang sangkatauhan sa kasalanan, hindi para ingatan ang kasalanan nang walang hanggan. Lubos na mahirap na ilarawan sa isip na ang Kristong tumangis sa kapalaran ng matigas-ang-ulong Jerusalem at siyang nagpatawad sa kanila na pumatay sa Kanya, ay makagugugol ng walang hanggan sa pagbabantay sa mga paghihirap ng mga sinumpa.



Ang impiyerno ay tiyak na may kawakasan. Sa katapusan ng 1,000 taon, ang Dios ay magpapaulan ng apoy mula sa kalangitan at papawin ang Diyablo, ang kanyang mga anghel at ang mga makasalanang. "Apoy" ang "bababang mula sa langit" at tutupukin sila (Apokalipsis 20:9).

Ayon kay Jesus ang apoy ay "hindi mapapatay" (Mateo 3:12). Walang pamatay-sunog ang makakapatay sa apoy hanggang sa magawa nito ang kanyang gawain ng lubos na pagpuksa.

Nangangako ang Dios na mula sa dumadalisan na apoy na ito, Siya'y "lilikha ng isang bagong lupa," na kung saan "ang mga lumipas na kaguluhan ay malilimutan;" at "ang tinig ng pagtangis at pananambitan ay hindi na maririnig" (Isaias 65:16-19).

Anong ligaya sa araw na yaon! Ang bawat sanhi ng dalamhati ay mapaparam. Papawiin ng Dios ang mga sugat ng kasalanan sa bawat puso, at ang kaligayahan natin ay magiging ganap.

4. ANG "WALANG HANGGAN" SA KASULATAN

Sa Mateo 25:41 si Jesus ay nagsasalita ng "walang hanggang apoy na inihanda sa Diyablo at sa kanyang mga anghel." Ang "walang hanggan" ba rito ay tumutukoy na ang impiyerno ay magpakailanman? Ang Judas 7 ay ipinakilala ang Sodoma at Gomora "bilang isang halimbawa niyaong naghihirap sa kaparusahan ng walang hanggang apoy." Walang alinlangan na ang mga lungsod na yaon ay hindi na naglalagablab pa. Ngunit ang apoy ay WALANG HANGGAN sa kaisipan na ito'y nagbunga ng palagiang pagkawasak.

Sa II Pedro 2:6 ay minsan pang mababasa natin ang walang hanggang apoy. Ngunit ang kasulatang ito ay maliwanag ding itinaturo sa atin na "sinumpa ng Dios ang mga lungsod ng Sodoma at Gomora sa pamamagitan ng pagsunog sa kanila hanggang sa maging abo, at ginawa silang halimbawa ng mangyayari sa mga makasalanang." Ang mga makasalanang ng Sodoma at Gomora ay hindi na nagpapatuloy pa sa kapighatian; sila'y matagal nang naging abo. Subalit ang apoy na tumupok sa kanila ay "walang hanggan" ang bungang dulot-palagiang pagkawasak. Ang walang hanggan ay nangangahulugang palagiang parusa, hindi pinaparusahan.

Dahil ang aklat ng Apokalipsis ay gumagamit ng maliwanag at simbolikong pangungusap, ang iba niyang mga sipi ay hindi naunawaan. Halimbawa, ang Apokalipsis 14:1 ay nagsasabi ng tungkol sa mga waglit, "ang usok ng kanilang pagdurusa ay pumapailanglang magpakailan pa man." Ito'y waring gaya ng walang katapusang paghihirap. Ngunit, muli, hayaan nating ang Kasulatan ang magbigay-kahulugan sa Kasulatan.



Ang Exodo 21:6 ay nagsasabi ng isang alipin na ang kanyang tainga ay binutasan bilang palatandaan na siya'y maglilingkod sa kanyang Panginoon nang "walang hanggan." Sa kasong ito ang "walang hanggan" ay habang ang aliping ito ay buhay. Si Jonas na gumugol ng tatlong araw at tatlong gabi sa tiyan ng isda (Mateo 12:40), ay nag-uulat na siya'y naroon nang "walang hanggan" (Jonas 2:6). Walang pag-aalinlangan na ang tatlong araw sa malansang kadiliman ay gaya ng walang hanggan.

Kaya dapat tayong maging maingat upang maunawaan kung papaano at kailan gumagamit ang Kasulatan ng mga masagisag at matulaing pangungusap. Ang usok na pumapailanglang nang walang hanggan mula sa lawa ng apoy ay maliwanag na paraan ng pagpapahayag ng walang hanggang pagpuksa. Ang Apokalipsis 21:8 ay maliwanag na nagsasaad sa atin na ang lawa na naglalagablab ng apoy at asupre ay ang "ikalawang kamatayan." Ang impiyerno ay may katapusan. Ang masasama ay matutupok; sila'y mawawasak.

5. BAKIT MAGKAKAROON PA NG IMPIYERNO?

Sa pasimula ang Dios ay lumikha ng isang sakdal sa sanlibutan. Ngunit ang kasalanan ay pumasok at nagdala ng sakuna, kabulukan, at kamatayan. Kapag ikaw ay bumalik sa tahanan isang gabi at masumpungan ang iyong tahanan na hinalughog at wasak, pababayaang mo bang gayon na lamang nang walang hanggan? Siempre hindi. Wawalisin mong palabas ang dumi at mga basura, lilinisin ang lugar mula sa itaas hanggang sa ibaba, at itatapon ang mga kasangkapang nasira na hindi na maaayos. Gayon din ang gagawin ng Dios. Kanyang aayusin ang mga kasiraan at mga karumihan ng kasalanan nang minsanan, na lilikha ng bagong lupa sa lugar nito. Ang layunin ng Dios sa pagkakaroon ng sanlibutang ito na dinalisay sa pamamagitan ng apoy ay ihanda ang daan para sa isang sakdal na sanlibutan para sa mga banal na titira roon.



Ngunit ang Dios ay nahaharap sa isang maselang suliranin sapagkat ang kasalanan ay hindi lamang winawasak ang pisikal na sanlibutan, ito'y hinawahan din ang mga tao. Ang kasalanan ay sumira sa ating relasyon sa Kanya at sa isa't isa. Ang sangkatauhan ay patuloy na sinasalot ng pag-abuso sa mga bata, terorismo, pornograpiya, at isang libong iba pang mga kanser ng kaluluwa. Dapat na balang araw ay wasakin ng Dios ang kasalanan dahil sinisira ng kasalanan ang mga tao. Ang suliranin ng Dios ay ito: Papaanong aalisin ang nakamamatay na kamandag ng kasalanan mula sa sanlibutan na hindi naman masisira ang lahat ng tao na nahawahan nito? Ang kanyang paglutas ay kunin ang kamandag sa Kanyang sariling katawan; Kanyang pinahintulatang na Siya ay wasakin sa krus ng kanser ng kasalanan. Bilang bunga:

"Kung ipahahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at TAYO'Y LILINISIN SA LAHAT NG KALIKUAN." 1 Juan 1:9.

Iniaalok ng Dios nang walang bayad sa sinoman ang Kanyang lunas sa suliranin ng kasalanan. Ngunit ang malungkot na katunayan ay, ang iba'y nagpipilit na mangapit sa karamdaman ng kasalanan. At hindi pipilitin ng Dios ang tao na piliin ang Kanyang paraan ng walang hanggang buhay. Yaong mga tumatanggi sa Kanyang lunas ay lalamunin sa wakas ng karamdaman. Ang tunay na dahilan para sa impiyerno ay ito:

"Sapagkat nang ako'y tumawag, kayo'y hindi sumagot, nang ako'y magsalita, kayo'y hindi nakinig; kundi inyong ginawa ang masama sa aking paningin, at inyong pinili ang di ko kinaluluguran." Isaia 65:12.

Nahiwalay mula kay Jesus sa pamamagitan ng kanilang sariling pagpili, masusumpungan ng masasama na ang tanging mapipili lamang ay walang hanggang kamatayan.

6. ANO ANG MAGIGING HALAGA KUNG MAWAGLIT?

Bagama't ang Kasulatan ay hindi nagtuturo na ang apoy sa impiyerno ay nagbubunga ng walang hanggang pagdurusa, ito'y nagbibigay sa atin ng sulyap kung anong kakilakilabot na karanasan ang maging waglit. Ang masasama ay hindi magtatamo ng buhay na walang hanggan. Anong nakasisindak na karanasan na ang kagalakan ng walang hanggan ay nakawala sa kanilang mga kamay, na kailan ma'y hindi na nila makakamtan ang lubos na kagalakan ng sakdal, mapagmahal na pagsasamahan sa buong panahon.



Nang si Jesus ay mabayubay sa krus na dala ang kasalanan ng sanlibutan na nagpahiwalay sa Kanya sa Kanyang Ama, naramdaman Niya ang pait ng walang hanggang pagkawaglit. Sa pagtingin ng masasama sa maitim na hungkag sa kanilang unahan, nakikita lamang

nila ang walang hanggang pagkawasak. Sila'y mamamatay na walang pag-asa ng ikalawang pagkabuhay na mag-uli. Kasabay nito, nakikita nila kung papaano nilang itinulak si Kristo na palayo sa tuwing Siya'y lumalapit na may alok na pag-ibig. Sa wakas sila'y lumuhod at kinilala ang katarungan at pag-ibig ng Dios (Filipos 2:10,11).

Hindi nakapagtataka na ang mga sumuulat ng Biblia ay mapilit na hinihimok tayo sa kahalagahan ng ating mga pagpili at pagaangkin ni Kristo..

"Nananawagan din kami sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Dios nang walang kabuluhan. Sapagkat sinasabi Niya, 'Sa panahong kanaisnais ay pinakinggan kita, at tinulungan kita sa araw ng kaligtasan.' Sinasabi ko sa iyo, NGAYON ang panahong kanais-nais, NGAYON ang araw ng kaligtasan." 2 Corinto 6:1-2.

Wala akong ibang naiisip na higit pang malubhang kapahamakan kaysa sa isa na sinayang ang walang kapantay na sakripisyo ni Jesus at pinili pa na siya ay mawaglit. Ang mapagpipilian lamang na nasa harap natin ay lubos na maliwanag: walang hanggang pagkapahamak-walang katapusang pagkabukod sa harap ng Dios, o isang walang hanggang pakikipagkaibigan kay Kristo na tinutupad ang pinakamalalim nating pagnanais. Alin ang iyong pipiliin para sa iyong sarili? Bakit hindi mo tuklasin ang iyong kapalaran kay Kristo ngayon?

KAPAG ANG TAO'Y NAMATAY, ANO ANG KASUNOD?

Tayo'y napapauklo kapag ang isang bata ay ay unang nagtanong, "Ano ang ibig sabihin ng mamatay?" Tayo'y nanliliit sa pag-uusap o pag-iisip tungkol sa isang iniibig natin na namamatay. Ang kamatayan ay karaniwang kaaway ng tao sanman.

Ano ang mga kasagutan sa mahirap na mga katanungan tungkol sa kamatayan? Mayroon bang buhay pagkatapos ng kamatayan? Makikita pa ba natin ang nangamatay nating mga minamahal?

1. HINAHARAP ANG KAMATAYAN NANG WALANG TAKOT

Lahat tayo sa mga tiyak na sandali, marahil pagkatapos na mamatay ang isang kaibigan o isang minamahal, ay nadama yaong pagiging hungkag ng ating mga tiyan, yaong malungkot na damdamin na bumabalaot sa atin, samaantalang sinusulyapan natin ang katapusan ng buhay.



Sa isang bagay na totoong mahalaga, na siksik ng damdamin, saan natin malalaman ang katotohanan tungkol sa mangyayari kapag tayo'y namatay? Sa kabutihang palad, bahagi ng misyon ni Kristo sa lupa ay "palayain yaong mga buong buhay na alipin ng kanilang takot sa kamatayan" (Hebreo 2:15). At sa Biblia, si Jesus ay naghaharap ng pabalitang nakaaliw, at malinaw na sinasagot ang lahat ng mga katanungan tungkol sa kamatayan at isang buhay sa hinaharap.

2. PAPAANO TAYONG GINAWA NG DIOS

Upang maunawaan mula sa Biblia ang tunay na katotohanan tungkol sa kamatayan, pasimulan natin sa simula at tingnan natin kung papaano tayong ginawa ni Kristo.

"At nilalang ng PANGINOONG Dios ang tao (Adan, sa Hebreo) mula sa ALABOK NG LUPA (adamah sa Hebreo) at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong NG HININGA NG BUHAY, at ang tao ay naging BUHAY NA KALULUWA." Genesis 2:7.



Sa Paglalang inanyuan ng Dios si Adan mula sa "alabok ng lupa." Mayroon siyang utak sa kanyang ulo na handang mag-isip; dugo sa kanyang mga ugat na handang dumaloy. Pagkatapos ay hiningahan ng Dios ang kanyang ilong ng "hininga ng buhay," at si Adan ay naging "isang buhay na tao" (sa Hebreo ay "buhay na kaluluwa"). Pansining maingat, hindi sinasabi ng Biblia na si Adan ay tumanggap ng kaluluwa; sa halip sinasabi nito na "ang tao ay naging isang buhay na kaluluwa." Sa paghinga ng Dios kay Adan, ang buhay ay nagpasimulang dumaloy mula sa Dios. Sa kombinasyon ng katawan at "ang hininga ng buhay" si Adan ay naging "isang buhay na tao," "isang buhay na kaluluwa." Kaya maaari nating isulat nang ganito ang pagkalikha ng tao:

"Alabok ng Lupa" + "Hininga ng Buhay" = "Isang Buhay na Kaluluwa"

Walang Buhay na Katawan + Hininga Mula sa Dios = Isang Buhay na Tao.

Ang bawat isa sa atin ay may isang katawan at isang nangangatwirang isipan. Habang tayo'y nagpapatuloy na huminga, tayo'y magiging isang buhay na tao, isang

buhay na kaluluwa.

3. ANONG NANGYAYARI KAPAG ANG ISANG TAO AY NAMATAY

Sa kamatayan ang kabaliktaran ng paraan ng paglalang na inilalarawan sa Genesis 2:7 ang nagaganap:

"At ang ALABOK ay bumalik sa lupa na gaya ng una, at ang ESPIRITU (HININGA NG BUHAY) ay bumabalik sa Dios na nagbigay nito." Ecclesiastes 12:7.

Ang Biblia ay madalas na ginagamit ang mga salitang Hebreo para sa "hininga" at "espiritu" na palitpalitan. Kapag ang mga tao ay namatay, ang kanilang katawan ay nagiging "alabok" at ang "espiritu" ("ang hininga ng buhay") ay nagbabalik sa Dios, ang pinagmulan ni ito. Ngunit anong nangyayari sa kaluluwa?

"Habang buhay ako, sabi ng PANGINOON, . . . lahat ng BUHAY NA KALULUWA ay akin . . .ANG KALULUWANG NAGKAKASALA AY MAMAMATAY." Ezekiel 18:3, 4.

Ang kaluluwa ay namamatay! Hindi ito ngayon buhay-ito'y maaaring masawi.

Ang paraan na nangyari sa Genesis 2:7, nang tayo'y lalangin ng Dios, ay kabaligtaran nang nangyayari sa kamatayan.

**"Alabok ng Lupa" - "Hininga ng Buhay" = "Isang Patay na Kaluluwa"
Walang Buhay na Katawan - Hininga mula sa Dios = Isang Patay na Tao**

Ang kamatayan ay ang pagtigil ng buhay. Ang katawan ay nagkakadurog-durog sa alabok, at ang hininga, o espiritu, ay bumabalik sa Dios. Tayo'y mga buhay na kaluluwa sa buhay, ngunit sa kamatayan ay bangkay na lamang, isang patay na kaluluwa, patay na tao. Kaya ang mga patay ay walang malay. Kapag kinuhang muli ng Dios ang hininga ng buhay na Kanyang ibinigay sa atin, ang ating kaluluwa ay namamatay. Ngunit sa ating makikita sa huli ng leksyong ito, kay Kristo ay mayroon tayong pag-asa.

4. GAANO KARAMI ANG NALALAMAN NG ISANG PATAY NA TAO?

Pagkamatay ang utak ay natutunaw; hindi na makakaalam o makakaalaala ng anuman. Lahat ng damdamin ng tao ay nagwawakas sa kamatayan.

"Ang kanilang pag-ibig, pagkapoot, at ang pagkainggit ay nawala na, . . ." Ecclesiastes 9:6.

Ang mga patay ay walang malay kaya hindi nila nalalaman ang anumang nagaganap. Sila'y walang anupamang pakikipagugnay sa mga nabubuhay:

"Sapagkat nalalaman ng buhay na sila'y mamamatay, ngunit HINDI NALALAMAN NG MGA PATAY ANG ANUMANG BAGAY." Ecclesiastes 9:5.

Ang kamatayan ay katulad ng tulog walang-pangarap-54 na ulit itong tinatawag ng Biblia na pagtulog. Ito ang itinuro ng na Panginoon nang Kanyang sabihin sa Kanyang mga alagad:.

"Si Lazaro na ating kaibigan ay NATUTULOG, ngunit Ako'y pupunta roon upang gisingin siya.' Sinabi ng mga alagad sa Kanya, 'Panginoon kung siya'y natutulog siya'y gagaling.' Subalit ang sinasabi ni Jesus ay tungkol sa pagkamatay ni Lazaro, subalit inaakala nila na ang tinutukoy niya ay ang karaniwang pagtulog. Kaya't pagkatapos ay maliwanag na SINABI SA KANILA NI Jesus, 'NAMATAY SI LAZARO.'" Juan 11:11-14.



Si Lazaro ay apat na araw nang patay bago dumating si Jesus. Ngunit nang si Jesus ay magtungo sa kanyang libingan, Kanyang pinatunayan na napakadali para sa Dios na ibangon ang patay tulad nang ating paggising sa natutulog nating kasama.

Napakalaking kaaliwan na malaman na ang ating namatay na mahal sa buhay ay "natutulog," na nagpapahingang mapayapa kay Jesus. Ang lagusan ng kamatayan, na balang-araw ay daraanan din natin, ay katulad ng matahimik, mapayapang pagtulog.

5. NALILIMUTAN BA NG DIOS YAONG MGA NATUTULOG SA KAMATAYAN?

Ang tulog ng kamatayan ay hindi siyang katapusan ng kasaysayan. Sa libingan, sinabi ni Jesus kay Martha, ang kapatid na babae ni Lazaro:

"AKO ANG MULING PAGKABUHAY at ang buhay. ANG SUMAMPALATAYA SA AKIN bagaman't siya'y mamatay ay MABUBUHAY SIYA." Juan 11:25.

Yaong mga namatay "kay Kristo" ay natutulog sa libingan-ngunit sila ay mayroon pang maliwanag na kinabukasan. Ang Bumibilang ng bawat buhok sa ating mga ulo at humahawak sa atin sa palad ng Kanyang mga kamay ay hindi tayo malilimutan. Maaaring tayo'y mamatay at muling bumalik sa alabok, ngunit ang tala ng ating katauhan ay nananatiling maliwanag sa isip ng Dios. At sa pagdating ni Jesus, Kanyang gigisingin ang ang mga banal na patay mula sa kanilang pagkakatulog, kagaya ng Kanyang ginawa kay Lazaro.

"Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang tungkol SA MGA NATUTULOG, UPANG KAYO'Y HUWAG MALUNGKOT, NA GAYA NG IBA NA WALANG PAG-ASA. . . Sapagkat ang Panginoon mismo ang bababa mula sa langit na may sigaw, may tinig ng arkangel at may trumpeta ng Dios, at ANG MGA NAMATAY KAY KRISTO AY BABANGON MUNA. Pagkatapos, TAYONG NABUBUHAY na natitira AY AAGAWING KASAMA NILA sa mga ulap, upang salubugin ang Panginoon sa papawirin. At sa gayon ay makakapiling natin ang Panginoon magpakailanman. KAYAT MAGALIWAN KAYO SA ISA'T ISA NG MGA SALITANG ITO." 1 Tesalonica 4:13, 16-18.

Sa araw ng pagkabuhay na mag-uli, ang lagusan ng kamatayan ay magiging waring kagaya ng maikling pamamahinga. Ang mga patay ay walang kamalayan sa paglipas ng panahon. Yaong mga tumanggap kay Kristo na kanilang sariling Tagapagligtas, ay gigisingin mula sa kanilang pagkakatulog sa pamamagitan ng Kanyang kahangahangang tinig na bumababa sa lupa.



Ang pag-asa ng pagkabuhay na mag-uli ay mayroong isang kasama: ang pag-asa ng isang makalangit na tahanan na kung saan "papahirin ng Dios ang bawat luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan o pagdadalamhati o pananambitan o sakit" (Apokalipsis 21:4). Yaong mga umiibig sa Dios ay hindi dapat matakot sa kamatayan. Sa kabila nito'y naroon ang walang hanggang katuparan ng buhay na kasama ng Dios. Hawak ni Jesus ang "mga susi ng kamatayan" (Apokalipsis 1:18). Kung wala si Kristo, ang kamatayan ay isang patunguhang daang nagtatapos sa pagkalimot, ngunit kay Kristo ay may maliwanag at maningning na pag-asa.

6. TAYO BA'Y WALA NANG KAMATAYAN NGAYON?

Sina Adan at Eba ay linalang ng Dios na may kamatayan. Ngunit kung sila'y naging masunurin sa kalooban ng Dios hindi sila kailan man mamamatay. Nang sila'y magkasala, kanilang isinuko ang kanilang karapatan sa buhay. Sa pamamagitan ng pagsuway sila'y nasaklaw ng kamatayan. Ang kanilang kasalanan ay nahawahan ang buong sangkatauhan, at yamang ang lahat ay nagkasala, tayong lahat ay nagkaroon ng kamatayan. (Roma 5:12). At walang anupamang pahiwatig sa



Biblia na, sa kamatayan, ang kaluluwa ay maaaring mabuhay na isang may malay na katauhan.

Ang Biblia ni minsan ay hindi nagpaliwanag na ngayon ang kaluluwa ay walang kamatayan-na hindi saklaw ng kamatayan.. Ang Hebreo at Griegong salita para sa "kaluluwa," "espiritu" at "hininga" ay inuulit nang 1,700 ulit sa Biblia. Ngunit ni minsan man ay hindi nabanggit na ang kaluluwa , espiritu o hininga ay walang kamatayan. Ngayon ang Dios lamang ang walang kamatayan.

"Ang Dios . . .Siya lamang ang walang kamatayan." 1 Timoteo 6:15,16.

Maliwanag sa Kasulatan na ang tao sa buhay na ito ay may kamatayan: saklaw ng kamatayan. Ngunit sa pagbabalik ni Jesus, ang ating likas ay mapapasa-ilalim ng isang sukdulang pagbabago.

"Makinig kayo, sasabihin ko sa inyo ang isang hiwaga: HINDI TAYONG LAHAY AY MAMAMATAY, ngunit TAYONG LAHAT AY BABAGUHING-na isang saglit, sa isang kisap-mata, SA HULING PAGTUNOG NG TRUMPETA. Sapagkat ang trumpeta ay tutunog, AT ANG MGA PATAY AY AY MABUBUHAY na walang pagkasira, AT TAYO'Y BABAGUHING. Sapagkat itong may pagkasira ay magbihis ng walang pagkasira at ITONG MAY KAMATAYAN AY MAGBIHIS NG WALANG KAMATAYAN." 1 Corinro 15:51-53.

Bilang mga tao, tayo ngayon ay mayroon pang kamatayan. Ngunit ang katiyakan ng Kristiyano ay: mawawalan tayo ng kamatayan pagdating ni Jesus sa ikalawang pagkakataon. Ang katiyakan ng pangako ng kawalang-kamatayan ay ipinakita nang si Jesus ay biglang nagbukas at lumabas ng libingan at:

"NAG-ALIS NG KAMATAYAN at . . . NAGDALA SA BUHAY AT SA KAWALAN NG KAMATAYAN TUNGO SA LIWANAG sa pamamagitan ng ebanghelyo." 2 Timoteo 1:10.

Ang pananaw ng Dios sa kapalaran ng tao ay maliwanag: walang hanggang kamatayan para sa nagtatakwil kay Kristo at nakakapit sa kanilang mga kasalanan, o walang hanggang buhay bilang kaloob sa pagdating ni Jesus para roon sa mga nagsitanggap sa Kanya bilang Panginoon at Tagapagligtas.

7. HINAHARAP ANG KAMATAYAN NG ISANG MAHAL SA BUHAY

Ang takot na likas nating nilalabanan sa harap ng kamatayan ay nagiging tanging malubha kapag ang mahal sa buhay ay namamatay. Ang kalungkutan at pandama ng kawalan ay nagdudulot ng lubos na pagdadalamhati. Ang tanging lunas sa kapighatian na dulot ng pagkahiwalay sa mahal sa buhay ay ang kaaliwan na si Kristo lamang ang makapagbibigay. Alalahaning ang iyong mahal sa buhay ay natutulog, at ang iyong mahal sa buhay na nagpahinga kay Jesus ay babangon sa "pagkabuhay na mag-uli ng buhay" sa pagdating ni Jesus.

Ang Dios ay nagpapanukala ng isang kahangahangang pagtatagpong-muli. Ang mga bata ay ibabalik sa kanilang galak na galak na mga magulang. Ang mga asawang lalaki at asawang babae ay matutunaw sa bisig ng isa't isa. Ang malupit na paghihiwalay sa buhay ay matatapos na. "Ang kamatayan ay nilamon ng pagtatagumpay" (1 Korinto 15:54).

Ang ilan ay nakadaramang ang pagkahiwalay sa mahal sa buhay ay totong mahapdi na sinisikap nilang makipagugnay sa sa pamamagitan ng pamamaraan ng isang espiritista o isang New Age Channeler. Ngunit ang Biblia ay tuwirang nagbababala sa atin laban sa pagsubok na pagaanin ang hapdi ng kamatayan sa pamamagitan nito:

"At kapag kanilang sinabi sa inyo, "Sumangguni kayo sa mga multo at masasamang espiritu na humuhuni at bumubulong." Hindi ba dapat sumangguni ang bayan sa kanilang Dios, Bakit



sasanguni sa mga patay alangalang sa mga buhay?" Isaia 8:19.

Bakit nga ba? Maliwanag na inihahayag ng Biblia na ang mga patay ay walang malay. Ang tunay na lunas sa ganitong kalungkutan ay si Kristo lamang ang makakapagbigay. Ang panahon ng pakikipag-ugnay kay Kristo ay siyang pinaka-malusog na paraan ng paglago samantalang nagdadalamhati. Alalahaning palagi, na ang kasunod na may malay na sapantahang darating sa mga natutulog kay Kristo ay ang mga tunog ng ikalawang pagdating ni Kristo upang gisingin ang mga patay!

8. WALANG TAKOT NA HINAHARAP ANG KAMATAYAN

Halos lahat ay ninanakaw sa atin ng kamatayan. Ngunit ang isang bagay na hindi niya makukuha sa atin ay si Kristo, at si Kristo ay maaring ibalik ang lahat ng bagay na magkakasamang muli. Ang kamatayan ay hindi palaging maghahari sa sanlibutang ito. Ang Diyablo, ang makasalanan, kamatayan, at libingan at mapapahamak sa "lawa ng apoy" na siyang "ikalawang kamatayan" (Apokalipsis 20:4).

Narito ang apat na payak na mungkahi sa pagharap sa kamatayan na hindi natatakot:

(1) Mabuhay ng isang buhay ng pagtitiwala kay Kristo, at ikaw ay magiging handa para sa kamatayan sa anumang sandali.

(2) Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, maging masunurin sa mga utos ni Kristo, at ikaw ay magiging handa para sa ikalawang buhay na kung saan ay hindi ka na kailanman mamamatay.

(3) Isipin na ang kamatayan ay isang maikling pagtulog na doon ka gisingin ng tinig ni Jesus sa pagdating Niya sa ikalawa.

(4) Pagyamanin ang katiyakan na bibigyan tayo ni Jesus ng isang tahanan sa langit na kasama Siya sa buong walang hanggan.

Ang katotohanan ng Biblia ay pinalalaya ang tao mula sa takot ng kamatayan dahil ito'y inihahayag si Jesus, ang Isa na hindi kayang lupigin kahit ng kamatayan. Kapag si Jesus ay dumating sa ating buhay, pinababaha Niya ang ating puso ng kapayapaan:

"Kapayapaan ang iniwan Ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo. . . . Huwag mabagabag ang inyong puso, o matakot man." Juan 14:27.

Ginawa rin ni Jesus ang paraan upang ating kayahin ang anumang kapighatian na dulot ng trahedya ng pagkawala ng isang minamahal sa buhay. Si Jesus ay lumakad sa "libis ng lilim ng kamatayan"; nalalaman Niya ang madidilim na gabing ating binabagtas.

"Kaya yamang ang mga anak ay nakibahagi sa laman at dugo, at siya man ay nakibahagi rin sa mga bagay na ito, upang SA PAMAMAGITAN NG KANYANG KAMATAYAN ay kanyang mapuksa ang may kapangyarihan sa kamatayan, sa makatuwid ay ang diyablo-at MAPALAYA SILANG LAHAT NA DAHIL SA TAKOT SA KAMATAYAN SA BUONG BUHAY NILA AY NASA ILALIM NG PAGKAALIPIN." Hebreo 2:14, 15.



Si Dr. James Simpson, ang dakilang manggagamot na nakapagpaunlad ng pangpangimi [anesthesia], ay nakaranas ng kakilakilabot na kawalan nang ang kanyang panganay na anak ay namatay. Siya'y lubhang nalumbay gaya ng sinumang magulang. Ngunit siya'y nakasumpong ng daan sa pag-asa. Sa libingan ng kanyang minamahal na anak ay nagtayo siya ng palatandaan at doon ay kanyang iniukit ang mga salitang ito na sinabi ni Jesus tungkol sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli: "Gayon ma'y nabubuhay ako."

Nagsasabi iyon ng lahat. Ang personal na kabagabagan kung minsan ay waring pinapawi ang kalangitan; gayon man si Jesus ay nabubuhay! Ang

ating puso ay maaring nawawasak; gayon ma'y, nabubuhay si Jesus!

Kay Kristo ay mayroon tayong pag-asa ng buhay pagkatapos ng kamatayan. Siya ang "pagkabuhay na mag-uli at ang buhay" (Juan 11:25), at Kanyang ipinangangako, "Sapagkat Ako'y nabubuhay, ay mabubuhay rin kayo" (Juan 14:19). Si Kristo lamang ang tangi nating pag-asa ng buhay pagkatapos ng kamatayan. At kapag si Kristo'y muling dumating ay bibigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan. Hindi na tayo kailan man muling mabubuhay sa lilim ng kamatayan, sapagkat tayo'y may buhay na walang hanggan. Natuklasan mo na ba ang dakilang pag-asang ito na maaari nating pagyamanin sa ating pinakamadilim na mga sandali? Kung hindi mo pa kailanman natatanggap si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas, gagawin mo ba ito ngayon din?

MATATAGPUAN KO BA ANG IGLESYA NG DIOS SA KASALUKUYAN?

Ang Dios ay malimit na nagbibigay ng mga tanging pabalita upang tugunin ang mga pangangailangan ng iba't ibang salinlahi: isang pabalita upang tulungan sina Adan at Eva pagkatapos wasakin ng kasalanan ang kanilang sanglibutan, isang pabalita sa sanglibutan bago mangyari ang mapamuksang baha, pabalita para sa Israel nang ang Assyria at Babilonya ay magbanta. Si Jesus ay dumating na may tanging pabalita para sa Kanyang kapanahunan, ang Dios ay nagbigay ng isang tanging pabalita para sa ating kapanahunan. Ang mga kabanatang 12 at 14 ng Apokalipsis ay binubuo ang isang tanging pabalita ng Dios para sa atin ngayon. Sa patnubay na ito ng TUKLASIN at sa susunod na gabay ay titingnan natin ang pabalitang iyon.



1. ANG IGLESYANG ITINATAG NI JESUS

Ang buhay at mga turo ni Jesus ay nagtatag ng pagkakaisa ng pananampalataya at malapit na samahan sa iglesya ng mga apostol na Kanyang itinatag. Ang mga alagad ay nagkaroon ng malapit na kaugnayan sa nabuhay na Kristo. Inilarawan ni Pablo ang gayong malapit na ugnayan na relasyon ng mag-asawa:

"Sapagka't kayo'y aking pinapag-asawa sa isa, upang kayo'y maiharap ko kay Kristo na tulad sa dalagang malinis." 2 Korinto 11:2.

Sang-ayon kay Pablo, ang iglesya ng mga Kristiyano ay isang dalisay o malinis na babae, ang kasintahang babae ni Kristo, ang angkop na sagisag para sa iglesyang minamahal ni Kristo.

Sa Lumang Tipan ay ganoon ding paghahalintulad ang ginamit upang ilarawan ang Israel, ang piniling bayan ng Dios. Sinabi ng Dios sa Israel: "bilang isang babaeng ikakasal ay inibig mo ako" (Jeremias 2:2); "Ako ang iyong asawang lalaki" (Jeremias 3:14).

Ang aklat ng Apokalipsis ay nagsasabi rin na ang iglesya ay gaya ng babae:

"At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit: isang babae na nararamtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kanyang mga paa, at sa kanyang ulo ay may isang putong na labingdalawang bituin." Apokalipsis 12:1.



(1) Ang babae ay "nararamtan ng araw." Ito ay nagmumungkahi ng isang iglesya na sumisikat na gaya ng araw, dahil nadadamitan ng maluwalhating presensya ni Kristo. Si Jesus, "ang ilaw ng sanglibutan" (Juan 8:12), ay lumiliwanag sa pamamagitan ng mga kaanib ng Kanyang iglesya, at sila naman ay nagiging "ilaw ng sanglibutan" (Mateo 5:14).

(2) Ang babae ay mayroong "buwan sa ilalim ng kanyang mga paa," Ang buwan ay kumakatawan sa liwanag ng ebanghelyo sa mga handog at seremonya ng bayan ng Dios sa Lumang Tipan. Ang buwan na nasa "ilalim ng kanyang mga paa" ay nagmumungkahi na ang liwanag ng ebanghelyo ay hinalinhan ng ministeryo ni Kristo.

(3) Ang babae ay mayroong "isang putong na labingdalawang bituin sa kanyang ulo." Ang mga bituin ay kumakatawan sa labingdalawang mga alagad, mga mahal na taong ang patotoo tungkol kay Jesus ay sumisikat nang maliwanag hanggang sa kasalukuyan.

Maliwanag na ang paglalarawan sa babaeng ito ay nagpapakilalang nasa isip ni Juan ang pagbabago ng kalagayan mula sa bayan ng Dios, Israel, sa Lumang Tipan patungo sa Kristiyanong iglesya sa Bagong Tipan na itinayo ni Jesus. Ang araw, buwan, at mga bituin ay nagdidiin ng nagbibigay-buhay na paglilingkod ng Kristiyanong iglesya sa pagbabahagi ng Mabuting Balita.

2. ANG KASAYSAYAN NG PAGKAGAPI NI SATANAS

Ang pagpasok ng babae ang naghanda para sa isang dakilang dula:

"At siya'y nagdadalang tao; at siya'y sumisigaw, na nagdaramdam sa panganganak, at sa hirap upang manganak. At ang ibang tanda ay nakita sa langit: at narito, ang isang malaking dragong mapula, na may pitong ulo at sangpung sungay, at sa kaniyang mga ulo'y may pitong diadema. At kinaladkad ng kanyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit, at ipinaghagis sa lupa: at lumagay ang dragon sa harapan ng babaeng manganganak na, upang lamunin ang kanyang anak pagkapanganak niya. At siya'y nanganak ng isang anak na lalake, na maghahari na may panghampas na bakal sa lahat ng mga bansa: at ang kanyang anak ay inagaw na dinala hanggang sa Dios, at hanggang sa kanyang luklukan." Apokalipsis 12:2-5.

Tatlong mga tauhan ang kalahok sa dulang ito:

(1) Ang babae, kinilala na, bilang iglesya ng Dios.

(2) Ang anak na lalaki na ipinanganak ng babaeng ito "ay inagaw na dinala hanggang sa Dios at sa Kaniyang luklukan" at balang araw ay "maghahari sa lahat ng mga bansa." Si Jesus lamang ang tanging batang ipinanganak sa sanglibutang ito na dinala hanggang sa Dios at sa Kanyang luklukan at maghahari balang araw sa lahat ng mga bansa.

(3) Ang dragon na kumakatawan sa Diablo o Satanas.

"At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: si Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon; at ang dragon at ang kanyang mga anghel ay nakipagbaka; At hindi sila nanganalo, ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit. At inihagis ANG MALAKING DRAGON, ang matandang ahas, ang TINATAWAG NA DIABLO AT SATANAS, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kanyang mga anghel ay inihagis na kasama niya." Apokalipsis 12:7-9.



Ang larawan ay magiging malinaw sandaling maunawaan natin ang mga sagisag. Nang ang Diablo at ang kanyang mga anghel ay "mawalan ng kanilang dako sa langit," "sila ay inihagis sa lupa" Nang isilang si Jesus sa sanglibutang ito, Siya, ang anak na lalaki ay tinangkang patayin ng Diablo pagkapanganak sa Kanya. Nabigo siya at si Jesus ay dinala sa luklukan ng Dios.

At tinangka namang lipulin ni Satanas ang Kristiyanong iglesya na itinayo ni Jesus. Nakita ng alagad na si Juan, na siyang sumulat ng Apokalipsis, ang tanawin ng malaking tunggalian ni Kristo at Satanas na nag-aalab sa sanglibutang ito. Habang ang pagbabaka ay nalalapit sa katapusan sa pagkapako ni Kristo, narinig ni Juan ang isang sigaw mula sa langit:

"Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kanyang Kristo: sapagka't inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi." Apokalipsis 12:10. (Ihambing sa Juan 12:31 at sa Lucas 10:18.)

Si Jesus ay tiyak na nagtagumpay laban kay Satanas doon sa krus. At pagkatapos ay Kanyang pinagtibay ang katiyakan ng plano ng



"kaligtasan" at naglaan ng "kapangyarihan" upang pagtagumpayan ang pandaraya ni Satanas. Ang kaharian ng Dios ay tiniyak, at ang "kapamahalaan" ng Tagapagligtas ay pinagtibay upang Siya'y ating maging dakilang Saserdote at Hari.

"Ngayo'y dumating na ang kaligtasan" ang siyang nagpapahayag na ang pinakaputong na pangyayari ng kasaysayan ay dumating na. Ang kapanganakan ni Kristo bilang Tagapagligtas ng sanlibutan ay dumating (talatang 5). Sa kabila ng mabangist na panunukso ni Satanas, si Jesus ay nabuhay na walang kasalanan, namatay at nabuhay na nagtagumpay sa kasalanan at kamatayan (talatang 10). Si Satanas noon pa man ay natalo na magpakailanman (talatang 7-9). Ang krus ay pinalawak sa kanyang buong kapangyarihan.

Ang pahayag na "ngayon ay dumating ang kaligtasan." ay nakakuha ng pansin hindi lamang ni Juan, kundi ng buong sansinukob:

"Kaya't mangagalak kayo, Oh mga langit at kayong nagsisitahan diyan. Sa aba ng lupa at ng dagat: sapagka't ang diablo'y bumaba sa inyo, na may malaking galit, sa pagkaalam niya na kaunting panahon na lamang mayroon siya." Apokalipsis 12:12.

Ipinagdiwang ng buong kalangitan ang tagumpay ni Jesus. Winasak ni Kristo ang bawa't inaangkin ni Satanas sa langit, at ang nalupig na si Satanas ay wala na ring maaangkin pa sa sanglibutan.

3. ANG KRISTIYANONG IGLESYA AY KATUNGGALI NI SATANAS

Bago umakyat si Jesus sa langit ay Kanyang itinatag ang Kristiyanong iglesya (kinakatawanan ng babae). Ang kamatayan ni Kristo sa krus ang nagbigay sa Kristiyanong iglesya ng kapangyarihan upang magapi si Satanas.

"At siya'y (si Satanas) kanilang (ang Kristiyanong iglesya) dinaig dahil sa dugo ng Kordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan." Apokalipsis 12:11.

Maibibigay na ni Kristo sa Kanyang iglesya ang Kanyang kapangyarihan, ang bunga ng Kanyang tagumpay. Si Jesus ay walang alinlangang nagtagumpay kay Satanas doon sa krus, at ngayon ay nagpapatuloy na magtagumpay laban kay Satanas sa pamamagitan ng Kanyang iglesya. May tatlong mga katangian na mapagkakakilanlan sa matagumpay na iglesya sa paglipas ng mga siglo ng panahong Kristiyano.



(1) "Pinagtagumpayan nila siya (Satanas) sa pamamagitan ng dugo ng Kordero." Si Jesus ay dinala doon sa luklukan ng Dios upang gawin Niyang mabisa ang Kanyang dugo sa mga buhay ng Kanyang mga tagasunod. Kaya niyang linisin ang tala ng ating mga kasalanan, iligtas tayo sa pamamagitan ng Kanyang dugong nabuhos (1Juan 1:7), at bigyan tayo ng kapangyarihan na mabuhay ng isang malusog na Kristiyanong buhay araw-araw.

(2) "Hindi nila inibig ang Kanilang mga buhay hanggang sa kamatayan." Ginawa ng "dugo ng Kordero" na maging handa silang mamatay para sa kapakanan ni Jesus; hindi sila nasindak sa kamatayan. Ang Dios ay nagdusang mabuti, kaya ang mga Kristiyanong martir na ito ay handa ring magdusa at mamatay. Maging ang mga bata ay gumawa nang sukdulang sakripisyo. Isang kuwento ang isinalaysay tungkol sa isang ina na inihagis sa mga mabangis na leon sa tanghalang Romano dahil sa kanyang lubusang katapatan kay Kristo at hindi sa bayan. Ang anak niyang kabataang babae, sa halip na masindak sa panganib, ay nakaramdam ng taimtim na pagtatalaga sa kanyang kalooban. Habang sinasalakay ng mga leon ang kaniyang ina, siya ay tumayo at sumigaw "Ako rin ay isang Kristiyano." Hinuli siya ng mga pinunong Romano at inihagis din sa mga gutom na hayop.



(3) "Pinagtagumpayan nila siya (Satanas) sa pamamagitan ng salita ng kanilang patotoo." Hindi ang mga salita, kundi salita ng kanilang patotoo-ang patotoo ng kanilang mga buhay, ang kanilang buhay na pagsaksi sa kapangyarihan ni Jesus at ng ebanghelyo. Sa pinakamadilim na mga oras ng kapanahunang Kristiyano, isang hukbo ng mga Kristiyano-mula sa unang iglesya hanggang sa panahong ng mga Protestanteng repormador-ang nagtagumpay sa pinakamasamang maihahagis sa kanila ng Diablo, sa pamamagitan ng makapangyarihang patotoo ng kanilang mga buhay.

Ang Apokalipsis 12:11 ay naglalarawan ng isang matagumpay na iglesya na puno ng mga mananagumpay: mga alagad, mga martir, mga repormador, at iba pang mga tapat na Kristiyano. Ang kanilang kabutihan, katapatan, tapang o lakas ng loob at pagtatagumpay na dumadagundong sa pagdaraan ng mga siglo ang kumilos sa sanglibutan.

Dahil nabigo si Satanas na wasakin si Jesus nang nabuhay Siya sa lupa, ngayon naman ay sinisikap niyang wasakin ang Kristo na nabubuhay sa Kanyang iglesya.

"At nang makita ng dragon na siya'y inihagis sa lupa, ay inusig niya ang babaeng nanganak ng sanggol na lalaki. At sa babae'y ibinigay ang dalawang pakpak ng agilang malaki, upang ilipad sa ilang mula sa harap ng ahas hanggang sa kanyang tahanan, na pinagkandilihan sa kanya nang isang panahon, at mga panahon, at kalahati ng isang panahon. At ang ahas ay nagbuga sa kaniyang bibig sa likuran ng babae ng tubig na gaya ng isang ilog, upang maipatangay siya sa agos. At tinulungan ng lupa ang babae at ibinuka ang kaniyang bibig at nilamon ang ilog na ibinuga ng dragon sa kanyang bibig."-Apokalipsis 12:13-16.



Gaya ng pauna nang sinabi, sa Madilim na Panahon ng kapanahunang Kristiyano, nagsugo si Satanas ng "isang ilog" ng pag-uusig upang "tangayin" ang iglesya ng "malakas na agos". Ibig wasakin ni Satanas ang impluwensya ni Kristo sa pamamagitan ng paglipol sa Kanyang iglesya at gumagamit ng bawat pandarayang kanyang maiisip. Ang Dragon ay kumakatawan Kay Satanas. Ngunit alalahaning si Satanas ay gumagamit ng mga institusyon ng tao sa kanyang pagganap bilang dragon upang salakayin ang bayan ng Dios. Ginamit niya ang haring Romanong si Herodes sa tangkang patayin ang sanggol na si Kristo karakarakang Siya ay isilang. Gumawa siya sa pamamagitan ng naninibughong mga relihiyosong kaaway ni Kristo upang sundan nang lihim at ligaligin ang Tagapagligtas, at sa wakas ay tiyakin ang Kanyang kamatayan sa krus. Ngunit ang tila tagumpay ni Satanas ay naging pinakadakilang tagumpay ni Kristo..

Sa matinding galit ni Satanas sa kanyang pagkatalo doon sa krus, ay ibinaling niya ang kanyang galit laban sa iglesyang itinayo ni Jesus. Sa panahon ng mga dekada pagkatapos ng pagkapako ni Kristo, libu-libo ang mga namatay sa Koliseo ng Roma, kulungan, yungib, ilang na mga lansangan.

Ang paguusig na ito ay unang sinimulan ng mga kapangyarihang sekular. Ngunit pagkaraan ng kamatayan ng mga alagad, isang dahan-dahang pagbabago ang pumasok sa iglesya. Sa panahon ng ikalawa, ikatlo, at ikaapat na siglo, marami sa iglesya ang nagsimulang baguhin ang mga katotohanang itinuro ni Kristo at ng Kanyang mga alagad. Ang ilang tumalikod na mga pinuno ay sinimulang usigin yaong mga Kristiyanong nananatili sa kadalisan ng paniniwala ng Bagong Tipan.

Tinataya ng mga iskolar na may mga 50 milyong mga tapat ang nangapahamak. Sa pagsisikap na lunurin ang iglesya at wasakin ito, ang Diablo ay nagpadala ng "isang ilog" ng pag-uusig upang "lipulin siya (ang iglesya) sa malakas na agos". Subali't tinulungan ng lupa ang babae sa pamamagitan ng paglamon sa ilog ng pag-uusig at huwad na turo.

Noong kapanahunan ng mga pag-uusig, ang tunay na iglesya ay lumayo sa mga tumalikod na pamunuan at nagtago sa "ilang sa isang lugar na inihanda sa kanya ng Dios, kung saan siya maaring ingatan sa 1,260 araw (talatang 6). Ang popesiyang ito ay natupad noong 1,260 taon ng pag-uusig mula A.D. 538 hangang noong 1798 (ang isang araw ay malimit na katumbas ng isang taon sa sagisag ng propesiya ng Biblia, tingnan ang Ezekiel 4:6).

Sa panahong ito ng madidilim na siglo, ang mga tapat na mananampalatayang Kristiyano ay nakasumpong ng ligtas na lugar; halimbawa, sa mga parang ng Waldensia sa gawing kanluran ng Italya at silangan ng Francia, sa iglesya ng mga Celtic at sa British Isles.

4. ANG IGLESYA NG DIOS SA ATING KAPANAHUNAN

Inihahatid tayo nito sa ating kapanahunan-sa tunay na iglesya ni Kristo mula pa noong 1798. Tulad ng inaasahan, ang Dragon ay nagagalit pa rin sa bayan ng Dios. Ang malaking tunggaliang hindi nakikita ay nagpapatuloy. Sa katunayan, ginagawa ni Satanas ang kanyang pinakamalakas na pagsalakay sa iglesya bago dumating si Jesus.

"At nagalit ang Dragon [ang Diablo] sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kanyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni Jesus." Apokalipsis 12:17.

Ang propesiyang ito ay nakatuon sa ating kapanahunan. Nagsisiklab ang galit ni Satanas; sinasalakay niya "ang nalabi" sa "binhi" ng babae-ang pangkasalukuyang bayan ng Dios. Pansinin ang kanilang mga katangiang pagkakakilanlan:



(1) Ang mga mananampalatayang ito sa mga huling araw ay "may patotoo ni Jesus." May katapatang nanghahawak sa dalisay na mga turo ng salita ng Dios, nagpapatotoo sila kay Jesus sa pamamagitan ng wastong pamumuhay Kristiyano.

(2) Ang mga Kristiyanong ito sa mga huling araw ay mga tao ng propesiya. Ang pagtanggap "ng patotoo ni Jesucristo" ang siyang dahilan upang maisulat ni Juan ang Apokalipsis (Apokalipsis 1:1-3). Ang kahulihulihang grupo ng mga mananampalataya ay tumatanggap din ng ganong kaloob: tuwirang mga patotoo mula sa Dios sa pamamagitan ng sugo dito sa lupa. Ang kanilang kaloob ng propesiya ay nakatuon sa kapahayagan ng Dios ng kanilang misyon at ng kanilang huling hantungan.

(3) Ang mga Kristiyanong ito sa huling kapanahunan ay makikilala rin bilang "mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios." Hindi lamang nila ipinagtatanggol ang katapatan ng Sampung Utos, kundi kanila ring tinutupad ang mga ito. Ang pag-ibig ng Dios sa kanilang mga puso ay nabubunga ng kasiyahan ng pagsunod. (Roma 5:5; 13:8-10).

Ang mga Kristiyanong ito sa huling kapanahunan ay sumusunod sa halimbawa ni Kristo at ng unang iglesya sa pagtupad ng mga utos ng Dios. Ito ang higit na nagpagalit sa Dragon-ang Diablo. At nilabanan niya "ang nalabi" sa "binhi" ng babae, sapagkat sila ay may patotoo na ang pagibig sa Dios ay lumilikha ng mga masunuring alagad. Gaya ng utos ni Jesus:

"Kung ako ay inyong iniibig ay tutuparin ninyo ang aking mga utos." Juan 14:15.

Ang buhay ng mga Kristiyanong ito sa huling mga araw ay nagpapakita na maari nating ibigin ng ating buong puso ang Dios at ang ating kapuwa gaya ng ating sarili. Sang-ayon kay Jesus, ang mga katangiang ito, pag-ibig sa Dios at pag-ibig sa kapuwa tao, ay siyang bumubuo ng Sampung Utos ng Dios (Mateo 22:35-40).

Hinihiling ng ikaapat na utos sa Sampung Utos na ating ipangilin ang Sabado, ang ikapitong araw na Sabbath ng sanglinggo,. Sapagka't ang pag-ibig kay Jesus ay siyang nagtanim ng lahat ng sampung utos sa kanilang mga puso, ang mga Kristiyanong ito sa huling mga araw ay mga nangingilin ng Sabbath.

Ang Sabbath ay nasa pinaka-puso ng huling pabalita ng Dios sa Kanyang bayan sa Apokalipsis, mga kabanatang 12, at 14:6-15. Ang lahat ng kayamanan ng langit ay nakaayos na sa likuran ng mga Kristiyano sa huling mga araw na inilalarawan sa mga kabanatang ito. Ang buhay na Tagapagligtas ang siyang laging kasama nila, at ang Banal na Espiritu ay gumagawa upang "palakasin sila na may kapangyarihan ang panloob na pagkatao." Ang pangako ay tiyak. Mapapagtagumpayan nila si Satanas "sa pamamagitan ng dugo ng Kordero at sa pamamagitan ng salita ng kanilang patotoo" (Apokalipsis 12:11).

Ibig mo bang maging isa sa mga Kristiyanong ito sa mga huling araw na "tumutupad ng mga utos ng Dios" at "may patotoo ni Jesus"? Bakit hindi mo gawin ang kapasiyahan ngayon?

ANG DIOS BA AY MAY NATATANGING PABALITA PARA SA ATING KAARAWAN?

Si Ramon Umashankar ay ipinanganak na Brahmin. Bata palang siya ay itinuro na sa kanya ng kanyang mga ninuno na siya ay isang diyos at upang makilala niya ang kanyang pagka-dios ay dapat siyang magsanay ng yoga at pagbubulaybulay. Subali't sa kanyang kabataan, si Ramon ay nagsmulang mag-isip kung tunay niyang masusumpungan ang Diyos sa pamamagitan ng sari-saring dios-diosang sinasamba sa mga templo ng mga Hindu.

Sinimulang suriin ni Ramon ang Biblia at ang mga inaangkin ni Kristo. Lagi niyang iginagalang si Jesus sa Kanyang kapakumbabaan, ngunit ngayon ay narinig niyang ang Jesus na ito ay nag-aangking tanging Anak ng Dios. At kanyang napansing ang maraming mga Kristiyano ay mayroong kapayapaang hindi niya nasumpungan sa pagyoyoga at pagbubulaybulay sa maraming taon. Nanatili pa ring buo ang pasya ni Ramon na hanapin ang katotohanan sa kanyang sariling relihiyong Hindu.



Ngunit napanood niya ang isang pelikula tungkol sa buhay ni Kristo. Sa kauna-unahang pagkakataon ay kanyang napagtanto na si Jesus ay dumanas ng pagdurusa at sindak bilang isang tao. Ang dating nasa isip niya ay ginamit ni Jesus ang Kanyang kapangyarihan ng pagka-Dios upang makatakas sa pait ng pagkapako sa krus. Subali't ngayon, hindi niya maipaliwanag ang krus. Siya ay nagtataka: Paanong tiniis ni Jesus ang ganong pagdurusa-alang-alang sa mga taong makasalanang?

Habang patuloy na dinidili-dili ni Ramon ang kamatayan ni Jesus ay nakilos siya ng ganong uri ng pagpapahayag ng pag-ibig. Ipinasia niyang isuko ang kanyang pagiging Brahmin at ituon ang kanyang buhay kay Jesus na Tagapagligtas. Kung ihahambing sa may sakripisyong pag-ibig ni Kristo, sinabi ni Ramon, "Ang lahat ng ibang bagay ay nagkakadurog-durog.."

Nasumpungan ng kabataang Brahmin na ito ang buod ng katotohanan sa Kristiyanismo: Si Jesus ang Tagapagligtas ng sanglibutan.

1. ALING RELIHIYON ANG NAGLILIGTAS?

Si Jesus ang Daan-ang tanging Daan-ng kaligtasan.

"At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." Ang Mga Gawa 4:12.

Malinaw na itinuturo ng Biblia na tayo ay nawaglit sa kasalanan, at tayo ay napasa ilalim ng kaparusahan ng kasalanan: kamatayan (Mga Taga Roma 6:23). Ang lahat ay nagkasala (Mga taga Roma 3:23), kaya lahat ay haharap sa kamatayan. At si Jesus ang Isa-tanging Isa na makapagligligtas sa atin sa hatol ng kasalanan.

"Ang bawa't tumitingin sa Anak at sumasampalataya sa Kanya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, at Aking ibabangon sa huling araw." Juan 6:40.

Mayroon lamang isang tunay na relihiyon:

"Isang Panginoon, ISANG PANANAMPALATAYA, isang bautismo." Efeso 4:5.

2. ANG DIOS BA AY MAY TANGING PABALITA PARA SA MGA KRISTIYANO SA HULING ARAW?

Oo. Ang may-tatlong-bahaging pabalitang ito ay nasa Apokalipsis 14:6-16. Ang pahayag ng pabalitang ibinibigay ng tatlong anghel ay nagtatapos sa ikalawang pagparito ni Kristo (mga talatang 14-16).

(1) Ang Pabalita ng Unang Anghel.

"At nakaita ko ang isa pang anghel (sugo) na lumilipad sa gitna ng himpapapwid, na may walanghanggang ebanghelyo na ipahahayag sa mga naninirahan sa lupa, sa bawat bansa, lipi, wika at bayan. Sinabi niya sa malakas na tinig, 'Matakot kayo sa Dios at magbigay-luwalhati sa Kanya, sapagkat dumating na ang oras ng Kanyang paghatol. Sambahin siya na gumawa ng langit, ng lupa, ng dagat at ng mga bukal ng kltubig.'" Apokalipsis 14:6, 7.



Bagaman ang Kasulatan ay madulang inilalarawan ang tatlong pabalitang ito sa simbolo ng tatlong anghel, ang bayan ng Dios ang mga sugo na aktuwal na naghahatid ng mga ito sa buong sanlibutan. Hindi sila naghahayag ng bagong ebanghelyo, kundi ng "walang hanggang ebanghelyo" sa buong sanlibutan - "sa bawat bansa, lipi, wika, at bayan." "Ang walang hanggang ebanghelyo" ni Jesus ay siya ring ebanghelyo ng kaligtasan na tinanggap ng mga tao sa pammagitan ng pananampalataya noong mga panahon ng Matandang Tipan (Hebreo 3:16-19; 4:2; 11:1-40); ang gayunding aral na si Jesus mismo ang nagpahayag; ang gayunding ebanghelyo na ipinangaral ng mga alagad upang lupigin ang sanlibutan para kay Kristo; ang pabalitang dumagundong sa mga siglo ng kapanahunang Kristiyano.

Ang payak, nagliligtas na ebanghelyo ni Jesu-Kristo ay halos napawi sa iglesya sa mahigit na isang libong taon ng Panahong Madilim, ngunit muling binuhay ito ng Repormasyon, at ngayon ay ipinangangaral ng bayan ng Dios sa buong sanlibutan. Ang unang anghel ay ipinahahayag ang pabalitang ito ng ebanghelyo, ngunit ibinibigay ito ngayon sa isang bagong kalagayan - sa buong sanlibutan - para sa mga taong nabubuhay bago dumating si Jesus sa pangalawang pagkakataon.

Yaong mga tumanggap ng pabalitang ito ay nasumpungan ang kanilang mga sarili na tinawag upang "matakot sa Dios at magbigay kaluwalhatian sa Kanya [ilarawan ang Kanyang likas]." Ipinakikita nila sa sanlibutan ang likas ng pagibig ng Dios, hindi lamang sa kanilang mga salita, kundi sa kanila ring buhay ng makapangyarihang pagsaksi. Nagkakaloob sila ng kapana-panabik na pagpapahayag ng kung ano ang magagawa ng Dios sa pamamagitan ng mga taong puspos ng Espiritu ni Kristo.



Kailan maipapahayag sa buong sanlibutan ang mga pabalitang ito ng tatlong anghel? Nililiwanag ng Gabay 13 na si Jesus ay nagsimula noong 1844 ng Kanyang gawain ng paghatol bago Siya bumalik. Nang taong ding yaon, 1844, binigyan ng inspirasyon ni Jesus ang mga tao sa buong sanlibutan na magsimulang ipangaral ang pabalita ng Apokalipsis 14.

Ang pabalitang ito ay nananawagan sa atin na "sambahin siya na gumawa ng mga langit at ng lupa" [Apokalipsis 14:7]. Nananawagan din sa atin ang Dios na "alalahanin ang araw ng Sabbath upang ipangiling banal" sapagkat "sa anim na araw ang PANGINOON ay ginawa ang langit at ang lupa" [Exodo 20:8-11]. Noong 1844 nang iminumungkahi ni Darwin ang teorya ng ebolusyon, ang Dios ay nanawagan sa tao na magbalik sa pagsamba sa Kanya bilang Manlalalang. Nang panahong yaon, yaong mga nangangaral ng pabalita ng tatlong anghel ay nasumpungan ang ikapitong araw na Sabbath ng Salita ng Dios at nagsimulang ipangilin ito sa karangalan ng Lumikha ng langit at lupa.

(2) Ang Pabalita ng Ikalawang Anghel.

"Ang pangalawang anghel ay sumunod at nagsabi, 'Bumagsak! Bumagsak ang Dakilang Babilonya, na siyang nagpainom sa lahat ng bansa ng nakakaulol na alak ng kanyang pakikiapid'" Apokalipsis 14:8.

Nagbabala ang ikalawang anghel, "bumagsak ang Dakilang Babilonya." Inilalarawan ng Apokalipsis 17 ang espirituwal na "Babilonya" - ang tumalikod na Kristiyanismo - na isang masamang babae (talatang 5). Siya ay kataliwas ng dalisay na babae ng Apokalipsis 12 na kumakatawan sa tunay na Kristiyanong iglesya. Ang babaeng kumakatawana sa Babilonya ay isang masamang babae na "nagpainom sa lahat ng bansa ng kanyang nakauulol na alak ng kanyang pakikiapid. Ang alak ng mga huwad na aral ay pinalaganap ang mga ganitong hindi dalisay na anyo ng Kristiyanismo. Ang pabalita ng ikalawang anghel ay nanawagan sa bayan ng Dios na labanan ang mga huwad na turo ng tumalikod na Kristiyanismo.



Ang Babilonya ay kumakatawan sa pinaghalong maraming anyo ng tumalikod na Kristiyanismo. Siya ay mapanganib sapagkat binabago niya ang larawan ng Dios at ginagawa niyang mga karikatura: isang Dios na mapaghighanti at mapilit, o Dios na tulad ng isang mairuring ninuno na hindi alumana ang sinuman tungkol sa kasalanan. Ang isang malusog na iglesya ay maghahayag ng isang patas na larawan ng lahat ng mga katangian ng Dios at ipinakikita kung paanong ang Kanyang katarungan at habag ay magsasama sa katotohanang ang Dios ay pagibig.

Ang Dios ay nanawagan sa mga taong "lumabas" mula sa Babilonya [Apokalipsis 18:4], upang tanggihan ang turo ng hindi batay sa kasulatan at sundin ang mga aral ni Kristo.

(3) Ang Pabalita ng Ikatlong Anghel.

"Ang ikatlong anghel ay sumunod sa kanila at sinasabi sa malakas na tinig, 'Kung ang sinuman ay sumasamba sa halimaw at sa kanyang larawan, at tumanggap ng tanda sa kanyang noo, o sa kanyang kamay, siya man ay iinom ng alak ng kagalitan ng Dios, na ibinuhos nang may lubos na kalakasa sa kopa ng kanyang kagalitan. . . . Walang kapahingahan araw at gabi para sa mga sumasamba sa halimaw at sa larawan nito, o sa sinumang tumanggap ng tanda ng kanyang pangalan.' Narito ang panawagan para sa pagtitiis ng mga banal, ng mga tumutupad ng mga utos ng Dios at nananatiling tapat kay Jesus' Apokalipsis 14:9-12.

Ang pabalita ng ikatlong anghel ay hinahati ang buong sanlibutan sa dalawang bahagi. Sa isang dako ay nakatayo ang tumalikod na mga Kristiyanong na "sumasamba sa halimaw at sa kanyang larawan at tumatanggap ng kanyang tanda sa noo o sa kamay." Sa kabilang panig ay yaong mga tumatanggi sa kapangyarihan ng halimaw, "ang mga banal na tumutupad ng mga kutos ng Dios at nananatiling tapat kay Jesus."

Pasinin ang pagkakaiba ng dalawang nagsasalungatang panig. Yaong mga tumatanggap ng tanda ng halimaw ay mga sumasambang madaling sumunod sa mga likhang-isip at gawain ng tao. Ang mga "banal" ay nagtataglay ng kanilang mapapagkilanlang mga katangian: "matiyagang pagtitiis," pagsunod sa "mga utos ng Dios," at sila ay "nananatiling tapat kay Jesus."

Pagkaraang ang tatlong pabalitang ito ay lumaganap sa buong sanlibutan, si Jesus ay darating upang "anihin" ang mga ligtas:

"Ako'y tumingin, at naroon sa harap ko ang isang puting ulap, at nakaupo sa ulap ang "isang katulad ng Anak ng Tao' na sa kanyang ulo'y may isang koronang ginto, at sa kanyang kamay ay may isang matalas na karit. Lumabas ang



isa pang anghel mula sa templo, na sumisigaw nang may malakas na tinig sa nakaupo sa ulap, 'Kunin mo ang iyong karit at gumapas ka, sapagkat ang panahon ng pagaani ay dumating na, at hinog na ang aanihin sa lupa.' Kaya inihagis ng nakaupo sa ulap ang kanyang karit sa lupa, at ang lupa ay nagapasan" Apokalipsis 14:14-16.

3. ANG IGLESYA NI KRISTO SA HULING ARAW

Humanga ka na ba sa isang malakas, matatag na Kristiyano, namangha sa kanyang katapatan, pagtitiyaga, at pananampalataya, at nagnais din nang gayong karanasang espirituwal? Ibinigay ng Dios ang Kanyang tanging pabalita para sa ating kaarawan sa Apokalipsis 14 sapagkat ito ay makalilikha ng gayong karanasan.

Katulad ng tinalakay sa Gabay 25, ipinakikilala ng Apokalipsis 12:7 na ang mga Kristiyano sa huling araw ay "yaong sumusunod sa mga utos ng Dios at may patotoo ni Jesus." Inilalarawan ng Apokalipsis 14:12 ang grupo ring ito na "mga banal na sumusunod sa mga utos ng Dios at nanantiling tapat kay Jesus."

Ating burin ang mga katangian ng mga Kristiyano sa huling araw:

1. Nananatili sila sa "patotoo ni Jesus." Kahit na ibuhos ni Satanas ang kanyang galit sa kanila, sila'y "nananatiling tapat kay Jesus." Ang kanilang pananamapalatay ay hindi nila sarili, ito'y kaloob ng Dios [Efeso 2:8]. Ang iglesya ng Dios sa huling araw ay nakikita si Kristo na lalong maliwanag sa Kanyang tunay na likas at sa biyaya sa pamamagitan ng pananamapalataya sila'y nagiging buhay na bantayog sa kapangyarihan ni Kristong nananahan sa kalooban.

2. Sila'y "nananatili sa pananamapalataya ni Jesus" [Apokalipsis 14:12, KJV]. Ang pananamapalataya ni Jesus, ang pananamapalataya na Kanyang itinuro, ang pananamapalataya na Kanyang ikinabuhay, ngayon ay pumupuno ng kanilang mga puso. Hindi lamang nila taglay ang katotohanan, "pinanatili" nila ang katotohanan - sinusunod nila ito. Sa kanila ang relihiyon ay buhay, ang paniniwala ay kaugnay ng ginagawa, at ang pananamapalataya ay kaakibat ng pagsunod. Ikinabubuhay nila "ang pananamapalataya ni Jesus." Natuklasan nila na ang mga dakilang turo ng Biblia, kung iniangkop sa araw-araw na buhay, ay lumilikha ng makapangyarihang buhay Kristiyano. Nasumpungan nila na ang mga dakilang katotohanang ito ng Biblia ay ginigising ang pagibig at pagtatalaga kay Kristo na nagbibigay ng kasiyahan sa bawat pangangailangan at pagnanasa ng puso ng tao.

(3) " Sinusunod nila ang kautusan ng Dios" - ang Sampung Utos, ang moral na kautusan ng Dios. Sa ibabaw ng lahat gusto nilang sundin ang bawat nais ng Dios, ang Kanyang bawat utos. Ipinakikita nila ang kanilang pagibig sa Dios at pagibig sa ibang tao sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng kautusan ng Dios, kasama ang ikaapat na utos na umaakay sa atin na sambahin ang ating Manlalalang sa pagbibigay-dangal sa araw ng Sabado, ang ikapitong araw na Sabbath.

(4) Ibinabahagi nila ang pabalita ng "walang hanggang ebanghelyo" sa buong sanlibutan [Apokalipsis 14:6]. Inihahayag ng ebanghelyo na si Jesus ay namatay para sa ating mga kasalanan, at nagbangon mula sa libingan upang maranasan natin ang isang nagliligtas na relasyon sa Kanya. Ang iglesya ni Kristo sa huling araw ay nananawagan sa mga tao sa lahat ng dako na lumabas sila mula sa kalituhan sa relihiyon at makiugnay kay Jesus batay na lubos sa katotohanan ng Biblia.

(5) Sila'y pinakikilos ng pagkadama ng mabilis na paggawa sapagkat "ang panahon ng pagaani ay dumating na, sapagkat ang pagaani ng lupa ay hinog na" [Apokalipsis 14:15], at milyong hindi pa nasusumpungan si Kristo.



(6) Sila ay nilagom ng kanilang misyon na ibinigay ng Dios. Sapagkat ang "Dakilang Babilonya" ay bumagsak, sila ay sumasamo sa mga namumuhay pa sa kalituhan ng relihiyon, "Magsilabas kayo sa kanya, bayan ko" [Apokalipsis 18:4]. Ninanais nilang ibahagi ang kanilang kasiya-siyang relasyon kay Kristo at ang kanilang kaligayahan sa bawat sinoman.

Lahat ng ito at mahigit pa ay pinagiisa ang mga puso ng milyong mga Kristiyano sa huling araw na tinawag ng pabalita ng tatlong anghel. Ang kanilang buhay ng kagalakan ang siyang umakay sa kanila na umanib sa alagad na si Juan upang paratingin sa inyo ang paanyayang ito:

"Ipinahahayag namin sa inyo yaong aming nakita at narinig upang kayo rin naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin; at ang ating pakikisama ay sa Ama at sa kanyang Anak na si Jesu-Kristo. Isinusulat namin ang bagay na ito upang ang inyong kagalakan ay malubos" I Juan 1:3, 4.

Sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu at ng Kanyang iglesia, inaanyayahan ka ni Jesus na lumapit at isuko ang lahat sa Kanya:

"Ang Espiritu at ang babaeng ikakasal [iglesya] ay nagsasabi, 'Halika!' Sinuman ang nauuhaw ay pumarito; at ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad" Apokalipsis 22:17.

4. ANG DALAWANG PAG-AANI

Ang mga pabalita ng tatlong sinugong anghel ay hahantung sa pagbabalik si Jesus sa lupa upang anihin ang mga nangaligtas sa lahat ng panahon (Apokalipsis 14:14-16). Tinitipon ni Jesus ang lahat ng nangaligtas upang dalhin sila sa Kanyang "maraming mga tahanan" sa langit (Juan 14:1-3). Kanyang inaalis sa buong panahonang kasalanan, sakit, pagdurusa, at kamatayan. Ang mga banal ay nagsisimula ng mga bagong maluwalhating buhay na kasama Siya sa walang hanggan (Apokalipsis 21:1-4).



Sa Kanyang pagdating ay aanihin din ni Jesus ang mga masasama:

"At lumabas ang ibang anghel sa templong nasa langit, na may panggapas din namang matalas. At ang ibang anghel . . . ay tinawagan ng malakas na tinig yaong may panggapas na matalas, na sinasabi, 'Ihulog mo ang iyong panggapas na matalas, at putihin mo ang mga buwig sa ubasan sa lupa; sapagka't ang kanyang mga ubas ay mga hinog na.' At inihagis ng anghel ang kanyang panggapas sa lupa, at pinuti ang mga ubas sa lupa, at inihagis sa pisaan ng

ubas, sa malaking pisaan ng kagalitan ng Dios. At nayurakan ang pisaan ng ubas sa labas ng bayan, at lumabas sa pisaan ng ubas ang dugo, na umapaw hanggang sa mga renda ng mga kabayo, sa lawak na isang libo at anim na raang estadio." Apokalipsis 14:17-20.

Ito ay magiging isang kalunos-lunos na panahon ng huling pagkawasak, isang napkalungkot na pangyayari para kay Kristo dahil kailangang wasakin Niya yaong mga nagsisitangging maligtas. Si Jesus ay "matisin sa inyo, na hindi Niya ibig na ang sinuman ay mapahamak, kundi ang bawa't isa ay magsipagsisi" (2Pedro 3:9).



Kung si Jesus ay dumating at anihin ang sanglibutan, saang uri ng pag-saani ka makakabilang? Ikaw ba ay makakabilang sa hinog na butil ng mga tinubos (Apokalipsis 14:13-16)? O kaya ay sa hinog na ubas ng kagalitan na kasama ng mga mapapahamak (mga talatang 17-20)?

Ang isyu ay maliwanag nang nakatakda. Sa isang panig, si Jesus

ay nakatayong bukas ang mga pinakuang palad, hinihiling sa iyong tumayong "kasama ng mga banal na tumutupad ng mga kautusan at nag-iingat ng pananampalataya ni Jesus" (talatang 12). Sa kabilang panig naman ay mga tinig ng mga tao, na pinipilit kang papaniwalaing ang pagsunod sa buong Biblia at sa lahat ng mga kautusan ng Dios ay hindi mahalaga.

Ang maraming mga tao sa hukuman ni Pilato ay naharap din sa ganoon ding isyu. Sa isang panig ay si Jesus, ang taong may likas ng pagka-Dios (Dios-tao). Sa kabilang panig ay si Barabbas, isang taong walang magagawa, ni hindi matulungan ang kanyang sarili lalo na ang mga taong nakasaksi sa kahabag-habag na tanawing yaon. Gayunpaman, nang ang may kapamahalaang tinig ni Pilato ay marinig ng madla, "Alin sa dalawa ang aking palalayain sa inyo?" ang karamihang tao ay sumigaw na may galit, "si Barabbas!"

"Ano ngayon," tanong ni Pilato, "ang aking gagawin kay Jesus, na tinatawag na Kristo?"

Sa nagkakaisang tinig ay sumigaw ang madla, "Ipako Siya sa krus!"

Kaya si Jesus, ang isang walang kasalanan, ay ipinako sa krus; at si Barabbas, ang isang makasalanan, ay pinalaya. (Tingnan ang Mateo 27:20-26.)

Sino ang iyong pipiliin ngayon, si Barabbas o si Jesus? Pipiliin mo ba ang mga kathang turo ng tao at mga aral na salungat sa mga kautusan ng Dios at salungat sa walang hanggang ebanghelyo ni Jesus? O ninanais mong "sumunod sa mga kautusan ng Dios at manatiling tapat kay Jesus"? Alalahanin, si Jesus ang Siyang nangangakong Kanyang susuguin ang Kanyang Espiritu upang lutasin ang iyong bawa't kaguluhan, pagalingin ang iyong bawa't kapighatian, at bigyan ng kasiyahan ang iyong bawat hangarin.